His Blue Eyed Bad Girl Angel (Sinner or Saint

by helliza

Completed


His
BLUE EYED
BAD GIRL
Angel
Helliza

Table of Contents

1. ?? Prologo ??
2. 1. The New Student ?
3. 2. The New Student Part 2 ?
4. 3. Is She A Gangster? ??
5. 4. Everything I Own ?
6. 5. The Nightmare or The Angel? ?
7. 6. Shot ??
8. 7. Medicine ?
9. 8. Confusion?
10. 9. Confusion 2 ?
11. 10.Pachie ?
12. 11. Pachie 2 ?
13. 12. Accidental Kiss :-* ?
14. 13. 1st & 2nd Kiss ?
15. 14. That Should Be Me ?
16. 15. Kidnap ?
17. 16. Kidnap 2 ?
18. 17. Angel's Painting
19. 18. Angel's Revenge
20. 19. Angel's Friends?
21. 20. Mark
22. 21. I Crave
23. 22. A Blue Eyed Bad Girl or A Blue Eyed Angel
24. 23. Contest
25. notes
26. 24. Sick Angel
27. 25. Sick Angel 2
28. 26. Sick Angel 3
29. The Dark King
30. 28. The Dark King 2

31. 29. Tres Wood
32. 30. Tres Wood 2
33. 31. Not Good For Him
34. The Blue Eyed Angel
35. The Blue Eyed Angel 2
36. October 8
37. Sa Huli Ay Tayo
38. Losing Hope, Broken Promises
39. 37. Attack
40. 38. Attack 2
41. 39. Unfair
42. Chasing His Angel
43. 41. Chasing His Angel 2
44. Dark & Blue
45. 43. Dark & Blue 2
46. Captured
47. Memories
48. Memories 2
49. 47. Proposal
50. His Jinx Synopsis
51. 48. I make love to you
52. Epilogue
53. Special Chapter
54. S.C.2
55. S.C 3
56. S.C 4
57. S.C 5. Property Shirt

?? Prologo ??

“Sabi mo, hindi mo ako iiwan. Sabi mo, dito ka lang sa tabi ko. Sabi mo, ipagtatanggol mo ako sa kanila,” umiiyak na sabi ng dalagita.

Mahigpit na niyakap ng binatilyo ang dalagitang lumuluha.“Shh, Angel, tumahan ka na. Babalik agad ako. Titingnan ko lang kung okay na si Mommy, tapos babalik ako dito kaagad,” pagpapakalma niya.

Kumalas ang dalagita mula sa yakap. Lalong nasaktan ang binatilyo nang makita ang mukhang basang-basa ng luha. Ang asul niyang mga mata ay puno ng lungkot.

Dahan-dahang pinunasan ng binatilyo ang luha sa pisngi ng dalagita.“Stop crying, please, my blue-eyed Angel,” malambing niyang sabi.

“Huwag ka na kasing umalis,” garalgal ang boses ng dalagita. Kung pwede lang, hindi siya aalis. Hindi niya iiwan ang dalagita. Pero kailangan niyang pumunta sa New York.

“Pangako, babalikan kita. Babalik ako. Hintayin mo ako, ha? Pero, Angel, gusto ko ring makapangako ka. Habang wala ako, ipagtanggol mo ang sarili mo. Maging matapang ka. Kapag inapi ka nila, lumaban ka—huwag kang basta susuko. Ipaglaban mo ang karapatan mo. Alagaan mo ang sarili mo. Kaya mo bang pangakuan ako, please, my blue-eyed Angel?”

Suminghot ang dalagita, pilit na pinipigilan ang luha. Sa asul niyang mga mata, halata ang sakit dahil sa pag-alis ng binatilyo. Mahigpit niyang hinawakan ang manggas ng damit nito.“Please, don’t go,” paulit-ulit niyang sabi. Pero alam ng dalagita na hindi niya mapipigilan ang binatilyo. Alam niyang kailangan nitong umalis papuntang ibang bansa.

Habang tumutulo ang luha niya, unti-unting lumuwag ang hawak niya sa damit ng binatilyo.“Pangako, magiging matapang ako. Hindi ako magpapaapi sa kanila habang wala ka. Aalagaan ko ang sarili ko,” sabi niya, na puno ng tapang ang tinig.

“Angel,” mahigpit na niyakap siya ng binatilyo.“At pangako ko rin,” dagdag ng dalagita, “kung hindi ka bumalik, hahanapin kita. Hahanapin kita kahit nasaan ka pa.”Napangiti ang binatilyo.

Dahan-dahang inilayo niya ang dalagita mula sa yakap.“Babalik ako. Babalikan kita. Hindi ko pwedeng iwan ang Angel ko. You’re my blue-eyed Angel,” sabi niya, puno ng sinseridad.

Kahit umiiyak pa rin, ngumiti ang dalagita. Nang yakapin siya ulit ng binatilyo, gumanti rin siya ng mahigpit na yakap. Pero sa puso niya, may takot. Pakiramdam niya, baka hindi na bumalik ang binatilyo. Kung hindi ito bumalik, tutuparin niya ang pangako niya. Hahanapin niya ito, kahit anong mangyari.

~????~

C8201H 19:41

1. The New Student ?

Works by Ms. Chenie Pobadora

Halos magiba ang kwarto ni Angela sa sobrang lakas ng pagtugtog niya ng drum. Nakapikit siya, suot ang headset, nakikinig sa musikang ginagawa niya.

Dahil sa ingay, hindi niya narinig ang pagpasok ng madrasta niyang si Marita Alonzo, na sumisigaw para sawayin siya.

Matalim ang tingin ni Marita kay Angela, pero patuloy pa rin ito sa pagtugtog. Sa inis, nilapitan niya ito at hinugot ang plug ng drum mula sa saksakan.Biglang naging tahimik ang paligid.

Hindi agad tumigil si Angela; tinapos muna niya ang huling nota bago dahan-dahang nagmulat ng mga mata.“Kaya pala ang ingay ng buong mansion, nandito ka na naman,” sabi ni Marita. Hindi siya pinansin ni Angela.Tumayo siya at dumeretso sa maliit na ref sa kaliwang bahagi ng kwarto.

Ang kwarto niya ay parang maliit na bahay—kumpleto sa ref, maliit na kusina, hapag-kainan, at TV. Sa kabilang banda naman ang mga instrumentong pangmusika na tinutugtog niya kapag gusto niya. May sarili rin siyang banyo at kwarto na may pink na pinto, na siya lang at ang kanyang Nana Rosa ang maaaring pumasok.

Inis na napangiti si Marita nang hindi siya pansinin ni Angela, na umiinom na ng juice. “Ang bastos mo talaga! Kinakausap kita!” sabi ni Marita.

Ibinaba ni Angela ang bote, pinunasan ang labi gamit ang likod ng kamay, at tiningnan ang madrasta. “Can’t you read?” tanong niya.

Hindi gusto ni Marita ang tingin ni Angela—blangko, malamig, nakakakilabot. “Ano’ng sinasabi mo?” tanong ni Marita.

Napailing si Angela, lumakad papunta sa pinto, at itinuro ang sign doon: **Animals Not Allowed Here!**

“Hindi mo ba ‘to nabasa?” tanong niya.Tumaas ang kilay ni Marita. “Nababasa ko.”

“Then why are you here?” sabi ni Angela, naglakad papunta sa kabinet, at kumuha ng tuwalya.

Nanlaki ang mga mata ni Marita nang maunawaan ang sinabi ni Angela. “Kahit kailan, ang bastos mo!” galit na sabi nito. “Anong ginagawa mo dito? Hindi ba dapat nasa London ka, nag-aaral? Huwag mong sabihing nag-drop out ka na naman! Sayang ang pera ng daddy mo, tamad ka at walang pakialam!”

Napapitlag si Marita nang malakas na ibinagsak ni Angela ang pinto ng kabinet. Walang galit sa mga mata niya, pero napaatras pa rin si Marita nang humakbang siya palapit.“Una, bahay ko ‘to. Hindi ko kailangang magpaalam kahit kanino kapag gusto kong umuwi. Pangalawa, pera ko ang ginagastos ko, hindi katulad mo na umaasa lang sa pera ng iba na parang patabaing baboy,” sabi ni Angela, nang-aasar ang ngiti.

“Wala kang respeto sa akin! Sisiguraduhin kong makakarating ‘to sa daddy mo. Tingnan natin kung hindi ka niya ipapabalik sa London!” sabi ni Marita.

“Marita, sino’ng kausap mo diyan?” Sumilip mula sa pinto ang ama ni Angela, si Ramon Fuentabella.

“Hi, Dad,” bati ni Angela. Napaismid siya nang makita ang gulat sa mukha ng ama.“Angela, anong ginagawa mo dito?” tanong ni Ramon.

“Masama bang umuwi sa sariling bahay?” sagot niya.

“Ramon, buti dumating ka! Itong anak mo, sobrang bastos at walang modo! Nagsasayang ng pera, umuwi rito nang hindi tinatapos ang semester!” sabi ni Marita, kumapit pa sa braso ni Ramon.

“Ano’ng ibig sabihin nito, Angela? Hindi ba nasa kalagitnaan pa lang ng semester? Anong ginagawa mo dito?” tanong ni Ramon.

“Pwede ba, sa baba na natin pag-usapan ‘to? Hindi mo ba nakikita, maliligo pa ko at may klase akong pupuntahan,” sagot ni Angela.

“Anong klase?” Naguluhan ang ama. “I’m staying here for good,” sagot niya. Kitang-kita ang pagtutol sa mukha ni Marita. Mabilis itong bumaling kay Ramon, na gulat din. “Ramon!” sigaw ni Marita.

“Sa labas na lang kayo mag-usap, male-late na ko,” sabi ni Angela. Nang hindi gumalaw ang dalawa, napailing siya at pumasok sa kwarto niya.

“Hindi pa ako tapos kausapin ka, Maria Angela Fuentabella! Huwag mo kong tatalikuran!” galit na sabi ni Ramon. Huminto si Angela sa pagbubukas ng pinto at hinarap ang ama, habang si Marita ay nang-aasar na ngumiti.

“What?” tanong niya, sumandal sa pinto.“Gusto kong bumalik ka sa London. Bayad na ang university mo para sa buong taon, hindi pwedeng basta ka na lang umalis!” sabi ni Ramon.

“Ginawa ko na, ‘di ba?” balewalang sagot ni Angela, walang takot kahit galit na ang ama. Dati, kapag gano’n ang itsura ng ama, nanginginig na siya at sumusunod agad. Pero noon ‘yon. Nagsalubong ang kilay ni Ramon. “Huwag mong hintayin na maubos ang pasensya ko, Angela. Be a good girl and follow me.”

“I made up my mind, and my decision is final. Kung problema n’yo ang perang ginastos sa London, don’t worry, pera ng nanay ko ‘yon, ‘di ba? So you don’t need to act like I spent yours,” sabi niya, binigyang-diin ang “yours.”

Natigilan si Ramon. Walang emosyon ang mukha ni Angela, pero pakiramdam niya may alam itong hindi sinasabi. “Ramon, tingnan mo, lalong humaba ang sungay ng anak mo! Gulo na naman ang dala niya!” sabi ni Marita.

“And one more thing,” dagdag ni Angela, tiningnan si Marita. “Bahay ‘to ng nanay ko, sa’kin ipinamana, at sa’kin nakapangalan. Kaya kong paalisin ang mga ayaw kong kasama rito, kahit kailan.”

“Ano?! Papalayasin mo kami? Ramon!” sigaw ni Marita, humingi ng tulong kay Ramon, na nakatitig lang kay Angela.

“Even if I hate your guts, hindi kita papaalisin, don’t worry. Asawa ka pa rin ni Daddy,” sabi ni Angela. Hindi makapaniwalang tiningnan siya ni Marita.Napabuntung-hininga si Ramon. “Alright, you may stay.”“Ano?! Ramon!” protesta ni Marita.“Okay lang, Darling.

Hindi naman siguro gagawa ng gulo ang anak ko. She’s mature now,” sabi ni Ramon.

Hindi pa rin makapaniwala si Marita.Ngumiti si Angela, isang matamis na ngiti. “Of course. Marami akong natutunan sa London.” Parang may laman ang sinabi niya sa pandinig ng dalawa. “Kung wala na kayong sasabihin, maliligo na ko. Ayaw kong ma-late sa unang araw ng klase,” sabi niya.

Tumango si Ramon at sinenyasan si Marita na lumabas. Matalim na tiningnan muna siya ni Marita bago sumunod kay Ramon, na huminto sa pinto at nilingon siya.“Welcome home, anak,” sabi nito bago tuluyang umalis.

Nang maiwan mag-isa, mapait na ngiti ang sumilay sa labi ni Angela. “Yeah, welcome home to me,” bulong niya bago isinara ang pinto ng kwarto at pumasok sa loob.

Siya si Maria Angela Fuentabella, 22 years old, mula sa isang kilalang pamilya na may lighting business sa San Nicolas at apat pang bayan. Kakauwi lang niya mula sa London, kung saan nanirahan siya ng halos limang taon. Ngayon, bumalik na siya. Para harapin ang pamilya niya at ang lalaking nakalimutan na siya. Habang naliligo, tumulo ang luha sa mga mata niya, nagdadasal na sana maayos ang lahat. Pagod na siyang lumaban mag-isa. Kailangan niya ng kasama… muli.

=====

Nanlaki ang mga mata ni Janice at natigil sa pagsubo ng hotcake nang makita si Angela na bumababa ng hagdan. Bumaling siya kay Marita. “Bakit nandito siya, Mommy?”

Hindi sumagot si Marita, matalim lang ang tingin kay Angela. Wala ang daddy ni Angela sa hapag-kainan, malamang nasa opisina na.

“I’m staying here for good,” sabi ni Angela. Halata ang pagtutol sa mukha ni Janice, katulad ng sa ina nito.“Mommy! Bakit pumayag ka?” protesta ni Janice.

Napatawa si Angela habang kumuha ng hotdog. “Bakit ba lahat kayo ayaw na ayaw sa pagtira ko rito?”

Parang batang nagmamaktol ang tingin ni Janice sa kanya. “I don’t want you here. Kahit kailan, hindi kita gusto. Sasabihin ko kay Daddy na pabalikin ka sa kung saang lupalop ka galing!”

Totoo naman, si Janice Alonzo ang paboritong anak ng daddy niya, kahit hindi ito tunay na anak. Kaya lumaki ang ulo nito, lalo na kapag nakuha nito ang gusto. Si Janice ay bully rin, laging gustong-gusto siyang ipahiya at laitin. Dati, kapag ginagawa iyon ni Janice, tatakbo lang si Angela sa isang sulok, iiyak, at kaawaan ang sarili. Pero noon ‘yon.

Matapos ang mga nangyari, natuto siyang lumaban. Mula noon, si Janice na ang umiiwas at nagtatago sa kanya. “Bakit ba lahat kayo tinatanong ako kung bakit ako narito?” sabi ni Angela.

“Because nobody wants you here, remember?” sagot ni Janice. Tinaasan niya ito ng kilay. “Don’t worry, hindi ko rin kayo gustong dalawa,” ganti niya bago uminom ng gatas.

“Sisiguraduhin ko, hindi ka magtatagal dito,” sabi ni Marita.

Tiningnan ni Angela ang madrasta at ngumisi.
“Let’s see.” Tumayo siya. “At, sis, mag-schoolmate tayo. Sana ipakilala mo ko sa mga friends mo.”

Nakalabas na siya ng pinto, naririnig pa rin ang pagmamaktol ni Janice. Hindi niya napigilan ang matawa. She knew it was going to be a fun and interesting day.

====

Maingat na ipinarada ni Dylan Santiago ang sasakyan bago nilingon ang kaklase at vice president ng Student Government, si Brena Pinalosa.“Ready ka na?” tanong ni Dylan.

Ngumiti si Brena. “Yup.”“Let’s go.” Nauna siyang bumaba, pumunta sa passenger seat, at binuksan ang pinto para kay Brena.

“May meeting pala tayo tungkol sa dance contest na gagawin ngayong—” Napasigaw si Brena nang may humarurot na motor na muntik na siyang masagasaan. Kung hindi siya naiwas ni Dylan, malamang nasaktan na siya.

Nasira ang side mirror ng kotse ni Dylan nang mahagip ng braso ng driver ng motor. Huminto ang motor ilang metro ang layo, at ang tumalsik na side mirror ay napunta sa ilalim ng kotse.“Okay ka lang?” tanong ni Dylan kay Brena.

Tumango si Brena, bakas pa rin ang kaba sa mukha.“Hey, hindi ka ba marunong mag-ingat? Makakadisgrasya ka sa gano’ng pagmamaneho!” sigaw ni Dylan.

Dahan-dahang bumaba ang driver ng motor, suot pa rin ang helmet. Napansin ni Dylan na babae ito base sa katawan.

“Pwede bang tanggalin mo ‘yang helmet? Bastos naman, kinakausap ka namin,” sabi ni Brena, mahinahon pero halatang inis.

Gamit ang kaliwang kamay, tinanggal ng driver ang helmet. Nilipad ng hangin ang mahaba at kulot nitong buhok, na bagay sa bilugan nitong mukha. Pero ang pinakanapansin ni Dylan ay ang asul na mga mata ng babae. Parang may kakaibang naramdaman siya nang magtama ang mga mata nila. Walang emosyon sa asul na mata ng babae.

Kumunot ang noo ni Dylan.Hindi rin gusto ni Brena ang tingin ng babae kay Dylan. Galit siya kapag may mga babaeng nagpapapansin sa binata, at pakiramdam niya, iyon ang intensyon ng babae.

Humawak si Brena sa braso ni Dylan. “Miss, alam mo bang muntik mo na kaming madisgrasya?”

Mula kay Dylan, lumipat ang tingin ni Angela sa babaeng nakakapit sa binata. “So?” balewalang sagot niya.

Nanlaki ang mga mata ni Brena. “Anong ibig mong sabihin ng ‘so’? Hindi ka ba magso-sorry sa amin?” Gusto niyang magmalaki, pero hindi niya magawa dahil nasa harap si Dylan.

Ngumisi si Angela, nang-aasar. “Bakit, nasagasaan ba kita? Ni hindi nga kita nahagip, so no need to apologize.”

Lalong nanlaki ang mga mata ni Brena. Ngayon lang may sumagot sa kanya ng gano’n. Mukhang

hindi siya kilala ng babae.

Si Dylan, abala pa rin sa pagtitig kay Angela, hindi napansin ang pagtaas ng kilay ni Brena.“Hindi mo ba kami kilala, miss?” tanong ni Brena.

Lumipat ulit ang tingin ni Angela kay Dylan. “Siya si Dylan Santiago, 23 years old, president ng Student Government, fourth-year Business Administration, dean’s lister. Mahilig siya sa musika, marunong maglaro ng kahit anong instrumento, mas gusto niya ang swimming kaysa basketball,” sabi niya, hindi inaalis ang tingin kay Dylan, na unti-unting kumunot ang noo. Pagkatapos, tiningnan niya si Brena. “At ikaw, sino ka ba? Kailangan ba talagang makilala kita?”

Nakita ni Angela ang pagbabago ng ekspresyon ni Brena—mula sa gulat, sa inis, hanggang sa galit. Ngumisi siyang nang-aasar.“Tungkol sa side mirror, ako na bahala magpaayos. Kontakin ko na lang kayo,” sabi niya. Tumalikod siya, pero nakadalawang hakbang pa lang, may humawak sa braso niya. Napadaing siya.

“Who are you?” tanong ni Dylan. Sa isang saglit, parang nakita nitong nalungkot ang asul na mata ng babae, pero nawala iyon nang kumurap siya.“Angela Fuentabella, transferee,” sagot niya. Dinama niya ang init ng kamay ni Dylan sa braso niya, na nagpabilis ng tibok ng puso niya. Natigilan si Dylan. Pamilyar ang pangalan at mukha, pero sigurado siyang hindi niya kilala ang babae.

“Pwede bang bitawan mo na ko?” sabi ni Angela. Binitawan ni Dylan ang braso niya, napatingin pa sa pasa roon. Hinaplos niya iyon, para maibsan ang sakit.

“Transferee ka, kaya papalampasin na lang namin ‘to,” sabi ni Brena, ngumiti ng peke. “Pero sa susunod, miss, kapag ginawa mo ulit ‘to, magkaka-disciplinary action ka.”

“No,” tutol ni Dylan.“Ha?” Napatingin si Brena kay Dylan.“Hindi porke transferee siya, hindi na siya mananagot. Kung hindi ko naiwas si Brena, malamang nasaktan siya, at ikaw pa ang makukulong,” sabi ni Dylan.

Ngumiti ng matamis si Brena, kinikilig. “Okay lang ako, Dylan. Huwag na nating palakihin ‘to,” malambing niyang sabi.

Inilabas ni Angela ang ID at inabot kay Dylan. “Eto, pero bago mo ko dalhin sa office, papasok muna ko. Ayaw kong umabsent sa unang subject ko.”

Ngumiti siya ng matamis kay Brena. “Hindi kayo bagay.” Tapos, tumalikod siya at umalis.

Matalim na tiningnan ni Brena ang papalayong si Angela, pero napalitan ito ng lungkot nang tumingin siya kay Dylan. “Ang sama niya! Hindi ko naman siya kilala, bakit niya ko binastos?”

“Nabiktima na pala kayo ng stepsister ko,” sabi ni Janice, na lumapit sa kanila.

“Stepsister?” takang tanong ni Brena, kaibigan at secretary ng Student Government.

“Stepsis ko siya. Si Angela Fuentabella, anak ni Tito Ramon. Sorry kung nagulo niya kayo. Ganyan talaga siya, bad girl, black sheep ng pamilya. Kahit si Tito ayaw na narito siya, kasi puro gulo ang dala niya,” sabi ni Janice, nakasimangot.

Tiningnan ni Dylan ang papalayo si Angela. May kakaiba pakiramdam niya na hindi niya maipaliwanag.

====+

Maingay at puno ng tawa ang classroom na pinasok ni Angela. Math ang unang subject niya. Dumiretso siya sa likod at umupo roon.

Tiningnan siya ni Maelyn, ang katabi, na bahagyang kumunot ang noo. “Ahm, excuse me, miss.”

Nilingon ni Angela ang nagsalita, pero hindi umimik.

Natigilan si Maelyn nang magtama ang mga mata nila .“May problema ba, miss?” tanong ni Angela, nang mapansing tinititigan lang siya ng katabing babae. May pagka chubby ito.

“Ah, pasensya na. Gusto ko lang sabihin, hindi ka pwede diyan kasi—” Naputol ang sinasabi ni Maelyn nang may sumigaw ng pangalan niya.

“Maelyn!” Isang payat na babae, sosyal manamit at mataray ang mukha, ang sumigaw. Masama ang tingin nito kay Maelyn.“Hey, pig, bakit may nakaupo sa upuan ko?” sabi ng babae.

“Re-reina,” mahinang sabi ni Maelyn, natatakot. “Sasabihin ko naman sa kanya na umalis, kaso dumating ka na.”

“Tanga ka talaga, at ang bagal-bagal mo pa! Kaya nga ang taba-taba mo!” sabi ni Reina. Napayuko si Maelyn. Natigil ang mga kaklase sa ginagawa at napatingin sa kanila.“Naku, nantri-trip na naman si Reina. Sino ‘yung bagong estudyante sa upuan niya?” bulong ng isang kaklase.“Hindi ko alam. Malamang madadagdag sa mga alaga ni Reina,” sagot ng isa.

Tiningnan ni Reina si Angela, na humihikab. “Hey you, umalis ka diyan." sabi nito.

Bored na tinignan niya ang babae “Bakit ko naman gagawin ‘yon?”

2. The New Student Part 2 ?

Si Angela at Dylan sa mga mata ni @MAgapito dedicated sayo hahahaha.

Guys palike po ng page Helliza's Empire... or join our group... at tara usap tayo sa fb: helliza sabida.

Iyon lang

Thanks?

Helliza?

*****

Nagulat ang lahat sa ginawang pagsagot ni Angela kay Reina. Hindi nila inaasahan na gagawin nya iyon.

Tumaas ang kilay ni Reina. "Hindi mo ba ako kilala ha?"

Tumawa siya. " Tell me, word of the day ba ang salitang iyan?" she asked

May ngisi na naglalaro sa mga labi nya. "Tulad ng sinabi ko doon sa Brena, I don't fucking care kung sino ka, I don't give a fucking damn kung sino man kayo."

Nanlaki ang mga mata ni Maelyn, nakaramdam ito ng takot para sa bagong estudyante na may asul na mga mata.

Tumaas ang kamay ni Reina para sampalin siya, but before her hand touch her face napigilan na niya ang kamay ng babae at pinilipit iyon.

"Believe me, hindi mo gugustuhin na sampalin ako," balewalang sabi niya na napangiti ng impit na sumigaw si Reina. Pilit nitong hinihila ang kamay na hawak nya.

Ang mga kasama naman ng babae ay nagsimula ng lumapit sa kaniya.

Nginisihan nya ang mga ito. "Hindi ko alam, ganito pala mag-welcome ng bagong estudyante ang Clifford University." Napailing sya. "Anyway huwag nyo ng subukan na hawakan ako, magsisisi kayo, hindi nyo gugustuhin na makaaway ako."

Nagbulong-bulongan ang mga estudyanteng naroon, ito kasi ang unang pagkakataon na may kumalaban kay Reina. Isa sa mga board member ang mama nito, kaya malakas ang loob na gawin ang mga gusto. Isa na doon ay ang pambu-bully, bukod pa sa kadikit din nito ang isa sa makapangyarihan estudyante dito sa C.U

"What's happening here?"

Napalingon siya sa pinto kung saan papasok sina Dylan at Brena.

Kumunot ang noo ni Dylan ng makita na hawak-hawak niya ang kamay ni Reina. Walang emosyon na sinalubong naman niya ang mga mata ng binata.

"Brena, Dylan. This girl's bullying me," mabilis na sumbong ni Reina na ikinataas ng kaliwang kilay ni Angela.

Lumapit sa kanila ang dalawang bago dating. Ramdam nya ang mga mata ng binata sa kanya na hindi niya pinansin.

"Believe me, you will know the real meaning of bully, kapag sinimulan ko gawin sayo." Sabi nya kay Reina. Pagkatapos ay patulak niyang binitawan ang babae papunta kay Brena .

"Hey."

Parang walang nangyari na sumandal siya sa sandalan ng upuan.

Ramdam ng lahat ang tendsyon.

"Miss you're new here, hindi puwedeng basta ka nalang manakit, may mga rules and regulations dito na kailangan mong sundin." Si Brena.

"Mukha ba akong sumusunod sa rules?" Bahagyang namula si Brena sa tanong niya na iyon.

"After your class go to SG office Ms. Fuentebella para ma-orient ka sa mga dapat at hindi dapat gawin dito, para narin malaman mo kung ano ang punishment na makukuha mo." Lihim na napangiti si Reina at Brena sa narinig na sinabi ni Dylan.

Isang ngisi naman ang binigay nya sa binata, sabay sabi sa mga katagang.

"As long as you're there, I'll take all the punishment, with matching flying color pa."

Nagsalubong ang kilay ni Dylan.

May sasabihin sana si Brena nang pumasok naman ang propesor nila para sa subject na iyon.

Nakita ni Angela ang matatalim na tingin ni Reina, at ang patagong pag-irap ni Brena sa kanya, bago umupo ang mga ito sa mga kanya-kanyang upuan.

Sa kanan niya naupo si Brena katabi nito si Dylan. Si Reina naman ay sa harapan ni Brena naupo.

Bored na tumingin sya sa harap.

Unang kita pa lang kay Ms. De Guzman alam nyang kasali ito sa grupo ng mga guro na hindi niya makakasundo.

Bakit?

Nakita niya, na nakipangitian ito kina Reina at Berna. Hindi rin nakaligtas sa pansin nya na palihim syang itinuro ni Brena habang nakatingin sa guro nila.

Napangisi sya

"Well, mayroon pala tayo bago dito," hindi siya umimik sa sinabi ni Ms. De Guzman. Bagkus prenteng sumandal siya sa sandalan ng upuan at tinignan ito.

Ramdam nya ang mga titig ni Dylan sa kanya.

"Well Miss are you going to come here and introduce yourself or what?" si Ms. De Guzman, she used her famous terror voice. But instead na magmadali syang kumilos para sumunod dito tulad ng ibang estudyante, tinaasan muna nya ito ng kilay bago sya tumayo at pumunta sa harap.

Ngumisi si Angela kay Dylan nang magtama ang mga mata nila na ginantihan naman ng binata ng kunot noo.

"I'm Angela Fuentebella 22 years old." Pagpapakilala nya ng makarating sa harap.

Tumahimik ang lahat at hinintay na dugtungan niya pa ang mga sinabi ngunit ilang minuto na ang lumipas nanatiling nakatikom ang mga labi nya.

"Iyan lang ba ang sasabihin mo?" Tanong ni Ms. De Guzman.

"Why? Do I need to say anything else?"

"Yes Miss. Like what is your hobby or why you choose this school?" Si Brena ang sumagot sa tanong nya. Malumanay ang tinig nito ngunit itinaas naman ang isang kilay habang nakatingin sa kanya.

She smiled sweetly. "My hobby has nothing to do with this subject at ang dahilan kung bakit narito ako, is none of your business."

Nagsinghapan ang mga klasmeyt niya dahil sa sinabi nyang iyon, samantalang lalo namang kumunot ang noo ni Dylan.

"I don't tolerate that kind of attitude, Ms. Fuentebella, kung ipagpapatuloy mo iyan alam mo na kung ano ang mangyayari sa grade mo dito sa subject ko,"sabi sa kanya ng guro.

Kibit-balikat ang sagot niya sa sinabing iyon ni Ms. De Guzman.

"Go back to your seat," salubong ang kilay na sabi ng guro sa kanya.

Balewala sa galit ng maestra humakbang sya pabalik ng upuan nya.

Habang naglalakad nakita niya na may ibinulong si Reina sa katabi nitong babae na nasa aisle at nang mapatapat siya sa mga ito, pinatid siya ng babae, the next thing she knew nakaluhod na ang isa nyang tuhod at nakatukod na ang mga kamay sa semento, para maiwasan ang tuluyang pagbagsak.

Nagtawanan ang mga klasmeyt niya.

Expressionless muli sya tumayo, pinagpagan ang pantalon at palad na nadumihan.

Nagkasalubong pa ang mga mata nila ni Dylan. Nginisihan nya ito bago muli naglakad. Hindi papunta sa upuan nya kundi pabalik sa harapan.

Mula sa kinatatayuan nakita nya ang nagtataray na mukha ni Reina at ang nang-aasar na ngiti naman ni Brena.

"I'm Angela Fuentebella. My hobby? Make someone's life hell. Apat na beses na na-expel sa ibat-ibang university sa states. Bullying is my game and I think hindi ako maiinip sa pag-aaral dito. So if you want to be the source of my entertainment and you're declaring war to me then bring it on bitches."

Lahat napanganga sa kanya hindi yata inaasahan ng mga ito na palaban sya.

Wala parin nagsasalita, kahit na ng maglakad sya pabalik sa upuan nya.

After a while Ms. De Guzman cleared her throat.

"Very well said Ms. Fuentebella pero gusto ko ulit sabihin sayo na we don't tolerate that kind of attitude here. Maraming magpapatino sayo dito. Andyan ang Student Government natin sa pangunguna Mr. Santiago and Ms. Brena na sya magbabantay sayo. Sigurado na rito ka titino."

Isang mapanghamon na ngiti ang sumilay sa mga labi nya. Kasabay ng pagtatama ng mga mata nila ni Dylan, nagsalita sya. "Tignan natin."

~?~

Thanks sa pagbabasa

©helliza sabida

452018fsj 21:51

3. Is She A Gangster? ??

Si Dylan at Angela para kay Mars_BlackLove18 ??? salamat sa support.

****

Pahikab-hikab si Angela habang nakatalungko sa mesa.

Inip na inip na siya sa klase ni Ms. De Guzman.

"Ms. Fuentebella." May bahid na inis na tawag sa kanya ni Ms. De Guzman.

Umayos siya sa pagkakaupo but she takes her time doing it. With a bored expression she eyed her professor.

"Nakakaantok ba ang klase ko para humilata ka dyan sa mesa mo?"

Mabilis pa sa alas-kuwatro na tumango siya.

"Fuentebella!"

Napapikit si Angela ng tawagin siya ni Dylan.

Her heart beat faster, it's been so long... So long to hear his voice...so long that its make her heart ache.

Kung sana lang di ganon ang tono ng binata.

"What?" expressionless na binalingan niya ang binata.

Natigilan naman si Dylan ng magtama ang mga mata nila ni Angela. He's not sure, but he thought he saw longing in those blue eyes, na nawala din ng kumurap ito.

"Stop it." He said.

"Why? She's asking me. Kabastusan naman kung di ko sasagutin."

"Ms. Fuentebella hindi-" napahinto sa pagsasalita si Brena ng itaas ni Angela ang kamay sabay sabi...

"I'm not talking to you."

"Ms. Fuentebella!" Tawag ulit sa apelyido niya.

"Ano bang problema nyo at paulit-ulit nyo tinatawag ang apelyido ko?" She asked with matching paikot ng mata.

"After the break go to SG room ibibigay ko sayo ang punishment mo, is that clear?" Si Dylan na salubong na naman ang kilay habang nakatingin sa kanya.

Lihim naman na nagngitian si Brena at Reina.

Isang malutong na 'ok' ang sagot nya with matching tango pa.

"Stop it Fuentebella! I really don't like your attitude. Huwag kang umasal na parang may ipinagmamalaki ka na, pero pagdating naman sa klase, sa mga test at recitation wala na, I know your kind itinatago sa pagiging rebelde ang hina ng ulo! Come hear at isulat mo sa blackboard ang sagot sa question number four na nasa workbook nyo."

"Hmp. Served her right, akala mo kung sino, for sure bobita din yan." Bulong ni Reina na pinaparinig naman sa kanya.

Tumaas ang kilay niya ng wala reaksyon si Ms. De Guzman sa sinabi iyon ni Reina.

"What are you waiting for ms. Fuentebella? We don't have all day to wait for you."

Angela extend her arms at inabot ang workbook ni Dylan sa gulat ni Brena.

"Pahiram."she said at walang pakialam na binuklat ang aklat.

She read the question. After a second ibinalik niya ang WB sa binata bago dere-deretso tumayo at pumunta sa harapan.

Unang na isiulat ni Angela ang tanong, then ang sagot.

After a minutes humarap sya kay Ms. De Guzman.

Ngumisi sya ng makita niya laglag ang panga nito habang nkatingin sa sagot niya.

Bakit? Her answered is correct with matching formula pa.

Kahit ang mga klasmeyt niya ay napatanga sa kanya.

"Explain ko pa ba?" Nagkibit-balikat siya ng hindi sumagot si Ms. De Guzman. "Sabagay matalino naman sila, no need to explain na."

Naglakad siya pabalik ng mesa ngunit imbes na muling umupo kinuha niya ang bagpack at sinuot.

"Where are you going?"

Angela feels the spark again ng hawakan siya ni Dylan para pigilan sa paglabas.

Kumunot naman ang noo ni Dylan. Naramdaman na naman niya ang kakaibang kuryente na iyon, na tumutulay sa braso niya papunta sa buong katawan. And when this blue-eyed bad girl smirked to him he feels the urge to kiss that pouty pink lips of her.

"What the hell is wrong with you Dylan?"

"Lalabas na." Even her voice is doing something to him. That... that familiar, angelic voice of her.

"Umupo ka hindi pa tapos ang klase." Malamig nya sabi. Wala siya plano ipakita sa babaeng ito ang kakaiba nito epekto sa kanya.

"Oh this class will be finish in five, four, three, two, one." After that tumunog ang bell. Mapang-asar na

ngiti ang binigay ni Angela sa kanya.

But when Angela turned to Maelyn, Dylan noticed na ang nang-aasar na ngiti ng dalaga ay naging malambot, from expressionless face to tender.

"Mae can you show me around? Alam mo na baka magkamali ako ng pasok ng room."

Sunod-sunod na tango naman ang ginawa ni Maelyn, dali-daling tumayo.

"Bye Dy, see you later." Paalam ni Angela kay Dylan. Muli naging blanko at malamig ang emosyon ng mukha nito. Saka ito dere-deretso lumabas ng kwarto. Leaving Dylan in frowned and confusion.

*****

Natapos ang ilang klase nila Angela ngayon papunta na sila ni Maelyn sa cafeteria para kumain.

She and Maelyn, almost had the same class pwera nalang sa last subject.

Ngayon sabay parin sila naglalakad papunta canteen. At hindi iilang estudyate ang tumitingin sa kanila.

Sino ba naman ang hindi? This is the first time na naglakad si Maelyn na hindi outcast na tulad nya ang kasabay. Bukod doon new student din si Angela kaya nakakatawag ito ng pansin.

This is the first time too, na walang namb-bully sa kanya, at kung may sumubok man ay napapaatras dahil sa cold stare ni Angela, at sa pambabara nito.

Hindi parin siya makapaniwala magkaibigan na niya si Gela. Yes, Gela ang pinatawag nito sa kanya.

"*Call me Gela or Angela. Huwag lang Angel because only one person is authorized to call me that."*

Iyon ang eksakto na sinabi nito sa kanya na kaagad nya sinang-ayunan dahil nakakatakot ito kapag sobra seryoso.

Sa simula naiilang siya dito hinihintay pa nga niya na i-trip siya nito, nang mapansin nito iyon ay pinagtaasan siya nito ng kilay.

"*Why? Do you want me to bully you?"*

Ang bilis ng iling niya sa tanong nito, with matching cold stare pa kasi iyon. Then she smiles warmly, bagamat di umabot sa mga mata nito.

Maingay sa loob ng cafeteria kanya-kanya ng gawain ang mga estudyante sa loob. Kanya-kanya rin ng mesa ang mga mqg-aaral.

Ang grupo ng mga mayayaman...na walang alam.

Mayayamang matatalino at ginagalang...

Grupo ng sikat na varsity...

Grupo ng mga emo.

At grupo ng mga outcast at binu-bully.

Oblivious in everything, isang grupo lang ang tinignan ni Angela.

Ang grupo ni Dylan. Tumatawa ang binata habang nakikipag-usap kay Brena at sa ilang SG.

Mayamaya ay natigilan ito sa pagsasalita, hanggang sa luminga-linga ito na tila may hinahanap, hanggang sa magtama ang mga mata nila.

Iyong ingay sa paligid bigla nawala, para kay Angela silang dalawa nalang ng binata ang tao ng mga oras na iyon.

Natigilan naman si Brena sa pagsasalita ng mapansin niya na hindi nakikinig si Dylan and when she follows his line of vision. Umasim ang ekspresyon ng mukha niya.

"Dy you want fries?" hinawakan niya ang braso ni Dylan para maagaw ang pansin nito.

"Ha? Yes," automatic naman na ngumanga si Dylan nang isubo niya ang isa piraso fries dito.

She smiles sweetly to him at nang di nakatingin si Dylan ay pinagtaasan niya ng kilay si Angela na ginantihan sya ng ngisi.

"Bitch."

Binalingan ni Angela si Maelyn.
"Saan ang table mo?" Tanong niya. Itinuro naman nito ang mesa sa dulo kung saan may dalawa babae at isang lalaki na nakaupo.

Humakbang sila papunta doon.

Patingin-tingin si Maelyn kay Angela dahil hanggang ngayon hindi parin sya makapaniwala na sasalo ito sa grupo nila.

Mas bagay kasi rito ang nasa kabila grupo, doon sa magaganda at mayayaman.

Habang papunta sila sa table. Hindi sinasadya may nabangga estudyante si Angela, dahilan para matapunan ang babae nabangga nito ng juice na hawak-hawak.

Nanlaki ang mga mata ni Maelyn ng makilala ang nabangga ni Angela, si Eloisa, girlfriend ng isang Gangster dito sa university.

"Look guys mukhang may bagong ginugulo si Angela." Si Brena

Kabilang si Dylan sa mga napatingin sa dalawa babae.

Tumahimik ang lahat, naghihintay sa sunod na mangyayari.

"I'm sorry Miss hindi ko sinasadya."

"Hmp... naramdaman siguro ng stepsis ko na di niya kaya iyan babanggain niya, kaya nagsorry siya

kagad. Serves her right. Mukha nakahanap siya ng katapat niya." Si Janice na masama ang tingin kay Angela.

Hindi naman nagustuhan ni Dylan ang sinabi iyon ni Janice.

"Jan, that so mean." mabilis naman na saway ni Brena kay Janice. Pagkatapos ay nginitian nito si Dylan, na hindi naman napansin ng binata dahil kina Angela ito nakatingin.

Dylan didn't expect Angela to apologized, base kasi sa pinapakitang ugali nito, ito iyong tipo ng tao na hindi aamin sa pagkakamali. Ngunit nagkamali sya. Tahimik lang ito habang kung ano-ano naman ang sinasabi ni Eloisa dito.

"Sorry iyon lang ang sasabihin? Hindi mo ba alam kung magkano itong damit ko na tinapunan mo ng Juice ha?" Gusto ng sambunutan ni Eloisa ang babae sa harap niya asul ang mga mata. Inis na inis sya dahil ang ayaw niya sa lahat ay ang na dudumihan ang damit niya.

"Again miss I'm sorry." ulit ni Angela.

"You're new here right? Kaya hindi mo alam na hindi ako tumatanggap ng sorry. Alam mo ba na lahat ng taong dinudumihan ang damit ko ginagawa kong laruan."

"At dahil naiinip din naman ako, gagawin nalang kitang toy ko o di kaya gawin kita my new slave."

Nanlaki ang mga mata ni Maelyn. Alam nya na kayang-kaya gawin iyon ni Eloisa.

Gagawin nito slave si Angela sa gang ng boyfriend nito.

Umakto naman na tatayo si Dylan para lumapit at awatin si Eloisa. He didn't know but hindi niya gusto ang ideya na magiging slave si Angela ng gang na iyon. Pagtayo na hindi natuloy ng makita nya ngumisi si Angela.

Kinuha nito ang juice sa kamay ni Eloisa at ibinuhos ang lahat ng laman sa damit ng babae. Nagulat sya tulad ng lahat na naroon. Habang nakatingin sa kulay pink na damit ni Eloisa na nagkukulay orange na.

"Ayan. Pwede mo na ako sigawan. Pwede mo narin ako pagbantaan. " nang-aasar na sabi ni Angela sa babae.

Para natuka ng ahas si Eloisa ganon din ang mga estudyante sa loob ng cafeteria.

"How dare you!" Tili ni Eloisa ng mahimasmasan.

"Ugh! Ang sakit." Kinalikot nya ang tenga. "Hey Ms. Armalite kung tapos ka na tumili dyan, pwede ba na tumabi ka na dadaan kasi kami." After niya sabihin iyon, tinabig niya patabi si Eloisa at muling naglakad, napasunod nalang si Maelyn sa kanya.

"You! Hindi mo ba kilala kung sino ako? How dare you did this to me! Sisiguraduhin ko na makakarating ito sa boyfriend ko.Tignan natin kung aabot ka pa ng two days pagkatapis ng mga gagawin namin sayo. Isama mo narin iyang mataba mo kasama!"

Napahinto si Angela sa paglalakad.

"G-Gela." puno naman ng takot ang boses ni Maelyn na tinawag sya.

Hinarap niya si Eloisa. "First, I really don't care who you are. You're just a nuisance. Second I'm a happy to dare na buhusan ka ng juice and third I don't fucking care who is your boyfriend is. Kahit pagtulungan nyo pa ako wala ako pakialam." sabi niya.

"Gela t-tama na." si Maelyn na kinakabahan na talaga.

Tinignan nya si Maelyn tumango siya dahil para na ito aatakehin sa puso sa tindi ng tako. Tinalikuran niya ulit Eloisa.

"What the hell is happening here?"

Lahat napatingin sa pinto.

Mula doon nakatayo si Brent Santillian na leader ng Santillian Gang.

"Hon help! That girl ruined my top." Mabilis naman sumbong ni Eloisa ng makalapit ang binata.

"Who the hell are you?" Tanong ni Brent kay Angela na nakatalikod padin.

Maelyn is cowering to Angela nanginginig na ito sa takot.

Brent is a famous bad boy ng C.U. He is dangerous, kahit babae pinapatulan nito. Kinakatakutan ito dahil bukod sa pagiging gang leader nito. May usap-usapan pa na isa rin Mafia leader ang binata.

Dylan stand up, hindi niya gusto si Angela pero ayan na naman iyong urge na gusto niya protektahan ang babae.

Nakatayo na sya at papunta na sa mga ito ng magsalita ang dalaga.

Nakahalukipkip si Angela at hindi man lang nilingon si Brent nang magsalita.

"I can't believe na pumapatol ka na pumapatol ka sa babaeng armalite ang bibig at mukhang bisugo."

Napangisi si Reina,napatingin kay Brena and mouthed. "She's Dead."

Nagsalubong ng todo ang kilay ni Brent, di nito pinansin si Eloisa na pumapadyak at nagmamaktol dahil sa panlalait ni Angela.

"Sino ka para kausapin ako ng ganyan? Do you wanna die?"

Pinaikot naman ni Angela ang mga mata. Great kanina pa siya nagugutom ngunit mukhang hahaba pa ang eksena nilang ito.

"I didn't know your standard in girls is getting low Brent Aaron." Her famous smirk is visibke ng humarap sa binata.

Ang nakakunot na noo ni Brent ay unti-unting napalitan ng pagkagulat.
Nanlaki din bigla ang mga mata nito.

 (==)....o_O...(0_0)...

"G-Gela...Angela Fuentebella?"

Ngising aso ang binigay habang nang-aasar na yumukod. "The one and only.

Nagulat ulit ang lahat at nanlaki ang mga mata ng biglang lumapit si Brent at yakapin sya.

"Ughhh, ano ba let me go Santillian. I swear babalian kita kapag di mo qko binitawan." Banta nya sa lalaki.

Natatawang bumitaw naman si Brent.

"Di ka parin nagbabago brutal ka pa rin. Kelan ka dumating? Are you staying here for good?"

kibit-balikat ang sagot ni Angela sa tanong sa kanya ni Brent. "Depende sa mood ko."

"Brent...honey kilala mo ba sya? Paano ko sya mapaparusahan? Dapat parusahan mo sya.

Napaatras si Eloisa ng tignan ito ng masama ni Brent.

"If I were you I will shut that irritating mouth of yours. Hindi mo kilala kung sino ang kinakausap mo."

"B-but she's just a transferee and I'm your girlfriend."

"No, she is not just a transferee." Bigla hinila ni Brent paakyat sa isang mesa si Angela at tinawag ang pansin ng lahat ng estudyante na nandoon.

"I want you to meet my Co-leader . Messed up with her and you messed up in my whole Gang."

Katahimikan...

Sobrang tahimik sa loob ng cafeteria pagtapos magsalita ni Brent.

Lahat pinoproseso ang sinabi ni Brent Santillian.

This blue eyed bad girl is a... gangster.

Katahimikan na binasag ng pag-igik ni Brent ng sikuhin ito ni Angela.

"I'm not a Gangster." Sabi niya na bumaba sa mesa.

Para lang muling akbayan ni Brent.

"May karera mamaya, wanna join?"

"May ibubuga ba ang mga kakalabanin ko?" she asked habang naglalakad papalapit kay Maelyn na nakatanga parin.

"Knowing you baka kayang kaya mo sila kahit nakapikit--hey!"

Isang kamay ang humila papalayo kay Angela papalayo kay Brent. The next thing she knew, nakasubsob na ang mukha nya sa isang malapad na dibdib and a pair of arms snaked its way on her waist protectively and possessively.

"You're not going with him." A steely voice said and when she looked up her blue eyes met his brown

orbs. And she whisphered his name...

"Dylan...."

~???

??????

Thanks

Helliza Sabida.

4. Everything I Own ?

Warm and contented iyan ang naramdaman ni Angela habang nakayakap at nakaharap kay Dylan she want to drop her head in his chest, close her eyes...

She want the time to stop, so that they can stay like that.

Iyon ang hiling niya na syempre hindi matutupad.

"Well well tama ba ang nakikita ko Dylan Santiago want to stole my girl."

Tumaas ang kilay niya sa sinabi ni Brent.

Matabang na tawa naman ang sagot ni Dylan.

"Don't get me wrong. But I'm not interested in YOUR GIRL nagkataon lang na, this girl need to go in SG Office for her detention." pasimpleng inalis ni Dylan ang kamay sa bewang nya at nakaramdam siya ng lamig matapos nitong gawin iyon.

It hurt! Nasaktan siya sa sinabi ni Dylan. Sakit na hindi nakita sa asul niyang mga mata, tanging coldness ang mababasa sa ruon.

"Wow Gela is your first day here, detention kagad di ka parin nagbabago." napailing pa si Brent. "Anyway Santiago this girl need to be in my side after class siguraduhin mo na tapos na ang detention niya that time."

Nagdilim naman ang mukha ni Dylan sa narinig.

"Huwag mo kong utusan Santillian gagawin ko ang gusto ko at tatapusin ko ang detention in my own time."

Napaikot niya ang mga mata.

"Stop it you two! I'll do what I want. Hindi dahil sa ginusto nyong dalawa. Ngayon pwede na bang kumain, kung di nyo napapansin we're trying to have a lunch here, na kanina pa namin di magawa-gawa."

Natawa si Brent sa sinabi niya, tawa na huminto ng bigyan niya ito ng cold stare.

"At hindi kayong dalawa ang magdedecide kung san ako pupunta mamaya, its neither to you or to you." itinuro niya pa ang dalawa. "Or none of the above. And Brent honey I'm not your girl. So stop announcing that kung ayaw mo sipain kita ulit 'don'." tinaasan niya ng kilay ang binata.

Natatawang itinaas naman ni Brent ang mga kamay.

"Okay okay I get it na. Hahaha Di ka parin nagbabago. Mauna na ako kita nalang tayo sa dating tambayan. I'll call you." tumalikod ito pagkatapos ay mabilis din na humarap at lumapit sa kanya.

"I missed you Gela and welcome back." and kissed her forehead.

Nailing-iling na lang siya habang pinagmamasdan ang binata na palabas ng cafeteria.

"You better stay away from him."

Napaangat siya ng tingin kay Dylan na nakakunot ang noo sa kanya.

"What?"

"Kung ayaw mong gumulo ang buhay mo at mapahamak ka stay away from him."

She smirked. "Believe me kahit wala pa siya, magulo,mapanganib at complicated na ang buhay ko."

Tumalikod na sya at humakbang patungo kay Maelyn.

"Be sure that you present your self in SG office or else..."

Kibit balikat ang sagot niya sa sinabi ni Dylan. At di na nag abala na lumingon. Pagkaupo niya nahagip pa ng mata niya ito na palabas kasunod si Brena at ang mga kasama nito sa table.

Oblivious in every stare na galing sa mga estudyante she just eat.

*****

SG OFFICE.

Three minutes na yatang nakatayo si Angela sa labas...hindi pa sya pumapasok hindi dahil kinakabahan siya...kundi dahil she is thinking.

Her plan is to ditch Dylan, but nanaig ang kagustuhan niyang makita ito.

After 2 more minutes. Walang katok- katok na binuksan niya ang pinto.

Six pair of eyes ang lumingon sa kanya ng makapasok sya. Lahat ng mga nagmamay-ari niyon ay nakaupo sa harap ng isang long table.

"Really hanggang ngayon hindi ka parin marunong kumatok sis."

She gave Janice a smirked.

"Oh I learned from the expert." she said.

Dati ng di pa siya marunong lumaban. Janice always barged in her room. Making fun of her or steal all her important belonging. Mukhang naintindihan nito ang ibig nyang sabihin dahil namula ang mukha nito.

Inalis niya na ang pansin kay Janice.

"So what now?" tanong niya kay Dylan na nakatingin lang sa kanya.

"Ehem." isang tikhim ang narinig niya.

Galing iyon sa babaeng nakaupo sa kaliwa ni Janice at katabi ng isa pang lalaking estudyante.

"Hi you must be the new student I heared about." tumayo ito at inabot ang kamay sa kanya.

"Im Quincy De Leon. The coordinator of SG." She is sweet, kasing height niya lang ito, mahaba ang buhok at nakasuot ng pink dress.

"I'm Angela Fuentebella." sabay abot ng kamay niya.

"*She's so Angelic."* wika ni Quincy sa isip habang nakatingin kay Angela. At nang ngumiti ito sa kanya lalong naging maamo ang mukha nito. Kahit na nga hindi umabot sa asul na mga mata nito ang ngiting pinakawalan.

"Hi Angela nice to meet you, can i call you Angel?" tanong niya.

"No. Only one person can call me that, Gela will do."

"Oh Gela suits you too." Quincy said.

"Yeah Quin believe me Angel is not a name suitable for my Step sis. She is so opposite to that."comment ni Janice.

"Opposite of an Angel is a Devil. Gusto mo bang ipakita ko sayo how much a devil I'am stepsis?"ngumisi sya ng mabasa ang takot sa mga mata ni Janice.

"Ahmm... Gela gusto mo ba makilala ang mga member ng SG Gov?" hindi pa man siya sumasagot ay pinakilala na ni Quincy ang dalawa pang kasamahan nito.

The other girl whose name is Teresa, ay binigyan siya ng isang irap at panay ang dikit kay Brena.

The other guy is Jose Angelo Fernandez or Gelo ang treasurer ng grupo.

"Treasurer huh."komento niya na kinatawa naman ni Gelo.

"Magkakilala kayo?" si Quincy.

"No." mabilis na sagot niya at tinaasan pa ng isang kilay si Gelo, na walang nagawa kundi magkibit balikat na lang.

Nagpalitan silang dalawa ng makahulugang tingin. Tingin na si Dylan lang ang nakapansin ngunit di naman nagtanong.

"Hey parehas kayo ng name Gelo and Gela parang kambal lang." napapalakpak pa si Quincy na iknatawa naman nilang dalawa.

"Ahmm i think we need to discuss the reason why we are here guys." Si Brena na sumabat na sa kanila dahil patuloy parin sila sa pagtawa.

"Oy andyan ka pala di kita naramdaman." nang-aasar na nginisihan niya ito.

Tumalim naman ang tingin sa kanya ni Brena na hindi magawang sumagot palibhasa numero unong mapagpanggap.

"Enough Angela seat down." kunot na kunot ang noo ni Dylan habang itinuturo ang isang bakanteng

upuan sa harap nito.

Patamad naman syang umupo.

Si Brena ang unang nagsalita.

"So do you aware why you are here Ms.Fuentebella?" may kaseryosohan ang tinig nito bagamat may bahid parin na hinhin.

"Yes. I'm here to receive a punishment dahil muntikan na kitang mabundol at dahil sa pagsagot ko kay Ms. De Guzman. I'm already aware of the reasons why I'm here so pwede ba sabihin nyo nalang ang parusa para matapos na."

Natatawa siya sa mukha ni Brena, alam niyang inis na inis na ito at gusto siyang sagutin di lang nito magawa dahil nasa tabi nito si Dylan. She really wanted to see na ilabas nito ang tunay na pag-uugali.

"Fine." May bahid na pagtataray ang boses ni Brena na nawala din ng muli itong magsalita.

"I just want you to get a detention. But Dylan want you to do a community service dito sa campus. Really sa akin ay okay lang naman ang ginawa mo I know naman na hindi mo sinasadya but Dylan didn't think the same, masyado kasi syang nag-alala sakin kanina."

Spell pa inggit. B.R.E.N.A. Sinadya nito na sabihin iyon para iparating sa kanya na kakampi nito si Dylan.

Angela who's still smirking turned to Dylan.

"Really."

For a seconds Dylan just stared at her. Bago nagsalita.

"Yeah i want you to clean the rest room on building D 3rd floor for two days."

"Sure okay."

"But Dylan. Ipapalinis mo rin ba ang men's Room? Believe me Dy. She didn't need to do that, okay ng parusa sakin ang linisin niya ang ladies room." Ngumiti si Brena at humawak pa sa braso ni Dylan bago pailalim na tumingin sa kanya.

"Oh no need Brena. Okay lang maglinis ako ng mens room nagawa ko na yan dati and I really do enjoyed it."she said with mischievousness in her blue eyes.

Isang pigil na tawa naman ang kumawala kay Gelo.

"May nakakatawa ba Gelo?" Janice asked.

"No may naalala lang ako." napatingin ito sa kanya, na sinuklian nya ng bored look.

"Sigurado akong napakasaya at napakagulo ng memories nayan." sabi niya pa.

"Yahh right."

"Ako lang ba pero para talagang magkakilala kayo.?" si Quincy na palipat-lipat ang tingin sa kanila.

Angela and Gelo both shrugged their shoulder.

After that tumayo na siya.

"Kahit kelan hindi ako umiiwas sa parusa."

Nagsimula na sya maglakad palabas hanggang sa makarating sya sa tapat ng pinto, huminto siya at lumingon.

"But I'll do it in my own time and in my own will." she said while smirking. Bago tuluyang lumabas.

******

Naglalakad na sa corridor si Angela mula sa SG room paliko na sya sa isang pasilyo ng muntik na nyang makabangga si Reina. May kasunod pa ito na tatlong estudyante na babae

"So ano punishment mo? I wish na paglinisin ka nila ng restroom." Nang-

"As a matter of fact yes."

"Hmmm... I think mag-eenjoy kami ni Eloisa na pumunta sa restroom."

Void in emotion. Angela just stared coldly to Reina. Wala sya sa mood maki pag talk bitch dito. Kaya tinignan niya lang ito.

A minutes past na wala siyang reaction at nakatingin lang. Hanggang sa di na nakatiis si Reina inirapan siya nito at tumuloy sa paglalakad.

Wala sa mood na nagpatuloy narin siya sa paglalakad,na muli napahinto ulit nang makarinig siya ng iyakan na nanggagaling sa loob sa bakanteng classroom sa kaliwa niya.

Lumapit siya doon at dahil nakaawang ang pinto nakita niya ang dalawang lalaki at isang babae na nakaupo sa sahig. Sa harap ng mga ito ay basag na cd at nagkalat na papel.

Nag-uusap ang mga ito and when she hear what they are talking about binuksan niya ng tuluyan ang pinto at derederetso na pumasok...

*****

"**You know guys Angela Fuentebella** is really different sa lahat ng transferee ngayong taon ." Si Quincy na kausap si Dylan,Brena, Gelo, at Janice.

Naglalakad ang lima sa pasilyo iilan palang ang mga estudyante dahil may klase pa ang ilan.

"Really Quincy there nothing ordinary in my stepsis ang alam lang non gumasta at pasakitin ang ulo ni Dad."

Tumingin si Quincy kay Janice.

"Really?"

"I don't think ganon siya." Kabilang si Dylan sa napatingin kay Gelo.

"Alam mo Gelo kanina ko pa napapansin magkakilala ba kayo ni Angela?" si Brena.

Mabilis na umiling si Gelo. "Nope. Pakiramdam ko lang hindi siya ganon."

Kokontra pa sana si Janice ng maunahan ito ng isang malakas na ingay.

"What's that?" si Brena.

Muling naulit ang tunog.

"I think tunog ng isang gitara iyon."

"Eh bakit ang lakas bawal iyon marami pa nagkaka klase."

"Come galing sa School Ground."

Naunang tumakbo si Gelo hindi nakaligtas sa pansin ni Dylan ang ngiti nito. Ngiti na tila nagsasabi na alam na nito kung sino ang nag-iingay.

Nagtinginan silang apat bago sumunod.

Nakita naman kagad ni Quincy si Gelo.

Nakasandal ito sa pader his arms is on his chest habang nakangiti sa harapan.

Tumakbo si Quincy papalapit dito kasunod sina Dylan.

"Hey Gelo ano ba yon?"

Tanong niya ng makalapit sa binata.

Kasabay ng pagtatanong niya ay tumingin siya sa harapan.

O_O naging ganyan ang mga mata ni Quincy nang makita ang nasa harapan.

Si Angela na nakatayo sa mga pinagsama-samang mesa sa gitna ng school Ground hawak nito ang isang electric Guitar sa likod nito may 2 lalaki pa ang isa may hawak din na gitara habang ang isa ay piano. At isa pang babae na nagdradrums. Sa paligid 3 malalaking speaker ang nakalagay, napansin din ni Quincy ang isang babae sa baba at kumukuha ng video.

"Anong ginagawa niya."Gulat na gulat na sabi ni Brena.

"Oh My God nagsisimula na syang manggulo." si Janice.

Napansin ni Quincy na hindi nagcomment si Dylan, nakatingin lang ito kay Angela na ngaun ay nagsimula ng tumugtog.

Dumami narin ang mga estudyante na nanood.

EVERYTHING I OWN by Vannesa Hudgens

Wooah....

You sheltered me from harm

Kept me warm, kept me warm.

Angelas voice is so good and soft kahit na nga rock version ang ginamit nitong istilo.

?You gave my life to me

Set me free, set me free?

Naglabasan na rin ang mga estudyante sa loob ng classroom. Lahat gulat na gulat sa nakikita. Wala naman kasi okasyon. Para magkaroon ng concert and take note isa pang transferee ang nagpeperform.

Hindi rin tuloy mapigilan ni Quincy ang paggalaw ng katawan sa beat ng tugtog. The way Angela sing its so energetic and full of life.

?The finest years I ever knew

Were all the years I had with you

And...

(Chorus:)

I would give anything I own

Give up my life, my heart, my home

I would give everything I own

Just to have you back again ?

Magaling din sa paghawak ng gitara si Angela. Nagagawa nitong sabayan ang maingay na tugtog ng drum.

?You taught me how to love

What it's of, what it's of

You never said too much

But still you showed the way

And I knew from watching you

Nobody else could ever know

The part of me that can't let go

And...?

Nakisabay narin ang mga estudyante na nanonood. At lahat nagsigawan ng magsimulang tumalon si Angela. She's so energetic. Quincy notice to kung paano tila nang-aakit ang mukha ni Angela habang kumakanta. Lahat yata ng estudyante na lalaki na maroon ay name-mesmerized sa pag p-pout nito ng lips at pagtaas ng isang kilay.

Ngunit ni isa man sa mga ito ay di tinatapunan ng tingin ni Angela dahil iisang direksyon lang ang tinitignan nito na napansin ni Quincy at iyon ay ang direksyon ni Dylan.

Kumunot naman ang noo ni Quincy dahil sa reaksyon ni Dylan, na nakatayo lang at nakatingin sa dalaga.

?(Bridge:)

Is there someone you know

You're loving them so

But taking them all for granted?

You may lose them one day

Someone takes them away?

Nang sumapit ang bridge ng kanta nawala ang tunog ng drum, ng piano at ng gitara. Ang naririnig lang ay ang tinig ni Angela. She sing the song with so much feeling habang di parin inaalis ang tingin kay Dylan. Ang mga estudyante na naruon ay na patanga nalang. Why? Because the true meaning of the song na ay talagang naramdaman nila.

?And they don't hear

The words you long to say?

Hanggang sa muling bumalik sa chorus ang kanta. Muling nagsigawan ang mga estudyante, nang umingay ulit sa paligid.

?Hep hep hep ?

? Just to touch you once again.. ?

Ang finally. Angela performing solo with her guitar. Habang pinapanuod sya iisa lang ang naisip ng mga naroon. That New Blue Eyed Transferee is really Something.

~???

H/n

Thanks for reading, sa boboto at magc-comment.

1322017xfe 9:43am

5. The Nightmare or The Angel? ?

Angela P.O.v

"Again Ms. Fuentebella can you explain what is the act that you did a while ago?" for the 5th time ay tanong ni Mrs. Calubat Lenny, ang Dean ng C.U sakin.

And for the 5th time too, imbes na sagutin ko ang tanong niya nagkibit- balikat ako.

Nasa Dean office kami kasama ang mga kasama ko na tumugtog kanina.

Si Jake, si Clent at Daniela na parehong nakaupo sa tabi ko at mga nakayuko.

Isang buntung hininga naman ang pinakawalan ni Mrs. Calubat I smiled coldly alam ko kanina pa siya naiinis sakin.

Kasama din sa loob ang mga miyembro ng SG, si Dylan na nakaupo sa harap ko. Kanina pa ito hindi nagsasalita basta nakatingin lang siya sa akin. Hindi ako umiiwas sa tingin niya sa tuwing magkakasalubong ang mga mata namin. Binibigyan ko lang din sya ng blankong tingin.

"Ms. Fuentebella alam mong bawal iyang ginawa nyo, may mga nagkla-klaklase pa and hindi man lang kayo humingi ng permission."

"Why? Kung hihingi ba ako ng permission pagbibigyan ba ako?"

"Of course, hindi-"

Pinutol ko sa pagsasalita si Brena, umeepal na naman kasi

"That what's I'm thinking, so why ask? Kung magpaalam man ako o hindi, dito parin ang bagsak namin."

"Stop being sarcastic Fuentebella."

For the first time nagsalita si Dylan and like always simula pa kanina umaga, may inis ang tono nya.

Tinignan lang sya ng asul kong mga mata. Kahit anong klase tingin pa ang ibigay niya. Hindi parin nagbabago ang epekto na binibigay niya sa akin.

"Makakatanggap kayo ng parusa. Ang SG na ang bahala kung ano klase. At ayaw kong mauulit pa ang pangyayaring ito Ms. Fuentebella you're new here, pero nakaka-dalawang offenses kana."

Kibit-balikat lang ang sagot ko kay Ms. Calubat bakit ako mangangako kung di ko naman matutupad. Bagkus ay tumayo ako.

"I'll take all the blame. Pati ng punishment nila sa akin niyo na ibigay." Itinuro ko ng tatlo na napatingin sakin.

Nagulat naman sila, kahit na si Dylan. Maliban kay Gelo na lihim na tumatawa. Tinaasan ko sya ng kilay.

"Ikaw ang tatanggap ng lahat?" Si Quincy.

"Ako ang nakaisip at nagplano at pinilit ko lang sila. Kaya ako ang mananagot."

"Bakit mo nga ginawa?"

Tinignan ko ulit Si Dylan, then I smirked.

"Gusto lang kitang makita ulit,

" Simpleng sagot ko.

Hindi ko mapigilang, matawa ng manlaki ang mga mata ni Brena.

"We're not joking here. " Si Dylan.

"Sino bang nagbibiro?" tuwid ko syang tinignan sa mga mata.

"Ms. Fuentebella. Hindi dahil gusto mong 'magpapansin' sa isang tao gagawa ka na ng gulo." binigyan ng diin ni Brena ang salitang papansin.

"Believe me Brena kung gulo na ang tingin mo sa ginawa ko then baka magulat ka sa mga gulo pa na pwede kong gawin..." i said while smirking.

Bago pa man ito makapagsalita ulit bumaling naman ako sa tatlong nakayuko.

"Kayo siguraduhin nyo na ipapasa nyo yan, dahil kung hindi patay kayo sakin. Ang ayaw ko pa naman ay nauuwi sa wala ang pinaghirapan ko."

Sabay na nag-angat ng ulo ang tatlo at sunod-sunod na tumango sakin.

Parang wala lang na dumeretso ako papunta sa pinto. Ngunit bago lumabas ay muli ako nagsalita.

Ang walang emosyon kong mga mata ay na kay Dylan.

"Oo nga pala Dylan gusto ko pala na may makasabay sa paggawa ng punishment, and I want them to join me. Kung hindi ko sila makakasama I will never do it."
Saka ako dere-deretsong lumabas.

*****

Daniella P.O.v

Sinundan ko ng tingin ang paglabas ni Angela ng Dean's office. Hindi ko kaya ang ginawa niya. Hindi ko yata magagawa na basta-basta na lang sumagot sa mga SG members pati narin kay Mrs. Calubat. Lalong lalo na ang walang paalam na umalis.

Hindi ko tuloy mapigilan na humanga sa kanya.

"Anong ibig sabihin ni Angela sino iyong gusto niyang makasama?"

Napatingin ako kina Jake at Clent. Pareho namin alam kung sino ang tinutukoy ni Angela.

Narinig ko na bumuntung- hininga si Mrs. Calubat.

"Kayong tatlo. Ipaliwanag nyo nga sa amin kung bakit nyo nagawa iyon?"

Hindi kami umimik.

"Huwag kayong matakot we promise na hindi kayo mapaparusahan kung talagang pinilit lang kayo ni Ms. Fuentebella na gawin iyon." Si Brena na napakamalumanay at napakahinhin ang tinig.

Idol ko sya dati. She is beautiful, intelligent and kind.

But nagkamali ako siguro iyong unang dalawa applicable sa kanya but the third one?

Hindi.

Mabait lang ito kapag kaharap ang mga professor at si Dylan. Pero ang totoo napakasungit nito at matapobre.

Mabilis kaming umiling na tatlo.

"Hindi niya kami pinilit." I whispered.

"Kung hindi niya kayo pinilit what is the reason? Bakit nyo ginawa iyon?" Si Dylan.

Nagtinginan kami ulit at sabay- sabay na lumunok.

Nasabi ko ba sa inyo na kaming tatlo ay mga nerd, madalas kaming i-bully at pagtripan. Dati halos araw-araw kaming niloloko.

Nabawasan lang ng si Dylan ang naging SG President.

Pero hindi parin nawala sa amin ang takot.

Takot na pag nag-sumbong kami baka lalo kaming pagtripan.

Tahimik lang sa loob ng opisina lahat sila hinihintay ang sasabihin namin. Hanggang sa nagsalita si Gelo.

"You got bullied right." hindi iyon tanong kung di statement.

Bago ito magsalita nakita ko na may binasa ito sa cp nito.

"Ha?" Si Clent.

"Napagtripan kayo diba at nakita iyon ni Angela." dagdag pa nito.

Hindi ko alam kung paano nya nalaman. Dahan-dahan akong tumango.

Kumunot ang noo ni Dylan. Hindi ko mapigilan na matakot sa kanya.

"Ms. Reyes i want to know kung ano ba talaga ang nangyari at gusto ko na sabihin nyo ang totoo."

Napahawak ako sa salamin ko sa mata saka tinignan sina Jake at Clent.

Nang tumango sila ay bumuntung hininga ako at yuko ang ulo na nagkwento sa nangyari kaninang tanghali.

»»»FLASH BACK««««

Narrator's P.O.V

"Guys." tawag ni Daniela kay Jake at Clent.

Itinaas niya ang kamay at masayang pinakita ang hawak na cd.

Nanlaki ang mata ng dalawang lalaki.

"Tapos na! Makakahabol tayo sa deadline mamaya six." halos magtatalon si Daniela habang nagsasalita.

She's referring to their project in Arts and Music.

Actually is a special project dahil mababa ang grades nila.

Minor subject pero kailangan nilang ipasa dahil sa scholar sila.

Nilapitan niya ang dalawang binata at naupo sa bakanteng upuan.

"Were going to pass guys." inilapag niya ang CD sa mesa na may title na Group D music Video.

Nahirapan sila sa project, oo they knew how to play a musical instrument, pero hindi sila marunong kumanta.

At dahil kakaunti ang friend nila..no mali, dahil sila lang ang magkakaibigan nahirapan sila sa paghahanap ng singer kinailangan pa nilang magbayad ng kakanta at mag-v- video and take note kailangan pa nilang pagsamasamahin ang allowance nilang tatlo sa loob ng 2 linggo, malaking bagay nayon dahil di naman sila mayayaman.

But now its finished ipapasa nalang sa prof nila. Pwede na silang huminga ng maluwag.

"Well look whos here guys. The Three Nerds/Idiots."

Sabay na nanlaki ang mga mata nila Daniela ng makita sa pinto si Reina at ang grupo nito.

Simbilis ng kidlat na hinawakan ni Daniela ang CD.

"R-Reina."Nauutal pa si Jake habang nagsasalita at napahawak pa sa salamin.

"Ako nga mga bobo. Ngayon nasaan na ang pinagawa ko sa inyo."

"*Oh My God." D*aing ni Daniella sa isip nakalimutan niya na may pinapagawang report ito sa kanila.

Isa si Reina sa madalas na nambubully sa kanila at isa rin ito sa pinakamalala palibhasa kakampi nito ang ilang mga professor at kaibigan din nito si Brena na VP ng SG Gov. Lagi itong nagpapagawa ng

project at assignment sa kanila na kanila namang ginagawa. Takot sila dito dahil nanakit ito palibhasa miyembro ito ng karate Club
at may maliit na grupo din ito, sa pagkakaalam niya pa gangster din ito. Kaya marami ding natatakot dito.

"Ano hindi na kayo nagsalita asan na ang pinapagawa ko?"

May takot sa mata na nagtinginan silang tatlo at sabay na napapitlag ng sumigaw ulit si Reina.

"Ano!"

"K-kasi R-Reina h-hindi namin nagawa." uutal-utal at mahinang sabi ni Daniella.

Reina crossed her arms in her chest.

"Ulitin mo nga ang sinasabi mo. At lakasan mo ang pagsasalita Bitch."

"Hindi namin nagawa ang project mo."ulit ni Daniela ng mas malakas.

PAK!

Napapikit si Daniela sa sakit when Reina slapped her.

Takot naman ang nasa mga mata nila Jake at Clent. Kahit pa lalaki sila wala silang laban kay Reina. Lampa kasi sila at payat wala silang alam sa kahit anong self defense dahil pag-aaral lang ang inaatupag nila.

"Bigyan nyo ko ng isang magandang dahilan kung bakit hindi nyo nagawa ang project ko."

Walang umimik sa tatlo.

"WHAT! HINDI NYO BA AKO SASAGUTIN! GUSTO NYO BANG MASAKTAN!" sigaw ni Reina.

Hinablot nito si Daniela at pinilipit ang kamay ng babae.

"A-aray!" Nabitawan naman ni Daniela ang hawak-hawak na CD napatingin duon si Reina kumunot ang noo at patulak na binitawan si Daniela.

"So this is the reason kaya di nyo nagawa ang project ko. Inuna nyo na gawin ang sa inyo."

"Give it back."

Kukunin sana ni Clent ang cd pero pinigilan ito ng mga kasama ni Reina.

Ganon din sina Daniela at Jake.

"Sa susunod..." kinuha ni Reina ang cd Sa loob ng lagayan. "Unahin nyo muna..." ibinagsak sa sahig.

"Ang pinapagawa ko..." tinapakan nito ang cd." Bago ang walang kwentang bagay."

Kasabay ng pagkabiyak ng Cd ay ang panlalaki ng mga mata ng tatlo. Pati lagayan ay sinira ni Reina.

"Naiintindihan nyo ba ako!"

Nang hindi sumagot ang tatlo ay sinampal ulit ni Reina ang mga ito.

"Naiintindihan nyo ba!"

Napaiyak nalang si Daniela at tumango. Ganun din sina Jake at Clent.

"Tara na guys"

Halos mapadapa sila sa pagtulak ng mga may hawak sa kanila.

Sa nanginginig na kamay dinampot ni Daniela ang Cd.

Wala na ang pinaghirapan nila, ang pinaghirapan nila ng ilang araw. Wala na ang project na pinagkagastusan nila.

"A-ano nang gagawin natin." si Jake na sumisinghot.

"Paano na yan pasahan nayan mamaya baka matanggal na iyong scholarship natin." may luha din sa mata na sabi ni Clent.

"B-baka pwede tayong gumawa ulit." suhestyon ni Jake.

"Kahit gumawa tayo ulit di rin matatapos saka saan tayo kukuha ng singer at mag v-video? Pati ang location? Hindi tayo aabot sa deadline."

Wala na silang nagawang tatlo kundi ang umiyak.

"Sa tingin nyo may mangyayari diyan sa pag-iyak nyo?"

Sabay silang napatinging tatlo sa pinto.

Nakita nila duon ang isang babaeng ang lamig-lamig ng mga mata. Asul ang kulay ng mga mata nito na ngayon ay bored silang pinagmamasdan.

Naglakad ito papalapit sa kanila.

"Kung yang iniiyak-iyak nyo kumikilos na kayo eh di sana may nasimulan na kayo."

Nanindig yata ang balahibo ni Daniela dahil pati boses ng babae ay malamig.

"S-sino ka." Bakas ang takot sa tinig ni Jake. Kahit sya natatakot baka isa din ito sa mga mambubully, maglalaro at mananakit sa kanila.

She smirked.

"Me? I'm Angela and I'll be your worst nightmare."

»»»»»End of Flashback«««««

"**Natakot kami sa sinabi niya, pagkatapos halos pakaladkad niya kaming hinila palabas ng room." napatawa si Daniela na nagpakunot noo sa mga nasa loob ng SG Office.**

"Ahmm ano ang nakakatawa?" di nakatiis na tanong ni Quincy.

Tumingin rito si Daniela.

"Nakakatawa kasi nagawa nya kaming hilahin tatlo ng sabay sabay even na mas matangkad at malaki kami." Ngumiti ulit sya. "Anyway habang kinakaladkad nya kami parehas kaming natatakot na baka tulad ng iba, i-bully ipahiya at paglaruan nya din kami. But we're wrong, sa school ground nya kami dinala. Inutusan niya kami na tulungan sya magbuhat ng mga mesa." tingnan ni Daniela si Jake tinanguan ito, na ang ibig sabihin ay ito naman magkwento.

"Sa umpisa we're clueless sa gusto nitong mangyari nang mailagay namin iyong mga mesa. Then lumapit sya samin asking kung marunong kami na mag play ng kahit anong musical instrument. I said yes. I knew how to play a piano, Clent is guitar while Daniela is drum. She said good. Pagkatapos may tinawagan siya. Then after a minutes nagulat nalang kami na dumating si Brent Santillian at ang gang nito na may mga dala-dalang musical instrument. Iyong mesa na inayos namin kanina ginawa nilang stage. Nang makapag set up na humarap samin si Angela. At sinabing...

"So mga Nerds may tanong ako, are you willing to play with me up here or ipagpapatuloy nyo nalang ang pag-iyak nyo up there?" itinuro nito ang stage then ang second floor kung saan nanduon ang room na kaninang iniyakan nila.

"Hindi kagad kami makasagot pero nung umakyat sya sa stage at muli kaming tanungin."
"Kusa kaming kumilos at umakyat." tinanguan ni Jake si Clent. Kaya ito naman ang nagkwento.

"Iyon ang first time namin na tutogtog ng live sa harap ng maraming tao, samantalang iyong project namin na nasira sa bahay ko lang namin ginawa. Kinakabahan kami nung una but she smiled to us at sinabing...

"Show me what you got Nerds and get ready to kick some ass."

"Hanggang sa nagsimula na sya and when she sing..she's so energetic and so p-pretty."Namula si Clent sa huling sinabi na agad yumuko ng mapansin na tumalim ang tingin sa kanya ni Dylan.

"H-hanggang sa nawala iyong kaba namin at nagsimula na kaming mag-enjoy. Dumami na ng dumami ang nanonood na dapat ikakaba namin ngunit imbes na iyon ang maramdaman namin lalo pa kaming ginanahan."

"Angela said na sya ang worst nightmare namin but i think she's our guardian Angel dahil kung di dahil sa kanya di naman magagawa ito." itinaas ni Daniela ang CD na hawak.

"At hindi rin kami mag-eenjoy tulad kanina."

Silent... Wala kaagad umimik pagkatapos magsalita ni Daniela.

"Ahmmmm...we're willing to take the punishment too. We know we broke a rule." si Jake.

"Gela said she'll take all the blame, I think hindi matutuwa iyon kung gagawin nyo yan, if you want her to be your friend, you all better pass that project bago magalit iyon dahil sinayang nyo ang pinaghirapan niya."

Napatingin naman si Dylan sa sinabing iyon ni Gelo sigurado na siya na magkakilala nga ang dalawa, sa paraaan kasi ng pagsasalita nito tila ba kilalang kilala nito ang babae. Nang mapansin nito na nakatingin siya ay tumikhim ito at siniko si Quincy.

"Diba Quin..."

"Ha...ah eh oo nga."

=_= ganyan ang mukha niya. Nang umoo pa si Quincy kahit hindi nito alam ang tinutukoy Gelo.

"Oh my God 5:30 na diba 6:00 ang deadline." si Quincy.

Nag-aalala naman na tinignan ng tatlo ang oras. Pagkatapos ay tumingin sa kanila ng may pakiusap.

Tumikhim naman si Dylan at tinignan si Mrs. Calubat.

"Ma'am do you mind kung mauna na sila I promised na mananagot ang dapat managot."

Tumango-tango naman si Mrs. Calubat.

"Aasahan ko yan. Kayong tatlo ayaw ko na sanang maulit ito.

Sabay-sabay naman silang tumango.

"You may leave."

Katakot-takot na salamat ang sinabi ng mga ito bago nagmamadaling umalis.

"Mr. Santiago, I want you to keep an eye to Ms. Fuentebella gusto ko na bantayan mo sya maliwanag ba?"

"Maam I am willing to do that too." singit ni Brena.

"That so kind of you. Alam ko na maasahan ko kayo." Sabi ni Mrs Calubat sa kanila.

After that, habang naglalakakad hindi maiwasan ni Dylan na isipin si Angela. Amg asul na mga mata nito na paulit-ulit na lumilitaw sa kanyang isip.

"*Angela Fuentebella...who are you?"*

At dahil sa malalim ang iniisip niya. Hindi niya nakita ang pagtalim ng tingin ni Brena na nahulaan na si Angela ang kanyang iniisip.

In her mind, kailangan niyang mapatalsik si Angela bago pa man nito maagaw si Dylan.

******

H/n

Thanks

Helliza Sabida

101017gsj 22:30

6. Shot ??

Hindi na pumasok si Angela sa mga huli nyang subject nagtext nalang siya kay Maelyn.

Napapangiti siya dahil alam niya hinahanap na siya ni Dylan sa buong campus.

Malamang nakakunot na ang noo nito at inis na inis. Hindi pa nga niya nakukuha I.D niya mula rito. As if naman na mapipigilan sya non sa pagpasok.

Nothing can stop her now... ngayon pa na nakita niya na ang binata. Hindi na nya hahayaan na mawala ito sa paningin nya.

Mas binilisan pa niya ang pagpapatakbo sa motor.

Nilibot niya ang San Nicholas gamit iyon. Nagdrive lang siya hanggang sa abutan na sya ng dilim.

Now tinatahak niya na ang lugar papunta sa kanya mga kaibigan.

Nakaliko na siya sa Valley 2, iyong lugar na malapit sa gubat at kakaunti ang mga sasakyan na dumadaan. Nang bigla siya sabayan ng itim na Innova. Hindi pa man alam niya na kung ano ang ibig sabihin noon.

"Shit hanggang dito ba naman!"

Kinabig niya ang manibela palayo sa sasakyan, kasabay ng pagbukas ng bintana at paglabas ng baril ng mga sakay niyon.

Nagpreno siya at nauna ang innova dahilan para di sya tamaan ng bala.

They are wearing a mask, as she expected.

Sa London palang pinagtatangkaan na ng mga ito ang buhay niya.

Muli siya tinutukan ng baril ng mga ito.

Sabay-sabay pa nagpaputok ang tatlong ugok.

Nagpalipat-lipat siya. Mula sa kanan then sa kaliwa, pagkatapos ay sa kaliwa papunta kanan, para maiwasan ang mga bala.

"Bwisit! Para paring palos ang babae yan!" Gunman 1

"Gago! Puntiryahin mong mabuti malilintikan na tayo kay boss. Tatlong buwan na nati tina-trabaho yan babaeng yan. Hindi parin natin mapatay-patay." Gunman 2

"Tigilan nyo na ang kwentuhan barilin nyo na lang!"' Gunman 3

Muling nagpaputok ang tatlo na naiwasan naman ni Angela.

Then sumilay ang isang nakakalokong ngiti sa mga labi nya at sa labis na gulat ng tatlo ay naglabas din sya ng baril.

Hindi siya tanga para di magdala ng proteksyon. Kung noon hinahayaan nya lang ang mga ito, iba ngayon.

Ibang-iba ngayon.

Nagpaputok siya at pinatamaan ang kaliwa unahan gulong ng innova.

Nagpagewang-gewang ang sasakyan. Ang sunod naman na pinatamaan niya ay ang gulong sa may likuran.

Tuluyan ng nawalan ng kontrol ang driver, napunta sa gilid ang sasakyan, hanggang sa bumangga sa isang puno.

Isang nang-aasar na tawa ang binigay niya sa mga ito.

Ngunit bago pa sya makalayo nagpaputok pa si Gunman 3. The next thing she felt is a searing pain in her left arm.

"Damn!" huli na para makuha niya ang balanse. Nawalan narin siya ng control.

Sa may puno ng mangga na nasa bukana ng gubat sya bumangga.

She was flying...

Ipinikit nya ang mga mata, hinanda ang sarili sa sakit na mararamdaman, after the pain everything went black...

*****

After one week...

Iilan nalang ang estudyante sa School Ground at lahat ay napapatingin kay Angela na naglalakad.

Ten minutes ago pa ng tumunog ang bell at hindi man lang sya nag- abala na magmadali.

Its been one week ng pagtangkaan ang buhay niya at ngayon lang siya pumasok.

Patuloy ang pagtingin sa kanya ng iilang estudyante.

"Anong nangyari sa kanya?"

"Bakit puro galos sya?"

"Hmp malamang napaaway yan. Dapat di na pumasok, tiyak na iinit na naman ang ulo ni Reina nyan."

Ilan lang yan sa mga naririnig niya na hindi nya pinagkaabalahan na pansinin.

Pinagpatuloy nya lang ang paglalakad, taas ang noo and oblivious in her surrounding.

Sa hallway wala ng mga estudyante.

Fifteen minutes na syang late sa klase ni Ms. De Guzman. At nang makarating na sya sa harap ng pinto, walang katok-katok na binuksan nya iyon.

Lahat ng mga mata napatingin sa kanya, kabilang si Dylan na bahagyang nagulat lalo na ng makita ang itsura niya.

Si Maelyn na kanina pa masakit ang ulo dahil sa pagsagot sa exam ay kabilang sa nanlaki ang mga mata.

"G-gela." bulong nya pa.

Isang linggo na di nagpakita sa University si Angela akala niya nga hindi na ito papasok. Ilan beses din na nagtanong si Dylan sa kanya, habang si Reina kapag hindi kaharap ang binata ay sinasabi sa lahat na tinuruan niya ng leksyon ang dalaga, pinabugbog at sa takot na daw nito ay ayaw ng pumasok.

Hindi sya naniniwala, kahit maikling oras palang nya na nakilala si Angela, alam nya na hindi ito ang tipo na matatakot na lang basta-basta. Nadagdagan nga ang respeto nya rito ng tulungan nito sina Daniella na kaibigan din nya, yeah... friend nya ang mga ito obvious naman kung bakit hindi ba.

Kaya hindi na sya nagulat na pumasok na ulit ang dalaga ang talaga kinagulat nya ay ang itsura nito.

May mga galos ito sa pisngi, noo at baba. May pasa sa kaliwang cheekbone at may benda sa kanang braso.

Medyo haggard din ang itsura nito at maputla na para bang kulang sa tulog at pahinga.

Para tuloy gusto na nya maniwala na pinabugbog nga ito ni Reina.

Ngunit nabura rin sa isip nya ang isiping iyon. Nang magkatinginan kasi ang mga ito ay nginisihan nito si Reina iyong ngiti na walang takot, bagkus ay nang-aasar pa nga.

At nang kay Dylan naman sya mapatingin. Nangunot ang noo niya dahil nakita nya ang pagsasalubong ng kilay ng binata, ang pagkuyom ng mga kamao nito habang pinagmamasdan ang itsura ni Angela. Tila ba galit na galit ito sa nangyari sa kaibigan nya.

Napapaisip tuloy sya sa reaksyon na iyon ni Dylan.

"Well...well Ms. Fuentebella buti naman naisapan mong pumasok na." Sabi ni Ms. De Guzman using her terror voice na kapag naririnig niya ay nagpapakaba at nagpapanginig talaga sa kanya.

Obvious na hindi ganon ang epekto kay Angela.Bakas ang boredom sa mukha na tinignan lang nito amg guro nila.

"And you are fifteen minutes late."

"Tss... Obvious naman, hindi ko naman sinabi na fifteen minutes early ako Ma'am."

Kahit kinakabahan di niya napigilan na lihim na matawa sa sagot na iyon Angela.

Namula at lalong nagsalubong ang kilay ni Ms. De Guzman.

"Hindi ka pumasok ng isang linggo at ngayon na naisipan mong pumasok may gana ka pang sumagot.

You know what? I can drop you in my subject o kaya ibabagsak kita. Kayang-kaya ko gawin iyon kung gugustuhin ko."

Di man lang nabagabag si Angela sa sinabi ni Ms. De Guzman. She just shrugged her shoulder and said...

"Fine drop me, but Ma'am sana mai-refund nyo ang binayad ko sa school na'to. Sabay tayo pumunta sa admin then I'll tell them na I want to leave this university because of the professor who want to drop me out, dahil lang sa di ako nakapasok ng one week, even though I have a valid reason for that." She said while smirking. "Sasabihin ko na kukunin ko na ang binayad ko for the whole two years."

Nanlaki ang mga mata niya at ng ilan pang estudyante sa narinig.

Binayaran na nito ang whole two years? Ibig sabihin hanggang sa graduation na. Samantalang sya itong semester lang ang bayad.

Malamang magagalit kay Ms. De Guzman ang management ng school kapag binawi ni Angela ang bayad nito.

Mukhang gets naman ni Ms. De Guzman ang sinabi ni Angela, hindi agad ito nakasagot tumalim lang ang tingin sa dalaga. Then...

"Maupo ka na Fuentebella kung di mo alam may exam kayo, you can take your exam. Wala akong pakialam kung one week kang absent, I don't care kung di mo natutunan ang lesson ko for the past days. I won't give you any special lesson, project or exam dahil kapag bumagsak ka sa exam na ito, bagsak ka na sa subject ko!"

Nagkaroon ng bulungan sa loob ng room.

"That's so unfair." Gusto niyang sabihin, di ba pumasok na si Angela sa kalagitnaan ng sem, tapos ngayon absent pa ito ng one week imposibleng may masagot ito sa exam.

"Quiet." saway ni Ms. De Guzman sa mga nagbubulungan.

"You only have one hour to finish your exam, if I were you sisimulan ko na Ms. Fuentebella." sabay abot kay Angela ng test paper.

"Thank you." Angela said with matching tilting her head na ikinainis naman lalo ng professor.

Naglakad na paupo si Angela ngunit nakakailang hakbang palang ito ng muling magsalita si Ms. De Guzman.

"Kailangan din nakasulat ang formula at solution sa test paper dahil kahit tama pa ang sagot mo kapag wala iyon I considered it wrong."

Hindi naman ito nilingon ni Angela, sumagot lang ito ng okay pagkatapos ay nagpatuloy na sa pag-upo.

"Hi." bati nito sa kanya habang umuupo.

Nginitian naman nya ito.

"Go back answering now."

Nag-aalala na patingin-tingin sya kay Angela habang pinagpapatuloy ang pagsagot.

After thirty minutes, nagsasagot parin sila ng exam at wala parin tumatayo para magpasa ng test paper.

Bawat tingin nya kay Angela ay sumasagot ito pero panay naman ng hikab, bakas ang pagka-inip sa mukha.

Hindi lang din sya ang patingin- tingin dito sa gilid ng mga mata niya nakikita niya si Dylan na patingin-tingin din sa dalaga. Iyon nga lang blanko ang mukha ng binata kaya hindi niya mabasa ang iniisip nito.

Nakikita din nya si Brena na tumitingin ng palihim sa katabi nya, tulad ni Dylan wala ding expression ang mukha nito.

Tanging si Reina lang ang tumitingin kay Angela na may kasamang pag-irap na sa tuwing nahuhuli naman ni Angela ay ginagantihan nito ng ngisi.

Naisip tuloy nya kung aware din ba ito sa sulyap nina Dylan at Brena? Kay Reina lang kasi ito nagpapakita ng reaksyon.

Ten minutes pa ang lumipas muling napaangat ng tingin ng lahat ng tumayo si Angela.

"Tapos ka na?" gulat na tanong nya.

Walang emosyon tango lang ang sagot nito sa kanya.

Lumapit ito kay Ms. De Guzman na nagulat din habang inaabot ang test paper ni Angela.

Hindi na talaga siya makapaniwala huling nagtest si Angela, ngunit ito pa ang naunang matapos. Plus the fact na absent ito ng one week.

"Hmp...malamang na hinulaan niya lang ang sagot." si Reina na sadyang ipinarinig kay Ms. De Guzman at kay Angela ang sinabi, na sinagot lang ni Angela ng ngisi naupo ulit ito, sumandal sa upuan at sa kauna-unahang pagkakataon ay tinignan nito si Dylan.

Her blue eyes is cold, her face is emotionless.

Si Ms. De Guzman naman wala sa oras na nagcheck ng test paper.

(=_=)...o_O...(o_o)...(O_O)

Lahat sila ay nakatingin kay Ms. De Guzman kaya kitang-kita nila ang pabago-bagong expression ng mukha ng kanilang professor.

Mula sa poker face then pagkagulat hanggang sa hindi makapaniwala na reaksyon.

Tumingin ito kay Angela na nakatingin parin kay Dylan pagkatapos ay nilipat ulit ang tingin sa test paper.

Hindi makapaniwala si Ms. De Guzman habang nag c-check ng test paper ni Angela.

Kumpleto ang sagot nito pati formula at solution at kahit ano pag check ang gawin niya ang mga sagot

ni Angela Fuentebella ay...

...tama...lahat.

"P-perfect." ang wala sa loob na sabi niya na narinig ng lahat.

"Perfect...i-ibig sabihin tama lahat ng sagot nya?' Hindi rin makapaniwala ulit ni Brena.

******

Mula sa pakikipagtitigan kay Dylan, binalingan ni Angela ang mga klasmeyt nya na nakangangang nakatingin sa kanya.

"Malapit ng mag time hindi kayo matatapos sa pagsagot kung titigan nyo lang ako." malamig na sabi nya.

Tila naman nagising sa pagkakatulog ang mga ito at bumalik sa pagsasagot.

Hindi nya na ulit tinignan si Dylan, hindi rin sya lumabas kahit tapos na syang mag-exam.

Ipinatong nya ang ulo sa mesa paharap kay Maelyn na tipid na ngumiti sa kanya na ginantihan nya rin ng matipid na ngiti.

Ramdam pa rin nya ang titig ni Dylan sa kanya. Hindi na nya ito nilingon, baka hindi sya makapagpigil, lumapit sya rito at yumakap ng mahigpit.

Five days sya sa ospital pero ang pakiramdam nya pagod na pagod sya at tila sa isang gera galing. Nang gabi nabaril sya at tumilapon sa motor nya, sa damuhan sya bumagsak, ilang minuto sya nawalan ng malay at nang muli sya magmulat ng mga mata ay nakahiga pa din sya sa damuhan.

Kahit masakit ang katawan pinilit nyang kunin sa bulsa ang cellphone at tinawagan ang mga kaibigan nya.

Fifteen minutes sya naghintay, tinitiis ang sakit na nararamdaman and when they arrived hinayaan nya muli na lamunin ng kadiliman ang diwa nya. At ngayon nga heto sya pumasok na sa kabila ng pagtutol ng mga kaibigan nya, because ...

...kailangan nya ito makita...

...kailangan nya ito mayakap...

...kailangan nya si Dylan...

Ngunit ang tangi pwede nya lang gawin ay tignan ito at dapat na makuntento na muna sya sa ganon...for now.

Ang makita ang mukha nito ay sapat na para maging mabuti ang pakiramdam niya.

*****

"G-GELA..." kasabay ng pagtawag sa pangalan niya ay ang marahang pagtapik sa kanya balikat.

Imbes na sumagot, mariin niya pa ipinikit ang mga mata.

"A-angela." ulit ni Maelyn sa pagtawag at pagtapik sa kanya.

"Back off Maelyn." Mahinang saway nya.

Alam nya ginigising sya nito dahil tapos na ang klase ni Ms. De Guzman. But she want to sleep, bakit hindi nalang ito umalis at hayaan sya na matulog muna rito.

Sa limang araw nya sa hospital hindi sya nakatulog ng ayos.

Ayaw na ayaw nya sa lugar na iyon lalo na ang magpalipas ng gabi duon, hindi sya komportable at may naaalala sya pangyayari na hangga't maaari ay ayaw nya maalala. Kaya naman heto sya mukhang adik na kulang sa tulog.

Muli sya nakaramdam ng pagtapik, na ngayon ay tumama sa balikat nya na nabugbog nang tumilapon sya.

"Ouch!" Napaalis sya sa pagkakaub-ob sa mesa at hinarap si Maelyn.

"Ano bang-" Nahinto sya sa pagsasalita at nanlaki ang mga mata nang makita hindi si Maelyn ang tumapik sa kanya kundi si Dylan.

Ang kinagulat niya, malapit na malapit ang mukha nito sa kanya mukha.

Ilang segundo na nagkatitigan sila, hanggang sa tawagin nya ito sa pangalang...

"Ylan." bulong iyon, pero alam nya narinig iyon ng binata dahil kumunot ang noo nito.

Nagulat sya ng bigla nito ililis ang manggas ng suot nya itim na t-shirt .

"How in the world did you get that!" Gulat na sabi nito habang nakatingin sa malaking pasa niya sa kaliwang balikat.

Si Maelyn naman ay napasinghap ng mapagmasdan din ang parteng iyon ng katawan nya.

Pinalis niya ang kamay ng binata at inayos ang damit nya.

"None of your business." She said bago binalingan si Maelyn.

"Lets go." dinampot nya ang backpack nya at aktong isusuot ng agawin iyon ni Dylan.

"Mauna kana Maelyn, mag-uusap lang kami." sabi nito.

"H-ha? Sige...o-oo." saka mabilis na nagpaalam ito sa kanya bago lumabas ng room.

Silang tatlo na lang pala ang nasa loob.

"Come." Bago pa sya ulit makapagprotesta hinawakan na sya nito sa kamay at hinila palabas, bitbit parin nito ang bag nya.

"Dylan?"

Napangisi sya ng makasalubong nila si Brena at Reina, nakita nya ang gulat at pagtataka sa mukha ng dalawa.

"Bakit mo hinihila si Dylan?" si Reina na matalim ang tingin sa kanya.

"*Duh bobo pala talaga to. Hinihila ko daw."*

"Bobo ka teh... O sadyang bulag lang mukha bang ako ang nanghihila?" Asar nya.

"Dylan, bakit kasama mo siya?" Malumanay ang pagkakasabi ni Brena. Ngunit nahimigan naman nya ang inis sa boses nito.

"I'm sorry may pag-uusapan lang kami ni Angela."

Tumaas ang isang kilay nya sa sinabi ng binata, nawala ang expression sa mukha niya kasabay ng kirot sa dibdib. Tila boyfriend na nag-e-explain si Dylan kay Brena.

"You know what Brena kunin mo na sya at may klase pa ko." She said coldly, sabay hila sa kamay na hawak ng binata. Dylan tighten his grip kaya naman di sya nakawala dito.

"Mauna kana sa room mo. I'm sorry Brena kung di kita maihahatid ngayon."

She smiled sweetly at him. "Its okay sabay naman tayo magl-lunch diba?"

Ngumiti din ang binata.

"Of course." Sagot ni Dylan. Pagkatapos ay nagpaalam na ito sa dalawa at muli syang hinila.

Kahit di sya lumingon alam nyang hinahabol sya ng matatalim na tingin ng dalawang babae.

*****

SA SG office sya dinala ng binata.

Hindi na sya nag-abalang umupo. Hinintay nya na lang ang kung ano man ang sasabihin nito.

Lumipas ang limang minuto wala ito sinasabi.

Tinititigan lang sya. From her face up to her bandage arm.

Blanko ang expresyon ng mukha nito, tulad ng sa kanya.

Another five minutes pa ang lumipas, nang hindi parin ito kumibo sya na ang nagsalita.

"Kung titititigan mo lang ako at magtitigan lang tayo dito mabuti pang mauna na ako sayo." She said.

Hinablot nya rito ang bag nya at naglakad papapuntang pinto...

Ngunit bago pa sya makarating ng doon. Dylan's strong arms snaked into her waist.

And the next thing she knew.
Nakasubsob na ang mukha nito sa leeg nya, inhaling her scent...

****

H/n

Salamat po sa reads.

10162017uiv 18:38

~???

7. Medicine ?

ANGELA just stand like a statue for a moment.

Hindi sya makapaniwala na yakap sya ngayon ni Dylan.

Kakaibang kuryente ang nararamdaman niya habang nakayakap dito.

She felt warmth... ng lalo pang isiksik ni Dylan ang mukha sa leeg nya.
Hindi nya maiwasan na umasa... Umasa na ang lahat ay ayos na

But then he asked. "Who are you?"
Nanigas yata sya sa tanong nito.

Naitulak nya ang binata, na hindi naman sya binitawan bagamat lumayo mula sa pagkakasubsob sa leeg nya.

"Anong nangyayari sayo?"

Matiim sya nitong tinignan bago inulit ang tanong. "Who are you?"

Matabang syang tumawa.

"Lakas ng tama mo Pre. Kung yan lang ang dahilan kung bakit mo ako kinaladkad dito aalis na ko, tsss...sinasayang mo lang oras ko."

Pinilit nyang kumawala mula sa pagkakahapit nito. But his arms is remained where it was. In her waist.

"Sino ka sa buhay ko?"

Dumaan ang kirot sa asul na mga mata niya sa tanong na iyon Dylan.

Gusto nyang isigaw rito ang sagot, gusto nyang yumakap dito ng mahigpit at sabihin dito kung ano sya sa buhay nito.

Pero hindi niya magawa…hindi niya pwede gawin. Instead her eyes became cold again, sabay sabi na, "Bangag ka nga. Pero sasagutin ko ang tanong mo. I'am nothing to you. Tsss wala lang ako sa buhay mo... for now."

Tinitigan nya ito ng deretso.

"Kung wala ka ng kailangan pwede bang bitawan mo na ako."

Hindi parin ito bumitaw.

"What happened to you?" he asked instead.

"Ano ba to Q&A portion? Pwede ba Santiago. Kung wala kang matinong itatanong o sasabihin aalis na ko." Sa pagkakataong iyon nagawa nyang makawala sa mga braso nito.

Tumungo sya sa pinto.

"Answer me damn it!" Sigaw nito na mabilis na nakalapit sa kanya at muli sya hinawakan.

"Sumemplang ako sa motor!" Pasigaw din na sagot nya. "Ano okay na ba? Pwede na ba akong lumabas?"

Nanlaki ang mga mata ni Dylan sa sinabi nya. "Sumemplang ka!" pinagmasdan nito ang katawan nya. "Sa parking lot nang first day mo muntik mo na kaming mabangga. Ngayon Sumemplang kana!" nabigla sya sa sunod na sinabi nito. "You're not going to ride that motorcycle again Angela!"

"Whoa, what? Did I heared you right? Wait nga Dylan. Who do you think you are para pag bawalan ako? Sino kaba ha?"

"Just do what I said."

Inis na hinablot nya palayo ang braso na hawak nito. Then she smirked. "Ama ko nga hindi ko sinusunod. Ikaw pa na di ko kaano-ano."

Muli sya nito hinapit.

"Susundin mo ko or else-"

"Or else what? You're acting like my freaking boyfriend. Sabihin mo nga may gusto ka ba sakin Dylan?

Bigla sya nitong binitawan. Tila ba isang latigo ang tanong nya na humampas dito.

"In your dreams. You're not my type."

"Ouch." Kahit na nakaramdam sya ng pagkirot sa dibdib, hindi parin nya tinanggal ang pagkakangisi.

"Yeah right." Malamig nya pagsang-ayon.

Nangunot ang noo ni Dylan ng mabasa ang kalungkutan sa mga mata niya. Kalungkutan na dagli ring nawala.

Nang umakto ulit sya lalabas, muli pumigil ang kamay nito sa braso nya.

"Ano na naman?" Inis na sabi niya.

"Nasaan ang reseta mo?"

"Ha?" nalito naman siya. "Hoy ano bang ginagawa mo?" Gulat na tanong nya.

Kinuha kasi ng binata ang bag nya at hinalungkat iyon.

Inilibas nito ang reseta sa kanya ng doctor at binasa. Pati mga gamot niya na wala syang balak na ipagpatuloy na inumin ay nilabas nito.

Nang tila makuntento ibinalik nito ang bag sa kanya.

"Akina cellphone mo."

Napa 'ha' na naman sya.

Umiling ito bago sya muling hinapit at kinuha ang cellphone nya na nakalagay kanya bulsa. Nagpipindot ito roon bago ibinalik sa kanya.

"Don’t you dare ride that thing again." May tono ng pagbabanta ang tinig nito. Hinaplos nito ang mga gasgas sa mukha nya. Hindi niya alam kung pang-ilan na pero muli sya nagulat sa sunod na ginawa nito.

Isang mabilis na halik ang ginawad nito sa noo nya, bago ito mabilis na lumabas.

Naiwan syang nakatayo. Una nakatulala hanggang sa lumungkot ang expression ng kanyang mukha habang nakatingin sa pinto na nilabasan nito.

*****

Nalilito si Dylan.

Hindi niya alam kung bakit ganon ang inasal at ginawa niya sa harap ni Angela.

Buong linggo syang nag-alala sa babae, sa hindi niya malaman na dahilan.

Weird pero iyon ang totoo. Hinanap niya at tinanong niya pa ito kay Janice na wala rin naman maisagot.

Nakaramdam pa sya ng inis ng tila walang pakialam ito at ang magulang ng mga ito sa pagkawala ng dalaga.

"Baka bumalik na ng London. Maganda wala na kaming sakit ng ulo." Sagot ng madrasta nito. Ganon na lang ang pagpipigil na sagutin ng pabalang ang nakakatanda babae.

Isa pa sa nagpadagdag ng kanya inis ay si Gelo. Pakiramdam niya may alam ito at may itinatago tungkol kay Angela.

And when he saw her again all bruised at may bandage pa sa braso. Parang gusto nyang manuntok. Nagagalit sya sa kung sino man ang nanakit sa babae.

Gusto nya itong lapitan ng mga oras na iyon tanungin kung sino ang nanakit dito. Sinisigaw ng buong sistema nya na hanapin ang may gawa niyon at parusahangamit ang mga kamay nya. But may isang bagay sya na gustong masigurado, iyon ay kung okay ito, pati narin ang mayakap ito.

Kaya naman ng dalhin nya ito sa SG Office iyon na ang ginawa nya.

Nang malanghap nya ang natural na amoy nito, may naramdaman sya kakaiba.

Alam nya, may parte si Angela sa buhay nya na hindi nya maalala.

Yes. May amnesia sya. Nagka-amnesia dahil sa nangyari aksidente noon.

Hindi siya nag-abala na pilitin ang sarili na alalahanin ang mga alaalang nakalimutan...lalo pa at nagbibigay lang iyon ng sakit. Dahil sa tuwing pilit nya inaalala ang mga nakalimutan, paulit-ulit naman na bumabalik sa isip niya ang pagkamatay ng kanya ina.

Hindi nya na pilit inaalala, but not until now. Gusto nyang alamin kung anong koneksyon sa kanya ni Angela. Kung bakit ganon nalang ang pag-aalala nya rito.

Tulad ngayon nagpadala sya ng text message sa dalaga na hindi naman nya dapat ginagawa.

Drink your meds. He texted.

May pakiramdam kasi sya na hindi ito umiinom ng gamot.

Lunch break ng mga oras na iyon nakaupo sya sa usual table nila kasama si Brena at ang mga SG members. A few table from them nakaupo si Angela kasama si Maelyn.

Nakita nya na binasa ng dalaga ang text. Kitang-kita niya ang pagkunot noo nito, ngunit di nag-abala na sumunod sa kanya.

"Napaka-tigas ng ulo."

He texted her again.

"Drink your medicine now!"

Tumingin ulit ito sa cp nito. Pagkabasa ay nag-angat ito ng tingin. Tinaasan sya nito ng kilay, bago bumalik sa pagkain.

Nagsalubong ang kilay nya dahil duon.

"Dylan are you okay?" si Brena na kanina pa napapansin na panay ang tingin ng binata sa table ni Angela, pagkatapos ay magt-text.

Hindi gusto ni Brena na naaagaw na talaga ni Angela ang pansin ng binata.

Kumuha sya ng pagkain at inilapit sa bibig nito.

"Eat." she smiled sweetly.

Tinanggap naman ni Dylan iyon. Hindi nya pa boyfriend si Dylan, hindi rin ito nanliligaw pero para sa kanya may understanding na sila. M.U kumbaga.

At wala syang balak na maagaw ito ng kahit na sino.

"Sa tingin mo pwede ng gawin ni Angela ang punishment nya?" she asked.

Natigilan ito at tinignan nito si Angela saka hindi umimik.

"I know she's hurt but her punishment is long overdue baka masita tayo." sinadya niya na palambingin ang boses para di mahalata ni Dylan na atat na atat sya na maparusahan ang babaeng iyon.

"Duh...knowing my stepsister alam kong sinadya nya yan para di maparusahan." sabat ni Janice.

Bumuntung hininga si Dylan.

"Kakausapin ko sya"

"No diba may meeting ka pa kay Mrs. Calubat, ako na ang bahalang kumausap kay Angela." she said mas mabuti nang sya ang kumausap rito. Kesa sa ito.

Hindi na umimik si Dylan tumango lang. Bago muling nagtext.

*****

"I said drink your medicine!"

Iyon ulit ang text ni Dylan kay Angela.

Mula sa pagkain ng fries ay kumunot ang noo niya.

"Ano ba ang problema nitong lalaking ito?"

Ngayon alam nya na kung bakit kinuha at binasa ng binata ang reseta nya. Ito pala ang dahilan.

As if susunod sya, she really hate medicine hangga't maiiwasan di sya umiinom nun.
Maisip nya palang ang pait ng gamot na nanayo na ang balahibo nya.

Noong nasa ospital sya sa dextrose pinapadaan ang gamot. She really hate it.

Umub-ob sya sa mesa.

Inaantok parin sya.

"Okay ka lang Gela?" nag-aalalang tanong ni Maelyn.

"Yeah inaantok lang ako." Sagot nya.

"Bakit ba ang tigas ng ulo mo?" hindi si Maelyn ang nagsalita kundi si Dylan na umupo sa bakanteng upuan na nasa tabi nya.

Hindi nya ito pinansin.

"Drink your medicine Angela."

"I don't want to." she said.

"Angel..."

Bigla syang na tense nang marinig nya ang tinawag nito sa kanya.

Angel...

Nangilid ang luha sa asul nyang mga mata.

Its been so long...

...so long...to hear that nickname from his lips.

Mariin nyang ipinikit ang mga mata at kinagat ang mga labi upang pigilan ang pagtulo ng luha.

Huminga sya ng malalim bago umayos ng pagkakaupo.

Wala nang mabasang kahit anong emosyon sa asul nyang mga mata.

"I said i don't want to."

Bumuntung hininga ito kinuha ulit ang bag nya. Inilabas ang mga gamot na dapat nyang inumin.

Nagtayuan na naman ang balahibo nya nang makita kung gaano kalalaki ang mga capsule at tableta iyon.

Itinapat ni Dylan iyon sa kanya kasama ng tubig.

Tigas ng iling nya.

"Angel please..."

She pouted. Ano yon dadaanin sya nito sa pagtawag ng ganon.

"I don't like medicine mapait."

"Okay drink it then i'll buy you an ice cream afterwards."

(*^*) sya

"Talaga. Ube flavor." excited na request nya pa na kinatawa ng binata. Tawa na nagpabilis ng tibok ng puso nya.

"Yes if you want ube ice cream then ibibili kita, just drink your medicine na."

Bigla syang sumeryoso.

"No. Inuuto mo lang ako. Mabuti pa Dylan balikan mo na si Brena bago pa ko matumba sa talim ng titig nya."

Tumingin naman ang binata sa table ng mga ito.

She smirked ng mabilis na nagbago ang ekspresyon ni Brena.

Narinig nyang bumuntung- hininga si Dylan bago tumayo't umalis.

Napangiti sya ng mapait.

"Ahmmm Gela...A-anong meron sa inyo ni Dylan?" tanong ni Maelyn.

Walang emosyon na tinignan niya ito at nagkibit balikat bago umub-ob ulit sa mesa.

After five minutes may umupo na naman sa tabi nya, and base sa amoy nito si Dylan ulit iyon.

Patamad na umayos sya ng upo.

Aktong sisinghalan nya ang binata ng makita nya ang nilapag nito sa mesa.

Ice Cream, Ube Flavor (*^*)...her favorite.

Aktong hahablutin nya ang ice cream ng ilayo ito ni Dylan.

"Hey Santiago wag kang madamot...share your blessing." maktol nya.

"No. Drink your medicine then ibibigay ko ito sayo."

Napatingin sya sa mga gamot...then sa ice cream. Palipat lipat,hanggang sa nginisihan nya ang binata.

"Fine sayo na ice cream mo, bibili ako ng sa akin." she said as she stand up.

Hinawakan naman ni Dylan ang braso nya.

And she felt it again...the spark.

"Sorry to disappoint you Angel huling ube flavor na ito."

"Eh di lalabas-."

"Hindi kita papayagan na lumabas."

Natigilan sya at napatingin ulit sa gamot at sa ice cream.

Then pagalit nyang hinablot ang mga gamot.

Matitiis nya lahat pero hindi ang ube ice cream na natutunaw.

"Fine. Siguraduhin mo ibibigay mo sakin yan Dylan."

Pikit mata nyang sinubo ang ang tatlong tablet. Wala syang balak na isa isahin pa ang pagsubo.

Ramdam nya ang pait at automatic na nagtayuan mga balahibo nya.

Naramdaman nyang may nag-abot sa kanya ng tubig, kinuha nya iyon at derederetso na uminom.

Whaaaaa...ang pait.!

Parang nalukot ang mukha nya naiwan pa pati lasa sa lalamunan nya. Di nya tuloy maiwasan na mangilid ang luha sa mga mata.

Napansin naman iyon ng binata.

"Hey Angel, here's your ice cream."

Natawa pa ito ng sumubo sya kaagad.

Hindi nya na ito pinansin, pati si Maelyn at ang ilang mga estudyante na nakatunganga sa kanila.

"Aalis na ako. " paalam ni Dylan.

Hindi niya ito tinignan she just waved her a hand, na hindi naman nagustuhan ng binata.

Napapitlag sya ng hawakan nito ang baba nya at hinarap ang mukha nya rito.

(-////////-)

She felt herself blush when he gently wiped an ice cream drip na nagkalat sa ilalim ng lower lip nya.

"Messy eater." he said. "Take care." then he kissed her forehead. Bago tuluyang lumayo at lumabas ng cafeteria.

Dub lub dub dub lub...

Naiwan syang abnormal ang tibok ng puso na walang ibang nakakagawa kundi ang binata lang.

*****
H/N
Thanks for reading...kung napapansin nyo may maling spelling or grammar xenxia na po sa cp lang po ako gumagawa. Medyo mabagal din UD. Dahil every morning lang ako nagsusulat habang nasa bus papuntang vito Cruz kung saan ako nag w-work.

Di na makapag type sa hapon Lugaw na po utak ko non...XD

Anyway pa support naman po para sipagin magpatuloy ...thanks

~¤???

8. Confusion?

Naglalakad si Angela papunta sa susunod na klase nya. Pinauna na nya si Maelyn dahil may dinaanan pa sya.

Papaliko na sya sa isang corridor ng biglang may humila sa kanya at pinasok sya sa isang C.R na pambabae.

"Problema nyo?" taas kilay na tanong nya kay Brena at Reina.

Lumabas naman ang tatlong lalaki na kumaladkad sa kanya.

"Akala ko hindi kana papasok." si Reina.

"Bakit did you missed me?"

"Sana dineretso mo na, nasusuka kami sa pagmumukha mo."

She smiled coldly.

"Oh. Masama yan lagi na ako nandito baka maisuka mo na pati laman loob mo."

"Huh kung ako sayo Fuentebella hwag kang masyadong mayabang. Di mo alam kung anong kaya kong gawin."

She looked at her coldly kasabay niyon ang pagngisi nya. Hindi man aminin ni Reina tumaas ng bahagya ang balahibo nito sa ngising iyon.

"Naiinip narin ako rito. Bakit hindi mo na lang gawin ang mga gusto mong gawin sa akin ng sumaya-saya naman." she said.

"Sisiguraduhin ko na magmamakaawa." Banta pa ni Reina.

"Talaga." Sagot nya bago binalingan si Brena.

Wala na ang maamong na mukha nito. Napalitan iyon ng pagkabagsik at pagtataray.

"O ikaw ano ang problema mo?"

"Stay away from Dylan."

"Bakit Boyfriend mo ba.?"

"Oo."

"Hindi halata. Akala ko alalay ka."

Bigla syang hinawakan nito sa braso duon sa mismong nakabenda nyang sugat.

" *Putek masakit! Bigwasan ko kaya itong babae ito."*Naisip nya.

"Stay away from him! Kung ayaw mong masira ang buhay mo, dito sa C.U"

"Lumayo ka nga, ang baho ng hininga mo." pinalis nya ang kamay nito na nagpaatras dito.

"Matagal nang sira ang buhay ko, kahit sa labas ng C.U. Ikaw? Do you want to have a hell life? May time pa ko gusto nyo hatiin ko ang oras ko sa inyong dalawa?""

Tinignan sya nito ng matalim.

"Huwag mo ko hamunin.

She just smirked.

"Tignan natin kung makangisi ka pa ng ganyan pagtapos ko sayo."

"Just bring it on bitch."

Napikon na yata si Reina kinuha nito ang isang timba sa gilid ng lababo na may laman na kalahating tubig at isinaboy sa kanya.

She side step. Kaya ang tubig na para dapat sa kanya ay kay Brena tumama. Bagamat na basa rin sya duon sa parteng may benda.

Then Brena shrieked na nagpatawa sa kanya.

****

"**Then the next thing I knew nabuhusan na ni Angela ng tubig si Brena." Sabi ni Reina with matching punas pa ng invisible tear.**

Angela just rolled her eyes. Natatawa na lang sya sa kasinungalingan na sinasabi ng dalawa.

Nasa SG Office sila.

Gusto nyang matawa ng malakas dahil mas madalas pa yata na nandito sya kesa sa mga classroom nya.

Nasa harap nya si Dylan na nakatiim bagang at magkasalubong ang kilay. Present din si Quincy at Gelo minus her step sister.

"Why did you do that Angela?" Tanong ni Dylan sa kanya

Tumaas ang kanyang kilay.

"*O diba di man lang ako tinanong kung totoo."*

"Tanong mo narin sa kanila baka alam din nila sagot, diba Brena."

Malumanay na ngumiti si Brena na suot padin ang basang damit. Nakayakap ito sa sarili at nanginginig pa.

"It's ok Dy. Kasalanan ko naman kung bakit nya ko binasa pinilit ko kasi na ipagawa sa kanya iyong punishment nya. I'm sorry kung napikon kita."

"*Sinungaling na frog."*She just stare blankly at her.

"You don't have to say sorry Brena. Si Angela ang may kasalanan kaya sya ang dapat magsorry sayo." Ngumiti ito sa babae. Ngiti na kinainggitan nya.

Binalingan sya nito.

"Say sorry to her."

Nakita nyang lihim na nagngitian ang dalawa.

"No."

"Angela -."

Dagdagan mo nalang ang parusa ko."

"Sa tingin mo sa bawat pagkakamaling ginagawa mo rito. Papalampasin na lang!" Tumaas na ang tinig ni Dylan.

"Sinabi ko bang palampasin mo. Sabi ko nga diba dagdagan mo na lang ang parusa ko." she said coldly.

Hinampas ni Dylan ang mesa na ikinapitlag ng lahat maliban sa kanya.

"Fine iyong paglilinis mo ng CR magiging two weeks na. Tutulong karin sa pag d-design ng stage para sa dance contest. And you're going to be a SG Assistant. Meaning pag may inutos kaming mga officer susundin mo."

Hindi sya umimik tinignan nya lang ito. Her blue eyes is cold.

"Is that clear Fuentebella?"

"Fine."

"Pag nalaman ko na hindi mo ginagawa ang mga parusa mo mananagot ka."

She just shrugged her shoulder dahilan para kumirot ang braso nyang may sugat. Bumakas ang sakit sa mga mata nya. Sakit na mabilis nyang naitago.

Hindi naman nakaligtas sa kay Dylan iyon, lumambot ang ekpresyon ng mukha nito at napatingin sa benda nyang basa.

"Nabasa ang sugat mo?"

Hindi sya sumagot.

He sighed. "Go to clinic papalitan mo ng benda yan."

Tinaasan nya ito ng kilay.

"As if you care." she said coldly.

Natigilan si Dylan sa sinabi nya.

Tumayo sya sa pagkakaupo at deretsong tinitigan si Brena.

"Hintayin mo kung paano mabasa ng bonggang bongga." she smiled devily. "Hindi ko gagawin ang parusa na ito ng walang kapalit."

Saka sya derederetso lumabas.

"Magpalit ka na ng damit Brena baka magkasakit ka." Sabi ni Dylan pagkaraan ng isang minuto.

Ngumiti ng matamis si Brena.

"Thanks Dy. Pasensya na kung nasabit ako sa gulo." tumayo na ito.

Isang tipid na ngiti naman ang binigay dito ni Dylan.

Sumama narin sa paglabas si Reina.

"Ahmmm Dylan hindi kaya naging unfair ka kay Angela?"

Napatingin si Dylan kay Quincy.

"Hindi mo na kasi sya tinanong kung totoo o hindi iyong nangyari."

"Walang rason para magsinungaling si Brena."

"Yeah tama. Hindi ko naman sinabi na nagsisinungaling si Brena. Ang sakin lang ni hindi mo na tinanong si Angela kung totoo. You just ask her kaagad kung bakit nya ginawa iyon."

Kumuyom ang kamao ni Dylan. Tama si Quincy, ni hindi nya tinanong si Angela kung totoo ang sinabi nina Brena. It is because kilala nya ang babae alam nyang di ito magsisinungaling.

But he felt bad. Lalo na ng makita nya ang pagrehistro ng sakit sa asul na mga mata ni Angela.

Tumayo naman si Gelo.

"Mauna na ko. But Quincy is right Dy. Anyway dapat mapatignan ang sugat ni Angela nabasa yata baka maimpeksyon." pagkasabi nuon lumabas na ito.

Napakuyom naman ng kamao si Dylan.

Gusto nyang tumayo sundan si Angela at hilahin papunta clinic. But part of him is refusing to do that. Dahil kapag ginawa nya parang kinakampihan nya na ito.

Ughhhhh...ano bang gagawin nya? Bakit ganito na lang ang nararamdam nya sa dalaga? Naguguluhan talaga sya.

~???

******

H/n

Thanks sa read comment and votes.

1132017tvo 6:34

9. Confusion 2 ?

Enjoy reading.....

*****

Pinunasan ni Angela ang pawis sa noo. Dahilan para maramdaman na naman nya ang pagkirot ng sugat nya.

Nasa rest room sya for girls at sinimulan nya na ang paglalampaso. Kay Quincy sya nagsabi na ngayon nya na sismulan ang punishment.

Habang ginagawa iyon nakaisip na sya ng hundred ways para gantihan si Brena at Reina.

Hindi nya papalampasin ang ginawa ng mga ito.

Nobody messed with Angela and get away with it.

Sa ngayon hahayaan nya na muna na isipin ng mga ito na mananahimik na sya.

Napapikit na sumandal sya sa dingding.

Anak ng tangmilo!

She's so exhausted. Hindi pa nakakabawi ang katawan nya sa puyat. Idagdag pa ang sugat nya na hanggang ngayon ay di pa nya pinapalitan ng benda.

Ito na ang pang-apat na CR na nilinis nya puro pambabae muna. Bukas na ang sa mga lalaki dahil wala sya sa mood na harapin ang mga mangyayari pag naglinis sya duon.

Nang matapos lumabas sya ng CR hawak nya pa ang mop at walis.

Naglakad sya papuntang janitor closet.

Pinagtitinginan sya habang naglalakad.

"Di ba yan yung transferee.

"Oo sya yung kumalaban kay Reina."

"Oo nga at narinig ko rin na binuhusan daw nya ng tubig si Brena. Nalaman ni Dylan kaya ayan pinarusahan sya."

"Naku talagang paparusahan sya nun diba mag syota yung dalawa."

"tsk...tsk kawawa naman."

Kung ano-ano pa ang narinig nya.

May naaawa sa kanya, nagagalit at naiinis.

Sa lahat ng yun wala syang reaksyon.

Mga tsismosa.

Tumahimik lang ang paligid ng biglang lumitaw sa kabilang corridor sina Dylan,Gelo, Brena at Janice.

Magkakasalubong sila. Ang mga estudyante na nandoon tahimik parin, akala mo nanunuod ng shooting at hinihintay kung ano ang mangyayari.

Tinignan sya ng grupo ni Dylan.

Ngumiti ng nakakaasar ang stepsister nyang magaling, habang si Brena ay humawak sa braso ni Dylan na para bang hahablutin nya ito. Si Gelo tinaasan lang siya ng dalawang kilay.

At si Dylan nakatingin lang sa kanya...no hindi pala sa kanya kundi sa nakabenda nyang braso.
Wala syang mabasa sa mukha nito.

Wala rin mabasa sa mukha ni Angela. She just stared with them coldly bago dumeretso ulit sya ng tingin.

Derederetso sya ng lakad. Wala syang planong tumabi at padaanin ang mga ito.

Kung gusto ng mga ito, sila ang tumabi.

Sa mismong gitna sya dumaan duon sa pagitan ni Dylan at Brena.

Napabitaw si Brena sa binata. Kumirot ang nakabenda nyang braso ng tumama iyon sa braso ni Dylan naramdaman pa nga niya na dumugo pa iyon.

Hindi nya iyon pinansin at patuloy lang sa deretsong paglakad.

Nagsinghapan at nabigla naman ang mga estudyante na nakakita ng ginawa nya.

Inaasahan nya na magagalit si Dylan at tatawagin sya.

Ngunit nakarating na sya sa janitor closet walang Dylan na dumating, na ikinasaya nya, she's so tired to deal with him right now.

Nailagay nya na ang gamit sa loob ng cabinet,isinara iyon. Sa pag ikot nya bumangga sya sa isang matigas na bagay dahilan para mawalan sya ng panimbang at matutumba sana kung di lang sa mga braso na humawak sa bewang nya.

Base sa init at sa kuryenteng dumadaloy sa katawan nya ngayon sigurado sya kung sino ang tao na halos nakayakap na sa kanya.

At di nga sya nagkamali...

...si Dylan iyon.

Tinignan niya ang binata, saka bahagya itong itinulak. Binitawan naman sya nito.

Tumalikod sya at naglakad para lang muling pigilan ng binata.

"Ano na naman?" she asked coldly.

Hindi naman ito umimik tinignan lang sya.

Napailing tuloy sya.

Kung balak lang nito na titigan sya, wala sya sa mood, kahit pa gusto nyang nakikita ang mukha nito.

Pagod lang talaga siya.
Kung aawayin lang sya nito mabuti nang umuwi muna sya.

"Bahala ka sa buhay mo." kumawala ulit sya rito at naglakad.

Good thing is nakakailang hakbang na sya ay di parin sya nito pinipigilan.

She's a little bit disappointed, gusto nyang pigilan sya nito.

Mapait syang ngumiti.

Sana makaya nya ang lahat hanggang sa huli. Ngunit bakit sa pangalawang araw palang napapagod na sya.

Naramadaman nyang naglakad din si Dylan, nilagpasan pa sya nito na nakadagdag sa nararamdaman nya.

Lungkot.

Sakit.

Nararamdman na biglang nawala ng maramdaman nya ang kamay ni Dylan sa kamay nya.

Dinala sya nito sa paglalakad.

"Ano ba!" pinilit nyang hinila ang kamay na hawak nito, na hindi naman nya nakuha.

Hindi umimik si Dylan, patuloy lang ito sa paghila, kulang nalang kaladkarin sya nito.

"Ang lakas ng tama mo Santiago. Saan mo ba ako dadalhin?"

Hindi parin ito umimik hanggang sa huminto sila sa tapat ng clinic.

Pabigla nyang hinila ang kamay at tumalikod, para lang muling hilahin ni Dylan.

"Ano ba!"

"Pasok."

She stared at him.

"Pumasok ka na Angela."

Hindi sya sumagot at tumalikod ulit.

Sa pagkakataong iyon malakas na hinila na sya ng binata dahilan para muli syang sumadsad sa dibdib nito.

Her body tingled because of that.

"Bakit ba ang tigas ng ulo mo!"

"Eh ano bang pakialam mo!"

Hindi ito sumagot.

He sighed, bago sya mahigpit na hinawakan at ipinasok sa loob.

Napatingin ang nurse sa kanila, na busy sa pagbabasa ng kung ano.

Nakita nya na nagningning ang mga mata nito ng makita si Dylan.

Tsss... Alam naman nya, guwapo si Dylan maraming nagkakagusto dito kahit pa mismo ang mas matanda pa dito.

"Nurse Joy. Puwede ba pakipalitan ang benda sa braso nya palinis na din." hinila sya ng binata paupo sa hospital bed.

"Sure Dy," Nurse Joy smiled sweetly at him.

Kumunot ang noo nya duon pero hindi kumibo.

Nang sinisimulan ng tanggalin ni Nurse Joy ang benda ay pinigilan nya ito.

"You know, kayang-kaya kong gawin ito pag uwi ko sa bahay. You dont need to bother."

Tatayo sana sya ng lumapit si Dylan.

Nagulat si Nurse Joy nang biglang umupo si Dylan at yakapin sya sa bewang para pigilan na tumayo.

"Dont mind her Nurse Joy ipagpatuloy nyo po ang ginagawa nyo."

She pouted. Bagamat bumibilis ang tibok ng puso nya dahil sa init ng katawan nito.

Nagtataka man at bahagyang umiirap sa kanya, sinunod ni Nurse Joy ang sinabi ng binata.

Bahagya syang napaunat at napapitlag ng maramdaman nya ang sakit ng tinatanggal na nito ang benda.

Sakit na nawala ng maramdaman nya ang labi ng binata malapit sa tenga nya sabay sabing.. "Is that hurt Angel?"

Nagpapalpitate na yata sya, gusto nyang isagot ang 'its hurt like a hell' but she composed herself bago malamig na sinabing...

"No. I can handle it."

Magsasalita sana ito ng marinig nilang suminghap si Nurse Joy, sabay silang napatingin rito.

Si Nurse Joy tumingin sa sugat nya, pagkatapos sa mukha nya. Bakas ang gulat at pagtataka sa mukha nito.

Kung kanina walang mabasa sa mga mata nya ngayon tuluyan na iyong lumamig. Her blue eyes became flat and cold at napansin iyon ni Dylan.

"What?" tanong ng binata.

Hindi naman kaagad sumagot si Nurse Joy.

"Kung titigan mo lang yan mabuti pang umalis na ako." she said.

Tila naman nagising si Nurse Joy.
Kumilos ito para linisin at bendahan ulit ang sugat nya.

Tahimik lang si Dylan, hindi na ito nagtanong ulit but she knew na magtatanong ito mamaya.

Minutes ago natapos na si Nurse Joy.

"May gamot ka bang iniinom."

Tumango lang sya. Tatayo sana sya para umalis na pero hindi sya binitawan ng binata.

"Do you mind to tell me nurse Joy kung bakit ka nagulat sa pagkakita mo ng sugat nya kanina?"tanong ni Dylan.

Tumikhim naman si Nurse Joy.

"Ahh... Alam mo ba kung paano sya nagkasugat?"

"Sumemplang sya sa motor."

Napatingin tuloy si Nurse Joy sa kanya, natigilan.

"Nurse Joy ano ba ang problema?" There was a hint of irritation in Dylan's voice.

Bahagya tuloy nataranta si Nurse Joy.

"Eh kasi iyong sugat nya hindi dahil sa pagkasemplang..."

Hindi kumibo si Angela. She just had a blank expression habang nakatingin sa pinto, hindi sya gumawa ng hakbang para pigilan ang babae.

Kumunot ang noo ni Dylan. "What do you mean?"

"Its a gun shot wound."

Nanlaki ang mga mata ni Dylan.

Hanggang sa unti unting nagsalubong ang kilay nito sabay sigaw ng... "What!"

Gusto nyang matawa kay Nurse Joy na first time yatang makita na magalit at marinig na sumigaw si Dylan, para itong maiihi sa gulat at takot.

"O-oo iyong sugat nya ay hindi dahil sa pagsemplang sa motor. Kundi sa t-tama ng bala."

"Are you sure?"

Sunod-sunod na tumango si Nurse Joy.

Kasabay ng paghikab nya ay ang pagtingin sa kanya ni Dylan.

"Tapos na ba? Kanina ko pa gustong umuwi." she said sabay tingin sa relos. Four-thirty na pala.

Tumiim ang bagang ni Dylan dahil sa 'walang pakialam sa paligid attitude' na ginagawa nya.

Tumayo ito daladala sya at nagpaalam kay Nurse Joy.

Hawak ulit nito ang wrist nya habang naglalakad.

Tahimik lang ito pero ramdam nyang galit ito.

Nasa Garden na sila ng hilahin nya ang kamay dito.

"Uuwi na ko."

Hindi pa sya nakakaisang hakbang ng magsalita si Dylan.

"What happened to you? Iyong totoong nangyari."

Bumuntung hininga sya.

Nilingon nya ito. Now with a smirk plastered on her face.

"Napa-trouble lang."

"Tell me Angela..."

"Alam mo you really dont have to know. Its none of your business."

"Just tell me damn it!"

"My...my... The Good Boy Dylan is swearing." Lumuwang ang pagkakangiti nya. "Its bad to your reputation you know." Tinalikuran nya ito.

Ang bilis ng pangyayari natagpuan nalang nya ang sarili na nakasandal sa brick wall ng garden, ang dalawang braso ni Dylan ay nakaharang sa magkabilang gilid ng mukha nya imprisoning her, habang ang mukha nila ay ilang pulgada lang ang layo.

"Believed me Angela...I'm not that good boy."

She smirked. "Alam ko."

Kumunot ang noo nito dahil duon.

"What do you mean you know?"

Imbes na sumagot ay tinulak nya ito at nagkibit-balikat lang.

Hindi naman ito nagtanong ulit. Napatingin ito sa sugat nya.

"Hindi mo ba sasabihin kung bakit ka may tama ng bala? Kung sino ang bumaril sayo?"

Tinaasan nya ito ng kilay.

"Can you give me a fucking reasons why should I tell you?" balik tanong nya.

Natigilan ito.

Ngumisi sya.

"Wala ka maisagot. Then I'll give some reasons why I dont want to tell you."

Itinaas niya ang hintuturo.

"First we're not friends."

Then her thumb finger. "Second di tayo close."

Then her middle finger. "And third youre not my boyfriend para ireport ko sayo kung ano ang pinaggagawa ko."

Umatras sya.

"Marami pang kasunod iyon pero di ko na iisa-isahin dahil gusto ko nang umuwi, so Ciao."

Muli nyang naramdaman ang kamay ni Dylan sa braso nya.

"You want reason?" he said. "I give you one."

Itinaas nya ang kilay.

"Why do I have a feeling that you're mine Angel." Pumalya yata ang tibok ng puso nya ng marinig iyon.

"Is that enough reason Angel? you're mine kaya may karapatan akong malaman kung anong nangyari sayo."

Napigil nya ang hinga. Unti-unting bumalot ang kasiyahan sa puso nya.

Kasiyahan na nawala din nang magtama ang mga mata nila...

she read...

...confusion in his Eyes, na para bang hindi makapaniwala at litong- lito ito sa mga binitawang salita...

~???

*****

H/n

thanks for reading ???.

Helliza Sabida

fb and IG :Hellizasabida

11112017npo 7:42

10.Pachie ?

Enjoy ...;-)

*****

Paulit-ulit na bumuntung hininga si Dylan habang mariin ang pagkakahawak sa manibela.

Kanina pa bumabalik-balik sa isip nya ang mga pinag-usapan nila ni Angela.

Hindi niya alam kung ano ang pumasok sa isip nya at nasabi nya ang mga katagang...

"*You're mine Angel."*

It's feel so right to say. Para bang napakanatural na banggitin nya ang mga katagang iyon.

But he's so confused too.

Hindi nya talaga alam kung ano si Angela sa buhay nya.

Sigurado syang parte ito ng nakaraan na nakalimutan nya.

Is she his girlfriend?

And when Angela said that, she knew na his not that goodboy, lalo syang naintriga.

Ano ba kasi nya si Angela?

"*Imposibleng girlfriend ko sya. Its Brena, si Brena ang nililigawan ko bago ako maaksidente, paano ako magkakaruon ng girlfriend kung may nililigawan akong iba?"*

Yeah si Brena ang nililigawan nya noon na nahinto lang dahil sa aksidente.

Hanggang ngayon hindi nya parin tinutuloy ang panliligaw rito. But Brena act as his Girlfriend na hinayaan nya lang because Brena is his type.

Mabait mahinhin matalino at maganda.

Nagbabalak na sana syang ligawan ito ulit nang biglang sumulpot si Angela, na sobrang kabaligtaran ni Brena.

A badgirl,rebel at magaslaw. Not his type. Pero ngayon ay ginugulo ang isip nya.

"Aw...aw.."

Napatingin sya sa pasenger seat ng tumahol si Pachie. His dog.

Naramdaman yata nito na naguguluhan sya kaya tumahol.

"What it is boy? Dont worry malapit na tayo, makakatakbo kana ulit."

It's seven of the evening, at papunta sya sa Fuentebella Residence.

Yes kina Angela.

Duon kasi napag-usapan nila Brena, Janice, Teresa at Quincy na pag-usapan ang tungkol sa nalalapit na Dance Contest sa nalalapit na foundation day. Pumayag sya, praktikal na duon sila magkita dahil malapit lang iyon sa mga tirahan nila.

Ngunit sino ba ang niloloko nya? Pumayag sya because gusto nyang makita si Angela, make sure na hindi na nagdudugo ang sugat nito at uminom ito ng gamo*t.*

"Feeling...feeling mo lang sayo ako." mapait na tumawa si Angela at tinignan sya. Her blue eyes was cold and flat. "Hindi ka sure." then she smirked. "Well Mr.Santiago hindi iyan sapat na rason. Feeling mo lang pala eh. Well i hate to shattered your feeling, but you didn't own me. I'm not yours. Hindi ka naman sure hindi ba?" pakasabi nun ay tinalikudan sya nito at naglakad palayo.

Sa ganong eksena natapos ang usapan nila ni Angela kanina sa garden.

Gusto nya itong habulin at pigilan. But he's so confused kaya nanatili nalang sya sa pagkakatayo.

Bumuntung-hinga sya.

Bumusina.

Nasa tapat na sya ng malaking gate ng mga Fuentebella.

Dahil kilala na sya ng guard ay pinagbabuksan sya.

The moment he opened the door of his car, mabilis na lumabas si Pachie at nagtatakbo sa maluwang na garden ng mga Fuentebella.

"Dylan."

He smiled ng makita si Brena na kumakaway kasama si Quincy,Gelo, at Teresa. Nasa balkonahe ang mga ito nakaupo at nakaharap sa isang pabilog na mesa kung saan nagkalat ang mga papel at laptop.

Nakita nya ring pumasok si Janice na may dala-dalang tray kasunod ang isa pang katulong.

Sinenyasan sya ni Brena na pumasok na. Tumango sya.

"Stay here boy you can run and play but dont go inside the house." sabi niya kay Pachie. Hindi gusto ni Tita Marita, ang mother ni Janice na may aso sa loob ng bahay. Tumahol naman si Pachie. Ngumiti sya at hinaplos ito sa ulo bago pumasok sa loob.

Marangya ang sala ng mga Fuentebella katulad ng sa kanila. May mga mamahaling painting at mamahaling gamit.

Hindi niya pinansin ang mga kagamitang iyon bagkus ang tinignan niya ay ang family portrait na nasa pinakagitna ng dingding.

Kumunot ang noo niya dahil imbes na apat na tao ang anduon ay tatlo lang. Lagi nyang nakikita ang portrait na ito at ngayon lang nya napansin na may kulang...

...may kulang sa family portrait na iyon ng mga Fuentebella.

~???

****

H/n

Thanks sa read:)

111417uivst 17:28

11. Pachie 2 ?

Naroon si Ramon Fuentebella looking so handsome in his suit. Si Marita Fuentebela, who looks like a queen in her gown and Janice Fuentebella looking so happy habang nakahawak sa kamay ng mga magulang nito.

"*Why she's not here?"* He asked in his self.

Oo. Wala sa portrait na iyon si Angela. Ang alam nya stepdad lang ni Janice si Ramon Fuentebella.

Bakit hindi sinali ng mga ito si Angela?

"Dylan?" naalis ang tingin nya sa larawan at napatingi kay Brena.

"Ano pang ginagawa mo dyan? Let's go."

Ngumiti sya at naglakad papalapit dito.

Kumapit agad ito sa braso nya at sabay silang naglakad papunta sa balkonahe.

Binati sya ng mga kasama. Bago sya naupo.

Lumipas ang ilang sandali busy na sila sa pag-uusap at pagplaplano.

Hanggang sa lumipas ang mga oras at may lumapit na isang matandang babae na kilala nya sa tawag na Nanay Rosa.

"Handa na ang hapunan Ma'am Janice, pinapatawag na po kayo ni Sir at Madam."

Tumango lang si Janice at sinenyasan na umalis ang matanda.

"Kain na tayo guys." Yaya nito.

"Yes tamang-tama kanina pa ako gutom." tuwang tuwang sabi ni Gelo habang tumatayo.

"Kahit kelan ang takaw mo." Si Quincy na hindi pinansin ni Gelo.

"Where's your sister?" tanong nya. Kanina nya pa gustong itanong iyon. Kanina pa ng maramdaman nya na wala si Angela sa bahay.

Nagkibit-balikat si Janice. "I don't know, hindi pa umuuwi iyon. Simula ng ininis nya si Daddy kanina umaga hindi ko pa sya nakikita. Malamang nakikipag-away na naman iyon, o di kaya umiinom or nanlalaki. Duh ewan ko dun." sagot Janice habang pinapatay nito ang laptop.

Mula naman sa pag-inat -inat ay natigilan si Gelo kinuntan nito ng noo si Janice na para bang sinasabi na. *"Hindi ganon si Angela."*

Hindi iyon nakaligtas sa kanya bagamat hindi nya pinansin, bagkus si Janice ang hinarap nya.

"Umiinom? Nanlalalaki?"

"Yeah, you know, nag b-bar hopping noong nasa London pa nga yan ilan beses na nakulong dahil pumapasok sa bar eh, kahit na underage sya. Minsan nga ng pumunta kami ng London nila daddy at Mommy para mamasyal, pinuntahan namin sya. And you know what nalaman namin na nasa police station sya. Napaaway sa bar at lasing na lasing. Galit na galit si Dad non. Kahit malayo sya puro kahihiyan at sakit ng ulo ang binibigay nya kay Daddy."

Unti-unting nagsalubong ang kilay ni Dylan.

Nakaramdam sya ng galit sa isipin na nakulong si Angela.

Pangalawa dahil nagb-bar ito at umiinom and third naiinis sya kay Janice dahil kung magsalita ito parang walang kakwenta-kwentang tao ang pinag-uusapab nila.

Inilabas nya ang cellphone nya at nagtext kay Angela.

"Where are you?" he texted.

"Grabe ka naman Janice. Malay mo naman nalulungkot si Angela. Di ba mag-isa lang siya sa London baka kaya nag b-bar sya nalulungkot sya na h-homesick." narinig nyang sabi ni Quincy.

Humigpit ang hawak niya sa cp.

Malinaw nya iyong nakita sa isipan nya. Si Angela nasa malayo malungkot at nag-iisa.

"Believe me when you spell trouble it's A-N-G-E-L-A. Dapat nga di na bumalik dito iyon dahil tiyak na magugulo na naman kami."

Bago nya pa masinghalan si Janice, nagsalita na si Brena.

"That's mean Jan, wag kang magsalita ng ganyan. She's your sister remember."

Sumimangot si Janice pero di na nagsalita.

Hindi sumagot si Angela sa text niya. Ayaw man nya nag-uumpisa na syang mag-alala. She been shot, sa hindi niya alam na dahilan at ngayon wala ay hindi parin ito umuuwi.

Tinignan niya ang relos. Nine-thirty pm, hindi na ligtas para sa isang babaeng tulad nito.

Itinaas nya ang cellphone nya para tawagan na ito kasabay niyon ay makarinig siya ng ingay na nagmumula sa isang motorsiklo.

Sabay-sabay silang napatingin sa gate. Mula duon pumasok ang babaeng naka motorsiklo at walang suot na helm*et.*

"Napakatigas ng ulo mo Angela." ang mga katagang iyon ang gusto nyang sabihin sa babaeng ngayon ay pumarada sa tapat mismo ng balkonahe. Sinabihan nya na ito na huwag sumakay sa motor at magdrive, na hindi nito sinunod, nagdrive pa ito ng walang suot na helmet.

Parang gusto nyang kunin ang motor dito at itapon sa bangin ang bwisit na sasakyan.

Tumingala si Angela ng maramdaman nya na may nakatingin sa kanya.

Ngumisi sya ng makita si Dylan at ang myembro ng SG.

Tinaasan nya ng kilay ang binatang masama ang tingin sa motor nya, na para bang may masama itong balak gawin duon.

Lumuwang ang pagkakangisi niya ng maalala na pinag bawalan nga pala sya nito na magdrive ng motor.

"You ride that thing again!" He said.

"Yeah, so?" Pang-aasar nya pa rito.

Ang nakakunot na noo ng binata ay lalo pang kumunot ng may mapansin sa kanya.

"You' re drunk." It's not question it's a statement."You drive that thing even you are drunk!" di makapaniwala na dagdag pa nito.

"My...my...my.. Youre acting like my boyfriend again. Beware Ylan andyan si Brena baka kung ano ang isipin nya. Baka sa susunod hindi na tubig ang ibuhos nyan sa akin. Baka asido na." Nanigas si Brena at tignan sya ng matalim.

"**What do you-?"**

Hindi na natapos ni Dylan ang pagsasalita ng biglang may dumamba kay Angela.

Nanlaki ang mga mata nya ng bumagsak ang dalaga nang sugudin ni Pachie.

Napasigaw si Quincy sa gulat si Gelo ay umaktong tatalon na sa balkonahe, kahit sya ay patalon na.

"Pachie."

"Pachie!"

Sabay nilang sigaw ni Angela, sa kanya ay nanaway ang tonk samantalang ang kay Angela naman ay may kasamang pananabik at tawa.

Sabay silang napahinto ni Gelo sa aktong pagtalon nang tumawa ang dalafa.

Lahat kami ay nakatanga kay Angela na tumatawa habang dinidilaan ni Pachie ang pisngi nito.

"Weird, hindi ba suplado yang aso mo Dylan? Hindi nga lumalapit sa amin ng ganyan yan."

Tama si Quincy. Pachie's a lone dog. Hindi ito basta-bastang lumalapit sa tao lalo na sa bago nitong kakilala. Nanahol pa nga ito. But the way he reacted with Angela now, para itong nakakita ng long lost master and friend.

"Pachie stop it di na ko makahinga." sabi ni Angela sa pagitan ng pagtawa. "Stop it boy."

At sagulat nya sumunod si Pachie dito.

Bagamat napapangiwi dahil nadaganan ni Pachie ang braso nito ay nakatawa parin si Angela habang tumatayo. Pinagpaggan nito ang damit habang sige parin ang ikot ng aso sa harap nito while wiggling his tail.

"Sit." utos ni Angela na sinunod ni Pachie.

Bakas na talaga ang pagkagulat sa mukha nya. Walang sinusunod at nagpapasunod kay Pachie kundi sya lang at hindi sya makapaniwala na isang utos lang ng dalaga ay sumunod na ang alaga nya.

Ngunit mas nagulat, nagtaka at nalito sya sa sunod na sinabi ni Angela sa aso.

"You grown so handsome boy." sabi nito at yinakap sa leeg si Pachie na para bang napakatagal na hindi nagkita ng dalawa, pagkatapos ay tumayo ang dalaga.

"What are you doing here sa labas Pach? You're a visitor dapat pinapapasok ka, come pasok tayo." naglakad ito at sumipol, mabilis na sumunod si Pachie papasok sa loob.

"Oh My God! No hindi pwedeng ipasok ang aso magagalit si Mommy. Shuck! she' s doing it again nanggugulo na naman sya." mabilis na pumasok sa loob si Janice. Napasunod sila.

Duon sa dining room nakita nila ang galit na si Marita na nagsasalita at si Angela na walang pakialam sa madrasta na umupo habang kasunod si Pachie.

~???

Thanks for reading. ;-)

Helliza Sabida

11142017uivst 18:10

12. Accidental Kiss :-* ?

Enjoy reading...

****

"**Palabasin mo ngayon ang aso nayan sa pamamahay ko!" halos mamula sa galit ang stepmother niyang si Marita nang isigaw iyon.**

Hindi nya ito pinansin. Kumuha lang sya ng pagkain at inilagay sa plato nya.

"Nana pwede po makihingi ng plato para kay Pachie?" she asked to her nanay Rosa.

Mabilis namang sumunod ito sa kanya.

"Ramon tignan mo ang anak mo binabastos na naman ako!" sumbong ni Marita sa Daddy nya na kapapasok lang ng dining room. Nakita nya rin sina Dylan na pumasok.

"Ano na naman ba yan Angela?" her father's voice sound tired na nagpangisi sa kanya.

"What? Wala ako ginagawa sa kanya, hello im just going to eat here."

"Kahit kelan bastos ka! Alam mong ayaw na ayaw ko na may hayop dito sa bahay ko nagpapasok ka parin." si Marita.

"Bawal pala hayop dito, eh bakit andito ka." she asked innocently.

"Angela!" napapikit sya ng malakas na sumigaw ang daddy nya.

"What?" patay malisya nyang tanong?

"Look Angela I'm so tired right now. Hindi ba pwedeng bigyan mo kami ng katahimikan kahit ngayon lang." nilapitan ni Janice ang daddy nya. Hinimas ang likod nito at tinitignan sya ng matalim.

Nagkibit balikat sya.

"Pwede naman dad patahimikin nyo rin si tita Marita then we can have a peacefull and happy dinner."

"Napakawalang modo mo talagang bata ka! Ramon paalisin mo na rito yan. Ayaw ko sya dito. Maaga akong mamatay sa kasutilan ng batang yan."

"Oo nga daddy pabalikin nyo na po sya ng London alam nyo bang kahit sa school nanggugulo sya."

Inismiran nya si Janice.

"Tsss... don't worry ta ipapalibing kita kung sakali." Pang-aasar nya pa.

"Ahmm excuse me po tito, tita." napatingin silang lahat kay Dylan pumuwesto ito sa gilid nya paharap sa kanyang magulang at stepsister.

"Pasensya na po kung pumasok si Pachie dito. Ako na po ang bahala maglabas sa kanya. Sorry po

talaga tito tita."

"Its not your fault Dylan. Dahil sigurado ako na hindi naman ikaw ang may gustong ipasok ang aso nayan. Alam kong alam mo na ayaw ko ng hayop dito sa loob ng bahay ko. Iyang si Angela na masaya talaga na ginagalit ako at pinapainit ang dugo ko ang may kasalanan dito."

"Yo'ure visitor here hijo." si daddy nya. "Nakakahiya na nakikita nyo kami na ganito kagulo pagpasensyahan nyo na sana."

"Daddy! Huwag ka magsorry dapat si Angela ang magsorry. Look at her nakainom pa sya kahit pinagbawalan nyo na sya na uminom."

Pinaikot nya ang mga mata.

"Really people ano to drama,pelikula? Gusto nyo bang gawin ko ang part ko, iyong sasabuyan ko kayo ng kape.? Ay dinner pala ngayon walang kape itong juice na lang gusto nyo?"

Tinignan sya ng matalim ni Dylan. She ignored it bagkus sa daddy sya nya nakatingin na ngayon ay papalapit na sa kanya.

O_O Nagulat ang lahat ng sampalin sya ng daddy nya.

Pumaling ang mukha nya pakanan.

"Sir-"si Dylan.

Itinaas ng Daddy nya ang kamay para pigilan sa pagsasalita ang binata.

"I won't tolerate your attitude anymore Angela. Bukas din aalis ka dito at babalik sa London. Doon uminom ka hangga't gusto mo, manggulo ka hangga't gusto mo. Huwag dito! Huwag mong guluhin ang pamilya ko rito!"

Mapait syang ngumiti. Masakit ang pisngi nya sigurado syang nagmarka ang kamay ng daddy nya ruon.

Slowly she turned her head to them. Her flat cold eyes is unreadable.

Una nyang nasalubong ng tingin si Dylan na may galit sa mga mata nakakuyom ang kamao at bahagyang nanginginig.

Alam nyang galit na ito... Nagpipigil na sumabog...

Nang magtama ang mga mata nila. She read concerned in his eyes, specially ng tignan nito saglit ang pisngi nyang namumula.

Inalis nya ang tingin rito inilipat sa ama nyang galit na galit din.

Nakita nya pa ang ngitian ng mag-inang Marita at Janice.

"In your dreams dad. Dito lang ako."

"Ganyan ba kakapal ang mukha mo para ipagsiksikan ang sarili mo dito sa pamamahay at pamilya ko."

Bigla syang natawa sa sinabi ni Marita.

"Hey Tita hindi ko pinagsisiksikan ang sarili ko sa pamilyang ito. Duh ayaw ko kayang dumikit sa inyo." she smirked. "Ang ayaw ko lang eh iyong paulit-ulit mong sinasabi ang mga salitang 'pamamahay ko'. Masakit sa tenga." then bumaling sya sa ama nya.

"Hindi ako aalis dito. Kung gusto nyo kayo ang umalis dito sa 'bahay ko'." tumayo sya. "Nawalan na ko ng gana kumain. Come pachie." nilagpasan nya si Dylan. Hindi nya pinansin si Gelo at Quincy dere-deretso sya sa pinto.

"Nga pala dad." huminto sya sa tapat ng pinto at lumingon sa likod. "Pakisabi sa pamilya mo kung kanino itong bahay na'to. Pati narin iyong pera na ginagastos nila. Baka kasi maubos ang pasensya ko at ipatapon ko sila sa kalsada." saka sya dumeretso ng labas.

Habang papalabas narinig nya pa ang tanong ni Marita na...

"Anong ibig nyang sabihin Ramon?"

Ngumiti sya ng mapait akala ba ng daddy nya wala syang alam...

Napailing-iling sya saka pumunta sa likod ng bahay nila patungo sa tree house na naroon.

Yeah her life was so Fuck! Mariin syang napapik*it.*

"*Bakit ang tagal mo kasing bumalik..."* piping tanong nya, then one single tear rolled down in her cheek.

Inalalayan ni Angela ang asong si Pachie na umakyat sa hagdan ng tree house.

Nang makarating sya sa tapat ng pinto she punched the security code.

High tech yan ang tree house nya. At walang ibang nakakapasok at nakakapagbukas nito kundi sya.

Hindi ito pinapakialaman ng Daddy nya.

Because he knew na kapag ginalaw nila ito. Magwawala sya. Nobody go there kundi sya lang kahit si Janice di nagkakamaling pumasok dito.

"Bakit aakyat ako dyan? Hindi naman ako unggoy na tulad mo." sabi pa nito dati ng pagbantaan nya.

Studio type ang tree house, kumpleto sa gamit para itong extension ng kwarto nya.

Natatakpan ng puting tela ang lahat ng gamit.

Isa-isa nya iyong tinanggal at pinagpag.

Nang masigurado nya na wala nang dumi.
Sumampa sya sa kama at nahiga. Sumunod si Pachie na umuungol. The dog felt her sorrow. Ipinatong ng aso ang ulo sa tyan nya.

She closed her eyes at hinaplos ang itim na balahibo nito.

Ganon lang sya ng ilang minuto bago sya nakarinig ng yabag.
Pagkatapos ay nang katok.

Hindi nya kagad iyon pinansin. Until pachie jump out of the bed and run to the door.

She sighed at sumunod sa aso.

Si Dylan ang bumungad sa kanya.

"Kailangan mo?"

Hindi sumagot ang binata may bitbit itong tray at dere-deretso pumasok sa loob.

Pinaikot nya ang mga mata at muling sinarado ang pinto.

Inilapag nito ang tray sa mesita na naroon, pagkatapos ay inilibot ang tingin sa buong kwarto.

Hanggang sa huminto sa kanya na nakasandal sa pinto.

"Eat."

Tinaasan nya ito ng kilay.

"Dont be so hard headed Angela come here and eat para mainom mo na ang gamot mo."

She smirked.

"Playing my boyfriend again?"

Nagsalubong ang kilay nito at lumapit sa kanya. Hinila sya, pinaupo at inilapit ang pagkain.

"Eat."

She sighed.

"Wala akong gana."

"You need to eat okay."

Tumawa sya.

"You, di ko maintindihan ang trip mo bakit pati pagkain ko pina pakialaman mo?"

Hindi sumagot ang binata.

Kinuha nito ang kutsara, sumandok saka itinapat sa bibig nya.

Nanatiling hindi sya kumilos.

"Open up Angel."

Parang may bumikig sa lalamunan nya sa sinabi nito.

Iniwas nya ang mukha.

"Kung gusto mo akong painumin ng gamot. Hindi pwede. Nakainom ako ng alak diba. Saka wala na iyong mga nakakadiri na medicine na yun tinapon ko na." she smiled... a tiring smile. "So kung pwede umalis kana I'm so fucking tired, at ang gusto ko lang ay matulog na."

Dylan sighed, ibinaba nito ang kutsara at hinablot ang bag nya na nasa gilid ng kama.

Sigurado syang titignan nito kung totoo ang sinabi nya.

"Damn!" he cursed ng mapatunayan ang sinasabi nya.

Sinundan nya ng tingin ang pag gulo nito sa buhok.
Isa iyon sa mannerism ni Dylan na gusto nya.

Kung pwede nga isuklay nya ang mga daliri niya sa buhok nito para ayusin...tulad ng dati...
But hindi pwede...

...hindi pa pwede.

"So can you leave now?"

Matalim sya nitong tinitigan, tingin na unti-unting lumambot ng mapatingin ito sa gawi ng pisngi nya kung saan sya sinampal ng daddy nya.

Itinaas nito angkamay at hinaplos iyon.

Nagtayuan ang mga balahibo nya.

"Bakit pinapayagan mo na saktan ka?"

Smirking, tinabig nya ang kamay nito at tumayo. The same time na tumakbo si Pachie sa paanan nya.

Nawalan sya ng panimbang.

Mabilis naman na kumilos si Dylan para saluhin sya but he too lost his balanced bumagsak kaya dere-deretso sila sa sahig.

O_O Gulat na gulat sila pareho.

Bakit?

She end up on top of him...at ang labi nito ay...

...nakalapat sa labi nya!

~???

*****
H/n

Thanks for reading. Sorry kung bitin mag i-in na po ako Try ko dugtungan kagad. thanks:-)

11212017 uivst 7:30

13. 1st & 2nd Kiss ?

Napakurap-kurap si Angela.

Iyong tibok ng puso nya sobrang bilis. Iniisip nya kung totoo ang lahat ng nangyayari...

...magkalapat...

...magkalapat ang mga labi nila at pareho silang nakatitig sa isat-isa!

And then Dylan closed his eyes. Naramdaman nya ang pagtaas ng kamay nito papunta sa maikli nyang buhok, nang gumalaw ang mga labi nito, kusang pumikit ang mga mata nya.

"*Ako lang dapat ang first kiss mo Angel. Ako lang at wala nang iba naiintindihan mo..."*

Ang paulit-ulit na naririnig ni Angela. Ang boses ng binatilyong iyon na hinihintay nya na bumalik na.

Ngunit bago pa man nya madama ng tuluyan ang first kiss nya,biglang tumalon si Pachie papunta sa kanila. Inakala yata nito na nakikipaglaro sila ni Dylan.

"Ouch shit!" napamura sya ng madaganan ng aso ang braso nyang may sugat.

"What the-." kahit nagulat mabilis na kumilos si Dylan patayo, kasama sya.

"Easy boy we're not playing. Sit." utos pa nito sa aso na biglang umungol at akala mo ay nagtatampong bata na sumunod.

Nahiga ito sa isang tabi. Umuungol padin.

Napatawa sya. Tawa na mabilis na natigil ng maramdaman nya ang paghigpit ng pagkakahapit ni Dylan sa bewang nya.

Bigla syang napatingin rito.

Sa mga labi nya ito nakatingin, ayaw man nya naramdaman ni Angela ang pamumula ng kanyang pisngi.

"You're blushing." gulat na gulat na sabi ni Dylan.

Tss...kailangan pa talagang sabihin!

"No I'm not."

"Bakit nag b-blush ka?" then biglang nanlaki ang mga mata ni Dylan.

"Ako ang first kiss mo!"

Lalo syang namula.
"Pwede ba asa ka." Sagot nya pagkatapos ay ngumisi. Pilit itinatago ang hiyang nararamdaman."Hindi ikaw ang first kiss ko at lalong hindi ikaw ang magiging huli." Itinulak nya ito para makalayo.

"What do you mean?" mabilis naman syang napigilan ni Dylan, hinawakan ang braso nya na walang benda.

"Explain ko pa ba?"

Unti-unting nagsalubong ang kilay nito ng maintindihan ang ibig nyang sabihin.

"Dont you dare Angela!"

Tinaasan nya ito ng kilay.

"Huwag mong sabihin pati pakikipaghalikan ko pakikialaman at pagbabawalan mo?" She said sarcasticly.

Namula na ito at sigurado syang sa galit.

"Wala kang pakialam Dylan baka gusto mong isa-isahin ko ulit ang mga rason kung bakit di mo ko dapat pakialaman."

Magsasalita sana ito ng may kumatok.

"Dy. Andyan ka ba? Lets go home na."

Napatingin silang dalawa ni Dylan sa pinto ng marinig ang boses ni Brena, kitang kita nya ang pagdaan ng guilt sa mukha ng binata nang muli nyang ibalik ang tingin dito.

Dahil duon her eyes became cold and void in any emotion again.

Kumawala sya rito at tinignan ito.

"Andyan na girlfriend mo." She stated.

Napabalik ang tingin ni Dylan sa kanya.

"Dont worry wala akong pagsasabihan ng nangyari. No big deal, its just a kiss."--sya.

"No big deal?"--Dyalan.

"Yeah. No big deal. Kahit sino pwede ko namang halikan."

At bago pa makasagot si Dylan pumunta na syang pinto at binuksan iyon.

Ang matatalim na titig ni Brena ang sumalubong sa kanya, na sinuklian nya ng ngisi, nasa likod nito si Gelo na tinataasan sya ng kilay at si Quincy na nililibot ang tingin sa loob ng tree house.

"Ang cool ng tree house mo Gela." -Quincy.

Nawala naman ang matatalim na titig ni Brena ng lumapit si Dylan.

"Kina Gelo kana ulit sumabay Brena."si Dylan.

"Bakit?"

"Magmo-motor ako pauwi."

"Magm-motor?" - Quincy at Gelo.

"Ha?"

Nginitian ni Dylan si Brena.

"Susunod na ko sa pagbaba." Sabi ng binata.

Walang nagawa si Brena kundi tumango. Pailalim pa sya nito tinignan bago bumaba.

Si Gelo kinidatan sya na nakita naman ni Dylan.

"Bye Gela." sabi ni Quincy ay kumaway pa na sinuklian nya lang ng tango.

Hindi nya na sinarado ang pinto ng makababa ang mga ito.

"Ikaw hindi ka pa ba aalis?"

Hindi sumagot si Dylan pumunta ulit ito sa loob hinalungkat na naman ang bag nya at kinuha ang susi sa motor nya.

"Stay here pachie okay." sabi nito sa aso na tumahol naman bilang sagot.

"Hey bakit kinuha mo yan."angal nya.

Lumapit ito sa kanya.

"Iiwan ko si Pachie. Susunduin kita bukas. Akin na muna ang motor mo."

Pinanlakihan nya ito ng mata.

"What do you mean sayo muna ang motor ko?"

"Sakin muna. Ibig sabihin di ka pwede magdrive ng motor."

"Who give you the-" napahinto ako sa pagsasalita ng bigla sya nitong hawakan sa batok at mariin na halikan.

Saglit lang pero ang lakas ng tama.

Lumayo naman kagad ito sa kanya at sinabing.

"I'm your first kiss and your second too Angel at humanda ka sakin pagnakita ko namay hinahalikan kang iba." bulong nito. Naglakad na ito.

Bago pa ito tuluyang lumabas ay nilingon sya nito ulit.

"Eat okay. Bukas kana uminom ng gamot pagnakabili na ako, and be ready tommorow ayaw ko ng late." saka ito tuluyang lumabas.

Naiwan syang tulala at napasambit na lang ng "What the hell." napahawak sya sa mga labi nya.

Dug...dug.. Dug..

Ang epekto ni Dylan sa kanya noon at ngayon wala parin pinakaiba.

~???

S

i Angela at Dylan para kay KuraiBonne salamat bhe

*****

H/n

Thanks?

1232017xfe 7:57

14. That Should Be Me ?

Humihikab pa si Angela habang naglalakad pababa ng tree house.

Kasunod nya si Pachie.

Its 6:00 am. Maaga para sa gising ko, kayalang naman sya nagising ng ganitong oras ay dahil sa nilalang na five o'clock palang ay kumakatok na sa pinto ng tree house.

Wala tuloy syang nagawa kundi bumangon at maligo.

Ngayon nga naglalakad na sya sa garden papuntang sasakyan ni Dylan.

"What took you so long?"

Sa pagitan ng paghikab ay tinignan nya si Dylan. Nakaupo ito at si Brena sa mesang nasa hardin habang nag-aalmusal.

"Naglaro pa kami ng bato-bato pick ni Pachie kaya kami natagalan."

Ngumisi sya ng nagsalubong ang kilay ni Dylan. Pero ng dumako ang tingin nya sa mga labi ng binata automatic na napaiwas sya ng tingin.

"Good morning Angela." Brena said using her sweet voice.

Tinignan nya si Brena na gandang-gandang tignan sa suot na yellow dress.

"Hindi ko alam kung magiging good ang morning ko nakita kasi kita."she said.

"Angela."

"What?" she innocently look at Dylan.

"Its okay Dy." si Brena na humawak pa sa braso ng binata.

Nilayasan nya na ang dalawa, nakakasuya eh.

Walang emosyon ang mukha na naglakad sya papunta sa sasakyan ni Dylan na nakaparada sa tapat ng gate.

Narinig nya ang pag-usog ng upuan bago nya naramdaman ang kamay na humawak sa braso nya.

"Saan ka pupunta?" tanong ni Dylan.

Nilingon ko sya.

"Duh...saan pa di papasok. Kaya mo nga ako ginising ng maaga di ba?"

"nang hindi nag-aalmusal? Im sure hindi mo rin kinain iyong hinatid kong pagkain sayo kagabi."

Kinain nya pero syempre hindi nya sasabihin.

Tumaas ang isang kilay nya.

"Sa school na 'ko kakain ayaw ko kayang malate, magagalit si Ms. De Guzman sakin." She said sarcasticly.

"Sit down and eat your breakfast Angela."

"Ayoko nga ba't ba ang kulit mo?"

Sinamaan sya nito ng tingin.

"Really Dylan, bakit ba pati pagkain ko pinapakialaman mo?"

"Ah excuse me sir, Angela."

Napatingin silang dalawa ni Dylan kay Nana Regine .

"Nana." Bati nya na lumapit at yumakap rito.

"Naku ikaw na bata ka aalis ka na naman ng 'di kumakain." inabot nito sa kanya ang sandwhich at isang bote ng pomelo juice.

"Thanks po Nana.." Inabot na man nya iyon at nagsimulang kainin ang sandwhich, basta kapag ang Nana Regine nya ang naghanda lahat masarap.

"Papasok na ko ulit sa loob Angela, umiwas ka sa gulo."

"Hehehe susubukan ko Nana, gulo ang lumalapit sakin eh."

Iiling-iling na pumasok si Nana Regine sa loob.

Wala pang five minutes naubos nya na ang pagkain. Pati itong pomelo juice isang inuman lang ang ginawa nya. Grabe gutom na din pala sya.

"So kapag ako ang nagsabi hindi ka susunod."

Mula sa pag-inom napatingin ako kay Dylan.

"Dont worry Ylan hindi lang naman ikaw ang hindi ko sinusunod."She said while smirking. "Pwede bang tara na?"

Tinitigan muna sya ni Dylan bago nilapitan si Brena at inalalayan tumayo.

Napaiwas sya ng tingin.

"Di mo kayang tumayo mag-isa? Lampa lang ang peg teh?" malakas na sabi nya bago naglakad papuntang kotse ni Dylan.

Sa tapat ng passenger seat sya tumapat hinihintay na pindutin ni Dylan ang lock para makapasok na.

"Sa likod ka Angela."

"What?"

"Si Brena dyan, dun ka sa likod."

"And why?"

"Ahmm dyan kasi ako nakapwesto tuwing sumasabay ako kay Dylan." Si Brena.

"So? Dito ko gusto eh kaya sa likod ka muna." sabi ko.

"No. Sa likod ka Angela."--Dylan.

"Okay lang Dy. Hayaan muna sya."

"No Brena sa likod si Angela."

"Ah...eh." alanganin syang tinignan ni Brena.

Pero nang inalis ni Dylan ang tingin rito, binigyan sya nito ng nang-aasar na tingin.

Tinignan nya lang ito ng malamig.

Binuksan ni Dylan ang pinto at inalalayan na pumasok duon si Brena.

Nang makapasok na ang babae bumaling ito sa kanya.

Natigilan ito ng makita ang malamig na titig nya.

Hindi na sya naghintay na pagbuksan nito. Sya na mismo ang nagbukas at pumasok sa loob.

"Sabi ko sayo hindi mo maagaw sakin si Dylan." taas ang kilay nasabi ni Brena.

She smirked. "Who said na aagawin ko sya?"

Hindi na ito nakasagot dahil nakapasok na ang binata sa sasakyan.

Tinignan ni Dylan si Brena at nginitian habang sinusuot ng dalaga ang seatbelt.

Sa bintana sya na katingin but she is sure na tinignan din sya ni Dylan.

"Paano nga pala si Pachie Dy?" tanong ni Brena habang umaandar sila.

"Ipapasundo ko sya kay Mang Clavio ngayon." sagot nito na tumingin sa rearview mirror kumunot ang noo ni Dylan dahil sa bintana parin sya nakatingin.

Nag-usap ang dalawa sa buong byahe. Obvious na close na close ang mga ito. Minsan tinantanong sya ni Dylan pero di nya sinasagot kahit si Brena sinasali sya sa usapan.

"Pwede ba kung gusto nyo mag-usap kayo nalang." singhal nya sa mga ito.

Lihim sya inirapan ni Brena habang si Dylan ay dumilim ang mukha.

Ipinikit naman nya ang mga mata.

Hindi na nga sya kinausap ng mga ito.

"Shit."

Kasabay ng pag mumura ni Dylan ay naramdaman nya ang pagbangga sa kanila mula sa kaliwa ng sasakyan.

Tumili si Brena. Habang sya naman ay humampas ang ulo sa salamin.

"What the Fuck!" mura nya na napahawak sa ulong tumama sa salamin.

"Are you ok?" tanong ni Dylan kay Brena na nagpangiti ng mapait sa kanya.

"O-oo."

Tumingin si Dylan sa rearview mirror.

"Angela?"

"Tsss I'm fine. Buti nalang ako ang pinilit mong maupo dito. Dahil kung yang syota mo ang nauntog malamang basag na ang bungo nyang napakalambot," she said habang nakangisi. "Good thing matigas ang ulo ko."

Naikuyom ni Dylan ang kamaong nakahawak sa manibela habang tinitignan si Angela na napapapikit habang nakahawak sa gilid ng ulo.

"Dylan babanggain na naman tayo." Sigaw ni Brena."

Papalapit na naman nga sa kanila ang itim na kotse.

Bukas ang mga bintana at mga lalaking nakatakip ang mukha ang sakay non.

"Damn!" mura ni Dylan at mas binilisan pa ang takbo.

Binangga naman sila mula sa likuran. Naalog yata utak nya sa lakas.

Good thing matibay ang pulso ni Dylan di pa ito na wawalan ng kontrol sa manibela.

Muli silang binangga.

"Ahhh!" tili na naman ni Brena ng muntik pa silang mabangga sa puno.

"Sino ba ang mga yan? Lakas ng trip ah." inis n sabi niya ng muli syang mauntog.

Napupuno na sya sa mga ito.

Ibinaba nya ang salamin sa side nya.

"Anong ginagawa mo!" sigaw ni Dylan sa kanya.

She ignored him.

Tumapat ang driver seat sa puwesto nya.

Nang magtama ang mga mata nila ng driver ay tinignan nya ito ng matalim.

Putek nginisihan sya ng hayop!

"Humanda ka sakin." bulong nya.

Binangga ulit ang sasakyan nila at nang tumapat sa kanya ang driver seat, nilusot nya ang sarili sa salamin.

"What the- Angela.!" gulat na sigaw ni Dylan.

Hinablot nya ang driver na hindi nakapalag sa gulat. Lalo na ng sunod-sunod nyang suntukin ang mukha nito.

Maging ang dalawa pang kasamahan nito sa loob ay nagulat at hindi kaagad nakahuma o nakagalaw sa ginawa nya.

"Putang-ina!" mura ng kasama nito ng marealize yata na wala ng humahawak sa manibela.

Binitawan nya ang driver at tinulak nang biglang lumiko ang sasakyan ng mga ito.

Dere-deretso iyon sa gilid ng kalsada hanggang sa bumangga sa poste ng ilaw.

"Mga gago!" Sigaw nya.

Umayos sya ng upo habang pinapagpag ang kamao na nanakit, ang tigas ng mukha ng sira-ulong iyon.

"WHY DID YOU DO THAT!" napatalon sya sa gulat sa sigaw na iyon ni Dylan nang tignan nya ito ay pulang pula ito sa galit.

"Duh... Malamang kung hindi ko ginawa yun baka tayo ang nakipaghalikan dun sa poste." Balewalang sabi ko.

"Delikado iyong ginawa mo."

Mapait syang tumawa. "Danger is my middle name. Kung delikado lang, wala pa ito sa ibang mga delikadong bagay na nangyari sakin."

Nakapasok na sila sa loob ng University, nang makapagpark mabilis syang lumabas.

Narinig nya pa ang pagbukas at pagsara ng pinto ng driver seat bago nya naramdaman ang paghablot sa kanya ni Dylan.

"What?"

Hindi umimik ang binata. Hinawi nito ang buhok nya at tinignan ang bahaging nauntog.

"Damn!" pati ang kamay nya na ginamit nya sa pagsuntok tinignan nito.

"You should never done that."

"Ewan ko sayo Dylan." sabi nya at tinulak ito.

"Magpunta ka ng-"

"Stop!" sigaw nya.

"Will you please acting as if you cared. Limang taon. Limang taon kang wala sa buhay ko...sa mga mas delikado parte ng buhay ko. Sa tingin mo para sa maliit na bagay lang na ito kakailanganin kita." tumawa ako ng mapait.
"Hindi ko kailangan ng kahit sino bakit hindi mo nalang bigyan ng pansin yang girlfrien d mo na umiiyak, nauntog yata."Isa pang nang-aasar na tawa ang iniwan nya kay Dylan, na nabigla yata sa mga sinabi nya.

Dere-deretso syang naglakad at di na lumingon lalo na mg marinig nya si Brena na umiiyak at sigurado syang yumakap na kay Dylan.

"Takot na takot ako Dylan."

Ang arte ipahabol nya kaya ito sa mga lalaki kanina.

Hindi nya narinig na sumagot si Dylan.

Instead she felt his heated stared in her back.

*****

Parang pinagsakloban ng langit at lupa ang mga kasama ni Angela na kumakain sa table.

Si Maelyn Daniella Jake at Clent. Simula ng makabalik sya lagi nya nang kasabay ang mga itong kumain.

Friends daw sila na hindi naman nya kinokontra.

Kasama din nila si Julia na kaklase ni Maelyn sa isang subject at si Lovi na pinsan ni Daniella.

"Problema nyo?" tanong nya habang binababa ang tray sa mesa.

Its been 4days simula ng may mga gago na nantrip na banggain ang sasakyan ni Dylan. And its been four days narin mula ng magkausap sila.

Hindi kasi sya pinapansin ni Dylan at hindi rin naman nya ito pinapansin. Sa ngayon hindi pa ito ang oras na pansinin nya ulit ang binata.

Si Maelyn ang sumagot sa kanya.

"Sinugod ang Lolo ni Daniella sa hospital."

"Why?" walang emosyon nyang tanong.

Kung hindi lang sanay sa kanya ang mga kaibigan iisipin ng mga ito na wala syang pakialam but they knew her. Alam ng mga ito, when she cares and when she's not.

"Heart a-attack. Hindi naman malala but k-kailngan daw ma confine si lolo para ma obserbahan." suminghot ito na kaagad naman hinimas ni Jake ang likod.

"Hindi namin alam kung saan kukuha ng pambayad sa hospital at pambili ng gamot."

"Gusto mo ba pahi-"

"No G-gela!"

Tinaasan nya ito ng kilay. Bigla kasi itong sumigaw napatingin tuloy ang ilang estudyante sa kanila na kumakain kabilang na ang grupo nila Dylan.

Nagtama ang mga mata nila ng binata.

Tulad ng walang ekspresyon nyang mukha. Wala din syang mabasa sa mukha nito.

"S-sorry." mahinang sabi Daniella.

"Ayaw kong abusuhin ka G-gela. T-thankful na nga kami kasi...kasi kinaibigan mo ang tulad namin. Ayaw kanamin abusuhin. Ayaw namin na isipin mo na pera ang habol namin sayo."

Nasabi nya ba na ang mga kaibigan nya ay mga nerd na tulad ni Maelyn. Iyong inaapi, outcast, binu-bully at mahihirap.

"Tama si Dani. Okay na kami na naging kaibigan ka namin." segunda ni Mae na nagpatango sa ilan pang naroon.

"Eh di gumawa tayo ng paraan para magkapera." she said na sinagot ng mga ito ng...

"Ha?" with matching nganga.

Umiling sya.

"Ayaw nyo humiram sakin. Eh di gumawa tayo ng paraan para magkapera. Mag-isip kayo. Dahil kapag wala kayong naisip na paraan l'll give you a money whether you like it or not." she said it with finality and with matching cold stare kaya walang nagawa si Daniella kundi tumango nalang...

"Youre a good person." si Clent na may kakaibang kislap ang mga mata habang nakatingin sa kanya. And she knew that look.

Tumawa sya ng malakas making all the student look at her again.

"Believe me good is not one of my adjective."

Sabay sabay na umiling ang mga ito.

"Kahit itanggi mo, for us, you're a good person. Simula ng maging friend ka namin bihira na ang may mambully sa amin, and we are so thankful to you because of that." si Julia

"Well masarap kasing makipag-away kaya gustong-gusto ko na gantihan ang mga umaaway sa inyo. As simple as that."

Napailing naman ang mga ito sa pagkontra nya.

"Youre are a good person." ulit ni Jake.

She pouted. " Bahala kayo, opinion nyo yan."

Nang muli syang napatingin sa table ni Dylan ay nakatingin parin sa kanya ang binata...his eyes is so dark ... while looking...

at her...

...lips?

Naramdaman nya ang pamumula ng makumpirma na nakatingi nga sa kanyang mga labi ang binata.

Bahagya syang napaiwas ng tingin,sumagi sa alaala nya ang nangyari sa tree house.

Tinaasan nya ito ng kilay.

How dare him to look at her like that while he's being so sweet with Brena.

She been in pain sa apat na araw na nakikita nya kung gaano ka sweet ang dalawa sa isat-isa nagpipigil lang sya na sumabog.

Hindi pa nga sya nakakaganti sa ginawa ng mga ito na pag b-blame na binasa nya si Brena.
Her plan of revenge is set naghihintay na lang sya ng tamang time.

"Gela!" kasabay ng pagtawag sa pangalan nya ay paghila sa kanya patayo at pagyakap sa kanya ng mahigpit.

Hindi nya na kita ang mukha ng yumakap sa kanya pero kilala nya na kung sino ito.

"Gusto mo na bang mamatay?" bulong nya.

Tumawa si Brent at kumalas sa pagkakayakap sa kanya.

"No I dont want." natatawang sabi nito but his smile is sad.

Tinaasan nya ito ng kilay.

"Problema mo. Limang araw kang missing in action tapos papakita ka sakin ng problemado."

Kinurot ni Brent ang pisngi nya.

"You really did know me."

Tinabig nya ang kamay nito, nang mapatingin sya kay Dylan, madilim na ang mukha nito.

Binigyan nya ito ng nang-aasar na ngisi.

"Sing for me Angela." si Brent habang inaabot sa kanya ang gitara na dala nito.

So he's really sad.

Kababata nya si Brent, alam niya ang lahat ng tungkol dito kung kelan ito malungkot kung kelan ito masaya at kung kelan ito problemado.

Kapag problemado ito gustong-gusto nito na kinakantahan. May dating kumakanta para rito. Dati. Ngayon tulad nya, it's complicated din amg buhay nito.

...and he too, knew her. Kung ano ang gusto nya at kung sino ang magpapasaya sa kanya.

...because kung sya ay iniwan ng boyfriend ito naman ay nawalan ng bestfriend, iisang tao ang parehong nang-iwan sa kanila. Pero si Brent dalawang tao ang nawala sa kanya, kaya naman silang mga naiwan ang nagdamayan ng mga panahon na sobrang sakit ng lahat.

Bigla syang hinawakan ni Brent sa bewang at pinaupo sa table nila.

Naupo ito sa upuan nya kanina at humawak sa hita nya at umub-ob sa mesa.

Iyong mga kasama nya sa table ganito nanlaki ang mga mata.
Pati ang ilang estudyante ay nagulat.

"Sila ba?"

"Oh my God sila na ni Brent naunahan na ko ng transferee na yan."

"Bagay sila the Bad boy and the Bad Girl." si Reina na bakas ang pang-aasar sa tinig.

Hindi na nya nilingon ang mga ito at kahit si Dylan ay di na nya tinignan.

"Sing please Angela." mahinang bulong ni Brent.

As he said that ipinikit nya ang mga mata at nagsimulang tumipa.

"**That Should Be Me"**

By Justin B

? Everybody's laughing in my mind Rumors spreading 'bout this other guy?

Lahat ng estudyante ay napahinto sa pagkain at napatingin sa kanya.

Samantalang sya, nakapikit lang at dinadama ang kanta.

? Do you do what you did when you
Did with me?
Does he love you the way I can?
Did you forget all the plans
That you made with me?
'cause baby I didn't
That should be me

Holdin' your hand
That should be me
Makin' you laugh
That should be me
This is so sad
That should be me
That should be me
That should be me
Feelin' your kiss
That should be me
Buyin' you gifts
This is so wrong,
I can't go on,
Till you believe that
That should be me
That should be me ?

Everytime she sang the words 'That Should be Me' pinapalo ni Brent ang mesa. Pagpalo na nasa tono at sumasabay sa beat ng gitara nya. Its like adding an exclamation point in that word everytime she sing it.

? You said you needed a little time
For my mistakes
It's funny how you use that time
To have me replaced
But did you think that I wouldn't
see you out at the movies
What you doin' to me
You're takin' him where we used togo
Now if you're tryin' to break my
heart
It's working 'cause you know that
[Chorus:]
That should be me
Holdin' your hand
That should be me
Makin' you laugh ?

Sina Maelyn at ang ilang kasama nya sa mesa ay nakipalo narin everytime she said that should be me. Hanggang ang ilang estudyante ay sumabay narin, making the room so noisy but nangingibabaw parin ang boses nya.

?That should be me
This is so sad
That should be me
That should be me
That should be me
Feelin' your kiss
That should be me
Buyin' you gifts
This is so wrong,
I can't go on,
Till you believe that

That should be me

I need to know, should I fight for
love or disarm
It's getting harder to shield
This pain in my heart Oh oh... ?

Then she open her eyes and look at to Dylan.

?That should be me
Holdin' your hand
That should be me
Makin' you laugh
That should be me
This is so sad
That should be me
That should be me
That should be me
Feelin' your kiss
That should be me
Buyin' you gifts
This is so wrong,
I can't go on,
Till you believe that
That should be me
Holding your hand
That should be me
The one making you laugh, oh baby
That should be me
That should be me giving you
flowers
That should be me
Talking for hours
That should be me,
That should be me
That should be me
Never should've let you go
I never should've let you go
That should be me
Never should've let you go
That should be me
Never should've let you go
I never should've let you go
That should be me ...?

And when she finished. Katahimikan lang muna ang namayani...

Hanggang sa...

"Woooo...you're really that good Gela." si Brent na tumayo.
"You can really soothed me, thanks." as he said that nagulat na lang sya ng bigla sya nitong halikan ng smack sa mga labi.

Bahagyang nanlaki ang mga mata nya.

Pero ng makita nyang sinusundan ng tingin ni Brent ang babaeng janitress na papalayo, naintindihan nya na kung bakit nito ginawa yun.

"Ouch!" daing ni Brent ng batukan nya.

"Sira ulo ka talaga." she said. "Kelan mo pa sya nakita?"

Tumingin ito sa kanya.

"Bakit pakiramdam ko alam mong nandito sya."

She smirked. " I saw her in my second day."

"and you didnt tell me!" gulat na sigaw ni Brent.

"Gantihan lang yan pre. Tulad ng ginawa mong di pagsabi sa akin that you already found him." she crossed her arms.

Napakamot naman ito ng ulo.

"Aisssh...oo na, di talaga kita maisahan. Anyway I got to go may plano pa ko na dapat gawin at sa baka bigla nalang bumulagta ako rito sa talim ng tingin sa akin ng isa dyan." bulong nito na pasimpleng tinignan ang gawi nila Dylan.

Hindi naman sya tumingin duon

"Bye Gela and thanks." lumakad si Brent papalabas ng canteen.

"Thanks is not enough how about ilibre mo ko? A Jack Daniels will do." nasa tapat na ito ng pinto kaya isinigaw nya iyon.

Lumingon naman si Brent nakangisi.

"Oh sure babe. Lets go bar hopping mamaya isama mo ang tropa."

"Cool."

Nang makalabas na ito ng canteen, umiling-iling na bumaba sya ng mesa para umupo at ipagpatuloy ang pagkain pero bago iyon napatingin sya kay Dylan.
And what she saw make her skin crawled.

Salubong na salubong ang kilay nito at namumula ito sa galit.

Ang mga katabi nito ay takang-taka na nakatingin sa binata.
Kung nakakahiwa ang tingin kanina pa sya hiwa-hiwa.

Pero imbes na matakot, ngising aso ang biniga nya rito.

"Sorry Ylan but I need to do that." bulong nya sabay iwas ng tingin dito.

~???

****

Thanks for reading voting at pagc-comment have a good day everyone:-)

Helliza Sabida

12202017tbu 8:08

15. Kidnap ?

Enjoy;-)

Para kay ms.cookie223 sila po si Dylan at Angela...
Cookie is one of my loyal fan... I'm so grateful bhe maraming-maraming salamat?.

Sayo sino si Dylan at Angela?? Message your answer here in watty or in my fb:helliza sabida?.

*****

"**Sa tingin mo okay lang sya." bulong ni Quincy kay Gelo habang nakatingin silang pareho sa nakakunot noong si Dylan na nakaharap sa computer.**

Mula pa kanina. Matapos ang eksena ni Brent at Angela sa canteen mainit na ang ulo ng binata.

Bihira nila itong makitang galit talaga, at sa mga bihirang pagkakataon na yon talagang nakakatakot ang binata pag nagagalit.

Nagkibit balikat naman si Gelo.

"I dont know? Basta ako hindi muna ako haharang sa daan nya mahirap na baka ako ang mabugahan."

Mahinang napatawa si Quincy.

Pero nagtataka talaga sya kung ano ang ikinagagalit ng binata.

Okay naman ito kanina. Ang sweet pa nga nito kay Brena.

Nagbago lang ito ng dumating si Brent at biglang yakapin si Angela.

Kahit sya nagulat dahil mukhang may relasyon ang dalawa, na para rin namang wala kasi nang kumanta si Angela, pakiramdam nya talaga si Dylan ang kinakantahan nito.

Lalo na ng mga huling part na nagmulat ng mga mata si Angela at hindi na inalis ang tingin kay Dylan.

And when Brent kissed Angela nagbuga na talaga ng masamang aura si Dylan. Hindi nya talaga maintindihan kung ano ang relasyon ng dalawa.

Nabalitaan nya ang nangyari four days ago, iyong binangga ang sasakyan ng mga ito. At four days ago narin na hindi nagpapansinan ang dalawa.
But when Angela's around napapansin nya na mas extra sweet si Dylan kay Brena. Gusto tuloy nyang isipin na pinagseselos ni Dylan ang babae.

Naguguluhan talaga sya sa storya ng dalawa.

Biglang nag ring ang cellphone ni Gelo.

Dahil busy sila sa pagbubulungan ay nagulat ito dali-dali namam nitong sinagot iyon, yon nga lang napindot nito pati ang speaker ng cellphone.

"Hoy Jose Angelo. Kita tayo sa Zxy mamaya, baw-" dalidaling tinanggal ng binata sa pagkaka-loudspeaker ang tawag pero sandali lang nya na narinig ang aboses ng kausap nito, ang mga mata nya nanlaki dahil nabosesan nya ang tumawag rito.
Sure syang boses ni Angela ang narinig nya.

"O-oo sasama ako, syempre... hahaha oo na... I'm dead... yeah dito sa SG room. Ganon... oo na ikaw lang naman ang ayaw magsabi.....yeah yeah right." tumawa pa ito. "Fine see you Ge Bye."

"Hey Gelo tama ba ako si Angela ba ang kausap mo?"

"Ah eh..."

"Its Angela." sabay pa kami napatingin kay Dylan nang magsalita ito.

Nakakatakot...kung madilim na ang aura ni Dylan kanina mas madilim ngayon, ang talim kasi ng tingin nito kay Gelo.

"Yes si Angela nga iyon." Ulit ni Gelo.

"Wait bakit may number ka nya at bakit kung mag-usap kayo para kayong matagal nang magkakilala?" takang tanong nya?

Napakamot naman ito sa batok pagkatapos ay napatingin kay Dylan. Mukhang natatakot ito na magkamali ng sasabihin. Kahit naman sino matatakot magkamali ngayon sa harap ng SG president, mukha kasing handa ng mangain ito ng tao.

"Ahmm actually sa London pa lang magkakilala na kami, alam nyong hindi ako dito naghighschool right.? Schoolmate at classmate ko sya noon."

"Eh bakit parang di kayo magkakilala hindi ko pa nga kayo nakikitang nag-uusap dito sa school?" tanong nya.

Nagkibit-balikat si Gelo.

"Gela's want. Di ko alam kung bakit, but sinusunod ko nalang masamang ginagalit iyon... masakit manapak." fondness was evident in Gelo'd voice, obvious na close silang dalawa.

Si Dylan lalo naman na nagdilim ang mukha pero hindi nagkomento.

"Anong sabi nya?" tanong ni Dylan.

"Ha eh... Sinasama nya ko magbar mamaya."

"Nagbabar ka?" gulat nyang sabi. Hindi pa kasi nya nakikitang nagbabar si Gelo ang pagkakakilala nya rito ay isang straight A at goodboy student.

Tumawa ito. "Oo naman palagay mo sakin."

Nagulat talaga sya sa pagkukumpirma nito pero mas nabigla sya ng sabihin ni Dylan ang mga katagang...

"Fine sasama ako. Sabihin mo sa kanya."

Anong nangyayari si Dylan the good boy, the model student, ang SG president magb-Bar!
Hindi sya makapaniwala.

****

Ibinaba ni Angela ang tawa at inilagay sa bulsa nya, si Gelo ang kausap nya kanina.

"Lagot kang Gelo ka." She whisphered.

Nang sabihin ng binata sa kanya na "I'm Dead." Nasisigurado nya na kasama nito si Dylan at malamang narinig ng binata ang pinag-usapan nila.

Nagkibit balikat na lang sya.

Kayang kaya naman ni Gelo ang sarili.

Naglalakad na sya papunta ng next subject nya nang marinig nyang isinigaw ang pangalan nya.

"Angela!"

Nang lumingon sya si Maelyn at Daniella ang papalapit sa kanya. Parehas na humahangos ang dalawa.

"Oh nagm-marathon ba kayo?"

"Marathon talaga Gela. Di ba pwede tumatakbo lang?"

Nginisihan nya si Maelyn.

"Alam ko na kung paano natin matutulungan magkapera si Daniella."

"Paano?"

"Dito."

Itinaas ni Daniella ang hawak na maliit na foster.

Clifford University Grand Dance Contest.

"Sasali tayo dyan"

"Ahmm...eh... oo, gusto sana namin magsign up marunong naman kami sumayaw ni Dani sa tingin ko marunong ka rin naman, kung papayag ka sasali kami."

"Its said atleast 6 member and up." sabi nya.

"O-oo nga pero bahala na kung sino pa ang i m-member natin basta kung papayag ka mag sa sign-up na kami."

"At kung di ako pumayag?"

Natigilan silang dalawa pagkatapos ay nagtinginan.

Ang excited na mukha ni Maelyn at Daniella ay napalitan ng lungkot.

"K-kung a-ayaw mo di h-hindi na lang kami sasali. A-alam mo n-naman na ikaw ang nagpapalakas ng loob namin." si Daniella.

"I-iisip na lang kami ng ibang p-paraan."

Nginisihan nya ang mga ito.

"Then ano pa ang hinihintay nyo let's go." tinalikuran nya ang dalawa.

Wala naman nagawa ang dalawa kundi malungkot na tinapon ang foster sa basurahan at sumunod sa kanya.

"Mag sign up na tayo."she said, napahinto ang dalawa sa paglalakad.

"Ha?" sabay pa nilang sabi natukala sa kanya.

Hinarap nya ulit ang mga ito.

"Ano nganga nalang kayo sakin, di na tayo mag s-sign up?"

Nagulat si Angela ng tumitili ang dalawa at bigla syang yakapin.

"Waaaa thank you Gela. Anghel ka talaga namin." si Daniella.

"We love you Ge."

Natatawang tinulak nya ang mga ito.

"Be thankful dahil hindi pa ko nakakahanap ng mapagtritripan hindi pa ako busy at may oras pa para sa ganito ." she said sabay talikod masaya namang sumunod sa kanya ang dalawa.

****

"**Bakit hindi p-pwede." nagtatakang tanong ni Maelyn habang nakatingin kay Janice at Teresa na namamahala sa mga sasali sa Dance Contest.**

"Duh tinatanong pa talaga nya Janice o. Hoy baboy di pa ba obvious." singit ng isang babae na miyembro yata ng Cheering squad at mas naunang nagpalista sa kanila.

Sila ang huli sa nagpapalista dahil itinutulak sila sa dulo ng mga sasali din.

Si Angela, hindi nila kasama dahil nakatanggap ito ng tawag habang papunta sila dito kaya pinauna sila nito.

"Oo nga hindi pa ba obvious." si Janice.

"Bakit nga hindi pwede?" si Daniella.

"Well... well... look kung sino ang nakita kong sasali sa dance contest isang nerd at isang Pig." napalingon Maelyn at Daniella kay Reina na nasa likod nila.

"Tabi nga dyan baklang kabayo." itinulak nya ang isang baklang nagpupulot ng mga tinatapong papel nina Janice.

Hiningi ni Reina ang listahan kay Janice at nagsulat doon.

Reina's Crew.

Iyon ang sinulat nito roon. Inilista rin nito ang mga member nito in all capital letter.
Malalaki ang ang pagkasulat nito sinakop ang buong listahan hanggang sa wala nang masulatan.

"Oh. Pano yan wala nang pagsusulatan ng pangalan nyo." Kunwari ay nagulat na sabi Reina.

Nagtawanan ang mga naroon.

"Mabuti pa, bakit hindi nyo nalang tulungan si Baklang kabayo na magpulot ng papael at sa araw ng contest kayo narin ang magpulot ng basura." si Janice.

"Yeah right. A nerd, a pig and a horse janitor bagay na bagay, dapat dun nalang kayo magsign up. Sa pagiging isang janitor." si Reina.

Walang nagawa sina Maelyn at Daniella kundi ang mapayuko at mangilid ang luha. Pati ang baklang pinapahiya din ng mga ito ay walang nagawa kundi ang mapayuko rin.

"Excuse me." napasigaw si Reina nang may tumabig dito. Sa lakas ng pagkakatabig ay plakda ito sa basurahan na pinagtatapunan ng papel ng balang tinutukso nito.

"Oh I'm sorry, akala ko poste na gagamitin sa dance contest, sorry ha." and then she smirked.
Ang ngising iyon ang nagbigay ng pag-asa sa dalawa.

"Angela!" si Maelyn.

"Nakapag sign up na ba kayo?" she asked.

"H-hindi pa."

"Hindi pa? Ganon ba kahirap magsulat ng pangalan ha Maelyn at hindi nyo magawang magpalista?"

"Eh k-kasi h-hindi daw kami pwede sumali."

Nagsalubong ang kilay ni Angela. Nakadama tuloy ng takot ang dalawa.

"At bakit?" tanong ni Angela na kay Janice na nakatingin.

"Its because saan ka nakakita ng sumasayaw na nerd at baboy sa stage. Ang aambisyosa naman nila kung sasali sila. At wala silang panama sa amin bakit hindi mo nalang sila iialis dito at nakakasira sila sa paningin." si Reina ang sumagot na nakabangon na.

Binalingan ito ni Angela.

"Hindi parin ako nakakakita ng sumasayaw na poste...kung nagkataon ikaw pa lang." Sabi niya

Nanlaki ang mga mata ni Reina sa sinabi ni Angela.

Napatawa naman si Daniella Maelyn at ang Bakla sa sinabi ng dalaga.

Sinabi pa ito ni Angela ng walang tono ng pang-aasar.Bagkus she she said it in a way na parang nagsasabi lang ito ng tamang sagot sa recitation.

"You-"

"Pwede ba di kita kinakausap." dumukot si Angela sa bulsa at naglabas ng barya na inabot nya kay Reins.

"Ayan wala akong piso sampu lang... bili ka ng kausap mo."

Hindi na napigilan ni Bakla at natawa na talaga ito. Tawa na napahinto ng tignan ito ng matalim ni Reina.

"So sis sasabihin mo na ba sakin kung bakit hindi sila pwede magpalista? Pero kung ang rason mo lang ay ang rason din nya. Then let me say this alam mo bang nabobored ako, parang gusto kong magpintura ng kotse. Gusto mo bang pinturahan ko yong bago mong sasakyan?"

Nanlaki ang mga mata ni Janice sa sinabi nya.

"Ah eh...hindi sila pwede k-kasi puno na iyong listahan t-tama puno na itong listahan." natatarantang sabi nito.

Tinaasan ito ng kilay ni Angela.

"Iyon lang ba? Ako maglilista." hinila nya ang pulang pentel na hawak ni Teresa at nagsimulang magsulat, duon mismo sa ibabaw ng mga pangalan ni Reina.

The Outcast.

Nilista nya ang pangalan ni Maelyn, Daniella, Julia, Jake at Clent.

Tinignan niya ang bakla na nakatingin sa kanya.

"Anong pangalan mo?"

"Ha?"

"I'm asking what's your name?"

"Eh..Carlos."

Sinulat nyarin ang pangalan nito, then lastly her name.

"O ayan diba kasya na."napailing sya. "People naturingan kayong mga officer, simpleng problema lang di nyo masolusyunan."

Binalingan nya sina Maelyn at Daniella na natulala na yata sa kanya.

"Tara na guys."

Natauhan naman ang mga ito at mabilis na sumunod nakakadalawang hakbang palang sya ng huminto sya at lumingon ulit. Nahuli nya pa ang matalim na pagtitig nina Reina.

"Hey Carla di ka paba susunod?" tanong nya kay Carlos.

"A-ako?"

Nagkunot sya ng noo.

"Bakit may iba pa bang Carla dito."

Nagliwanag bigla ang mukha ni Carlos.

Iniabot nito ang hawak na plastic na pinaglalagyan nito ng papel kanina kay Janice.

"Sayo nayan teh Gora na me." at mabilis itong lumapit sa kanya.

Bago tumalikod nginisihan nya muna ang mga naroon bago sumaludo.

*****

Walang pakialam sa mga tumititig sa kanya, na naupo si Angela sa stool sa may bar counter.

Nasa ZXY sila, isang kilalang bar sa San Nicholas.

Kasama nya si Brent at ang ilan pang kaibigan nila.

Kanina kasama nya lang na nagsasayaw ang mga ito tapos biglang umalis si Brent nang makita si Yanna na nagseserve as a waiter duon.

Isinama nito ang babae na basta lang nitong hinila palabas.

Ang ilan pa nyang mga gagong kaibigan ay nakipagsayaw sa iba.

Kaya heto sya ngayon umiinom mag-isa.

Maingay sa loob. Ingay dmna hindi niya pinapansin, sige lang sya sa pag-inom.

Mayamaya pa naglabas sya ng sigarilyo at sinindihan iyon.

Hindi sya chain smoker.

She only smoke kapag nag-iisip sya ng malalim.

Nakakailang hithit palang sya doon ng biglang may nag-alis ng sigarilyo sa bibig nya kasabay ng paglayo ng basong -iniinuman nya.

"Kung masama ang alak sa katawan. Mas masama ang sigarilyo." ang mariin na sabini Dylan.

Tinaasan nya ito ng kilay.

"Gela." lumapit naman sa kanya si Gelo at humalik sa noo nya.

"Late ka Jose Angelo." she said hindi nya pinansin si Dylan na lalong nagdilim ang mukha sa ginawang paghalik sa kanya ng kaibigan.

"Hehehe sorry."napaunat naman ng tayo si Gelo. Nakita nya kasi ang pagtalim ng tingin sa kanya ni Dylan.

"Hi Gela." si Quincy.

"Hindi ko alam may relasyon pala kayo ng stepsis ko Gelo." taas kilay na sabi ni Janice.

"Ayos ah may meeting ba ang SG dito. Hindi nyo sinabi pinagreserve ko sana kayo ng mesa." she said while smirking.

Si Dylan, Quincy, at Brena ang kasamang dumating ni Gelo.

Inagaw nya ulit ang baso kay Dylan at tinungga ang natitirang laman noon. Kumuha ulit sya ng sigarilyo para magsindi ulit nang bigla syang haltakin ni Dylan patayo.

Her body's become to tingle ng pumulupot sa kanyang bewang ang braso nito at bumulong ito malapit sa tenga nya.

"Dont test my patient Angel. Kanina pa ko nagtitimpi sayo. Ilapit mo lang ulit yang sigarilyo at alak sa labi mo sisiguraduhin ko na di mo magugustuhan ang gagawin ko." she shivered when she felt his breath on the sensitive part of her ear.

Nagtayuan ang mga balahibo nya sa braso na di nakaligtas sa pansin ng binata.

Napangiti ito.

"Yeah Gela, Dy is right its bad for your health." singit ni Brena.

Tinaasan nya ito ng kilay. Obvious na nagpapansin ito para makuha ang atensyon ng binata.

Lumayo sya kay Dylan.

"Ba't nagsama ka ng Gwardya sibil dito." sabi nya kay Gelo.

"Ah...eh."

Pinaikutan nya nalang ito ng mga mata.

"Uwi na nga lang tayo di na ko mag-eenjoy dito."

"Wait asan ang iba?" si Gelo.

"Malay ko. Nakakita lang ng babae ang mga iyon bigla nalang nag disappear. Oh sabi ni Marco he will get laid daw,sya lang ang nagpaalam. Iyong iba mukhang libog na libog na di na nagpaalam eh." gusto nyang matawa ng nagsinghapan sina Brena, Quincy at Janice. Si Dylan naman tumalim na naman ang tingin sa kanya.

Bigla syang pinitik sa noo ni Gelo.

"Bibig mo babae."

Sinamaan nya ito ng tingin.

"Do you wanna die?"

Itinaas naman ni Gelo ang kamay bilang pagsuko.

She smirked hinawakan sa kamay si Gelo.

"Tara na." hinaltak niya ito palabas.

Ramdam nya ang pagsunod nina Dylan sa kanila.

****

"**Bitawan nyo ko." napahinto sa paglalakad si Gelo at Angela ng marinig ang pamilyar na boses na iyon.**

"Si Ms. De Guzman ba iyon?"

Si Ms. De Guzman nga.

Hawak ito ng mga lalaki at pilit na pinapasakay sa loob ng isang van.

Kumunot ang noo nya.

Pamilyar sa kanya ang mga lalaking pumipilit dito.

Ito iyong mga lalaki na sakay ng sasakyan na bumabangga sa kanila ni Dylan.

"What the-" nagulat sila ng biglang suntukin ng isang lalaki si Ms. De Guzman dahilan para mawalan ito ng malay.

Awtomatikong kumilos ang katawan nya papalapit sa mga ito.

But someone beat her to do that.

Mabilis na nakalapit si Dylan sa mga ito.

"Anong ginagawa nyo?" tanong nito

Mabilis naman silang nakalapit din.

"Ramos?" gulat na sabi Brena ng makilala ang sumuntok kay Ms. De Guzman.

"Well well tignan mo nga naman hindi ko na pala kailangan hanapin sa loob C.U ang mga SG kusa na kayong lumapit." sabi ng Ramos.

"Anong kalokohan na naman ito Ramos?" si Dylan.

"Maniningil ako ng pautang."

Bago pa may nakapagreact sa kanila nahampas na ng kahoy sa ulo si Dylan at Gelo.

Kahit sya nakaramdam ng sakit sa ulo.

Narinig nya pa ang sigaw nina Quincy bago sya tuluyang magdilim ang paligid at mawalan sya ng malay

~???~

****

H/N

Thanks sa pagbabasa sa magkokomento at boboto.

Thank you

Helliza Sabia
13182017tbu 19:05

16. Kidnap 2 ?

Napamura si Dylan sa sakit ng ulo ng magising, nakahiga sya sa maruming sahig ng isang lumang bahay. Katabi nya si Gelo na agad nyang ginising.

"Wake up Gelo." bahagya nya pang tinapik ang pisngi nito.

Umungol muna ito bago nagmulat ng mga mata.

"Shit what the-?" dalidali itong umayos ng upo nakahawak parin sa ulo at nililibot ang tingin sa paligid bahagyang nanlaki ang mga mata nito ng makita si Quincy na nakahiga din.

Nilapitan nito ang babae at ginising.

Si Brena naman ang ginising nya dahil ito ang nasa tabi nya.

"D-Dylan." inalalayan nya itong umupo.

"N-nasaan tayo?" may bahid na takot ang boses nito. Mabilis na yumakap sa kanya.

Nagising narin si Ms. De Guzman at tulad nina Brena may bakas ng takot ang mukha nito.

Bigla syang natigilan ng may naalala.

"Where is Angela?" si Gelo nagsatinig ng nasa isip nya.

Mabilis nyang inilibot ang tingin and his heart skipped a beat ng makita nya si Angela.

Nasa isang panig ito ng bahay at walang malay.

Nakatakip ang buhok nito sa mukha kaya di nya makita kung may sugat i*to.*

"But why she's not waking up?" mabilis syang tumayo para lapitan ito.

To check if she's ok and no any injury.

He want to hold her para itago ito sa mga ano mang masamang mangyari.

His protective instinct toward her is so confusing hindi nya alam kung saan nanggaling.

Basta ang gusto nya lang mahawakan ito at maitago sa likod nya.

Ngunit bago pa man sya makatayo at makalapit dito biglang bumukas ang pinto at mula doon pumasok si Ramos kasunod ang labing limang tauhan nito.

"Long time no see guys." nakangising bati nito.

"What is the meaning of this Ramos?"--Dylan.

"Matalino ka naman diba? Kay alam mo ang ibig sabihin nito."

"Gagantihan mo kami."si Gelo.

"Actually dapat si Ms. De Guzman lang pero dahil ininis nyo ko isasama ko nalang kayo." tumawa ito.

Ace Ramos. Dating estudyante ng Clifford isa ito sa mga estudyanteng pasaway.
Adik din ito at laging nasasabit sa gulo.

Na kick out ito sa C.U ng mangharass ito ng estudyante sa klase ni Ms. De Guzman.

Pinaglaban ni Ms. De Guzman na mapaalis ito. Na nangyari naman.

Ngunit bago ito umalis ginantihan muna nito ang guro nila.

Noon naman nakialam silang mga taga SG.

Nang saktan nito si Ms. De Guzman ay nilabanan nila ito.

Dahil mas malakas na bugbog ang lalaki at naipakulong nila.

And now he's back for revenge.

Napasulyap si Dylan kay Angela na wala paring malay.

Kahit papano nagpapasalamat sya na ganiyang ang babae, hindi ito mapapansin ng mga loko-lokong ito.

"What makes you think na magagantihan mo kami sa ganitong paraan?" si Gelo. Nagtatago sa likod nito si Quincy habang nakatago naman sa likod nya si Brena at Ms. De Guzman.

"Hahaha akala nyo ba sasaktan ko lang kayo. At akala nyo ba hindi ko alam na kayang kaya nyo kami, kahit dalawa lang kayo. Hindi ako tanga." sinenyasan nito ang isa sa mga kasama nito na naglabas ng videocam.

"Alam kong magkakaroon ng event sa C.U. At alam ko rin na may darating kayong mga bisita. Nabalitaan ko din na ayaw ni Mrs. Capili na masangkot sa gulo ang C.U. But how about this. Ang mga pinagkakatiwalaan nyang SG pa ang nasangkot at dudungis sa imahe ng eskwelahan nila. Diba exciting." tumawa pa ito ng malakas.

"You're insane." si Brena.

Napaatras ang babae ng tignan ito ng masama ni Ramos.

"Naiinis ako sayo babae ka. Napaka-arte mo. Pintasera at santa-santita." napasigaw si Brena ng hablutin ito ni Ramos.

"Dont touch-"

Napasigaw si Quincy at Brena ng bigla suntukin ni Ramos si Dylan, aktong gaganti sya ng...

"Nakalimutan ko bang sabihin sayo Santiago na ang video nayan ay awtomatikong nag-a-upload sa social media ko at lahat ng estudyante ng C.U ay naka tag, kapag lumaban ka sakin makikita ng buong C.U na basagulero rin ang president ng SG nila."

"Bitawan mo sya." kuyom ang kamao na sabi ni Dylan.

"Ano ako bale uunahin ko muna ito, maganda ka panaman Brena pwede ka narin."

Napasigaw si Brena ng aktong hahalikan sya ni Ramos.
Halik na hindi natuloy ng may pumailanlang na boses.

Boses na nagpahinto sa pagtibok ng puso ni Dylan.

"Shit! Sinong loko-loko ang humampas sa ulo ko." si Angela na unti-unting tumatayo habang nakahawak sa ulo.

Dylan want to go to her. Bakit ba kasi nagising ito kaagad, ngayon nakuha na ng babae ang pansin ng mga kalaban nila.

Bago pa man nya ito malapitan ay napatingin na rito si Ramos.

"Siya!" biglang sumigaw ang lalaking may hawak ng videocam ng makita si Angela. Ngayon lang nila na pansin na puro pasa at sugat ang mukha nito.

"Anong sya Danny?"

"Bossing sya yung babaeng sumapak na sumapak sakin kaya kami nabangga."

"Shit na." bulong ni Dylan ng biglang lapitan ng isa sa mga kasamahan ni Ramos si Angela at hilahin papalapit kay Ramos.

*****

Masakit ang ulo ni Angela ng magising. Nang imulat nya ang mga mata. Kitang-kita nya ang pagsuntok ng isang lalaki kay Dylan.

Naningkit ang mga mata nya.

Tumayo sya at nagsalita dahilan para mapunta ang pansin ng mga ito sa kanya.

Nakilala sya ng gagong nagdradrive ng kotseng bumangga sa kanila noon.

Pakaladkad syang inilapit ng isang lalaki sa harap ng lalaking sumuntok kay Dylan.

"So ikaw ang dahilan ng kung bakit nasira ang kotse ko." Si Ramos.

"Alin iyong panget na sasakyan mo? You must thank me dahil tinulungan pa kitang mapa- junk shop ang bulok mong sasakyan."

Nanlaki ang mga mata ng lalaki sa sinabi nya. Sa pagkakaalala nya tinawag itong Ramos ni Gelo.

"Who are you?" tanong nito.

Hindi nya ito pinansin at napatingin kay Dylan bago kay Gelo.

"Where's Janice?" tanong nya.

"N-nakita ko syang nakatakbo Angela."si Quincy na nanlaki ang mga mata ng sambunutan sya ni Ramos. Hawak parin nito si Brena.

"Bitawan mo sya Ramos." galit na sabi ni Dylan lalo pang nagalit ito ng makitang napapikit sa sakit si Angela

"Kinakausap kita."

Shit mabubunot yata lahat ng buhok nya.

Napatingin naman si Ramos kay Dylan.

"Sa tingin mo sino uunahin ko sa kanila Santiago. Itong si Brena o itong Si blue eyed?"

"D-dylan." umiiyak na tawag ni Brena sa binata.

"Dont cry Brena. Hindi ko hahayaan na may mangyaring masama sayo." Sabi ni Dylan.

Kumirot ang dibdib ni Angela sa narinig.

"Sinabi ko na sayo Santiago kapag lumaban ka makikita ng lahat na nakikipag-away ang SG." Kumuyom ng mariin ang kamao ng binata.

Biglang itinulak ni Ramos si Brena, mabilis naman itong sinalo ni Dylan.

"Sya muna ang uunahin ko mas mukha syang masarap kesa sa syota mo."

Nagtama ang mga mata nila ni Dylan habang yakap-yakap nito ng mahigpit ni Brena.
Nabasa nya roon ang takot sa maaring mangyari sa kanya.

Napangiti sya ng mapait.

Nag-aalala si Dylan ngunit iba naman ang yakap nito.

"Bitawan mo ako." malamig na sabi nya kay Ramos.

"Gaga ka ba bakit naman kita bibitawan?"

"Ang baho kasi ng hininga mo kaya pwede ba lumayo ka sakin."

Nanlaki ang mga mata ni Ramos sa sinabi nya.

Napabiling ang mukha nya pakanan ng sampalin sya nito.

"Fuck you Ramos!" mura ni Dylan na aktong susugod. Ganon din si Gelo ngunit mabilis na napigilan ang dalawa ng mga kasama ni Ramos.

"So lalaban talaga kayo. Mas maganda mas masisira ang eskwelahan nyo."

Binalingan sya nito.

"Come here baby I'm going to bring you to heaven."

Kamao nya ang sumalubong sa nguso nito.

Gulat na gulat si Ramos pati na rin ang mga kasama nito.

Sina Dylan ay ganon din ang naging reaksyon.

"You! Tapos na ang magandang reputasyon ng eskwelahan nyo." Galit na sabi ni Ramos.

Isa pang suntok ang pinakawalan nya. Natumba na ito.

"Ulol kahit saang social media mo pa ipost yan, I dont care, and FYI hindi nila ako member so pwedeng-pwede kong gawin lahat ng gusto ko. "

"Ang tapang mong babae ka." sinenyasan ni Ramos ang mga kasama.

Naramadaman nyang may humawak sa braso nya.
Sinalubong nya iyon ng sipa.
Pati narin ang ibang lumalapit sa kanya kamao at paa nya ang sumalubong sa mga ito.

Si Dylan mabilis na lumapit sa kanya hawak parin nito si Brena na hindi bumibitaw dito.

Sinuntok ng binata ang lalaking dapat ay susuntok sa kanya.

Maging si Gelo ay lumaban narin.

Tawa naman ng tawa si Ramos na sya nang may hawak sa videocam.

"Sige lang...pagtapos nyo dyan sirang-sira na ang eskwelahan nyo!"

"Ahhh!" sigaw ni Brena ng may humila sa buhok nito.

Mabilis naman itong tinulungan ni Dylan. Yumakap naman si Brena sa binata ng makawala ito sa may hawak dito.

Nakatalikod ang binata kay Angela kaya hindi nito napansin ang isang lalaki na may hawak na kahoy na hahampasin ito.

Nakita nya iyon. Kusang kumilos ang katawan nya.

Walang pagda-dalawang isip na iniharang nya ang sarili para protektahan ang binata. Tumama ang kahoy sa likod nya.

"Aw shit!" Napaluhod sya dahil sa sakit.

Nilingon sya ni Dylan at nanlaki ang mga mata nito.

Napapikit sya sandali bago mabilis na tumayo, umikot at sinipa ang pumalo sa likod nya.

"Pwede ba mamaya na kayo maglambingan, nasa gera tayo." Angil nya sa mga ito.

"A-Angela."

Hindi niya pinansin ang pagtawag ni Dylan. Bagkus ay tumalikod sya, huminga ng malalim para pamanhirin ang pakiramdam ng hindi niya mapansin ang kirot na nagmumula sa kanyang likod.

Napaunat naman ng tayo si Dylan ng makita ang likod ni Angela, dumudugo iyon.

"Napipikon na ko sa inyo." Inis na sabi ng babae at basta na lang binigyan ng flying kick ang lalaking pasugod sa kanya.

Tatlong suntok pa ang pinakawalan ni Angela bago makarating sa harap ni Ramos.

"Bukas viral na kayo." Tumatawang sabi ni Ramos sa kanya na patuloy sa pagkuha ng video.

Ngumisi sya, saka tiniignan ito ng buong kalamigan.

Unti-unti naman na huminto sa pagtawa si Ramos, habang nakatingin sa mga matang asul ng babaemg kaharap.. Unti-unti syang nakadama ng pagkailang. At ayaw man nyang aminin nakakadama na sya ng takot.

"I'm giving you five second to stop and lower that down." Angela said na ang tinutukoy ay ang videocam na hawak ni Ramos..

"Anong gagawin mo sa akin kung hindi ko gagawin? Oo nga magaling kang makipaglaban pero ano ang laban mo dito?" Nakangisi si Ramos habang nilalabas ang isang kutsilyo. "Lumapit ka't magkakaroon ka ng butas sa tagiliran."

Napatigil ang lahat at napatingin sa kanila.

Si Dylan napahakbang papunta sa dalawa pero napatigil ng may inilabas si Angela sa body bag na suot.

Namilog at nanlaki ang mata ng lahat.

Naglabas kasi si Angela ng baril. Iyong baril na lagi nyang dala simula ng dumating sya ng Pilipinas.

Napaatras si Ramos. Lalo na ng ikasa nya ang baril.

"Angela." Si Dylan na dahan-dahan na lumapit sa kanya.

"Akala mo ba m-matakot ako sayo. Ikaw na ang star ng show na'to. Mukha mo na ang nasa harap ng camera, at sigurado ako na makikita nilang lahat ang mukha mo."

"So?" Bored na sabi nya.

"Hindi ka ba natatakot na mahuli ng pulis at makulong?"

"A few nights in jail don't bother me, kahit pa abutin ako ng taon sa loob okay lang sa akin. Ikaw handa ka na bang mamatay?" She said and asked while smirking.

"Put it down Angela. Damn it baka masaktan ka." Nakalapit na si Dylan at aktong hahawakan sya.

"Ano palagay mo sakin hindi marunong gumamit nito." Hindi nya tinignan si Dylan nakatingin lang sya kay Ramos na namamawis na.

"Hindi mo magagawang iputok iyan."

"Believe me Ramos, kapag nagsalita ka pa at hinamon mo sya. Bubulagta ka nalang dyan. Soaking with your own blood."

Napatingin si Ramos kay Gelo na syang nagsalita.

"Kung mahal mo pa ang buhay mo papatayin mo na iyang videocam." Dagdag pa nito.

"Mamatay tao pala iyang baba-."

Napahinto sa pagsasalita si Ramos at napatili naman si Brena, Quincy at Ms. De Guzman ng magpaputok si Angela.

Sinadya ng babae na hindi ito patamaan. Sa manggas ng damit nito nya pinaraan ang bala.

"Hayop ka babae ka! Sige p-patayin mo ko. I'm very sure na makukulong ka sa kasong murder. L-Lahat ng makakapanood ng video na ito ang magiging w-witness." Matapang na sabi ni Ramos bagamat nauutal na.

Isang nang-aasar na ngiti ang pinakawalan nya.

Kinuha nya ang kanyang cellphone.

"Hello. I want you to deactivate someone's account. Yeah lahat ng account nito. His name..." Tumingin sya kay Gelo na sinabi naman sa kanya ang buong pangalan ni Ramos.

"Ace Ramos. Erase everything, unahin mo ang facebook account nya, especially ang video na dina-download nya. Do it in 10 minutes."

Pagkababa ng cellphone nginisihan nya ulit si Ramos.

"So itutuloy mo pa ba iyang pagkuha mo? Nagsasayang ka lang ng pagod, mabuti pa na tapusin na natin ito para lahat tayo makapagpahinga na. Nagugutom na ako."

"You-!" Ibinato sa kanya ni Ramos ang videocam na tumama sa itaas ng kaliwang mata nya.

Napapikit sya sa sakit.

Sumugod si Ramos para saksakin sya. Ngunit kamao ni Dylan ang sumalubong dito.

Sipa at suntok ang pinakawalan ni Dylan hanggang sa bumulagta si Ramos.

"Isang beses pa, isang beses pa na saktan mo sya sisiguraduhin ko na babaliin ko lahat ng buto mo Ace Ramos." Nakahak sa kwelyo na bulong ni Dylan dito.

Nakadama ng takot si Ramos habang nakatingin sa nanlilisik na mga mata ni Dylan.

"Huwag na huwag mo na kami guguluhin dahil kung hindi, I'll make sure na pagsisisihan mo na nakilala mo ako. Maliwanag ba?"

Sunod sunod ang ginawang pagtango ni Ramos, sa sakit ng katawan na nadarama niya. Ang gusto lang

niyang gawin ay makalayo sa mga ito. Lalo na kay Dylan na nababasa nya sa mga mata na gagawin ang banta sa kanya.

"Walang kikilos ng masama mga pulis kami." Narinig ni Dylan patulak na binitawan nya si Ramos, lumingon sya at ganon nalang ang panlalaki ng mga mata nito ng makita si Angela na tinutulak ng isang pulis padapa , inagaw ng mga ito ang baril saka pinosasan patalikod ang babae.

"Ouch shit! Mamang pulis dahan-dahan naman." Daing ni Angela.

"*Walastik na buhay ito. Kanina pa ako antok na antok. Di ba pwedeng magpahinga na!"* She thought

~???

*****

Si Dylan at Angela para kay Black_cupidz salamat sa pagbabasa:)

H/n

Salamat po sa pagbabasa, sa boboto at magkokomento.

Thank you.

Helliza Sabida

****/* I want Pizza with Calamansi Juice on the side.******

13292017xfe 8:24

17. Angel's Painting

Salamat sa Book cover?

*****

"**Bakit kailangan syang magpalipas ng gabi dito?" galit na tanong ni Dylan sa pulis na nasa harap nito.**

"Because may baril sya sir at wala syang mapakitang papeles to support it. Illegal possesion of firearms po yun."

Humikab naman si Angela mula sa pagkakasandal sa upuan.

Nasa presinto sila ng San Nicholas duon sila dinala ng mga pulis ng mailabas sila sa lumang bahay.

Nakakulong narin si Ramos ngunit hanggang ngayon ay hindi parin sila pinapaalis.

Actually si Angela lang ang hindi pwedeng umalis. Kinukwestyon kasi ng pulis ang dala-dala nyang baril lalo na nang paputukin nya pa iyon.
Ayaw syang palabasin dahil wala syang mapakitang papeles at hindi makapagbigay ng dahilan kung bakit meron syang pag-aari ganon.

Ginalaw-galaw nya ang braso na nangangalay dahil hanggang ngayon ay nakaposas parin siya.

Nakita naman iyon ni Dylan.

"Can you atleast take off that damn thing to her nangangalay na sya, hindi nyo ba nakikita na sugatan sya."

Narealize yata ng pulis na galit na si Dylan dahil sinenyasan nito ang kasama na tanggalin ang posas

nya.

Hinimas-himas nya at ginalaw galaw ang nangalay na kamay at balikat ng matanggal iyon.

"Dy hindi pa ba tayo uuwi? I'm so tired na."si Brena na obvious sa mukha ang kapaguran. Andon din sina Gelo, Quincy at Janice.

May utak din ang stepsister nya dahil tumawag ito ng pulis para masaklolohan sila iyon nga lang late na dumating.

Nakuha na ng pulis ang statement nilang lahat at tanging sya na lang ang may problema at ayaw i-release.

"Sir hindi ba pwede bukas nalang natin pag-usapan ito promise babalik kami dito tomorrow."

"I'm sorry Mr. Santiago but may procedure kaming dapat sundin kailangan magpalipas ng gabi dito ng kasama nyo hangga't wala syang pinapakitang mga papeles."

Napahawak sa noo si Dylan.

"Dy wala na tayo magagawa isang gabi lang naman mag s-stay dito si Angela." si Brena.

"No, call your father Angela para magkapagpadala sya ng abogado para sayo."

Tinaasan lang nya ng kilay ang binata.

"No. Hindi pwedeng istorbohin si Daddy may sakit sya ngayon dahil sa sobrang stress sa babaeng iyan tapos dadagdagan pa natin, no hindi natin sya tatawagan." mariin na kontra ni Janice.

"Hindi natin pwedeng hayaan na matulog dito ang 'kapatid' mo Janice." Sabi ni Dylan na pinagdiinan pa ang salitang kapatid.

"What's the big deal ba eh sanay na sanay naman na makulong iyang si Angela."

Lalo namang nagsalubong ang kilay ni Dylan sa sinabi ng stepsister nya

Magsasalita pa sana ang binata ng tumayo sya.

"Mamang pulis saan ba ako ikukulong dito pakidala na nga po ako doon ng makatulog na ko."

"Ha?"

"*Bingi lang Kuya."*

"Kako saan po ba ang selda ko rito ng makapasok at makapagpahinga na ho ako."

Nabigla ang pulis sa tanong at sinabi nya. Bagama't tumayo naman ito para samahan sya.

"What are you doing?" Nakatayo na din si Dylan mabilis sya nitong hinablot at nahawakan sa bewang.

"Anong pinagsasabi mong babae ka? Hindi ka dito matutulog."

Binigyan nya ito ng malamig na tingin.

"Di mo ba narinig ang sinabi ni mamang pulis? Hindi ako pwedeng lumabas, and Janice's right sanay na ako matulog sa ganito lugar, one night is no big deal at bukas ko parin naman makokontak ang abogado ko. So kesa umapela ako ng umapela. Susundin ko na lang sila para makahiga na ko at makapagpahinga okay." itinulak nya ang binata.
"Contact Landon tomorrow Gelo." Utos nya sa lalaki na hindi tumitingin dito.

Mabilis naman na tumango si Gelo na bakas din ang pagtutol sa mukha.

"G-gela."

Nginitian nya si Quincy habang tinaasan naman nya ng kilay si Janice.

Sa isang maliit na selda sya dinala.
Medyo madumi iyon at may kakaiba amoy.

May nakalatag na karton sa sahig na mukhang malinis naman.

Sya lang ang nasa seldang pambabae na iyon bibihira lang naman kasi ang mga kriminal sa San Nicholas si Ramos ay sa kabilang selda inilagay kasama ang mga alagad nito.

Pagkapasok na pagkapasok ay humiga kaagad sya. Hindi pinapansin ang mga sakit sa katawan na nararamdaman.

"Hay salamat after ten years makakatulog na."

Alam nyang nakikita sya ng mga kasama nya kaya naman itinaas nya ang kamay at kinawayan ang mga ito na hindi tinitignan ang mga ito.

"Night guys." Sabi niya pa bago nya ginawang unan ang walang injury na braso at namaluktot.

Dahil sa pagod at may iniinda wala pang isang minuto tulog na sya.

*****

She felt warm and safe.

Sa lahat ng kulungan na tinulugan nya ngayon lang sya naging komportable ng ganito.

Kung alam nya lang na ganito kasarap matulog sa karton sana nagkarton nalang sya every night. Bahagya syang napangiti at lalong siniksik ang mukha sa unan na yakap.

Pero bakit parang gumagalaw yata iyong higaan nya?

Hindi nagmumulat ng mga mata na kinapa nya ang higahan.

Matigas, mainit at...humihinga?

Napadilat sya ng mga mata para tignan kung bakit humihinga ang higaan nya.

"Stop doing that Angel kung ayaw mong may gawin ako sayo."

Nanlaki ang mga mata nya.

Buhat-buhat kasi sya ni Dylan palabas ng presinto at ngayon ay papunta na sila sa sasakyan nito.

"Y-ylan..." she said in sleepy voice.

"Shhh sleep, everything's okay now Angel."

Sa narinig ay nginitian nya ito ng matamis, iyong unang totoong ngiti na pinakawalan nya simula ng magkita sila ng binata.

At dahil inaantok pa hindi nya napansin ang paghugot ni Dylan ng malalim na hininga ng makita ang ngiti nyang iyon.

She closed her eyes, and after five years natulog sya ng mahimbing, iyong walang inaalala iyong walang kinakatakot.Hahayaan nya muna ang sarili na maging mapayapa.

Dahil kahit ngayon lang...

In this just one night...

nasa mga bisig sya ng lalaking promoprotekta sa kanya...

...kahit ngayong gabi lang.

*****

Bahagyang masakit ang katawan ni Angela ng magising.

Ngunit sa kabila noon nagawa nya paring singhot-singhutin ang unan na yakap. It's smell so good pati iyong kumot na gamit nya ang bango rin.

Pamilyar sa kanya ang amoy and she's sure na hindi ganito ang amoy ng kumot nya.

Dahan-dahan nyang iminulat ang mga mata. Unang tumambad sa kanya ang isang king size bed na kinahihigaan. Nang ilibot nya ang tingin nalaman nyang nasa isang magarang silid sya.

Panlalaki.

She is sure that room is a man's room. At base sa amoy noon alam nyang kuwarto iyon ni Dylan.

Dahan dahan syang umupo and that was when she noticed it.

Nakasabit iyon sa gilid sa tabi ng isang pinto.

Wala sa loob na napatayo sya.

Hinawakan nya ang frame and trace the painting.

Its a painting of An Angel a Blue Eyed Angel nakabuka ang mga pakpak nito, a gentle smile is visible in her lips. Nasa isang magandang garden ito na may kasamang paruparo na lumilipad. Nakamuwestra ito na animo may hinahalikan.

Kung sino? Hindi na nakita sa painting. Why? Because half of the painting is gone sadyang tinanggal. Ang nakalagay lang sa frame ay ang part ng Angel.

She bit her lips.

Kahit wala ang kalahati duon alam na alam nya kung ano ang karugtong ng painting naiyon.

Tuluyan ng tumulo ang luha nya ng mabasa ang mga salitang nakasulat sa ibaba ng nakapaang ang Anghel.

Dylan Always Lo

Putol din ang mga salita but she knew the complete sentence at heart.

She clutched her heart hindi nya napigilan ang hikbi na tumakas sa lalamunan nya.

Sobrang sikip ng dibdib nya. Sa sobrang sikip di sya makahinga.

Sige lang ng pagtulo ng luha nya.

"Angela?"

Napatayo sya ng tuwid ng marinig ang tinig ni Dylan.

Dali-daling lumapit ito sa kanya.

"What happened? Why are you crying?" nasa harap nya na kaagad ito at hawak hawak ang balikat nya.

"Y-ylan." she sobbed his name.

Wala na syang pakialam kung bumabagsak na ang depensa nya. Wala syang pakialam kung mukha na syang mahina, ang gusto nya lang ang mayakap ito at umiyak sa dibdib nito.

"Angel. Whats the problem may masakit ba sayo ha?" marahang pinunasan ni Dylan ang luha sa pisngi nya.

"Please come back to me."

Iyon sana ang sasabihin nya ng marinig nya ang boses ni Brena.

"Dylan? Nasa kwarto kaba?"

Nakalayo na sya kay Dylan bago pa man bumukas ang pinto at nakapasok ito.

Nakatalikod na sya at mabilis na napunasan ang luha sa pisngi.

"Brena."

"Breakfast na daw tayo sabi ni tito Ramil."

"Yeah."

"Gising ka na pala Angela."

Kung kanina puno ng kalungkutan ang mukha nya at puno ng luha ang mga mata nya ngayon ay wala ka nang bakas ng luha na makikita ruon. Wala ka ring nababasa sa asul na mga mata nya.

Her eyes is just cold and unemotional.

Napansin iyon ni Dylan at napakunot ang noo nito.

"Okay na ba ang pakiramdam mo?" tanong sa kanya ni Brena.

She raised her right brow.

"You know what i hates most is plastic. Sarap kasi nilang sunugin kaso baka maka dagdag sa global warming. So tigil-tigilan mo ko sa kaplastikan mo."

"Angela!"

Yumuko naman si Brena.

"Concern-."

"Nakakain ba iyang concerned mo? Baka di ko rin manguya yan dahil sa sobrang kaplastikan."

"Thats enough Angela." sumigaw na si Dylan na nilapitan si Brena na mahinang humikbi. Inakbayan nito ang babae making her heart, beat in pained.

"What your problem Angela at pinag-iinitan mo Brena."

She just smirked.

"Wala naasar lang ako sa pagmumukha nya." sabi nya na ikinanlaki ng mata ni Brena.

Hindi yata nito expected na iyon ang sasabihin nya.

Nagdilim naman ang mukha ni Dylan sa narinig.

"Mauna ka ng bumaba Brena susunod nalang kami ni Angela."

"But-"

"Please Brena." At nginitian nito ang babae.

Wala nagawa si Brena kundi tumango.

"Okay but dalian mo ha baka malipasan ka ng gutom." hinaplos pa ng babae ang pisngi ng binata.

Napakuyom sya ng kamao. Pinipigilan niyang sugudin si Brena.

Katahimikan muna ang namayani ng ilang minuto bago muling nagsalita si Dylan.

"I really dont like your attitude Angela."

"I dont care." Walang pakialam nyang sagot.

Ang hindi nya inaasahan ay ang paghila nito sa kanya.

And the next thing she knew nakahiga na ang kalahati nyang katawan sa kama at nasa ibabaw nya na si Dylan.

Nasa magkabilang gilid ng mukha nya ang mga braso nito at ang mukha ay ilang inches lang ang layo sa kanya.

"And i really dont like what you did kahapon. Naglihim ka na magkakilala kayo ni Gelo. Nagpunta ka ng bar. You even had a gun and damn it Angela hindi ko maisip kung anong mangyayari sayo kung nagkamali ka at ikaw ang naputukan noon." sa bawat sa pagsasalita ni Dylan unti-unting bumababa ang muka nito sa mukha nya.

"At ang pinaka di ko nagustuhan sa lahat ay ang paghawak ni Brent sa hita at ang paghalik nya sayo and shit you even let Gelo kissed your forehead."

Nahihilo sya. Nahihilo sya sa amoy ng hininga nito.

"I told you walang sino man ang pwedeng humalik sayo Angela. Ako lang. Only me."

Nang-aktong hahalikan na sya nito ay bigla nya itong itinulak dahilan para mapahiga ito na sinamantala nya sya na ang napunta sa ibabaw nito.

"Nobody tell me what to do Dylan. But para sa ikatatahimik mo let me repay you with this."

Sya na ang kusang humalik dito.

Hindi niya alam ang gagawin. Pinagdikit lang nya ng mariin ang mga labi nila.

Hindi sya pumikit at ganun din ito nakatitig lang ito sa kanya at ganun din sya.

Tumagal iyon ng 3 minutes and she lifted up her head para tapusin na ang halik na iyon dahil kanina pa sya di makahinga sa bilis ng tibok ng puso nya.

Kailangan na nyang makalayo rito bago pa man matanggal ang maskara nya at masira lahat ng plano nya.

Nagawa nyang mailayo ang mukha dito but hindi ang makalayo dito dahil bigla na naman syang kinabig ni Dylan hinawakan nito ang batok nya at muling naglapat ang kanilang mga labi.

This time gumagalaw ang labi nito hindi katulad ng halik nya kanina.

Ang puso nya lalabas nayata sa katawan nya sa sobrang bilis ng pintig niyon.

"Moved your mouth Angel." bahagya lang inilayo ni Dylan ang labi bago muli rin iyong binalikan.

Sinunod nya ang sinabi nito she moved her mouth.

Ginagagad at ginagaya ang paggalaw ng mga labi nito.

Malakas sya napasinghap ng kagatin nito ang lowerlip nya, na sinamantala nito.

Mabilis na nakapasok ang dila nito sa bibig nya at di niya napigilan ang mapaungol ng galugadin nito ang loob ng bibig nya na parang may hinahanap ito.

Wala sa loob na nailagay nya ang mga kamay sa batok nito at ang kaninang laro na hindi alam ng mga labi nya ngayon nilalaro narin nya.

Hindi nito tinigil ang paghalik sa kanya kung hindi pa sila kinakapos ng hininga.

Dahan-dahan nitong inilayo ang mga labi sa kanya. Hindi parin sya nagmumulat ng mata kahit na ng umalis sya sa ibabaw nito at humigang patihaya sa kama.

"Makita pa kitang may hinahalikang iba Angel higit pa dyan ang gagawin ko." narinig nyang sabi ni Dylan naramdaman nyang tumayo ito. Hindi parin sya nagmulat ng mga mata. Pwede bang bumalik nalang sa pagtulog.

"Bumaba kana you need to eat to drink your medicine."

Kahit nakapikit sumimangot sya.

Mahinang tumawa ito.

Nasa may pinto na ito ng muli itong magsalita.

"Please dont cry again Angel not when im not there to comfort you. If you want to cry go with me im promised to make the pain go away."

Isang mapait na tawa ang pinakawalan nya ng makalabas ito.

"But you are the reason why im in pained and i dont want you to go away." she said habang malungkot na nakatingin sa Angel painting.

----++----

nagloloko nanaman si Mr. Watty sumasabay sa lamig at sungit ni bagyong Luis. Automatic nag post ito eh di ko panaman i u-update kalokah...

Anyway ang lamigggggggg parang masarap may kayakap hahaha. Tinatamad na ko mamalengke maputik ang bagal pa nitong bus.:-[

happy reading guys.

#Anobang masarap ulamin.

18. Angel's Revenge

?? thanks

Its broke his heart when he saw her cry.

Nang matagpuan nya itong umiiyak kanina habang naka harap sa painting na sya mismo ang nagpinta , parang gusto nyang kunin ang painting basagin at itapon palayo dito.

That painting is important to him pakiramdam nya kasi may kinalaman ang painting na iyon sa nakaraan nya.

And the mystery, kahit sya ang nagpinta hindi nya maalala ang kalahati ng painting kahit na ang karugtong ng sentenced na nakalagay duon. Heck he didnt even know where is the other half.

Kanina kahit mahalaga sa kanya ang painting handa syang itapon iyon mapatigil lang sa pag-iyak si Angela.

Noong tumigil naman ito sa pag-iyak nang dumating si Brena hindi nya nagustuhan ang pagbabago ng mukha nito.

From a loneliness faced to blank and cold faced. Hindi nya nagustuhan ang pagbabagong iyon na para bang may sinuot itong maskara.

Ayaw nyang makita itong umiiyak. Ayaw nya walang mabasa sa mukha nito. All he wanted to see is her true smile.

Iyong ngiti ng tulad ng ibinigay nito sa kanya habang buhat nya ito palabas ng presinto.

Unconsiously lang ang ngiti nito dala marahil ng antok. But its made his heart stop at sa loob ng ilang segundo a vision flashed in his mi*nd.*

"Always smile my blue eyed Angel. You really look Angelic when you smiled like that."

Sya ang nagsabi noon. Nasa isang meadow sya with someone pareho silang nakaupo sa damuhan may

hawak ng mga paintbrush sa kamay habang napapalibutan ng mga pang paint na pintura.

Nagtatawanan sila ngunit hindi niya makita kung sino ang kasama nya.

Dati na syang nakakita ng mga alaala pero puro malalabo lahat.

At iyong nakita nya habang nginingitian sya ni Angela, mas malinaw mas detelyado pwera sa mukha ng kasama nya.

"Andyan ka na pala Dylan halina kumain na tayo." yaya sa kanya ni Brena na nakaupo na sa hapag.

"Good morning Dad." bati nya sa ama.

Ramil Santiago is an Attorney ito iyong tinawagan nya kagabi para matulungan mailabas sa si Angela sa kulungan.

Nirerespeto na abogado ang daddy nya kaya naman madali nilang napakiusapan ang mga pulis na ilabas muna si Angela at pabalikin na lang ngayon.

"Good morning son."

Naupo na sya.

"Where is Angela." tanong ni Brena habang inaabutan sya ng sinangag.

"Susunod na."

Hindi muna lumapit si Angela sa tatlo na masayang kumakain ng almusal. Mula sa kinakatayuan nya nakikita nya kung gaano ka close si Brena sa Daddy ni Dylan. Kitang kita nya rin ang pag-aasikaso ni Brena kay Dylan.

Inaabutan ng pagkain. Sinasalinan ng tubig sa baso at pinupunasan ang gilid ng mga labi.

Umingos sya. Parang yaya lang ang peg nito.

Huminga sya ng malalim bago nya nilapitan ang mga ito.

"Angela." si Dylan ang nakapansin sa kanya na mabilis na tumayo at pinaghila sya ng upuan.

"Sit here."

Naupo sya sa kaliwa nito.

Tahimik lang sya habang sinasalinan ng pagkain ni Dylan sa plato.

"Eat." utos nito.

Aktong dadamputin nya na ang kutsara ng magsalita si Brena.

"Ahm Dylan di mo ba ipapakilala si Angela kay tito."

"Ha? Yah. Dad si Angela Fuentebella po pala. Angela meet my dad Ramil Santiago."

"Good-"

"Ikaw ba ang panganay na anak ni Ramon iyong nasa London."

Tumango sya.

Nagkunot naman ng noo ito.

Alam nya na kung kanino nagmana sa pagkunot noo si Dylan.

"So youre the one na naik-kwento nya na matigas ang ulo at laging nagbibigay sa kanya ng problema."

"Dad!"

"Shut up son."

Lihim naman na napangiti si Brena.

"Alam mo hija dont be offended but i dont want you to be friend to my son."

Nabigla si Dylan sa sinabi ng ama habang sya naman ay walang reaksyon.

"Ayaw kong madamay ang anak ko sa gulo mo. Nirerespeto kami rito sa San Nicholas at ang isang tulad mo na walang alam kundi gumawa ng gulo ay walang buting maidudulot sa kanya."

Hindi sya sumagot.

"Naiintindihan mo ba ang sinasabi ko hija. Stay away to my Son. Huwag kang mag-alala tutulungan parin kita sa kaso mo sisiguraduhin ko na hindi ka makukulong just stay away."

Wala parin syang kibo.

"Stop it dad." sa pagkakataong iyon madiin na ang pagsasalita ni Dylan at mahigpit na ang pagkakahawak nito sa kutsara at tinidor.

"Im sorry son. Alam mong hindi kita pinapakialamanan but not this time. Sa mga naririnig ko tungkol sa kanya. Sa mga pinaggagawa nya i really dont like her. And this nahuli syang may baril at wala man lang tayong maipakita na papeles to support it. What if bigla na lang sya nag-amok, what if shes into drug. At turuan ka nyang gumamit. She is bad influence to you ."

Biglang hinawakan ni Dylan ang kamay nya.

"Lets go."

"Dylan." Si Brena.

Hindi sya nagpadala sa paghila nito.

Bagkus hinila nya ang kamay nya at kumain.

"Ang haba ng sinabi nyo sir ginutom ako lalo." Tuloy tuloy ang subo nya ng sinangag.

"Angela."

"But you know what sir. Hindi ko kayo susundin. I dont follow rules the same way na wala rin akong sinusunod na kahit sino. And i dont like you too sir. Hindi nyo rin naman ako kailangan gustuhin dahil in the first place hindi naman kayo ang kakaibiganin ko."

Nanlaki ang mata ng Daddy ni Dylan sa sinabi nya.

"Wala ka ngang galang na bata ka."

She smirked.

"What do you expect sir na babatuhin ko kayo ng tinapay pagkatapos nyo po akong batuhin ng bato. Well pasensya na po kayo hindi po ako naniniwala sa kasabihang iyan. Kung ano ang pinakitang ugali sakin ng isang tao ganon ko din susuklian."

"Huwag mo naman bastusin si tito, Angela." saway sa kanya ni Brena.

"And sir hwag kayong mag-alala hindi ako basta bastang nag-aamok at na mamaril kung sakali mang mangyari iyon i rather shot my self than shot your son."

Ngumiti sya iyong ngiti na walang buhay.

"Iyong sa drug naman dont worry di ko sya tuturuan. Masyado na kong adik para ishare pa iyon." saka sya tumawa.

"You mean nag d-drugs ka nga." gulat na sabi ni Brena.

Na sinagot nya ulit ng tawa.

Tumayo sya.

"Salamat narin lang sa tulong nyo sir but kayang kaya kong lusutan ang kasong iyon."

Uminom sya ng tubig.

"Salamat sa almusal mga pips." tumalikod sya narinig nya rin ang pagtayo ni Dylan.

Muli nyang nilingon ang daddy ni Dylan. Sa pagkakataong iyon blanko at walang ekspresyon ang mukha nya.

"At saka nga pala sir. Advice ko lang po hwag kayong gaanong magtiwala sa mga kaibigan nyo. Baka hindi nyo alam, isa pa sa mga iyon ang magtraydor sa inyo. Mahirap na baka may katulad ko sa kanila. Good day sir and nice meeting you po." saka sya dumerederetso sya ng labas.

Mabilis syang lumabas. Narinig nya pa si Dylan.

"Angela.!"

Hindi niya ito pinansin hinanap nya kung saan ang garahe at ng makita ang hinahanap dalidali syang sumakay doon.

Binuhay nya ang makina ng motor nya.

Kanina habang palabas ng kwarto ni Dylan nakita nya iyong susi ng motor kaya naman kinuha na nya.

"Ano sa tingin mo ang ginagawa mo?"

Nakasakay na sya sa motor ng mahawakan sya nito sa braso.

"Uuwi na para makaligo at ng makapasok." Balewalang sabi nya.

"Hindi ka sasakay dyan."

"Nakasakay na nga ako diba pwede ba Mr. D. Ayaw ko muna makipagtalo."

"Hindi ako nakikipagtalo."

"Yeah right naglalambing ka ganon." Pinaandar nya ang motor.

"Damn it Angela." At dahil nakahawak parin ito sa kanya ay nadadala ito.

Bigla syang huminto.

"Bitaw. Baka may mangyari sayo ipakulong pa ko ng Daddy mo."

Humigpit ang pagkakahawak ni Dylan sa kanya. Sa gulat nya sumakay ito ng motor.

"Anong ginagawa mo?"

"Gusto mong magdrive diba ayaw mo magpahatid sige ako nalang ang iangkas mo at ihatid ng C.U."

"Dylan?"

Napatingin sila kay Brena.

"Saan ka pupunta hindi pa ba tayo papasok?"

Naramdaman nyang natigilan si Dylan.

"B-brena."

"Iiwan mo ko dito?"

Inaasahan nya ng baba ang binata. Pero di nya parin napigilan ang mapakagat ng labi at kumirot ang dibdib ng ginawa nito iyon.

"No. Of course not. Bakit kita iiwan-"

Pinaandar nya na ulit ang motor para lang pigilan ulit ni Dylan. Muntik pa itong makaladkad. Buti nalang nakapag preno sya.

"Sira kaba. Gusto mong masaktan. Baka talagang ipabitay na ako ng Daddy mo kapag nasugatan ka." Singhal nya rito.

"Alam mong hindi ko hahayaan na kantiin ka ni Daddy. Im sorry about that. Masungit lang ta-"

"You dont need to explain. Obvious naman na ayaw nya sakin."

"Ange-"

"At hindi na bago sakin iyon. Sanay na ko kinaaayawan. Sanay na ko sinasaktan at mas sanay na ko iniiwan at hindi binabalikan." There was something in her voice na naging dahilan para matigilan si Dylan.

Sinamantala nya iyon at mabilis na pinaandar ang motor.

Good thing eksaktong binubuksan ng guard ang gate ng mga ito kaya nakalabas sya ng derederetso.

Living Dylan stunned.

"**Kakapagod**." hingal kabayo si Maelyn habang sumasalampak ng upo sa sahig ng bakanteng klasroom na pinagprapraktisan nila.

"Kalerkey naman ang peg grabe pinagpawisan ako dun ng sobra." Si Carlo na nagpupunas ng pawis ng mukha.

Kasama din nila duon si Dianne, Clent, Jake, at Julia.

"Ang hirap naman ng step na itinuturo mo Gela." si Julia.

Mula naman sa pag-inom ng Pomelo juice ay tinignan nya ang mga kasama .

Sa anim si Daniella, Carlo at Clent ang madaling turuan lalo na si Carlo.

Duh dapat lang marunong ito diba lahat ng bakla magaling sumayaw.

"Kung madaling step ang itututuro ko malamang talo na tayo."

Andun din si Lovi na syang nag-aayos ng mga tugtog na isasayaw nila. Hindi nya sinali ito sa grupo dahil may sakit ito sa puso.

"As if naman na mananalo kayo."

Sabay-sabay pa kaming napatingin sa pinto.

Si Reina at si Brena ang nakatayo doon.

"Hindi kayo mananalo sa amin. Kayo na puro losers."

Walang umimik sa mga kasama nya.

Takot parin talaga.

"Oh yeah." sabi nya habang nagpupunas ng pawis.

Tinignan sya ng matalim ni Reina.

"Alam nyo ang malas nyo sa isang drug addict at pasaway pa kayo sumama. Maelyn at Daniella. Hindi ako magtataka na baka bukas o makalawa kasama nya na kayo sa kulungan." Si Brena.

"D-drug addict?" Gulat na ulit ni Julia.

"Oh hindi nyo ba alam. Drug user yang kasama nyo."

Hindi sya umimik para ipagtanggol ang sarili, she is just smirking.

Napatingin sa kanya ang mga kasama na tinignan nya lang ng bored look.

"Poor people imbes na mapabuti ma papasama pa kayo." si Reina.

"And bitch alam mo bang bad shot kana kay Tito Ramil at inutusan nya ko to make you stay away to him."

"As if you can make me bitch." nang-aasar na sabi nya.

"Tignan natin. We both knew na sa atin dalawa ako ang pipiliin ni Dylan. Sino ka ba your just a nuisance spoiled brat bad girl compare to me."

"Yeah sino ba naman ako para ikumpara sa isang Brena. A Prentender Angel bitch na walang ibang alam gawin kundi ang magbait baitan at umiyak -iyak at magdrama sa mga taong na kapaligid sa kanya. Duh such a Drama Queen."

"You-"

"Im a beautiful bitch compare to you."

"I swear im gonna make-"

"A happy girl in a universe?" dagdag asar nya pa.

"Hayaan mo na sila Brena. Makakaganti din tayo. Papakainin ko sila ng alikabok sa dance contest. Wala silang panalo sakin."

"Yeah. Keep dreaming bitch."

Matatalim na irap at tingin ang binigay nila sa kanya bago umalis.

Silent. Nakatingin lang ang mga ito sa kanya habang nag-aayos sya ng gamit.

"Kung ayaw nyo na akong kasama. Find with me." Walang emosyon na sabi nya.

Wala paring umimik.

Then after 5 second biglang tumawa ang mga ito.

"Anong nakakatawa." (=_=)

Tumigil naman sila ng makita ang tingin ko.

"Hahaha s-sory Gela. Kakalokah naman kasi ang itsura ng dalawang frog na iyon."

"Ikaw na talaga. Gela. Ikaw na." si Lovi na tawa ng tawa.

Ano kayang nakakatawa dun.

"Pagtapos sinabihan ka pa na drug addict. Duh. Addict kaya iyong dati kong jowa kaya marunong akong tumingin kung nag d-drug ba ang isang tao." iiling-iling pa si Carlo.

Naglakad sya papuntang pinto.

"If you want to see more funny things sundan nyo ko."

Sa locker area nya dinala ang mga kasama.

Marami ding estudyante doon dahil uwian na.

Huminto sya di kalayuan kina Brena at Reina na kapwa nasa tapat ng locker ng mga ito.

"Anong gagawin natin dito Gela?" Tanong ni Maelyn.

"Wait and see." She said with a mischievous smile in her lips.

Sa locker tuloy parin ang pag-uusap ng dalawa. And obviously sya ang pinag-uusapan ng mga ito.

"I really hate her." Si Reina.

"Dont worry Rein wala naman magagawa yon lalo na at kakampi natin si Dylan."

"Feeling kasi ang-"

Sabay na nagbukas ng locker ang dalawa at sabay rin na nagpakawala ng...

"Ahhh..."

Napatigil ang lahat at napatingin sa kanilang dalawa na ngayon ay basang basa na.

Hindi napigilan ni Angela na tumawa ng malakas dahil sa naging itsura ng dalawa.

Both two is wet and take note hindi tubig. Dahil ang bumuhos sa kanilang dalawa ay a green liquid na medyo mabaho ang amoy.

Mukhang alien ang dalawa.

Dahil sa pagtawa nya, nagsisunod narin ang mga nakakita.

Pati sina Maelyn tumawa narin.

"Kung nakita nyo lang ang mga mukha nyo it was priceless." She said.

"You! You did this." galit na sabi ni Brena hindi ito makaalis sa kinatatayuan sa takot na madulas.

"My, my, Ms. VP. Hindi kaba tinuruan na bawal mamintang." sya ang lumapit sa mga ito.

Tumahimik narin ang mga estudyanteng nanonood.

"Im gonna kill you bitch." Si Reina na tatanga-tanga na sinugod sya.

Bago pa man ito umabot sa kanya nadulas na ito.

She crossed her arms.

"Make sure na magagawa mo yan dahil because you know bitch i"ll make your life a living hell."

"Sisiguraduhin ko na makakarating ito kay Dylan." Si Brena.

She smirked.

"Go ahead, para mas masaya. But let makes these clear. You two striked, i striked back. Four times worst. Now pwede ko nang tanggapin ng buong puso ang parusa dahil sa pambabasa ko daw sainyo."

As she said that tinalikuran nya ang dalawa with a smirked in her face.

"Hell i really love this life." Tumatawang sigaw nya.

*****/*/

Spell pagod A.K.O

Kaw ba naman rumampa buong araw LP to Imus samahan mo pa ng makulit na BF ewan ko lang talaga.

At dahil pagod ako Hotdog lang ang dinner q Kain.

Dapat last week pa to UD kaso di na naman kasi magkasundo ni Mr. Watty kaya xenxia na po.

Goodnight guys ...

19. Angel's Friends?

Happy Reading....

******///**

After that incident hindi na pumasok si Angela nagpaalam sya kina Maelyn na magka cutting.

Kinabukasan na sya pumasok at tulad ng inaasahan sa pagpasok nya sa klase ni Ms. De Guzman ay nakaabang na si Dylan.

Tahimik ang klase kahit wala pa si Ms. De Guzman.

"Ano meron ang tahimik." She said kahit alam nya na ang dahilan.

"Ms. Fuentebella care to explain what happened yesterday." Si Dylan.

"Di ba pwede maupo muna."

"Angela Fuentebella!"

"Geez high blood ang aga-aga ano ba i-explain ko?"

"Bakit hindi mo i-explain kung ano ang ginawa mo samin kahapon." Si Reina na nasa likod ni Dylan pati narin si Brena. Parehas na nakangiti ng nang-aasar ang dalawa.

Imbes naman na maasar nginitian nya ang dalawa.

"Bakit ako ang magpapaliwanag diba kayo ang nagbukas ng locker nyo. Kayo ang nagkalat hindi naman ako."

"You did that to us." Si Reina.

"May pruweba ka."

Bigla namang sumingit si Brena. Drama Queen na naman.

"Ano bang ginawa namin sayo Angela. H-hindi ka naman namin inaano. Ang gusto lang namin mag follow ka ng rules. Why you did that to us?" talagang tulo pa ang luha nito.

"O." Inabutan nya ito ng tissue. "Tanggalin mo iyang eyemo sa mata mo napasobra ka yata ng lagay."

"Stop it Angela!" saway ni Dylan na inakbayan si Brena pagkatapos ay bumuntunghininga.

"You can be suspended. 3da-"

"Bakit 3 days lang gawin mo ng 1 week para masaya." Inilabas nya ang cellphone nya.

"Hello Brent 1 week ako suspended sama na ko sa out of tow-."Nagulat nalang sya ng may humila sa cp nya.

Si Dylan na matalim ang tingin sa kanya.

"Problema mo."

"Tumigil ka. Im not suspending you."

She pouted.

"Akala ko suspended na ko i suspend mo na lang ako para makasama ako sa out of town dali na."

:-O. Nganga. Iyan ang itsura ng mga klasmeyt nya.

Saan ka nga naman nakakita ng studyante na gusto ma suspend.

Bigla syang nilapitan ni Dylan iyong lapit na halos magpalitan na sila ng mukha.

"No hindi kita i s-suspend. You. You will be come may Personal Assistant Angel." And then he smirked.

Smirk that she truly missed.

She smirked too.

"Its going to be fun."

Humikab ulit si Angela.

Hindi nya na mabilang kung ilang beses na syang humikab habang nag t-take down notes.

Badtrip kung alam nyang ganito ka bored ang maging P.A ni Dylan tumakas na sya.

Nasa SG room sila andun ang lahat ng mga officers pati narin ang mga leader ng bawat club.

May meeting kasi ang mga ito tungkol sa gaganapin na Foundation day at Dance contest.

Kabadtrip pa itong si Brena na sige pagpapa cute kay.Dylan. Sweet-sweetan pa.

Sa sobrang kainipan nya binato nya ng maliit at binilog na papel si Gelo na nasa gilid nya.

Napatawa sya ng mahina ng tumama iyon sa ilong nito.

Pinandilatan sya nito ng ginantihan nya ng taas kilay.

Umiling ito bago pasimple ring binato sya ang kaso tumama sa mata nya dahilan para mapapikit sya.

"Do you wanna die." Mahina nyang bulong dito.

Nanlaki ang mata ni Gelo sabay iling-iling.

"Ikaw nagsimula."

"Kakainip naman kasi dito." she pouted.

Pasimple itong bumulong sa kanya.

"Tatakas kana Ge-"

Someone cleared his throat kaya sabay kaming napatingin ni Gelo kay Dylan na nasa harap nya at katabi ni Brena.

"Care to explain to us kung ano pinagbubulungan nyo."

"Oh dont mind us just continue." Balewalang sabi nya. Na sumenyas pa sa kamay

Tinignan sya ni Dylan.

"Come here Angela."

"Ha?"

Bumuntung hininga ito at binalingan si Janice.

"Jan palit muna kayo ni Angela ng upuan."

Bakas ang pagtutol sa mukha ni Janice pero sumunod naman.

Nakasimangot din naman na lumipat sya at naupo sa tabi nito.

"Behave."

Tinignan nya ito.

"Nagugutom na ko Ylan. Baka pwede lumabas na ko."

"No."

She pouted.

"Nagugutom na nga ako eh." Bulong nya.

Nagpatuloy ang meeting habang sya napapikit na sa antok.

Hanggang sa napasandal ang ulo nya sa balikat ni Dylan.

Naramdaman nyang nanigas ito pero hindi naman inalis ang ulo nya.

Alam nyang nakatingin sa kanila o sa kanya ang mga naroon pero kiber nya sa ngayon gusto nyang namnamin ang pagkakalapit nila ni Dylan.

"Ahm Angela... Do you mind kung ikaw muna ang mag take down note. Marami na kasing ginagawa si Teresa."

Nag-angat sya ng tingin at tinignan si Brena.

Hindi sya umimik tinignan lang ito.

5 minuto ang lumipas na makatingin lang sya dito.

Napansin tuloy ng iba ang tensyon sa paligid.

"Ah... Kung ayaw mo o-okay lang ako na-"

"No Bren. Angela will do it."

Napabaling sya ng tingin kay Dylan.

"Do it."

Hindi parin sya umimik nilayo nya ang sarili dito, kumuha ng ballpen .

"Ehem ah Dylan back to what im saying." Si Quincy na tumikhim para makuha ang atensyon ng naroon.

Isang oras pa ang lumipas inip na inip na talaga si Angela at nagugutom.

Nakataas na ang dalawang paa nya sa upuan at di pinapansin ang mga tingin sa kanya.

Hindi naman din sya sinaway ni Dylan kaya di narin sya pinansin ng mga ito.

Hanggang sa di na sya nakatiis sa gutom at walang pakialam na ibinaba ang paa at tinawag si Gelo.

"Jose Angelo."

"What was that look Gela."

Nakatingin sya sa bag nito na nasa ibabaw ng mesa.

Naintindihan naman ni Gelo ang ibig nyang sabihin.

Tigas ng iling nito.

"No. Last na yon at wala akong balak i share sayo."

"Sino ang may sabing makikishare ako. Kukunin ko ang part ko."

Bigla nyang kinuha ang bag nito at mabilis na inilabas doon ang baunan na naglalaman ng cookies.

Walang sabi sabi na kumuha sya at malaking kinagatan iyon.

"Angela Fuentebella!"

Paborito ni Gelo ang cookies kahit ano klase at kahit sino ang nagluto.

"Akin yan."

"No sa atin to. Gusto mo ulitin ko pa iyong sinabi ni Jayzen." Nilunok nya ang cookies at pinalaki ang boses.

"Guys ito na ang baon nyo. Gelo, Gela share kayo. Ikaw na magdala para di mabigatan si Babe. Share it

with her wag mong susulohin." with matching action pa.

Napatawa tuloy si Gelo.

"Fine." Kaya wala na ito nagawa.

"Who's Jayzen?" Singit ni Dylan na matalim ang tingin sa kanya. Na hindi nya pinansin kaya kay Gelo ito bumaling.

"Ah... Ehem, ehem kaibigan namin."

"Bakit magkasama ba kayo kaninang umaga?" Tanong ulit nito.

"Ha? Ah eh.?"

"Oh...kaya pala hindi ka umuwi kagabi na kina Angelo ka. Kayo na ba talaga Sister." Si Janice.

Lahat na ng naroon ay sa kanila nakatingin.

"Ano kaba Janice hindi mo ba narinig kanina. Babe iyong tawag nung Jayzen kay Angela. Baka iyon iyong Bf nya." Si Teresa.

Lihim naman na ngumiti si Brena lalo na ng dugtungan pa ni Janice ng...

"O baka parehas sila."

Hindi nya pinansin ang mga ito bahala si Gelo na sumagot. Ramdam naman nya ang titig ni Dylan.

Nang maubos ang cookies nauhaw naman sya.

Tinignan nya ulit si Gelo at naintindihan naman nito ang ibig nyang sabihin.

Pinandilatan sya ni*to.*

"Gusto mo bang masuntok na ko ni Dylan." Iyon yong sinasabi ng mga mata nito.

"Dali na." She said while pouting.

Nag puppy eyes pa sya.

Wala namang nagawa ito.

Hehehe alam nya hindi sya nito matitiis.

Inilibas nito ang tumbler nito na may lamang pomelo juice. Parehas kasi nilang paborito iyon.

Nasa kalahati na iyon ng iabot nito sa kanya at nang aktong iinumin nya yon, bigla naman inagaw ni Dylan.

"Hey." Kontra nya.

"Yuck Iinom ka sa pinag-inuman ni Gelo.

Tinaasan nya ng kilay si Janice.

"Ah eh Gela naniniwala kaba sa Indirect kiss." Si Quincy.

"Hindi." Sagot nya na inaagaw ang inuman kay Dylan.

"Akin na yan Ylan."

Mabilis nainilayo ni Dylan ang tumbler at inabot kay Gelo.

"Itago mo na yan."

Wala naman magawa si Gelo paano ba naman ang talim na ng tingin ni Dylan rito.

"Naman nauuhaw na ko." Inis na sabi nya.

Bigla syang inabutan ng mineral water ni Dylan.

"Ayoko nyan Pomelo ang gusto ko." she pouted.

Nagulat sya ng hilahin sya ni Dylan palapit rito at binulungan.

"Stop pouting Angel. Iyan ang inumin mo kung ayaw mong masapak ko si Gelo. Mamaya ibibili kita ng ilang bote ng Pomelo inumin mo lahat habang ine-explain mo sakin kung sino si Jayzen at kung kay Gelo ka nga natulog kagabi."

"Bakit ako mag-eexplain."

Hindi nito pinansin ang sinabi nya bagkus binigyan sya ng nagbabantang tingin.

Wala naman syang nagawa kundi sumimangot nalang.

"Saan tayo pupunta?" tanong ni Quincy habang nakasakay sila sa sasakyan ni Dylan.

Sya, si Dylan, Quincy Gelo Brena at Janice ang makakasama.

"Daan muna tayo sa mga kaibigan ko." sagot ni Dylan.

Nagtataka sya bat kasama pa sya samantalang wala nang gagawin regarding school matter si Dylan.

Nang umapela sya at sinabing di na sya sasama ay hinawakan ni Dylan ang kamay nya at hindi binitawam hanggang sa nakasakay na sya sa sasakyan nito.

Ang ending heto sya sa pinakalikod nakaheadset at nakapikit.

"Pupunta tayo kina Gio?" narinig nyang tanong ni Brena.

Napaunat naman sya at hininaan ang volume ng pinapakinggan.

"Yeah."

"Oh makikita ko na naman ang tatlong gwapong iyon.!" Janice exclaimed.

"Who's Gio?" si Quincy.

"Oh di nyo nga pala sila kilala. Si Gio Calvez, Renz Fajardo at Calix David ay kaibigan nilang dalawa. They treat Brena as their princess kapag nagkikita sila."

"Grabe ka naman Janice mabait lang sila at matagal narin naman kami magkakakilala."

"Iba talaga iyong turing nila sayo girl di ba Dylan."

Tumawa lang si Dylan at sumulyap sa rearview mirror para makita ang ginagawa nya.

Sa pagkakataong iyon mulat na sya at nakatingin sa may bintana while smirking.

"Mababait lang talaga sila."

"Fine mababait na sila sa sobrang bait kapag kumakain kulang nalang subuan ka. Kapag naglalakad lagi silang nakaalalay pagmay lalaki na lumalapit daig pa nila ang mga sundalong nakabantay sayo." Bakas ang pagkainggit sa boses ni Janice habang nagsasalita.

"Gela okay ka lang ba dyan." Tanong sa kanya ni Gelo. Pero nang tignan nya ito ay may sinasabi ang mga mata nito. Tinanguan nya lang ito at nagkibit balikat.

After 15mins nakarating na sila.

Isang second story na bahay ang hinintuan nila.

Naunang lumabas si Dylan at Gelo pinagbuksan at inalalayan ni Dylan si Brena na katabi nito. Habang si Gelo ay si Quincy at Janice ang inalalayan.

Hindi naman nya hinintay ang pagbuksan sya ng mga ito lumabas na sya.

Nagtama pa ang mga mata nila ni Dylan na papunta sa kanya.

Blanko nya lang itong tinignan.

"Tara na Dy."

Humawak sa braso ng binata si Brena at inakay ito papasok ng bahay.

"Follow us." Sabi pa ni Dylan sa kanya na para bang tatakas sya.

Sinagot nya naman ito ng ngisi.

"Are you sure about this?" Bulong ni Gelo sa kanya habang nakasunod sila kina Dylan.

Tango lang ang sinagot nya.

Isang maluwang na sala ang sumalubong sa kanila.

Sala na nagpapabalik ng mga alaala na pansamantala nyang itinago muna.

"Come mukhang nasa may pool sila." Si Dylan.

Kitang-kita ang familiarity ni Brena sa loob ng bahay bahagya pa itong nauuna kay Dylan at humihinto kapag may nakikitang gamit na wala sa lugar.

Bago makarating sa pool area nakarinig sila ng mga boses.

Nagtatawanan at nagbibiruan.

"Hi Guys." Masayang bati ni Brena.

Unang lumingon si Gio. Lumuwang ang pagkakangiti nito at tumayo.

Ganon din ang ginawa nina Calix at Renz.

"Hi Brena." Sabay bati pa ng mga ito.

Yumakap at humalik pa sa pisngi babae.

"We missed you princess." si Calix.

Nilingon naman sila ni Janice at sa pamamagitan ng mga mata ay sinabing.

"See what i mean."

"Paupuin mo si Brena pre baka napagod sa byahe." sabi ni Gio kay Renz na ginawa naman ng binata.

"Napagod kaba Brena. Here inom ka muna."

"Guys im fine saka may mga kasama kami ni Dylan.

Nilingon nila kami at dahil nasa likod ni Gelo si Angela ay di kagad sya nakita ng mga ito.

Pinakilala naman ni Dylan sina Gelo at Quincy.

"Hi mga pre."

"Hello sa inyo." Nahihiya pang bati ni Quincy.

At nang umalis sa tapat nya si Gelo.

Sabay sabay na natigilan ang mga ito.

Nawala ang mga ngiti sa mga labi.

Nabitawan pa ni Calix ang iniinom na beer in can.

"Am i dreaming?" Si Calix.

"Totoo ba itong nakikita ko."...Renz

"Pasapak nga ako." Gio

Kumunot naman ang noo ni Dylan.

"Anong nangyayari sa inyo." tinignan din sya nito.

"Do you know Angela?" si Brena na napatayo sa pagkakaupo.

Sya naman nakatayo lang habang nakatingin sa mga ito.

"A-angela." ...Calix

"G-gela?"...Renz

"A-angel."...Gio

Hanggang s di niya napigilan tumawa sabay sabing...

"Hi Uno,Dos,Tres."

"Angela!" sabay-sabay na sigaw ng mga ito sabay takbo sa kanya.

And the next thing she knew tatlong lalaki ang mahigpit na nakayakap sa kanya.

"Ughh i cant breath." daing nya.

"Ano ba sa tingin nyo ang ginagawa nyo?" Galit na sigaw ni Dylan na ngayon ay litong lito na.

Sinabukan sya nitong hilahin palayo sa tatlo pero bigla syang kinarga ni Gio.

"Where the hell did you been?" Tanong nito sabay halik sa noo nya.

Napatili sya ng bigla naman syang hilahin ni Renz at kargahin din iyong kargang pam beybi.

"I missed you Gela." humalik din ito sa kanya.

Ginawa syang bola ng mga ito. Ngayon si Calix na ang may karga sa kanya.

"Yeah where the hell did you been?" Na humalik din sa noo nya.

"Ano ba tigilan nyo sya pag yan nasaktan saktan humanda kayo sakin." Namumula sa galit na sigaw ni Dylan.

Natigilan ang tatlo tumingin kay Dylan.

At tuluyan na syang napahalakhak ng bigla syang ihagis ng tatlo papunta rito.

Kahit nagulat mabilis naman syang sinalo ng binata.

Kasabay ng pagtatama ng kanilang mga mata narinig nyang bumulong si Gio ng...

"Just like the old times."

"Are you okay?"

Tumango sya. Ibinaba sya nito pero hindi inalis ang kamay sa bewang nya at bahagya syang inilayo sa

tatlo.

"Anong nangyayari sa inyong tatlo why did you attack Angela like that."

Bumakas ang pagtataka sa mukha ng tatlo.

"Kilala nyo ba sya?" Dagdag pa ni Dylan na nagpaglito lalo sa tatlo.

Nang sumulyap ang mga ito sa kanya ay isang simpleng iling lang ang sinagot nya.

"Yeah Guys kilala nyo ba si Gela?" Si Brena na nakakaramdam na ng inis dahil hindi sya pinapansin ng tatlo.

"Are you fucking kidding me." Si Calix

"Kilala namin sya? Of course we knew her."Si Gio.

"She is The Queen of this House! Our Baby." Si Renz

O_O Ganyan silang lahat.

Si Dylan lalong nagsalubong ang kilay nito.

Sabay sigaw.

"Explain." Habang nakatingin sa kanya.

/////*

Thanks for reading....

***Sleepy**

20. Mark

"Ang ibig nyong sabihin kaibigan nyo si Angela noon pa?" Di makapaniwalang sabi ni Janice habang pinalipat lipat ang tingin sa kanya at kina Calix Gio at Renz.

Nasa sala na sila at pinapaliwanag ng tatlo kung ano sya sa buhay ng mga ito.

"Kung talagang kaibigan nyo na sya noon pa, bakit di sya kilala ni Dylan ?" Nagdududang tanong ni Brena .

Napatingin sya kay Dylan na nakatingin sa kanya at nakakunot noo.

Hindi pa ito umiimik mula kanina.

Nakaupo ito sa couch katabi si Brena habang nasa one seater sofa sya sina Calix at Gio sa armchair habang si Renz ay sa paanan nya.

Si Gelo Quincy at Janice ay nasa single sofa din.

"Ha... ah ... eh." Napatingin sa kanya si Calix sa pag-iisip ng isasagot.

"Because we never meet, kapag wala ako, andito sya, kapag ako naman ang nandito wala sya." Walang emosyon na sabi nya.

"Ganon, impossible naman iyon iisa lang kayo ng circle of friends tapos di kayo nagkakila o nagkita man lang." Si Berna.

Tumaas ang isang sulok ng labi nya.

"Imposible ba? Di ka makapaniwala, how about this. He's my boyfriend. Kung yun ba ang sasabihin ko maniniwala ka?"

"Of course not!"

Napahalakhak sya ng sabay na magsalita si Berna at Janice.

"O see mas lalo kayong di makapaniwala." Napailing-iling sya.

"Talaga di kami maniniwala na boyfriend mo si Dylan dati. I hate to burst your bubble stepsister pero di ikaw ang tipo nya."

Tinignan nya si Dylan sabay nakakalokong nagsalita ng...

"Yeah right."

Saka sya tumayo.

"Uno, dos tres follow me. Ikaw din Gelo." Pagkasabi noon ay naglakad sya papunta sa second floor kitang kita sa kilos nya ang familiarity sa lugar.

"Wait lang guys ha." Si Gio.

"Feel free." Si Renz.

Kinindatan naman ni Calix ang mga naiwan habang si Gelo ay alanganin naman na nagpaalam lalo na ng lalong nagsalubong ang mga kilay ni Dylan.

"Ah eh sundan ko muna guys mahirap ng di sundin yun." Sabi pa nito.

"Anong gagawin nyo?"

Napatigil si Gelo sa paghakbang.

Nilingon nya si Dylan.

"May pag-uusapan lang kami."

"Anong pag-uusapan nyo?"

Napakamot sa batok si Gelo.

"Ah eh,..."

"Bat di mo masabi, and pwede naman na dito kayo mag-usap bakit kailangan sa taas pa?" Taas kilay na tanong ni Brena, bagamat di pinapahalata kay Dylan.

"Baka illegal ang pag-uusapan nila, OMG Gelo kung ako sayo lalayuan ko na iyang babaeng iyan bago ka mapasama, sayang ka." Si Janice.

"Stop that!" Natigilan ang lahat ng bahagyang sumigaw si Gelo.

" Angela's maybe mean, bully and hard headed but she will never do the things you're thinking. Kung ano man ang pinapakita nya lahat iyon may dahilan. Dahilan na wala akong karapatan na sabihin." Kay Dylan sya nakatingin ilang segundo na naglaban ang tingin nila bago umalingawngaw ang boses ni Angela.

"Hoy Jose Angelo, ano na. Na trapik ka ba dyan, uupakan kita pag after 3minutes ala ka pa."

Nanlaki ang mga mata nya sa narinig na sigaw ni Angela.

Kapag sinabi pa naman ng babae iyon talagang gagawin.

"Andyan na." Sigaw nya.

Tinaguan nya muna si Dylan bago nagtatatakbo paakyat.

"*Kung alam mo lang Dylan lahat ng pinapakita nya ikaw ang dahilan, you're one a hell lucky guy.*"

O_O ganyan ang mga mata ng lalaki sa loob ng locker room for boy's ng pumasok sya dala-dala ang kagamitan panglinis.

Tinignan lang naman ni Angela ang mga ito bago derederetso pumasok.

May nagbibihis may nakatuwalya lang at may naghuhubad, lahat iyon hindi nya pinansin.

Nagsimula na syang maglampaso.

"Miss nagkamali ka yata ng pinasok Men's Locker room ito." Sabi ng isang nakatuwalya.

"Alam ko."

"Eh bat nandito ka."

Dumeretso sya ng tayo at tinignan ito ng deretso.

"May mata ka naman di mo ba nakikita na naglilinis ako."

Mukha namang na gets ng lalaki ang ibig nyang sabihin kaya muli syang nagpatuloy sa paglalampaso.

"So ikaw iyong Angela o Gela na sinasabi ni Reina."

Napatingin sya sa lalaking nagsalita.

Nakapantalon lang ito.

Semi kalbo may hikaw sa kaliwang tenga.

Hindi sya umimik at tinignan lang ito coldly.

Ngumisi naman ito.

"So Reina's right you're tough. Alam mo ba ang sabi nya sakin hindi nya ko hihiwalayan if I can break you." Tinignan sya nito. From head to toe.

"And I think di mahirap gawin iyon, sa payat mong yan I don't know why Reina's afraid of you."

Sa pagkakataong iyon sya ang ngumisi.

"So she's afraid of me, you better too. I can bring you hell if I want too."

"I'm Jack Dizon. Leader of DZ Gang do you think matatakot ako sayo. FYI miss you are in my territory. Walang kahit sino na miyembro ng BH dito, walang Brent na tutulong sayo."

"Who said I need one."

Natigilan ito ng di sya nasindak.

"Saka andito ako para maglinis, hindi para kausapin ka."

Tinalikuran nya ito.

Naglampaso na sya ulit pero ramdam nya na nag-uusap usap ang mga ito.

"Alam mo Angela naiinip ang mga bata ko, Baka gusto mo makipaglaro tutal pwede ka narin namang pagtiisan."

Narinig nyang inilock ng mga ito ang pinto, imbes na matakot nagpatuloy lang sya sa pag lalampaso.

"You know what too naiinip din ako sa paglalampaso nitong sahig, try ko kaya sa mukha nyo baka masaya."

Kasabay ng paghablot ni Jack sa braso nya ay ang paghampas nya sa mukha nito.

"You bitch, pagkatapos namin sayo siguradong hindi kana makakalakad.

"Tss ang daldal nyo you want to play let's play."

May sumugod sa kanya na sinalubong nya ng suntok, may yumakap sa kanya sa likod pinunit nito ang damit nya making her sport bra shown pero imbes na matakot, tumawa sya sabay harap sa lalaki at tinuhod ang pinakaiingatan nito.

10 laban sa isa.

Lalong nabubuhay ang dugo sa katawan nya.

Sinipa nya ang baldeng may lamang tubig. Bumuhos iyon kay Jack at sa 3 pang kasama nito.

Sa galit yata nito ay mabilis itong sumugod. Natumba sya, inuupuan sya nito sa tyan habang may humawak sa braso nya.

"Oops I got you." Ngising demonyo ito na biglang yumukod sa leeg nya at mariin syang kinagat roon leaving a red mark.

"You taste good pwede ka narin talagang pagtiisan."

Aktong yuyuko ulit ito ng may nagsalita sa pinto.

Ayaw man nya nanlaki ang mga mata nya ng makita si Maelyn duon.

"Anong ginagawa n-nyo kay G-Gela?" Nanlalaki ang mga mata na tanong nito.

Napamura sya sa isip, ang tanga naman ng mga ito hindi marunong maglock ng maayos.

Pero mas gusto nyang murahin si Maelyn na natulala yata.

Hinablot ito papasok sa loob.

"Looks like may gusto rin na sumali sa laro natin." Si Jack na hindi parin umaalis a ibabaw nya.

Natauhan si Maelyn sa narinig at napasigaw ito ng biglang may pumunit sa damit nito.

Nagtawanan naman ang mga gago.

"Kahit sumigaw ka miss wala makakarinig sayo dito. Alam mong nasa likod itong locker namin. No one's go here kung hindi ka member."

Tuluyan nang nagpumiglas si Maelyn pero naihiga na ito ng mga lalaking may hawak dito.

"Boss chubby masarap to." Sigaw pa ng lalaking nakapatong dito.

"Gela!" Sigaw ni Maelyn.

"So saan na tayo." Baling ni Jack sakin.

"I'm going to show you hell asshole." Pagkasabi noon ay isang malakas na headbat ang binigay niya rito.

Nasaktan ito at nabigla.

Hiniklas nya ng malakas ang braso nya para mabitawan ng may hawak .

Bago pa makapag react ang mga ito nakatayo na sya at sinipa ang mga lalaking nakapalibot kay Maelyn.

Nagawa naman nyang mapatumba ang mga ito.

Tinulungan nyang tumayo si Maelyn.

"G-Gela." Takot na yumakap sa kanya si Maelyn.

"Stupid anong naisip mo at basta basta ka na lang pumasok." Singhal nya rito.

Hindi na nakasagot si Maelyn dahil nakapalibot na naman sina Jack sa kanila.

Napatago ito sa likod nya.

Nginisihan nya si Jack na hinihimas ang noo.

Obvious na galit na ito.

"You're going to pay for this."

Sa pagbabanta nito isang salita ang sinagot nya.

"Bring it on Baby."

"**Dylan inom ka muna**." Ibinaba ni Brena ang isang basong Juice sa harap ni Dylan.

Nasa sa SG office sila kasama si Quincy at Janice.

Nagpa-finalize sila ng program for foundation day.

Nginitian nya ito. "Thanks."

"Welcome." Umupo ito sa tabi nya ay nakisilip sa ginagawa nya.

"Ahmmm Dylan pwede ba kita makasama sa bday ko this Oct 8?"

Napatingin sya rito. Dati kapag niyaya sya nito to celebrate her bday mabilis syang sumasagot but now hindi sya kagad maka oo para kasing may isa pang okasyon sya na dapat puntahan sa araw na yon.

"Dy?"

"Ha s-sure."

"Ayan!" Tuwang sabi ni Brena na yumakap sa kanya.

Napangiti sya, ngiting naglaho ng bigla na lang pumasok sa isip nya ang mukha ni Angela, her unemotional face.

Wala sa loob na tinanggal nya ang braso ni Brena.

Napansin naman iyon ng dalaga.

Lately napapansin nya na nagiging iwas sa kanya ang binata kapag hinahawakan nya ito, lalo na pagkaharap nila si Angela.

Sa isip nito kailangan talaga mawala ni Angela sa C.U kailangan makagawa ito ng paraan para makick-out ang dalaga.

Patingin tingin naman sa relos si Dylan.

Alam nyang naglilinis si Angela ng C.r at locker at sinabihan nya ito na bumalik ng Alas dose.

Past 12 na wala pa din ito.

"Quincy nagreport ba si Angela kanina dito ng wala ako?"

From her book ay tumingin si Quincy sa kanya.

"Gela? No hindi ko pa sya nakikita mula kaninang inutusan mo sya."

Kumunot ang noo nya.

"Duh knowing my half sister pag hindi ka tinakasan non malamang nasa gulo iyon." Si Janice.

"Nag-aalala ako Dy." Napatingin sya kay Brena.

"Baka masira ang pangalan natin pag hindi natin makontrol si Angela. Alam mo naman na ayaw ni Mrs. Calubat na magkaroon ng bad image ang C.U."

Bago pa sya makasagot biglang bumukas ang pinto at pumasok ang isang bakla na humihingal pa.

"Yes what we can do for you?" Si Brena.

"T-tulong po s-sa...men's...la....loc-" putol putol na sabi ni Carlos o Carla.

"Hey pwedeng dahan-dahan mo para maintindihan ka namin?" Si Janice.

Huminga muna ng malalim si Carla.

"S-sa Locker room duon po sa may Building E sa dulo... k-kinulong iyong mga kaibigan ko."

"Sinong kaibigan?" Takang tanong ni Quincy na naguguluhan parin dahil halos di parin maintindihan ang pagsasalita ni Carla.

"Si Maelyn at Angela po kinulong sila sa locker room at pinagtutulungan sa loob tulungan nyo po ang mga kaibigan ko baka-." Napatigil sa pagsasalita si Carla ng biglang napatayo si Dylan at mabilis na lumabas.

"Dylan." Sigaw ni Brena na hindi nya pinansin.

Sa dibdib ng binata andon iyong takot. Takot para kay Angela.

Nakasunod na din si Quincy, Janice at Brena sa binata.

Medyo may kalayuan ang building E sa building A at nasa likod ng ang men's locker room.

Hindi alintana ni Dylan ang layo o ang tingin ng mga estudyante ang gusto nya lang makarating kaagad kung nasaan si Angela.

"*I'm coming Angel hold on."*

Dumura si Angela ng malasahan nya ang dugo sa bibig.

Hinihingal na nakatayo parin sya habang pinagmamasdan ang 7 lalaki na nakahiga sa sahig.

"So malakas ka nga talaga." Si Jack na puro sugat narin ang mukha. Tulad nya hinihingal ito pati ang dalawang lalaki na natitirang pa din na nakatayo.

She smirked.

Puro pasa at sugat narin sya dahil talagang pinagtutulungan sya ng mga ito.

Sira na nga ang damit nya at tanging ang sport bra nyang itim na lang ang suot nya.

Nagawa pa kasi syang makorner ng mga ito kanina.

"Angela." Umiiyak parin na sabi ni Maelyn.

Isa pang dahilan kaya di sya makalaban ng ayos ay dahil dito.

Hindi nya ito maiwan dahil kapag umaalis sya sa tabi nito ay sinusugod ito ng mga manyakis na panget na mga ito.

"Ikaw wala kang kwentang kalaro na kakainip."

Tumalim na naman ang tingin ni Jack sa kanya.

Pinasugod nito ang mga kasama nito sa kanya.

At dahil naiinip na sya sinugurado nya na tutumba na ang sumugod sa kanya.

Na nangyari nga.

But when she looked to Jack may sinaboy ito sa mata nya.

"Shit!" Napapikit ang mga mata nya sa hapdi.

Ngunit bago pa tuluyan na maipikit nya ang mga mata. Nakita nya pa si Jack na hawak hawak ang mop para ihampas sa kanya.

Awtomatiko na itinaas nya ang mga kamay para salagin iyon.

"Angela!" Sigaw ni Maelyn.

She's waiting for pain. Pero ilang segundo na syang nakapikit wala pa din.

Then she felt it.

The tingling sensation. The electricity.

Dylan!

"Dont you dare!"

Bumilis ang tibok ng puso nya ng marinig ang boses nito.

Natigilan naman si Jack habang nakatingin sa mga mata ni Dylan, na nasa harapan nya nakayakap kay Angela at pigil pigil ang mop na ihahampas nya sa babae.

Bihira nyang makitang galit ang presidente ng SG.

At kahit kelan hindi pa sya nito nahuli sa mga kaguluhan na ginawa nya.

May naririnig pa sya sa ibang gang na hindi ito magandang galitin dahil masama itong kaaway.

He doesn't believe that.

Anong magagawa sa kanya ng isang SG president sya na isang leader ng Gang.

Ngunit ngayon habang nakatingin sa mga mata nitong punong puno ng galit, hindi maiwasan ni Jack na makaramdam ng kaba.

Kaba na nadagdagan ng magsalita ito.

"Get out of my sight. I'll deal with you later but now get out before I kill you."

Binitawan nya ang mop at sa kabila ng kaba ay ngumisi.

"You're save but I'll make sure na itutuloy natin ang laro. And I'm going to make sure that I'm gonna have you." Sabi ni Jack natatawa sana pero nakita nya ang tingin ni Dylan. Tingin na nagbigay ng kilabot sa kanya.

Dahil doon mabilis syang lumabas kasunod ang mga member nya.

"Tss Cowards." Sabi naman ni Angela na nakapikit pa din.

Naramdaman nya ang pagdiin ng paghawak ni Dylan sa kanya bago sya bitawan.

"Janice, Quincy dalhin nyo sa clinic si Maelyn." Narinig nyang utos ni Dylan.

Narinig nyang sumunod ang dalawa.

Peste hindi parin sya makamulat dahil sa detergent powder na binato sa kanya ng Jack na yon.

She promised to her self na babalikan nya ito.

"Mauna ka na sa office Brena susunod kami."

"P-Pero-."

"Just do it."

Wala nang nagawa si Brena kundi sumunod.

Pero bago lumabas matalim na tinignan muna nito si Angela.

For the first time ginamitan sya ng ganon tono ng binata.

Narinig naman ni Angela ang pagsara ulit ng pinto.

Kumunot ang noo nya.

Alam nyang nasa harap parin nya si Dylan pero hindi ito nagsasalita. Alam nyang nakatitig din ito sa kanya dahil ramdam nya init ng titig nito. Pero bakit hindi ito nagsasalita.

Napapatiim ng bagang si Dylan habang pinagmamasdan si Angela.

Puro pasa putok ang labi may sugat sa kilay. Walang pang itaas.

But one thing that made his blood boiled in anger is ang pulang marka sa leeg ng dalaga.

Naiisip pa lang nya kung paano ginawa iyon lalaking iyon ay gusto nya na itong saktan at patayin.

"*Relaks Dylan you can do that later."* Pagpapakalma nya sa sarili.

Pero ayaw kumalma ng sistema nya. Ngayon nya gustong sapakin, durugin ang mga buto ng lalaking iyon.

"Shit! Shit! Shit!" Malakas na mura nya aktong lalabas sya para habulin iyong lalaki ng bigla syang hawakan ni Angela sa kamay.

"Calm down." She said.

Bigla nya itong niyakap sinubsob nya ang mukha sa leeg nito duon sa parteng hindi nadikitan ng hayop na lalaki na iyon.

He inhaled her scent. Her scent na nagpapakalma sa kanya.

"What are you doing to me Angel?" Hindi nya alam bat kumakalma sya sa simpleng hawak yakap at amoy nito.

Hindi nya alam kung bakit nagiging ganito ang reaksyon nya kapag nasasaktan at sinasaktan ito.

"*Who are you?"* Piping tanong nya.

Naramdaman ni Angela na humiwalay sa kanya si Dylan.

Bigla syang hinila nito sa kung saan.

"*Akala ko kalmado na to bat galit parin yata*?" Halos madapa kasi sya sa paghila nito.

"Aray dahan-dahan naman." Reklamo nya na hindi pinansin nito.

"What the fuck!" Napasinghap sya ng may tumamang tubig sa mukha nya.

"Stop swearing kababae mong tao kung ano anong mura ang lumalabas sa bibig mo. Maghilamos ka para matanggal ang pagkahilam ng mga mata mo."

(-_-)pwede namang sabihin sakin iyon bakit kailangan nya pang itutok sa mukha ko iyong host.

Naghilamos sya.

Bwisit hirap na hirap sya sa pagtanggal ng sabon sa mata nya.

Kapag talaga nakita nya ulit iyang Jack na iyan ingungodngod nya ang pagmumukha nun sa isang plangganang detergent powder.

Namumula na ang mga mata nya ng magawa nyang makamulat.

Nakita nya si Dylan na nakatayo sa tabi nya at bakas padin ang galit sa mga mata.

Lumapit ito sa kanya naglabas ng panyo at binasa iyon bago tila gigil na gigil na pinunasan ang leeg nya.

"Ouch dahan-dahan naman."

Hindi parin ito umimik.

Habang tumatagal lalong kumukunot ang noo nito.

Saka nya napansin na pilit nitong tinatanggal ang pulang marka sa leeg nya.

"Ano ba! Ang sakit na ha. Sa tingin mo matatanggal yan ng ganyan. Tss tanggalan mo na lang ako ng balat sa leeg para mawala yan." Inis na sabi nya.

Tinalikuran nya ito.

"At saan ka sa tingin mo pupunta?" Galit na hinila sya pabalik nito.

"Lalabas wala na ko sa mood maglinis bukas nalang ulit."

"Lalabas ka ng ganyan ang ayos." Tinignan sya nito.

Nakapants naman sya pero ang pang itaas nya ay sport bra pa din.

Tinaasan nya ito ng kilay.

"Why sa London nga nag t-two piece ako ito pa kayang sport bra lang."

Sinamaan sya nito ng tingin na sinuklian nya ng ng ganitong tingin. (=_=)

Na naging ganyan (0_0) at ganyan >"< ng bigla itong maghubad ng t-shirt at makita ang abs nito.

"*Syet na malagkit dati 6 lang bat ngayon 8 pack na."*

Iwas na iwas ang tingin nya dito ng lumapit ito at isuot nito sa kanya ang t-shirt nito.

"Bat namumula ka?" Tanong nito na hindi pa din lumalayo sa kanya.

"Ha?" Tinignan nya ito sa mga mata. Sa mata nalang sya tumingin dahil baka ma rape nya ito ng di oras.

"Wala." Mabilis syang tumalikod. "Mabuti pa Tara na. Baka lalong mag-init ang ulo ni Mrs. Calubat pag pinaghintay." Malamig nyang sabi bago lumabas ng pinto.

Hindi nya tuloy na kita ang pagsasalubong ng kilay nito dahil narinig ng binata ang bulong nya bago tumalikod.

"Baka bawiin ko kaagad ang pag-aari ko pagnagtagal pa ako dito."

Bulong na lalong nagpagulo sa isip nito.

Walang imik na nakatingin lang sa harapan si Dylan habang nag d-drive ng sasakyan, sya naman nakatingin sa may bintana.

Kanina paglabas nila sa Mens Locker akala nya dadalhin na sya nito sa SG office pero nagulat sya ng hilahin sya nito papuntang parking lot.

Hindi na sya umimik sumunod nalang sya.

Wala naman sya choice kinakaladkad sya eh saka mainit parin ang ulo ng binata magkasalubong parin ang kilay.

Napatigil sina Gio Calix at Renz sa paglalaro sa may sala ng pumasok sila.

Hindi naman ito pinansin ni Dylan kaya sya na ang bumati sa mga ito.

"Hi Guys."

Iyon na lang ang nasabi nya dahil hindi huminto sa paglalakad si Dylan.

Ganyan ang mukha ng tatlo ng dumeretso sila sa kwarto ni Dylan.

"Yun oh." Gio

"Alam na." Renz.

"Enjoy guys." Calix.

mga sira ulo.

Hinila nya ang kamay mula sa pagkakahawak ni Dylan ng makarating sila sa loob.

"Ano ba problema mo Santiago?"

Hindi ito sumagot sa tanong nya.

Bagkus pumunta ito sa isang closet naglabas ng t-shirt at boxer duon.

"Here wear this. Maglinis ka ng katawan mo saka ko gagamutin mga sugat mo." Inabot nito sa kanya ang mga damit sabay tulak sa kanya papuntang banyo.

Wala syang nagawa kundi pumasok.

"Anong problema non biglang bigla gusto akong paglinisin ng katawan?"

Kahit nagtataka sumunod narin sya.

Tutal naman lagkit na lagkit na sya pakiramdam nya lahat ng laway ng Jack na yun dumikit sa kanya.

After 15 minutes lumabas sya.

"Ang sabi ko maglinis ka lang di maligo." Salubong sa kanya ni Dylan ng lumabas sya.

Di kasi sya nakuntento sa linis lang kaya diniretso nya na ng ligo.

Hindi sumagot at tinignan lang ito.

Hahakbang sana sya ng mapahinto ng makita nya ang mukha ng binata.

Dylan was looking at her from head to foot.

Habang ginagawa iyon ng binata she noticed that his eyes became so dark.

Bigla tuloy syang naging conscious sa ayos.

Ang black t-shirt ni Dylan ay umabot hanggang kalahating hita nya.

Sa laki ng t-shirt natakpan na ang boxer na suot nya.

Kanina ng tumingin sya sa salamin ang tingin nya sa ayos nya ay trying hard na hip-hop.

But not the way Dylan's look at her.

Desire is evident in his eyes. Because of that ay napalunok sya at napaiwas ng tingin.

"Come here Angel."

Nagtayuan ang balahibo nya sa husky na boses ng bintana.

Wala sa loob na humakbang sya.

Di ito tinitignan na umupo sya sa kama.

Bumuntung hininga ito.

Napapitlag sya ng hawakan sya nito sa baba.

"Let's clean your wounds." Sabi nito.

Di parin sya nagsasalita at hinayaan lang ito sa nais na gawin.

Walang mabasa sa mukha nya, pero sobrang higpit naman ang hawak nya sa kumot. Hindi dahil sa sakit kundi dahil sa tensyon na nararamdaman nya.

"You can tell me kung nasasaktan ka." Sabi ni Dylan. "Hindi mo kailangang tiisin ang sakit." Napansin nito ang tahimik na pagpiga nya sa kumot.

"Mas masakit na sugat pa ang tiniis ko dati. At may mas masakit pa akong araw -araw na tinitiis compared sa mga sugat na yan."

Mula sa pag-aayos nito sa benda ng braso nyang tinamaan ng bala ng baril ay tumingin sa kanya ang binata.

"What do you mean?"

Hindi sya sumagot, Nagkibit balikat lang.

Hindi naman sya nito kinulit.

Natapos na nito ang ginagawa.

Tatayo na sana sya ng bigla nitong hawakan ang kamay nya.

Nang tignan nya ito duon na ito nakatingin sa marka sa leeg nya.

Ang kaninang ekspresyon nito na tila tensyonado ay napalitan ng pagsasalubong ng kilay.

Iyong galit nito kanina ay bumabalik na naman.

Ganon nalang ang gulat nya ng bigla sya nitong itulak pahiga.

Umibabaw ito sa kanya, bagamat hindi naman idinadagan ang buong bigat sa kanya.

0/////0 Lumapit ang mukha nito.

"W-what the- a-ano bang problema mo." Sumasabay sa pagsasalita nya ang mabilis na tibok ng puso nya.

Pinagmasdan sya nito sa mga mata.

Ganon parin ang ekspresyon nito.

Bumaba ang labi nito.

Nahigit nya ang hininga.

Magkalapat ang mga labi nila, but he's not kissing her.

"How dare him to mark you." He said in her lips.

Namungay ang mga mata nya. Ang puso nya nagpalpitate na yata ng sobra sa sunod na sinabi at ginawa nito.

"No one will mark you but me Angel. You're mine!" He lowered his face in her neck.

She shivered ng halikan sya nito duon.

A butterfly kisses.

Napapikit sya.

"Y-ylan."

Then tumapat ang halik nito sa markang iniwan ni Jack.

She felt his tongue in her skin making her moan softly.

Napapikit sya ng mariin ng markahan din sya nito.

The same spot where the unwanted mark is. Binubura iyon at pinapalitan ng sarili nitong marka.

Kung nung si Jack ang gumagawa noon ay diring diri sya, ibang iba ng si Dylan na ang gumagawa.

A strange but sweet sensation flow in her body making a knot in her stomach.

Nang makuntento tumaas ang mukha ng binata.

And kissed her in the lips.

Hindi katulad ng halik nito dati.

Mariin ang halik nito nanghihingi kaagad ng tugon.

She kissed him back with the same intensity.

Ilang minuto pa na tumagal ang halik na iyon nang biglang kumalas ang bintana.

"Shit!.. shit!" He swore habang mabilis na bumabangon at lumalayo sa kanya.

"Damn it." Isinuklay nito ang mga daliri sa buhok at tumalikod sa kanya.

Her face became cold ng maramdaman ang sakit sa nakikitang reaksyon ng binata.

"You know. Pwede ka naman lumayo na lang. Hindi mo ako kailangan murahin." She said icily. Umupo sya mula sa pagkakahiga.

Natigilan naman si Dylan at napaharap sa kanya.

"What?"

"Di mo kailangan ma frustrate ng ganyan. Kung pinagsisihan mo iyong kanina just forget it. No harm done. Iisipin ko na lang na nagkamali ka ng hinalikan." Walang ekspresyon ang mukha na sabi nya.

Sa ikalawang pagkakataon nagulat sya sa muling pagtulak ng binata.

But this time hindi na ito pumaibabaw sa kanya. Nakahawak lang ito sa magkabila nyang balikat para pigilan sya sa pagtayo.

"Sa lahat ng bagay kissing and marking you is not the thing na pinagsisihan ko." Tinignan nito ang leeg nya.

An uneven smile formed in his lips habang tinitignan ang markang ginawa nito.

"Hindi ako nagsisisi Angel , nanghihinayang ako dahil hindi ko pa pwedeng ituloy ang ginawa ko."

"Ha?" Nabobo yata sya di nya maintindihan ang sinabi nito.

Natawa ito saka sya binigyan ng mabilis na halik sa labi.

Binitawan sya nito saka kinumutan at inayos ang unan.

"Rest. Ako na bahala sa excuse mo. May aasikasuhin lang ako."

After kissing her forehead ay tuluyan na itong naglakad palabas.

Leaving her na nagtataka sa kilos nito.

She sighed. Ipinikit ang mga mata.

Kesa sumakit ang ulo nya sa pag-iisip sa ibig sabihin ni Dylan, matutulog na lang sya.

Niyakap ang unan na may amoy ng binata.

With that hinayaan nya ang sarili na tangayin ng antok.

Dylan's face is set, his posture is rigid.

Kanina ng nasa tabi nya pa si Angela he is calmed.

But now his angered is back.

Galit na naramdaman nina Gio ng bumaba sya.

And as they saw his face mabilis na tumayo ang mga ito.

"So what's the plan?" Calix asked alam na nito base sa ekspresyon ng mukha ni Dylan ay may babalikan ito.

Dylan's a good boy pero hindi ibig sabihin non na hindi ito marunong makipaglaban o makipag-away.

In their group ito ang tumatayong leader.

If he's a good boy, kabaligtaran kapag nagagalit ito.

He can be a devil, a monster lalo na kapag sinaktan mo ang malalapit sa kanya.

Lalo na kapag si Angela.

At base sa ekspresyon ni Dylan si Angela nga ang sangkot.

Ngayon pa lang naawa na sya sa taong babalikan nito.

Nang lumabas ito ng pinto.

Tahimik silang sumunod na tatlo.

Sunod sunod na napubo si Jack. Hawak nya ang sikmura.

Nakaramdam sya ng takot ng muling lumapit sa kanya si Dylan.

Pinunasan nya ang dugo sa putok nyang labi.

Bakas ang paghihirap sa mukha nyang puno ng pasa at sugat.

Masakit narin ang katawan nya dahil sa mga suntok at sipa nito.

Tumalungko si Dylan sa harap nya dahil duon ay napaatras sya sa takot.

"Look at me Jack." He said in a cold voice.

Pilit nyang itinago ang takot ng tignan nya ito.

Na hindi nya din nagawang itago ng makita nya ang mga mata ng binata.

Dylan's eyes is blank and dark.

His is expressionless.

"I don't want you to be near or touch her again. If ever na magkakasalubong kayo you will turn around. I don't care kung ang kabilang daan ay bangin. I don't fucking care kung kailangan mong tumalon doon para iwasan sya. Just don't be near to her again, kapag alam mong iisang hangin lang ang nilalanghap nyo, hold your breath and ran. Because the moment I'll see you na malapit sa kanya, is the moment that you're DONE .I can kill you. At sisiguraduhin ko na walang magagawa ang gang mo para pigilan ako. Do you understand."

Kahit sina Gio, Calix and Renz felt the intensity of Dylan's words, kahit ang mga ito nakaramdam ng takot sa paraan ng pagkakasabi ng binata.

As if sinesentensyahan na ang lalaki ng kamatayan.

Naisip ni Gio kung mali ang isasagot ng lalaking Jack ang pangalan sigurado syang mismo duon magwawakas ang buhay ng lalaki.

Galawin mo na kay Dylan ang lahat but not his Angel.

Mgkakaroon talaga ng Gera.

Nakitang nyang sunod sunod na tango ang ginawa ng Jack.

Dylan's smirked. "Good." As he said that nagpakawala ito ng suntok. Suntok na nagpawala ng malay sa lalaki.

Sabay sabay silang napangiwing tatlo sa lakas ng suntok na iyon.>"<

Parang walang nangyari na naglakad palayo rito si Dylan.

Tahimik lang kaming sumunod sa kanya.

They value their life .

They new na hindi pa humuhupa ang galit ng binata. At ayaw nilang mapagbuntunan ng galit nito.

Their Dark king is back, to protect his Blue Eyed Angel again.

21. I Crave

Sinubsob ni Angela ang ulo sa mesa.

Pagod na pagod at antok na antok sya.

It's been two days since nangyari iyong insidente sa locker room.

And it's been two days narin syang di nakapasok.

Nasa kasarapan sya sa pagtulog sa kwarto ni Dylan ng araw na iyon when she received a phone call mula sa Maynila.

Phone call na hindi nya pwedeng wag pansinin kaya naman ng araw na yon lumuwas sya ng Maynila.

Straight na wala syang tulog at masakit ang katawan nya dahil sa mga ginawa kung pwede nga lang dumeretso na sya ng bahay at matulog.

But according to Jose Angelo may isang tao ng malapit magwala sa paghahanap sa kanya.

Kaya naman dito na sya dumeretso.

Napapapikit na sya ng marinig nyang nagsimula ng pumasok ang mga klasmeyt nya hindi sya nag-abalang itaas ang ulo.

Hanggang sa nag bell.

"Gela." Si Maelyn na nakaupo sa tabi nya.

Napapipikit na dumeretso sya ng upo.

Saka nya lang napansin na lahat ng klasmeyt nya sa kanya nakatingin, wala pa si Ms. De Guzman.

Nagkasalubong ang mga mata nila ni Dylan na ngayon ay nakaupo na sa upuan nito katabi si Brena.

Wala syang mabasa sa mga mata nito.

Tinignan nya lang ito.

Napahikab sya sabay sabi sa mga klasmeyt nyang nakatingin lang sa kanya.

"Problema nyo?" Malamig nyang sabi.

"Ah... ano kasi G-Gela."

"What?" Humikab ulit sya.

"Lahat kami rito, no scratch that ang buong C.U napanood ang balita kagabi. Kahit ang Daddy mo alam na ang nangyari." Taas ang kilay na sabi ni Reina.

"So." Sabi nya lang habang sumasandal upuan.

"So, so ka dyan. Alam na ng lahat na drug user ka. Kitang kita ang mukha mo sa camera duon sa ni raid na party." Malakas na sabi ni Reina.

"Tss pwede hinaan mo ang boses mo, ang sakit sa tenga." Walang pakialam na sabi nya.

"Ms. Fuentebella alam mo ba kung ano ang nagawa mo, binibigyan mo ng bad publicity ang School natin." Si Brena.

Sasagutin nya sana ito ng magring ang cellphone nya.

Kumunot ang noo nya ng mabasa kung sino yun.

"What?"

Ginulo nya ang buhok ng marinig ang sinabi ng kausap.

"Naman Jayzen hindi nyo ba kaya yan ... fuck you."Nagsinghapan ang mga klasmeyt nya ng magmura sya isa sa pinaka OA na reaksyon ay si Brena na tumingin pa kay Dylan.

"Wala pa kong tulog kararating ko lang, kakahiwalay lang natin pababalikin mo na naman ako... call Jericho para tulungan kayo. I don't care kahit nasa ibabaw pa sya ng babae." Another OA gasps from her classmates.

"Hindi pwede si Jose Angelo. Ayusin nyo yan dahil pag ako pa ang umayos nyan humanda kayong lahat sakin. Wala akong pakialam kahit si Marcus pa ang may kasalanan basta ayusin nyo." Nagsalubong na ang kilay nya sa sunod na sinabi ng kausap.

"Damn it." Napapitlag ang mga klasmeyt nya ng malakas syang nagmura.

Hinilot nya ang sintidong sumasakit.

"Fine babalik ako dyan."

Ibinalik nya ang cellphone sa bag.

"Naman!" Frustrated na sabi nya sabay gulo ulit sa maikling buhok.

"Sino yun lover mo." May malisyang sabi ni Reina na nakatingin sa leeg nya.

Alam nya kung ano ang tinitignan nito.

She smirked.

"Nah... she's not my lover, kung itatanong mo rin kung sino ang may gawa nito." Tukoy nya sa leeg. "Secret. Tutal naman mukhang gusto mong malaman kung ano ang mga pangyayari sa buhay ko alamin mo narin kung paano ko nakuha ito."

Muling nagring ang phone nya.

Tumayo sya bago sinagot iyon.

"Paalis na ko." Nagsimula syang maglakad palabas." What masasa-." Naputol ang ano mang sasabihin

nya ng may umagaw sa cellphone nya kasabay ng paghawak ng isang kamay sa kanang braso nya para pigilan sya sa paglabas.

"Angela is not going anywhere."

Napatingin sya kay Dylan na hawak hawak ang cellphone nya habang mahigpit ang hawak sa kanya.

"Dylan." Narinig nya pang sinabi ng binata.

Gusto nyang matawa dahil naiisip nya na ang itsura ni Jayzen nung marinig nito ang pangalan ng kausap nito. Sure syang di na ito mangungulit sa kanya.

"Good." Pagkatapos ay pinatay na nito ang cellphone.

"Sit down." Utos nito sa kanya.

"May pupuntahan pa ako."

"Sit down Angela." Ulit nito.

She smirked. "May pupuntahan pa nga ako."

"I said sit down!" Lahat napapitlag ng sumigaw si Dylan. Pwera sa kanya na nakatingin lang sa binata.

"Huwag mong hintayin na kaladkarin kita Angela." Mainit ang ulo na sabi nito.

Ang init ng ulo ng Gwapo.

"Fine." Sabi nya. Iniinis lang naman nya ang binata.

"Give me my phone." Huminto sya sa paglalakad papuntang upuan nya at hinarap muli ito.

"No."

"No? Bakit?"

"It's confiscated, bawal gumamit ng gadget sa klase you knew that."

Tinaasan nya ito ng kilay.

"Okay." Naupo na sya ulit. At dahil wala pa din si Ms. De Guzman isnubsob nya ulit ang ulo sa mesa.

She really want to sleep.

Mayamaya pa narinig nyang pumasok na si Ms. De Guzman.

" Fuentebella."

"Present Ma'am." Itinaas nya ang kanang kamay.

"Hindi ako nag-attendance Fuentebella." Inis na sabi ng Professor nya.

"Ay ganon ba sorry." nakangisi nyang sabi sabay deretso ng upo.

Tinignan naman sya ng matalim nito.

"Pumunta ka sa Guidance Office pinapatawag ka."

Walang salita salita na tumayo sya.

"Eh kami po hindi po ba kami pinatawag ni Mrs. Calubat?" Tanong ni Brena Habang naglalakad sya papuntang pinto.

"No si Fuentebella lang ang pinapatawag. Mga board of directors ang kakausap sa kanya."

"Oh, I think I know na kung ano pag-uusapan mukhang maki kick out kana." Nang-aasar na wika ni Reina.

Nilingon nya ito and smile devilishly. Saka tumalikod.

Inis naman na napasimangot si Reina.

Inis na inis ito dahil kahit isang beses di nya pa mainis si Angela.

Kahit si Jack na inutusan nyang turuan ng leksyon ang binata ay sumuko.

Umiiwas din ito.

Tuwing babanggitin nya ang pangalang Angela, bigla itong naninigas sa takot, isa pang weird hindi na ito pumupunta dito sa building nila.

Then kapag nasasalubong nito si Dylan ay para itong nakakakita ng multo na mabilis umiiwas.

Weird.

Tinignan ni Reina si Dylan na hanggang ngayon ay nakatingin parin sa pintong nilabasan ni Angela.

Something is really weird here.

Walang pakialam sa paligid na naglalakad si Angela papuntang Canteen. Ibat-ibang tsismis ang naririnig nya, well tungkol sa kanya.

Kapag titignan naman nya ang mga ito parang mga duwag na nag-iiwasan.

Lahat ng mga mata ay nasa kanya ng pumasok sya.

Tumahimik pa nga.

Tss mga abnormal talaga.

Then she felt it. The tingling sensation, awtomatiko na tumingin sya sa kanan, and their he is looking intently at her again.

Walang emosyon ang mukha na lumapit sya sa mesa nito.

As usual kasama nito sa isang table ang mga SG officer with Reina.

"Gela." Pinigilan nya si Gelo sa akmang pagtayo.

"Mamaya na tayo mag-usap." Binalingan nya si Dylan.

"Can I have may phone now?"

Para lang syang nakipag-usap sa hangin, hindi sya nito pinansin, inalis nito ang tingin sa kanya.

Inismiran naman sya ni Brena.

"Dylan o." Malambing nitong tawag sa binata.

Nilingon naman ito ng binata na ngumiti rito bago tinanggap ang isinusubong spaghetti.

Kumirot ang dibdib nya, pero hinayaan nyang walang mabasa sa mukha nya.

"Buti andito ka pa, nagliligpit ka na ba, I'm sure kick out ka na." Si Reina na bakas ang pang-aasar sa tinig.

Tinignan nya ito.

She smiled sweetly to her.

"Oh, I hate to burst your bubble Reina. But magkakasama pa tayo till graduation."

Nanlaki ang mga mata ni Reina o_o. "Hindi ka na kick out?" Gulat na sabi nito.

Nagbulungan naman ang mga estudyante sa paligid nila.

"No." Nang-aasar na sabi nya. Lumuwang ang pagkakangiti nya ng mamula ang mukha nito sa inis.

"Hmp. Pero hindi ka pa din ligtas kay Daddy." Napatingin sya kay Janice.

Nakataas kilay ito.

"Daddy is so mad umuwi ka daw mamaya. Or You better go home now baka kasi maitakwil ka ni Daddy, sobra mo syang pinahiya. I'm sure papalayasin ka na nya."

"As if." She said smugly.

"Pwede ba, can you leave us Fuentebella, nag l-lunch kami. Kung hindi ka rin naman kakain you better leave."

Napatingin sya kay Dylan. Who's staring blankly at her.

"Do you mind." Sabi pa ng binata.

She felt the pang of pain in her chest again.

She coldly stared to him.

The she said.

"Oh. I'm sorry." Walang emosyon na sabi nya.

Napangiti naman ng nang -aasar sa kanya si Janice Reina at Brena.

While Gelo look at her with worried expression.

Nilapitan nya si Gelo.

Yumuko sya at bumulong rito.

? Gelo.

"P-pero Gela... Masyadong delikado para sayo-."

"Just do it." Putol nya sasabihin nito.

Wala itong nagawa kundi mapatango.

Binalingan nya ulit ang mga nasa mesa.

Dinaanan nya lang ng tingin si Dylan na ngayon ay nakakunot noo na.

"Have a happy lunch."

Naglakad na sya palabas.

She need to get out, she need to release her angered, her loneliness.

Nasa pinto na sya ng makasalubong nya ang galit na galit na si Brent na itsura pa lang may susugudin na.

Humarang sya sa dadaanan nito.

Nagkabanggaan sila. Buti na lang mabilis ito. Nahawakan sya nito sa bewang.

Nabangga pa nila ang pinto na malakas na humampas sa pader.

"Problema mo?" Tanong nya, na hindi nag-abalang lumayo rito.

Ramdam nya ang mga tingin ng mga estudyante sa likod nya. Even his eyes.

"Alis Gela." Mariing sabi ni Brent.

Kung hindi nya lang Kilala ito malamang natakot sya rito.

Si Brent ang tipo ng taong kakatakutan mo kapag nagagalit. But she knew him alam nyang di sya sasaktan nito.

"Tell me what it is?"

Base sa pandidilim ng mukha nito at panginginig ng katawan sigurado syang may kinalaman iyon kay Yanna, his precious Gem.

"They hurt her." Bakas na bakas ang galit sa tinig nito at sa isang grupo lang nakatingin.

Sinundan nya ang tinitignan nito. Nadaanan pa ng tingin niya ang galit din na mukha ni Dylan.

She just smiled bitterly to him.

"Felt that sampung ulit nyan ang nararamdaman ko ngayon." Bulong nya.

"Alis na Gela." Ulit uli ni Brent.

"Can I join." Napatingin ito sa kanya.

Then sa direksyon ni Dylan.

"He's been an ass again right."

Hindi sya sumagot, nabasa naman nito ang ekspresyon nya.

Mapait itong tumawa.

"Okay you start." Sabi nito.

Kumalas sya rito at naglakad papunta sa grupong nasa kaliwa.

Nasa pitong lalaki iyon at base sa itsura ay mga palaban at mga lokoloko din.

Nasa likod nya si Brent.

Nakasunod parin sa mga galaw nila ang mga estudyanteng andon.

Iyong grupo na nilapitan nya ay nakatingin din sa kanya.

Nakangisi, lalo na ng makita sa likod nya si Brent.

Huminto sya sa tapat ng isang lalaki.

"Hi babe, ayaw na saiyo ng president." Tukoy nito kay Dylan.

Tinignan sya nito ng may malisya. "Sakin ka nalang papaligayahin kita." Humawak ito sa bewang nya at humaplos doon.

Sa gilid ng mata nya nakita nyang tumayo si Dylan kasunod si Gelo.

Si Brent nasa likod nya lang at naghihintay na simulan nya na.

Nginisihan nya ang lalaki.

"No I'm here to bring you in hell." Pagkasabi noon pinilipit nya ang kamay nito na ikinasigaw nito. Kasunod ng pagsipa nya sa lalaking nasa gilid nya.

Iyon lang ang hinihintay ni Brent nakita nyang sinuntok narin nito ang iba pang nanduon.

Nagsigawan ang mga babae napatayo ang mga lalaki. Nagtumbahan ang mga mesa at bangko, tumapon ang mga pagkain.

Nagkagulo na.

Wala syang pakialam duon.

Sige lang sya ng suntok at sipa, hoping against hope na mabawasan ang sakit na nararamdaman nya.

Then a single tear escape from her eyes.

"*Please come back."* She silently wish.

Nakahalukipkip na tinitignan ni Angela ang miyembro ng SG na abalang abala sa pag-aayos ng mga gamit na isasakay sa bus.

Isa na si Brena na nagbuhat ng isang maliit na bag, natawa sya ng umarte itong tila hirap na hirap at ng mailagay sa lagayan ang bag humarap ito kay Dylan at ngumiti ng matamis bago pasimpleng pinunasan ang noo.

Nawala ang ngiti sa mga labi nya ng masuyo namang pinunasan ni Dylan ang noo nito.

"Thank you Dy." Pailalim na tumitig ito sa kanya.

"Tss, para yun lang." Bahagyang malakas na sabi nya.

Napatingin sa kanya si Dylan.

"Fuentebella bakit hindi ka tumutulong. You're here because it's your punishment. Hindi kita pinasama rito para tumunganga o panuorin lang kami."

Yeah it's her punishment. Matapos ang gulo sa canteen. Pinatawag sya ulit.

Alam nyang hindi sya mak-kick out. Kaya ito ang ginawang parusa sa kanya.

Sasama sya sa SG at sa ilan pang estudyanteng volunteer para mag community service sa Angela's Care isang bahay ampunan.

At hanggang ngayon malamig parin ang trato sa kanya ng binata. Fuentebella lagi ang tawag nito sa kanya.

Laging pagalit mag-utos (dahil hanggang ngayon P.A parin sya nito.)

Sweet din ito lagi kay Brena.

Dahil sa lakas ng boses ng binata, napatingin sa kanila ang mga kasama nila.

Hindi naman sya umalis o kumilos sa pagkakatayo tinignan nya lang ito.

Kumunot ang noo ng binata.

Bumaling ito kay Brena na may dala na ulit na bag.

"Give me that Brena."

Nang makuha ang bag ay inabot ito ng binata sa kanya.

"Ikaw ang magbuhat nito."

Tinignan nya ang bag...

...

Then she smirked saka kinuha sa binata ang bag.

"Kayong lahat, iwan nyo ang pagbubuhat ng gamit hayaan nyong si Fuentebella ang mag-ayos lahat nyan."

Napahinto sa paglalakad papuntang istribo si Angela.

Tumutol naman si Gelo.

"Pero mabigat-."

"Just do what I said. Parusa nya yan kaya walang tutulong sa kanya."

"Pero Dylan -." Si Quincy.

"Umakyat na kayong lahat sa bus."

Walang nagawa ang dalawa kundi tignan sya bago umakyat.

Tahimik naman nyang kinuha ang mga gamit may mabigat, may magaan.

Sa gilid ng mata nya nakita nyang nakatingin sa kanya si Dylan.

Hindi nya ito tinapunan ng tingin, hanggang sa umakyat ito.

Pawis na pawis na umakyat si Angela sa bus.

Ikaw ba naman magbuhat ng mabigat sa ilalim pa ng araw tignan natin kung di ka pagpawisan.

Sya nalang ang hinihintay.

"Ang tagal mo naman Angela." Reklamo ni Janice na nakaupo sa harap katabi nito si Teresa.

Kaliwa naman magkatabi din na nakaupo si Dylan at Brena.

Nasa likod naman ng mga ito si Dylan at Brena.

Hindi sya ngsalita, malamig nya lang na tinignan ito. Bago naglakad patungong dulo.

Sinundan naman ng tingin ni Dylan si Angela.

Angela's wearing is a gray plain t-shirt with cargo pants. Kaya naman kitang kita ng binata ang pawisan na likod ng dalaga.

Gumuhit na nga sa damit nito ang pawis at halatang halata na.

Pinigilan ni Dylan ang urge na tumayo lapitan ang dalaga at punasan ang likod nito.

Humarap at umayos ng upo si Dylan, nakakuyom ang kamao, at deretso ng tingin.

Nang mapanood nya ang news nuong isang araw tungkol sa raid ng isang party sa Maynila at isa si Angela sa nahuli.

Sinubukan nyang lumuwas kaagad para matulungan ito. He didn't want to think na matutulog sa kulungan ang dalaga. Kaya nga diba ginawa nya ang lahat nung isang beses na muntik na itong makulong.

Nawala ito ng halos 2days halos magwala na sya sa kakahanap rito. Muntik na nga nyang masuntok si Gelo ng sabihin nito na hindi nito alam kung nasaan si Angela.

His father stopped him pero di sya nagpapigil.

Nakarating sya sa Maynila ng madaling araw at pababa na ng sasakyan ng makita nya si Angela na palabas ng presinto.

With a guys na nakaakbay pa rito.

Ang nagpadagdag pa sa galit nya, nang nakitang nagtatawanan ang mga ito.

Mula ng pumasok si Angela hindi nya pa ito nakitang tumawa ng ganon.

Galit na galit sya.

Galit na hindi nya alam kung saan nanggagaling.

Galit syang bumalik ng San Nicholas.

Ganon na lang ang pagpipigil nya na hilahin ang dalaga at kaladkarin pauwi.

Pagdating nya sa bahay, sinalubong sya ng galit na galit na ama.

Nagbanta ito na layuan nya si Angela dahil wala itong madudulot na maganda sa kanya.

At kung patuloy nyang didikitan ang dalaga ay gagawa ng paraan ang daddy nya para mapaalis ito ng Clifford at ipabalik ng London.

"Kayang kaya kong gawin iyon Dylan lalo na at alam ko na gustong gusto ni Raul na mapaalis iyang anak nyang iyan na puro sakit ng ulo ang binibigay sa kanya."

Pero paano nya iiwasan ang dalaga kung parang may kung ano humihila sa kanya rito.

Bawat kilos bawat kibo, parang may humihila sa kanya papalapit dito.

Litong lito na talaga sya sa nararamdaman.

Nilingon nya ulit ang dalaga.

Nasa animan ito nakaupo sa kanan sa may bintana.

Nakapikit ito at nakasandal ang ulo sa bintana.

Bumuntung hininga sya.

"*Shit*." Mura nya sa isip.

May kinuha sya sa bag.

"Dylan saan ka pupunta?" Tanong ni Brena na hindi nya pinansin.

Derederetso lang syang naglakad patungo sa babaeng nagpapagulo sa nararamdaman nya.

Napapitlag naman si Angela at napaupo ng tuwid ng may maramdaman sya sa likod nya.

Sisinghalan nya sana ang pangahas na iyon ng matigilan sya.

Si Dylan, pinupunasan ang pawis nya sa likod.

Wala syang mabasa sa ekspresyon ng binata, tulad ng wala ding mabasa sa mukha nya.

Tumingin sya sa may bintana ikunurap kurap nya ang mga mata.

Her face is emotionless but there's a lump in her throat.

Naninikip ang dibdib nya at pinipigilan nyang tumulo ang luha.

Natapos na sa ginagawa ang binata.

Pinagmasdan nito si Angela na nakatingin sa bintana.

Then he sighed.

"Next time bring your own towel. At punasan mo ang pawis mo. Ayokong masisi at makunsensya kapag nagkasakit ka." He said harshly bago tumayo para bumalik sa upuan.

Nanatili naman na nakatingin si Angela.

Sa kanyang tagiliran patuloy na bumabaon ang kuko nya sa kanyang balat.

"**Okay kids gusto nyo ba bang kumain?"** Nakangiting tanong ng nakangiting si Brena sa limampung bata na nasa edad 4 Hanggang 9 na nasa harap nila.

"Opo." Masayang sigaw din ng mga bata rito.

Nasa playroom sila ng ampunan.

"Look at her she's good in kids, magiging mabuting ina si Brena balang-araw swerte ang mapapangasawa nya." Sabi ni Janice na ikinangisi ni Angela, obvious na obvious kasi na ipinaparinig nito iyon kay Dylan.

"Di tulad ng iba dyan na walang ginawa maghapon kundi tumayo at tumunganga hindi man lang nagawang makatulong. Palibhasa walang alam sa mga bata." Dagdag nito. Alam nya rin na sya ang pinaparinggan nito.

Patunay ang pagharap nito sa kanya at pagtataas ng kilay na ginantihan nya ng ngisi .

Nagsimula nang ipamigay ang pagkain.

Nakapila ang mga bata at sila ang taga abot ng mga gamit sa mga ito.

Napatapat sa kanya ang kutsara at tinidor.

"Eat your food pagkabusog kayo mga bata ha." Masiglang sabi ni Brena habang inaabot ang pagkain, habang patingin tingin kay Dylan na nag-aabot ng prutas.

" *Ayos papansin, tatakbo atang SK ng mga bulinggit itong babaeng ito*."

"Ate, paabot ng baso."

Napatingin sya batang lalaki na sa tingin nya ay 5 taon na nasa harap nya.

Kulutan ang buhok nito at may dimple sa pisngi.

Michel ang nakasulat na pangalan sa name tag nito.

"Bata mukhang baso ba itong hawak ko."

"Hindi po kutsara po iyan."

"Yun naman pala eh wag ka sakin manghingi ng baso dun ka humingi."

"Kayo po ang kumuha."

"Hoy bulinggit may paa at kamay ka, bat di ikaw ang kumuha."

Tinignan nya ito ng matalim.

"Bata binigyan ka ng paa ng Diyos para gamitin, huwag kang tamad pumunta ka duon at kumuha ng baso mo."

"Angela!" Nakakunot ang noo na lumapit sa kanila si Brena.

"Anong ginagawa mo sa bata?" Nakalapit na ito sa kanila.

"Sinasayawan ko." Walang pakialam na sabi nya.

"Fuentebella." Si Dylan na nakalapit din. Nagbabanta at nanaway ang tono nito.

"Tss, ano na naman ba."

"Anong ginagawa mo sa bata?" Ulit nito sa tanong ni Brena.

"Bulag ba kayo malamang kinakausap ko."

"Hina-harass mo sya."

Nagsalubong ang kilay na tinignan nya si Brena.

Bago sinulyapan si Michel.

"Hoy bata. Sinaktan ba kita?" Umiling ito.

"Sinigawan?"

Umiling ulit.

"Kung ganon pumunta ka na doon at kumuha ng baso mo."

Sunod-sunod naman na tumango si Michel bago pumunta sa pwesto nina Gelo na namimigay ng baso.

"That's not a proper way to treat a child Angela." Malumanay na sabi ni Brena.

Nagtaas sya ng isang kilay.

"Alam ko di ka mahilig sa bata. Okay lang na hindi ka tumulong sa amin. Pero di okay sakin na nanakit ka ng bata."

Tumawa sya ng malakas sa sinabi nito.

Sinamaan sya nito ng tingin.

"Oops sorry. Nakakatawa ka kasi ang lakas ng tama mo. Ang totoo naka rugby ka ba? Hands up ako sayo lakas magpasweet teh."

"That's enough." Mahigpit na hinawakan ni Dylan ang braso nya.

"Huwag kang gumawa ng gulo rito Angela."

Tumigil sya sa pagtawa.

Her blue eyes became so cold and her face became emotionless.

Tinignan nya ng deretso sa mga mata si Brena.

"I treated people in how I like to treat them. I don't give a fucking damn kung ano ang okay at hindi okay sayo so you better get out in front of me bago ko pa gawin ang kanina ko pa gustong gawin. Believe me you'll not like it." Hinila nya ang braso sa kamay ni Dylan.

"So pwede umalis na kayo mahaba na ang pila dito."

Matalim syang tinignan ni Brena. Saglit lang dahil numero uno na artista ang babaeng ito.

"Tara na Dylan, mukhang hindi talaga mahilig sa bata si Angela huwag na natin syang pilitin."

Matiim muna syang tinignan ng binata, bago nito inakay si Brena.

Habang nabibigay nagtama ang mga mata nila ni Gelo.

Nabasa nya ang simpatya at awa sa mga titig nito.

"Ayusin mo yang titig mo Jose Angelo." Malakas nyang sabi na hindi tumitingin dito.

Napatingin naman sina Dylan rito.

Alanganin naman na ngumiti si Gelo saka ipinagpatuloy ang ginagawa.

"*Huwag mo akong tignan ng ganyan don't look at me with pity baka bumigay na ako."*

Madilim ang kalangitan ano mang oras babagsak na ang ulan. Kanina pa din nagbabanta ang kidlat at kulog.

Sa loob ng Angela's Care playroom, patuloy pa din na nakikipaglaro ang mga SG officer at volunteer sa mga bata.

Habang si Angela nakaupo lang sa isang sulok walang emosyon na pinagmamasdan ang mga ito.

Nakikita nyang ilang ulit na nagtatangka ang batang si Michel na lapitan, ilang ulit narin itong pinipigilan ni Brena.

Pasulyap sulyap naman si Dylan sa kanya.

Sa buong oras ang mga mata nya dito lang nakatuon, hindi sya nag-iiwas ng tingin tuwing magtatama ang mga mata nila.

Panay na ang irap sa kanya ni Brena dahil sa hayagang pagtitig nya sa lalaki.

Nagsimula ng pumatak ang ulan, una mahina bago naging malakas.

Ang mga batang masayang naglalaro ay naging maligalig may ilang umiyak narin dahil sa maingay na ihip ng hangin.

"Waaaah." Sabay sabay na napasigaw ang mga bata ng kumidlat at mamatay ang kuryente alas-singko na ng hapon kaya madilim na.

Nagsimulang mag-iyakan ang mga bata kahit bumukas na ang mga emergency light.

Napangisi sya ng makitang hinampas sa mukha si Brena ng isang bata.

Tumaas ang kamay nito para paluin din ang bata, na hindi nito naituloy dahil nakita nito na nakatingin si Dylan rito.

15minutes at hindi parin mapatahan ng mg kasama nya ang bata.

Duon na sya umakyat sa isang mesa habang hawak hawak ang isang pito.

Isinabay nya sa pag-ihip sa pito ang pagpadyak nya ng malakas sa mesa.

Dahilan para mapatingin sa kanya ang lahat.

"Hoy mga bulinggit hindi ba kayo titigil sa pag-iyak ang sakit sa tenga ng mga boses ninyo." Malakas nyang sigaw.

"Angela huwag mo silang takutin." Saway ni Brena sa kanya na hindi nya pinansin.

"Kapag hindi kayo tumigil nakikita nyo ito." Itinaas nya ang dalawang kamay.

"Papaluin ko kayo hanggang sa magsawa kayo kakaiyak."

"Angela stop that." Nagbabanta ang boses ni Dylan na lumapit sa kanya.

"Hep!" Sigaw nya ulit ng aktong iiyak na naman ang mga bata dahil sa pagbabanta at pananakot nya.

"O di kaya ganito ang gagawin ko."

Mula sa pagkakataas ng mga kamay ay pumalakpak sya.

Ganyan ang reaksyon ng mga bata pati narin ng lahat.

Dahil ng pumalakpak sya ay naglabasan ang ibat-ibang kulay ng paruparo.

"Wow ang galing." Ang mga bata na nagkakanya kanya ng abot sa mga paruparo, nakalimutan na ang pag-iyak.

Naupo naman sya sa ibabaw ng mesa at muling pumito para tawagin ang pansin ng mga bata.

"Michel tara."

Mabilis naman na lumapit sa kanya ang bata na sumisinok sinok pa.

"Bakit ka umiiyak?"

"K-kasi natatakot po ako."

"Natatakot ka." Nagpatango-tango sya. " Okay, ano ang paborito mong animal Michel?"

"Lion po."

"Bakit Lion?"

"Because he's the king of the jungle." Mabilis na sagot ni Michel.

Puno naman ng curiosity na pinapanood sila ng ibang mga bata.

All is wondering kung saan ang papunta ang usapan nilang dalawa.

"Ganon. Well Michel I want you to count on three."

Naguguluhan naman man ay sumunod ang bata.

"1...2...3... Wow." Nanlaki ang mga mata nito ng eksaktong pagbilang nito ay may nag-appear Lion stuff toy sa kamay.

Iyong stuffed toy na ilang inches lang ang haba at yinayakap ng mga bata sa pagtulog.

"Kung ibibigay ko ba sya sayo di kana matatakot?" Tanong nya.

"Opo." Mabilis itong sunodsunod na tumango.

She smiled kasabay ng paggulo nya sa buhok ng bata.

"Then sayo na to. Ito na ang magiging kasama mo kapag natatakot ka."

"Thank you po. Ate!" Kinuha nito ang stuffed toy at yinakap sya.

Natatawang yumakap din sya rito.

"Sinong gustong makasama ang favorite animal nila kapag natatakot?"

Lahat ng bata nagtaas ng kamay.

"Good okay mga bulinggit gusto kong pumila kayo ayaw kong makarinig ng iyak, kapag may umiyak pa ulit at sumakit na naman ang tenga ko ibibigay ko sa kanya si Chaka doll, maliwanag ba."

Excited na sumigaw ng Opo ang mga bata bago mabilis na pumila.

Napatingin lang sa kanya ang mga kasamahan nya habang she expertly magic all the stuffed animals na hinihiling ng mga bata.

"Wow ang galing ni Gela." Manghang manghang sabi ni Quincy.

"Saan nya kinukuha ang mga iyan." Dagdag pa nito.

"Dala nya yan. Hindi nyo ba nakita?" Si Gelo.

Kunot noong tumingin rito si Dylan.

"Wala kaming nakita Gelo." Si Brena na nakakaramdam na ng galit at inis dahil nasapawan na ito ni Angela.

"Oh. Sabagay baka hindi nya gustong makita ninyo knowing her kapag ayaw nya, ayaw nya talaga."

Ngumiti si Gelo.

"Angela is a good magician she never revealed her secret. Ngayon ko na lang ulit syang nakitang nagmagic."

"And she loves kids. Look at her she is so natural. Oo mataray sya at walang pakialam kung nakakasakit sya sa mga sinasabi nya. Pero kahit kelan hindi sya nanakit ng bata."

"You seem to really know her. Magtapat ka nga Gelo may gusto ka ba kay Angela." Taas kilay na tanong ni Janice.

Nakangiting humarap siya sa mga ito .

"Once upon a time I loved her. Who wouldn't. She's so strong, beautiful, smart and sexy at napakabait nya."

"Duh, mabait. My stepsister mabait, baka pagtulog. Kung mabait yan ano pa si Brena Santa?" Janice rolled her eyes.

"She's kind. I was a nerd binu bully pinagt-tripan minsan sinakasaktan.

Walang nakikipagkaibigan sakin duon sa London. Only her. Pinagtanggol nya ko, oo para syang walang pakialam sayo kapag kausap mo sya, she's always cold, hindi sya kailanman nagpakita ng affection. But she cares. In her own way she cares. Thats why I fell in love to her."

Lumipat ang tingin ni Gelo kay Dylan na ngayon ay masama na ang tingin sa kanya.

"Nagtapat ako sa kanya." Tumawa sya. " Pero sasabihin ko pa lang sa kanya ang nararamdaman ko inunahan nya na ako."

"*You're not in love with me. Akala mo lang iyon. You're just in love in the idea that you love me. And we're not for each other. Kumbaga sa sapatos magkaparehas lang tayo ng kulay Jose Angelo pero magkaiba ng size. There's someone out there for you, your pair, anong mangyayari sa kanya kapag pinagpilitan mong in love ka sakin habang buhay na lang syang pilay? At isa pa matagal ko nang nahanap ang kapares ko at wala akong planong pilayin sya habang buhay. Kaya tigilan mo na iyang kalokohan mo Jose Angelo dahil kapag pinilit mo yan bubugbugin kita."*

"That's the exact words that she said to me. See sinong di magkakagusto sa kanya. Pero tama naman sya hindi kami para sa isat -isa. Dahil nakita nya na ang pair nya, iyon nga lang naliligaw pa. Kung ako duon sa lalaki hahanapin ko na ang daan pauwi, Angela is one in a million maraming gugustuhin na maging kapares nya."

Nagtitigan si Dylan at Gelo.

Nakangiti si Gelo habang si Dylan ay salubong ang kilay.

Naputol lang ang titigan ng dalawa ng pumailanlang ang tunog ng gitara.

Nakaupo parin si Angela sa lamesa habang ang mga bata ay nakaupo at kumakanta sa mga kantang pambata na tinutugtog nya at hawak ang mga stuffed toys ng mga ito.

Nakalimang kanta na sila ng magsalita sya.

"Okay stop muna kayo sa pagkanta ako muna, sakit na ng tenga ko kakakinig sa mga boses nyo. Ako naman ngayon kayo naman ang makinig para sumakit din ang tenga nyo."

Nagtawanan ang mga bata sa sinabi nya.

Nagsimula syang tumipa habang dahan-dahang lumilingon kay Dylan.

A minute after pumailanlang na ang boses nya sa paligid.

I crave

By Suy

I crave....
I wake up to shadows
Touching your pillow
Looking for a trace of your smile
And that's when it hit me
You're no longer with me
In fact it's been quite a while
Since I sit here drinking coffee as you sipped your tea
And you swore you'd always love and always care for me
And even though there's no more us to say
It's you I crave

Walang mabasa sa mga mata nya habang nakatingin lang kay Dylan. While Dylan look at her with a knot in his forehead.

Chorus:
I crave your touch
I crave your lips
I miss so much
the excitement of your kiss
And since your gone my heart won't behave

[Content truncated due to length]

22. A Blue Eyed Bad Girl or A Blue Eyed Angel

Malakas na ulan, hangin na nagpapayuko sa mga puno at halaman, hindi mo aakalain na kanina lang ay sobrang init ng sinag ng araw.

Maputik din ang daan papuntang kasukalan ng San Nicholas.

Putik at lamig na hindi iniinda ni Angela.

She just continue running, bihasa at hindi man lang sya nadulas.

Basang-basa na sya ng ulan.

Her eyes so dark and intent, her face is expressionless.

Ilang metro mula sa harapan nya ay ang tatlong lalaking tumatakbo .

"Nasa likod pa din sya." Lalaki 1.

"Mga gago bakit ba tayo tumatakbo hindi ba papatayin natin yan." Lalaki 2.

"Oo nga no." Lalaki 3.

Huminto ang 3 lalaki.

Humarap na nakatutok ang baril sa kanya.

Ngunit sabay sabay din na natigilan ng makita na wala sya roon.

"Asan na?" Lalaki 3.

"Tangna natakasan yata tayo."

"Kayo kasi bat kayo tumatakbo babae lang ang humabol karipas na kayo ng takbo." Lalaki 1.

"Ulol eh mas nauna ka pa ngang tumakbo sa amin."

"Gago pala kayo kung-." The first Guy went flying ng may tumama rito mula sa tagiliran, tulog na bumagsak ito.

Nagulat ang dalawa pang lalaki.

Mabilis na kumilos si Lalaki 2 para paputukan ang sumugod kay lalaki 1.

A sound of gun shot explode. Tunog na nilamon lang na malakas na huni ng hangin.

A kick went playing to lalaki 2 face. Sa lakas humampas ito sa isang puno at namilipit sa sakit.

o_o" Halos di naman makapag react si Lalaki 3 sa bilis ng pangyayari.

Nang makabawi naman ito para lumaban, ay isang suntok sa mukha ang tumama rito na sinundan pa ng

suntok sa sikmura.

Napaupo ito sa lupa.

Tumingala ito ng lumapit si Angela rito.

Bahagyang nanlaki ang mga mata ni Lalaki 3 ng makita syang nakatayo sa harap nito.

"I-Ikaw?" Di makapaniwalang sabi nito.

Ngumisi naman sya.

"So nagkaharap harap din tayo. For 3 years trying to killed me in London ngayon ko lang makikita ang mga mukha nyo.

Tumalungko sya at inabot ang maskara para tanggalin.

Hinawakan ni lalaki 3 ang kamay nya para pigilan sya.

Na pinilipit nya lang.

"Ahhh..."

"Tss... ang panget mo pala."

Tinapon nya ang maskara nito.

"So tell me Mr. Panget, sino ang nagpapatay sa akin?"

"Sa tingin mo sasabihin ko sayo. Kahit patayin mo kami, may magpapatuloy ng sinimulan namin."

"Ganon, Lester Mangguhit 34 years old. Hiwalay sa asawa. Pabalik balik sa kulungan dahil sa Ibat ibang kaso. Siguro nga patayin man kita hindi ka kabawasan. Pero sa pagkakaalam ko meron kang anak, babae 9 years at nasa Cebu, sa tingin mo kung sya ang papatayin ko magiging malaki kaya syang kabawasan?"

Nanlalaki ang mga mata nito na tumingin sa kanya.

"Huwag mong idamay ang anak ko rito, wala syang -." Binigyan nya ito ng isang malakas na suntok.

"Sana naisip mo yan ng magpaputok kayo duon sa ampunan, hindi mo ba naisip ang mga bata na pwedeng tamaan. Okay lang sakin na tambangan nyo ako paulanan ng bala, pero hindi sa tabi ng mga batang iyon." She smiled evily.

"So anong gusto mong gawin ko sa anak mo paulanan sya ng bala? Sagasaan? Ipakidnap?"

"Hindi mo magagawa iyan isa ka lamang estudyante-."

"Yeah I am pero hindi mo alam kung ano ang kaya kong gawin, kung makakapatay kayo, kaya ko rin."

Nakadama ng takot si Lester sa paraan ng pagsasalita ng babaeng estudyante na nasa harap nya.

Sa tatlong taon na pagmamanman at pagsubok na pagpatay rito.

Isang rebelde at spoiled brat na mahilig sa gulo at away ang tingin nila dito.

Kelan lang nila itong nakitang may dalang baril at noon lang din nila nalaman na marunong itong gumamit.

Kapag nakakaligtas ito sa mga pagtatangka nila iniisip nila na suwerte ito at may sa pusa lang talaga.

Pag hindi kasi nakakaiwas ito, may dumarating na tulong dito. Kung minsan naman pagsinusundan nila bigla na lang itong nawawala.

Pero ngayon habang nakatingin sa mga mata nito.

Naisip ni Lester na hindi isang ordinaryong estudyante lang ang target nila.

"S-sino ka ba t-talaga?"

Hindi sumagot si Angela sa tanong na iyon bagkus ay ngumisi lang sya.

Naramdaman ni Angela na may malamig na bagay na dumikit sa ulo nya.

"Sa wakas nahuli ka din namin babae. Huwag kang magkakamali gumalaw baka magulat ako at iputok ko ito sa ulo mo." Si Lalaki 2 na nakatayo sa likod nya at tinututukan sya ng baril sa ulo.

Hindi nawala ang ngisi sa labi nya.

"Romeo Jacinto. 36yrs old. Panganay sa 7 magkakapatid, walang nanay at babaero ang Tatay. Ang alam ng mga kapatid mo isa kang bodyguard ng isang kilalang tao, tama."

Natigilan si Romeo sa mga narinig, humigpit ang pagkakahawak nito sa baril.

"So kilala mo pala kami, di na ko magugulat kung kilala mo din sya." Tukoy ni Romeo kay lalaki 1na wala paring malay.

"Gregorio Bautista. 32yrs old sya galing sya sa ampunan at hinahanap ang mga magulang nya. Malas nya naunahan ko na sya makita sila." She laughed.

Idiniin ni Romeo ang baril sa ulo nya.

"Nagawa mo pang tumawa, hawak na namin ang buhay mo Fuentebella, sa isang pindot ko lang pwede kang mamatay."

"Bakit hindi mo gawin. Kalabitin mo na yan, dahil kapag nakawala pa ako dito sisiguraduhin ko na papatayin ko ang pamilya nyo, lalo na kung hindi kayo makikipag cooperate sa akin."

"Abat talagang ang yabang mo, then paalam Angela Fuentebella."

Hindi pa man lumalapat ang daliri ni Romeo sa gatilyo, ay may isang kamay na umagaw sa baril nito at binigyan ito ng malakas na suntok.

May humila naman kay Lester at sinikmuraan ito.

Sabay na bumagsak ang dalawa. Parehas na walang malay.

"Sorry we're late." Lumapit kay Angela ang isang lalaking mestiso at may dimple sa kaliwang pisngi.

"Na trapik kami." Wika naman nang isa na chinito.

Si Jayzen Acuasta at Landon Go.

"Tss." Tumayo sya at lumapit sa mga ito.

Binatukan nya si Jayzen.

"Ouch, why."

"Sa pangungulit sa akin para iresolba ang mali na gawa nyo."

"That, eh hindi ka nga pumunta, alam mo bang halos manginig ako sa gulat ng bigla nalang si D na ang kausap ko. Alam nya na ba na-." Napahinto ito sa pagsasalita ng tignan nya ito ng matalim.

Natawa naman si Landon rito.

"No Jay hindi pa sya nakakaalala."

Nakakaintindi naman na tumango si Jayzen.

"A." Napalingon sya sa babaeng papalapit sa kanila.

"Yna." She said.

"Anong gagawin namin sa kanila?" Tanong nito.

"Dalhin nyo sa DQ paaminin nyo kapag di nagsalita sa loob ng dalawang araw, contact me again."

Tumango ang mga ito.

"Bahala na kayo dyan." Tumalikod na sya.

Sa kabila ng malakas na buhos ng ulan, mabagal syang naglakad pabalik ng ampunan.

"Do you think she's okay?" Nakatitig sa likod ng papalayong dalaga na tanong ni Jayzen sa dalawang kasama nito.

"Mahirap ang sitwasyon nya. Alam kong nasasaktan din sya. Hindi nya dapat mag-isang hinaharap ito. How I wish maging okay na ang lahat." Si Landon.

"Angela is strong girl, alam kong kakayanin nya yan. Higit nyo syang kilala kesa sakin. Dapat alam nyo na yan."

Sabay na bumuntunghininga ang dalawang lalaki.

"Okay let's have some fun paaminin na natin itong tatlo."

"**Bakit ba ayaw nyo akong palabasin nasa labas ang kasama namin, we need to find her."**

"Pasensya na Mr. Santiago pero hindi kayo pwedeng lumabas, baka nasa labas pa ang gunman at mapahamak kayo."

"Iyon nga ang kanina ko pa sinasabi may kasama kami na nasa labas, and we need to find her dahil baka nasa labas pa ang gunman at saktan sya." Sigaw ni Dylan.

"May mga pulis na po na naghahanap sa kanya mas mabuti pong dito lang na lang kayo."

Walang nagawa si Dylan ng umalis ang pulis.

Nasa hallway sya ng ampunan kasama si Gelo at Brena.

Kanina nya pa gustong lumabas ng pinto pero pinipigilan sya ng mga pulis.

He need to get out, kailangan nyang lumabas at hanapin si Angela.

Masiguradong okay lang ang dalaga.

"Tama ang pulis Dylan dumito na lang tayo."

Tumingin sya kay Gelo na nakatingin sa may pintuan.

"Bakit hindi mo sya pinigilan Gelo?" Inis na tanong nya rito.

Gelo sighed kahit ito ay nag-aalala sa dalaga.

"Kilala ko si Angela hindi sya papapigil kapag gusto nyang gawin. At alam ko rin na kaya nya ang sarili nya. "

Napasuklay na lang si Dylan sa buhok.

"Dylan huwag ka ng lumabas please, natatakot ako, huwag mo akong iwan." Niyakap ni Brena si Dylan.

"Brena."

Hinawakan nya ito sa balikat.

"Don't worry walang mangyayaring masama sayo. It's going to be alright."

"Gela."

Napatingin si Dylan sa pinto ng magsalita si Gelo.

Angela is there soaking wet at puno ng putik. Nakatingin ito sa kanila ni Brena.

Sa likod nito nakasunod ang dalawang pulis.

"Angela are you okay." Tanong ni Gelo na nakalapit kaagad rito.

"Hindi ko sila naabutan." She just said.

"Ma'am kailangan ho namin makuha ang statement mo."

"Tomorrow na sya magbibigay officer." Sabi nya sa pulis na papalapit rito.

"Pero sir-."

"Nang huminto ang ang papamaril mabilis akong lumabas para tignan kung sino ang mga iyon nakita ko silang tumakbo sa kakahuyan. I followed them, pero masyadong malakas ang ulan at maputik hindi ako nakahabol. Kaya bumalik na ko." Angela said na para bang nagkwekwento lang kung ano ang ginawa nito sa araw na iyon.

"Hindi mo ba-."

"That's enough officer." Kumalas sya kay Brena at lumapit kay Angela.

"Kung may karagdagan pa kayong tanong, pupunta na lang kami sa presinto bukas." Finality is evident in his voice kaya walang nagawa ang pulis kundi tumango.

"Okay Sir aasahan namin kayo bukas. Mag-iiwan na lang kami ng ilang pulis to patrol the area."

Nang lumabas na ang mga pulis nagsimula namang maglakad si Angela papuntang kwarto na pinag-iwanan nila ng gamit.

"Angela wait." Tawag nya sa dalaga, at humabol rito.

Kasunod nya si Gelo at Brena.

Hindi naman sya pinansin ng dalaga.

"I said wait." Hinawakan nya ito sa braso.

"What?" Neutral parin ang boses na tanong nito , na deretso ang tingin.

"Are you okay." Tinignan nya ang katawan nito. Searching for any injuries.

"Nakakatayo pa ko diba malamang okay ako."

"What you did is so stupid. Hindi mo ba alam na delikado iyong ginawa mo."

"So."

Nagsisimula na namang uminit ang ulo nya sa mga sagot nito.

"So. Iyan lang ang isasagot mo, can you stop being a selfish hindi mo man lang naisip kaming naiwan dito, worrying about you."

"Are you one of them?"

Natigilan sya sa tanong nito.

"Tell me are you worried?"

Kumunot ang noo nya.

"Of course I'm worried. Ako ang in charge dito. Sinabi ko na sayo kanina, ayaw kong masisisi kapag may nangyari sayo. Responsibilidad kita. Wala akong planong maguilty, if something bad happens."

Ngumiti ito ng mapait kasabay ng pagkabasa nya ng sakit sa mga mata nito.

Sakit na nawala ng kumurap ito.

"Wrong answer. Sabi ko sayo wala kang karapatan na pakialamanan ako kung iyan lang ang mga dahilan mo." Hiniklas nito ang brasong hawak nya.

Ngunit muli nya itong hinila.

"You're here for punishment under my care I'm the president of SG so you better do what I said. Papakialamanan kita kung gusto ko bear that to your mind." He said, that she answered with smirked sabay sabing...

"Bakit hindi mo pakialamanan iyang girlfriend mong hilaw. Not me." Tumingin ito kay Brena na may pang-aasar.

"Kunin mo nga itong boyfriend mo baka matuwa ako sa kanya, agawin ko sya sayo. Oh hindi nga pala sya sayo. Scratch that, baka matuwa ako, angkinin ko sya ng buong buo."

Her blue eyes look to him.

It's unreadable and dark.

Saka ito kumawala sa kanya at naglakad ulit.

Susundan nya sana ito ulit ng pigilan sya ni Gelo.

"Hayaan mo muna sya Dylan. If you want her to rest hayaan mo muna syang mag-isa."

Kaya naman wala syang nagawa kundi tignan ito at ikuyom ang mga kamao.

"**Achoo!"**

Dalawang pares ng mga mata ang napatingin kay Angela na nakasandal sa poste ng ilaw.

Si Gelo na may pag-alala at si Dylan na walang emosyon.

Napansin ni Gelo na nangangalumata ang dalaga may eye bag din ito at bahagyang namumutla.

"Dylan, why Angela is not helping us. Nakatayo lang sya oh." Reklamo ni Janice.

"Hayaan mo na mukhang masama ang pakiramdam ni Gela." Si Quincy.

"Sus nag-iinarte lang yan."

Sa tingin nya hindi nag-iinarte si Angela.

Kung wala itong nararamdaman kanina pa nito inasar si Janice.

Nanatili lang ito tahimik at nakapikit habang nakasandal.

Kaninang umaga pa din ito hindi umiimik.

Wala itong kinakausap o tinitignan.

"Don't mind her, tapusin nyo na yan ng makauwi na tayo." Utos ni Dylan.

"Thank you po sa mga gifts mga ate, kuya." Sabay sabay na sabi ng mga bata.

"Pakabait kayo mga bata ha." Nakangiting sabi ni Brena.

"Maraming salamat sa pagpapasaya sa mga bata." Nakangiting sabi ni Ms. Baby ang namamahala sa ampunan.

"Wala po yun Ma'am nag-enjoy naman po kami." Nakangiting sabi nya.

"Diba Dy?" Binalingan nya si Dylan.

Sumama ang mukha nya ng makitang nakatingin ito kay Angela, na nakasandal sa bus at nakatingin sa may kakahuyan.

"Dylan?"

"Ha?... Opo Ma'am nag-enjoy kami Ma'am."

"Ate Angela, babalik po kayo dito diba?" Napatingin silang lahat kay Michel na nasa tapat na ni Angela.

"Oo nga po babalik ka diba ate?" Sabay sabay na tanong ng mga bata na nagsilapitan na kay Angela.

"Of course mga bata, babalik kami." Sabi nya para malipat ang pansin ng mga bata sa kanya. Hindi sya papayag na bida na naman ito.

Hindi sya pinansin ng mga bata. Patuloy parin ang mga ito sa pangungulit kay Angela.

"Ugh ang iingay nyo."

Napangiti sya ng singhalan nito ang mga bata.

Ngiti na napalis dahil imbes na umalis ang mga bata at matakot ay lalong kinulit ng mga ito si Angela.

Si Michel ay tumalon pa at nagpakarga sa babae.

"Tss ang bigat mo bulinggit."

Lalo syang nainis dahil hindi binagsak ni Angela ito.

"Hoy mga bulinggit kapag hindi kayo nagpakabait hindi ko na kayo papasyalan."

"Promise ate magpapakabait kami." Sabay na sigaw ng mga ito.

"Ang iingay nyo talaga." Binaba ni Angela si Michel.

"Dun na nga kayo sa playroom, may naiwan ako duon hanapin nyo. Kapag nakita nyo at may pangalan nyo sa inyo na." She said.

Nanlaki naman ang mga mata ng mga bata.

Naintindihan nila na may regalo sa kanila si Angela.

Kanya kanyang yakap ang mga bata kay Angela. Bago nagtakbuhan papasok ng ampunan lahat excited na makita ang mga regalo.

"Tss, ang gugulo." Binalingan ni Angela ang mga kasama. "Hindi pa ba tayo aalis!"

Nagpaalam na ang ilan pang volunteer kay Ms. Baby.

Isang delivery truck ang dumating na nagpahinto sa pag-akyat nila sa bus.

Isa sa napahinto ay si Dylan.

Bumaba ang isang delivery man at lumapit kay Ms. Baby.

"Magandang araw po, ito po ba ang Angel's Care?"

"Ito nga, bakit ho?"

"Diniliber lang po namin ang mga order nyong kumot, unan at kutson."

Nakita ni Dylan na bumakas ang pagtataka sa mukha ni Ma'am Baby.

"Pero hindi po kami nag-order."

"Pero Angel's Care po ito diba?"

"Opo sir, pero hindi po kami nag-order at wala po kaming pambayad."

"Bayad na po ito."

"Bayad na?"

"Opo binayaran na po ni Ms. Angela Fuentebella."

Napatingin sya kay Angela, pati narin ang lahat.

Si Angela nakasandal lang sa sasakyan habang nakacross arm.

"Sumakit ang likod ko sa pagtulog dito." Iyon lang ang sinabi nito. Ni hindi ito nagbigay ng dahilan.

"Dito na lang po kayo pumirma Ma'am."

Wala sa loob na pumirma si Ms. Baby sa resibo.

Nagsimula naman na magbaba ng mga items ang mga delivery man.

"Sandali."

Napatigil si Angela sa pag-akyat nang tawagin ito ni Ms. Baby.

"Angela Fuentebella. Ikaw din ba ang nagpapadala buwan buwan ng grocery at mga gamit pambata.

Hindi sumagot si Angela nakatalikod lang ito.

"Ikaw din iyong nakilala ni Michel last week , Ikaw iyong tinatawag nyang ate Blue, you're the one na nagpagamot sa kanya, diba"

Nabigla sya sa narinig.

Nagtama ang mga mata nila ni Gelo.

Parang sinasabi nito na. "*See Angela is not bad."*

Tinignan nya ulit si Angela na ang tanging sinagot kay Ms. Baby ay kibit balikat.

Saka ito dumeretso sa loob ng bus.

"Napaka bait na bata. Pakasabi sa kanya we are thankful."

Tumango sya at muling nagpaalam dito.

Nang umakyat sya ng bus si Angela na nasa dulo ulit ang nakita nya.

Nakasandal lang ito sa bintana at nakapikit.

"Sino ka nga ba Angela Fuentebella, are you that Bad Girl na lagi mong pinapakita or a Blue Eyed Angel who have a soft heart?"

Natigilan sya sa naisip.

Blue Eyed Angel.

How come is so familiar to him.

And when Angela open her eyes and look at him.

He felt something.

Something strange, but familiar feeling.

23. Contest

Parang pinupokpok ang ulo ni Angela sa sobrang sakit.

Ilan beses na rin syang bumahing at umubo.

"Ateng okay ka lang?" Tanong ni Carlos/Carla na tumabi sa kanya ng upo at uminom ng tubig.

Nasa Dance Studio sila ng C.U kasama ang Outcast.

2days from now ay foundation Day na at Dance Contest.

Kaya puspusan ang practice ng mga kasama nya.

"I'm fine."

"Naku ayan ka na naman sa I'm fine, I'm fine eh 2 days na yang, ubo at sipon. At ate you're not looking good na."

"So?"

Umiling ito.

"Kung ako ang may ganyang facelak, naku di ko hahayaan na pumangit I'll always make sure na lagi akong beautiful at mukhang Dyosa." Maarteng sabi nito.

(=_=) Sya.

n_n Carla.

(=_=) Sya.

(_ _) Carla.

"Kaw naman di mabiro hehehe."

"How are they?" Tanong nya na naintindihan naman nito.

"Kabisado na nila lahat ng steps konting shembot na lang at landi ready to battle na sila."

"Good."

"Alam mo friend thankful kami kasi kinaibigan mo kami. Dahil sayo dumalang ang mga namb-bully samin, natuto kami ipagtanggol ang self namin we also knew na kung kelan dapat lumaban at kung kelan hindi." Nagpahid ito ng luha kahit wala naman.

"Kaya nung mapanood namin ang news alam namin na hindi iyon totoo. Ipagtatanggol ka namin. We all respect you, kaya ipaglalaban namin ang Kagitingan Huhuhuhu... aray ang shaket naman."

Parang timang humagulhol ba naman iyong hagulhol na pang drama.

Binatukan nya nga.

"Kain na tayo." Sabi ni Maelyn na pawisang lumapit sa kanila.

"Ay sus kaya ka nagiging oink oink. Matakaw ka kumain." Asar ni Carla dito.

Inirapan ito ni Maelyn.

" Bakla."

"Echuserang frog."

"O nag-aasaran na naman kayo." Si Jake habang nagpupunas ng pawis.

Nakita nya sa gilid ng mata nya na pasulyap sulyap sa kanya si Clent, tulad din ng pagsulyap ni Maelyn rito.

"Kumusta ang Lolo mo?" She asked to Daniella."

"He's okay, naka confine pa din sya." A hint of worry is evident in Daniella's voice.

"Don't worry Dani we're going to win mapapaopera mo na din ang Lolo mo, diba Gela." Pagpapalakas ng loob dito ni Julia na tumingin sa kanya.

"Tss. Kung gagalingan nyo ang pagsayaw sigurado mananalo tayo." Bumahing sya at napaubo.

"Okay ka lang ba talaga Gela namumutla ka." Nag-aalalang tanong ni Clent sa kanya.

Tumango lang sya at tumayo.

"Nagugutom na ko. Tara na sa canteen." Saka nauna syang lumabas ng studio.

Walang nagawa ang mga ito kundi sumunod sa kanya at bigyan sya ng nag-aalalang tingin.

Maingay ang loob ng canteen. Ingay na humina ng pumasok sya. Nagsimula na namang magbulungan ang mga ito, nagbulungan pa nakatingin naman sa kanya.

Sumulyap sya sa mesang pinupuwestuhan ni Dylan.

Ngayon masama ang pakiramdam nya she just want to see him.

Kahit yun lang pwede na. Malaking tulong na iyon para maalis ang masamang pakiramdam nya.

Ngunit wala ito.

Actually wala ang buong SG officers.

Walang emosyon na naglakad sya not minding sa mga estudyante na pinag-uusapan sya.

"Sya talaga iyong nasa news diba?"

"Drug addict ba talaga sya?"

"Sigurado hindi malabong mangyari iyon dahil kita mo kabago bago ang daming gulong ginawa narinig ko din bad reputation din ang meron sya sa mga past school nya."

(-_-)Mga tsisimosa talaga.

"Look who's here. Ang mga losers?" Malakas na sabi ni Reina.

Nakaupo ito 3 table mula sa table nila.

Kasama nito ang mga ka dance groups nito.

Tinignan nya ito at nginisihan.

"If you're referring to yourself please no need broadcast it. Alam na namin lahat how loser you are."

Nawala ang ngiti nito at sinamaan sya ng tingin.

"Kayo ang tinutukoy ko drug addict."

Nagsinghapan ang mga naruon.

Hindi naman nawala ang ngiti sa mga labi nya.

Dahil hindi pa sya nakakaupo sumandal sya sa mesa at nag cross arm.

Sina Maelyn ay nagtitinginan bakas ang pag-aalala sa mga mukha.

"Drug addict huh. Tss. Gusto mo malaman kung sino ang drug addict..." Lumuwang ang pagkakangiti nya.

"...sa atin dalawa?"

Nanlaki ang mga mata nito.

"What do you mean by that?"

"Kung ano ang pagkakaintindi mo iyon ang ibig sabihin ko."

Nagbulungan na naman ang mga estudyante.

"Ang ibig ba nyang sabihin drug addict si Reina?"

"Is that true?"

Napatingin si Reina sa paligid, namumutla pagkatapos ay masama syang tinignan.

"I'm not a drug addict." Malakas na sabi nito.

"Oh. Iyan ba ang ang pagkakaintindi mo? Pero hindi iyan ang ibig kong sabihin."

"Bitch lahat rito iyon ang pagkakaintindi sa sinabi mo."

Nagkibit balikat sya.

"Look here bitch, ilalampaso kayo ng grupo ko sa dance contest, sigurado naman ako na wala kayong binatbat sa grupo ko." Tinignan nito sila Daniella na napayuko na lang.

"A group of nerd. Bagay na bagay nga sa inyo ang pangalan ng group nyo The Outcast. Pagkatapos nyong matalo sa amin forever nobody nalang ang role nyo."

"Are you threaten to my group?"

Natigilan ito sa sinabi nya.

"T-threaten to your group dream on Fuentebella bakit ako ma t-threat sa inyo, you bunch of loser." Mabilis na sabi nito.

Dumeretso sya ng tayo at tinignan ito sa mga mata.

"Yes you are." She said coldly. "And you better are, because this bunch of loser, this bunch of nobody will surely defeat you." She smirked. "This is not just a statement. It's fact girl."

Napanganga ang lahat sa sinabi nya nanahimik din ang mga ito.

Because the way Angela say it, is full of confidence, full of sureness.

"G-Gela." Si Maelyn.

Mabilis naman na nakabawi si Reina.

"Huh confident much."

"Nah." Umiling sya. Saka nilingon ang mga kasama nya na ngayon ay hindi na nakayuko kundi nakatingin na sa kanya.

"I just trust my group." She simply said.

Maelyn, Jake, Clent, Daniella , Julia and Carlos felt overwhelm, hindi rin napigilan ng mga ito na mangilid ang luha sa mga mata.

It's first time na may nagsabi sa kanila ng ganon.

Ramdam nila ang pagtitiwala sa kanila ni Angela.

Oo hindi ito palasalita bihira itong makipag-usap sa kanila. At kahit kelan hindi ito nagsabi na magkakaibigan sila.

But action speak louder in words.

Si Angela ang magandang halimbawa ng kasabihan na iyan.

Nagsalita ulit si Angela.

Tinignan si Reina.

"My outcast/nerd friends can beat yours."

Friends finally she said it, dahil duon di napigilan ng mga ito na mangilid ang luha, hindi na sila yumuko taas noong tinignan nila ang grupo ni Reina.

Angela had a faith to them at sa isip ng mga ito hindi nila bibiguin ang dalaga.

"Wag kang pakasigurado, I have my ways to make us win." May kahulugan at pagbabanta sa boses ni Reina.

Hindi naman nagpadala si Angela.

"Yeah right, you can play dirty. But nakakalimutan mong I'm Angela Fuentebella I can play dirty too. Ang payo ko lang dyan sa laro mo huwag masasaktan ang mga kagrupo ko. You can hurt me but not them because hindi mo magugustuhan ang larong ibibigay ko pagnagkataon. Mauuna ka at susunod ako."

Ayan na naman nakaramdam na naman ng panglalamig si Reina sa paraan ng pagsasalita ni Angela and whenever she felt that lalo syang nakakaramdam ng inis kasabay ng takot.

"What's happening here?" Boses iyon ni Brena.

Sa may pintuan nakatayo na ang mga SG officer.

"Nanggugulo ka na naman ba, Fuentebella?"

The smirked in her face didn't falter ng marinig ang tanong na iyon ni Dylan na katabi ni Brena.

But she, still felt the familiar pang of pain.

"No actually paalis na nga ako." Binalingan nya sina Maelyn. "Sa studio lang ako. Hintayin ko na lang kayo dun."

"Pero di ba nagugutom ka." Si Clent na sinagot nya ng kibit balikat.

Naglakad na sya.

She stopped in front of Dylan. Ilang segundong tinignan nya ito bago muling nilingon si Reina.

"One more thing. They never let anyone out. Huwag ka maniwala sa pangako nila. Once you enter. Hindi ka na makakaalis, you better ask for help." Namilog, namutla at napaawang ang mga labi ni Reina sa sinabi nya.

Muli niyang hinarap si Dylan.

"Excuse me." Pinigilan nya ang ubong gustong lumabas sa lalamunan nya.

Dylan notice na namumutla si Angela. Napansin rin nito na pinipigilan niya na maubo.

"Are you sick?"

Tinaasan nya naman ito ng kilay. Tumikhim muna sya.

"No I'm not. Pwedeng padaan na?"

May sasabihin sana si Dylan ng hawakan ito sa braso ni Brena.

"Let's go Dylan, nagugutom na ko."

Tinignan ito ni Dylan bago tinignan sya.

While she just looking straight ahead and remained expressionless.

Pagkuway naglakad na ito papasok as she walked out.

At nang makalampas ito sa kanya isang mapait na ngiti ang pinakawalan nya.

"**No it can't be. Imposibleng alam nya."** Paulit ulit sabi ni Reina habang paikot ikot sa loob ng kwarto nito.

Paulit-ulit sa isip nya ang mga sinabi ni Angela kanina sa canteen.

"P-pero paano? No hindi imposible." Umiiling-iling pa sya.

Nag ring ang cellphone nya.

Ganon na lang ang pamumutla nya ng mabasa ang pangalan na nakasulat duon.

Ilan beses syang lumunok muna bago sumagot.

"H-hello b-boss?"

"Galvante, nagawa mo na ba ang inuutos ko."

"O-opo boss naideliver ko na po."

Tumawa ang nasa kabilang linya.

"Magaling Galvante, ipagpatuloy mo yan at malapit nang mabura ang mga utang mo."

"P-pagkatapos ba nito malaya na ko?"

"Of course iha, of course. Papalayain na kita. At hinding hindi mo na ako makikita kahit kelan." Tumawa ang kausap nya.

Tawang imbes na makaramdam sya ng relief ay kaba ang naramdaman nya.

"Sige Galvante pagnadiliver mo iyang panghuli mo your free."

Naputol ang tawag.

Nanghihinang napasalampak sya ng upo sa paanan ng kama nya.

Pinagsisihan nya, pinagsisihan nyang nakipag deal sya sa taong iyon.

But she can't control herself. Hinahanap hanap na nya.

The reason kung bakit namutla sya ng sabihin ni Angela kung sino sa kanila ang drug addict it is because it's true.

Yes she is a drug user.

Natuto syang gumamit noong 1st year collage dahil sa ex nyang addict din.

Tulad nga ng sabi nila.

Pagnatikman mo hahanap hanapin mo.

She became addicted to it.

To the point na buong allowance nya na ang nauubos nya, at ninanakawan nya na ang mga magulang nya.

Marunong lang syang magdala kaya walang nakakahalata.

Until wala na syang maipambili dahil binawasan ng mga magulang nya ang allowance nya due to her failing grades.

Natuto syang mangutang sa tulad nyang user.

Hanggang sa makilala nya si Boss.

Pinautang sya nito ng malaki.

Ilan beses, nung una nakakabayad pa sya.

Ngunit habang tumatagal palaki ng lalaki ang utang nya hanggang sa mabaon sya.

That was when she knew na isang lider ng drug syndicate si Boss.

Nang hindi na sya makabayad dito ay nakipag deal ito sa kanya.

Para makabayad sya rito. She need to be his delivery girl.

Taga deliver ng mga droga sa mga estudyanteng costumer nito.

She became a drug user and a drug pusher.

Una enjoy pa sya.

She like the feeling na may back up syang sindikato sa likod nya.

Pero habang tumatagal, at padami na ng padami ang nalalaman nya sa sindikato ay palalim ng palalim ang takot nya.

Takot na naging dahilan para kausapin nya si Boss telling him na she wanted out.

Akala nya hindi ito papayag, but he agreed may kundisyon nga lang.

Nais nito na tapusin nya ang tatlong delivery, after that she will be free.

At sa September 25, 5 days after the foundation Day ng C.U ang huling deliver nya.

Ngunit bakit nakakaramdam sya ng takot habang papalapit ang araw na iyon. Takot na lalong nadagdagan dahil sa sinabi ni Angela...

"They never let anyone out."

Wala syang nagawa kundi mamaluktot.

Sobrang sakit ng ulo ni Angela, para iyong pinupokpok ng 5 martilyo.

Mula sa Designer's Building naglalakad sya papuntang west wings ng C.U.

It's foundation day meaning araw narin ng contest.

May ibang pa contest palaro at mga booth pa.

7am palang nandito na sya sa C.U.

(=_=) Kinulit lang kasi sya ng mga makukulit nyang ka grupo gusto kasi ng mga ito na makapagpractice sila bago magsimula.

Habang nagp-practice napansin ng mga ito na masama ang pakiramdam nya.

Kaya pinagpahinga sya.

5 oras syang natulog sa bakanteng classroom.

Masama parin ang pakiramdam nya pero bumangon na sya.

30minutes pa naman before the contest pero mas gusto nyang puntahan ang mga kagrupo bago magfreak out ang mga ito at akalain na hindi sya darating.

Nasa third floor sya habang naglalakad papuntang hagdanan ay nakatingin sya sa baba.

Sya lang ang andun dahil lahat ng estudyante ay nasa baba na.

Sa Gabriel's Ground gaganapin ang contest.

Ang mismong Gabriel's Fountain ang ginawang stage.

Gabriel's Fountain ay isang malaking square na nakataas sa lupa ng mga 4inches.

Kapag nakapatay ang fountain ginagawa iyong stage dahil sa malaki o kaya ay tambayan ng mga estudyante.

Kumirot na naman ang ulo nya, sa sakit ay napapikit sya.

Naramdaman nya muna na may tao sa likod nya, before she felt the pain in the back of her head.

Hilong napaupo sya sa sahig, pero hindi sya nawalan ng malay.

May humawak sa braso nya at pakaladkad syang hinila.

Sa kabila ng pagkakapukpok sa ulo ay malinaw parin ang isip nya alam nyang inaakyat sya sa rooftop ng building.

Alam nya rin na 4 na lalaki ang may hawak sa kanya.

Hindi sya nagtangkang lumaban dahil hilo pa sya.

Patulak syang ibinagsak ng mga ito ng makarating sila sa rooftop.

Pinilig nya ang ulo habang dahan-dahan na tumatayo.

She is sure na estudyante din ang mga ito.

"Anong kailangan nyo?" She asked.

"Pasensya na miss napag-utusan lang kami na pigilan ka na makapunta sa contest." Nakangising sabi ni ng isa sa mga ito na hip hop na hip hop ang porma may hawak itong baseball bat na syang pinalo sa kanya kanina.

"So Reina decided to play dirty na." She crossed her arms at taas kilay na tinignan ang mga ito.

"How did you know na si Reina ang nag-utos?" Tanong naman ng isang mukhang pinaglihi sa nguso.

(-_-) Tsss bobo di man lang nag deny.

"Paanong di ko malalaman eh lagi kayong nakabuntot sa kanya. Wala rin naman ibang insecure sakin dyan sa contest na yan kundi si Reina."

Nagtinginan ang mga ito.

"At kung inaakala nya na mapipigilan nyo ko, kayo na mukhang rapper na pinagtaksilan ng tadhana, dream on guys."

Nginisihan sya ng isa pang idol yata si Jose Rizal sa ayos ng buhok, ang kaibahan nga lang kung ang pambansang bayani ay kagalang galang ito mukhang takas na bilanggo.

"Minamaliit mo yata kami Miss, hindi mo yata kami kilala."

"Di ko kayo minamaliit although pandak naman yang kasama nyo." Itinuro nya ang isa pang lalaki na hanggang balikat nya lang yata, chubby pa ito kaya punggok tignan.

Sinamaan sya nito ng tingin na ginantihan nya ng ngisi.

"And wala ako panahon na makilala kayo. Why waste my time sa inyong di naman karapatdapat kilalanin."

Nainsulto yata ang mga ito sa sinabi nya.

Nilapitan kasi sya ni nguso at hinaklit sa braso.

At dahil wala na ang hilo nya ay sinapak nya ito.

Gulat na napasadlak ito sa pader.

Tinignan nya ang tatlong nagulat din.

"Come sugod na, nang matapos na to. I have a contest to attend pa."

At kahit masama ang pakiramdam she brace herself ng sabay sabay ang mga ito na sumugod.

"**Wala parin ba sya?"** May pag-aalalang tanong ni Maelyn kay Carla at Clent na inutusan nyang maghanap kay Angela.

"Nasaan na sya?" Si Daniella na kagat na ang daliri.

"Hindi kaya iniwan nya na tayo guys."Si Julia.

"Shut up Julia kilala nyo si Angela alam nyong hindi nya tayo iiwan sa ere." Galit na sabi ni Clent dito.

"Pero asan na sya." Naiiyak na tanong ni Julia na hindi naman nasagot ni Clent.

Nasa back stage na sila. At sila na ang susunod na magp-perform.

Ngunit kahit anino ni Gela di parin nagpapakita.

"Guys may problema pa tayo?" Sabay sabay silang napatingin kay Jake na nanggaling sa Dj na nagp-play ng CD na ginagamit ng mga contestants.

Kinabahan si Maelyn. Di pa nga dumadating si Angela may problema na naman.

"Iyong last song natin sa CD nabura."

"Ano!?" Sabay sabay nilang sigaw.

"T-teka paanong nabura?" Tanong nya.

"I-idont know. Basta ng tinitesting na namin wala na iyong last song."

"Ang ibig mong sabihin may sumabotahe satin."

As on cue pagkatapos sabihin iyon ni Daniella ay biglang lumitaw si Reina.

"Mukhang may problema kayo mga losers huh?" Nang-aasar na sabi nito.

Napahawak sya kay Carla ng aktong susugudin nito si Reina.

"You. You! Filthy bamboo frog ikaw ang sumabotahe samin no." Duro nito kay Reina.

Tinaasan naman nito ng kilay si Carla.

"Why should I do that, mag-ingat ka sa pananalita mo kabayo."

"Why should I should I do that ka pa. Tama naman si Angela threaten ka samin kaya nandadaya ka! Ikaw ang umayos ng pananalita dyan posteng nilagyan lang ng panty. Baka di kita matantya makatikim ka sakin ng power kick."

"Uminahon ka Carlos." Saway nya dito ng sisipain mga nito si Reina.

"I'm scared horse." Pang-aasar pa ni Reina. "Asan iyong Angela na pinagmamalaki nyo. Wala yata, naku baka sa takot nya dahil alam nyang matatalo kayo di na nagpakita, iniwan kayo sa ere. Sabagay kahit ako iiwan kayo sa ere. Look at your costume waley na waley. Baka nahiya na dahil kayo ang makakasama nya."

Buong panlalait na tinignan nito sila.

Kung sa costume lang nito na seksi at makulay.

Wala nga ang costume nila na ripped jeans at white sando na pinatungan ng black jacket.

"Hindi kami iiwan sa ere ni Angela i know may dahilan sya kung bakit wala pa sya. Alam kong darating sya." Sagot ko sa kanya.

Dati baka nanginginig pa sya sa takot kapag kaharap nya si Reina. Dati yuyuko na lang sya at hahayaan ito.

But not now kahit alam nyang mas lalo syang pag-iinitan nito. Pero wala syang pakialam.

Gusto nyang ipagtangol si Angela, for once gusto nyang sya naman ang magtanggol dito.

Kahit sa ganito man lang paraan, makabawi man lang sya sa ilang beses na pagtatanggol nito sa kanya.

"Di hintayin nyo. I'm sure na hindi na sya darating. Mag enjoy kayo sa pagkatalo mamaya...losers." Saka ito tumalikod at umalis.

"Naku malapit ko nang masabit sa poster ng meralco iyang kawayan na yan." Nanggigil na sabi ni Carla.

"Pero ano na ngang gagawin natin? Wala parin hanggang ngayon si Angela. Matatalo na talaga tayo, nakita nyo ba iyong number nila Reina? Ang gagaling nila." Si Daniella.

"Don't say that eh ano kung wala si Angela. Di ba sabi nya she trusted us. Hindi nyo ba naintindihan iyon. Ang ibig nyang sabihin kaya natin manalo na magagaling tayo!" She said.

"Pero iba parin kung andito si Angela, mas lumalakas ang loob ko." Si Clent.

"Then trust her alam naman natin lahat na hindi nya tayo iiwan sa ere. Alam ko darating sya."

Narinig nilang natapos na ang isa pang grupo.

Sila na ang susunod.

Huminga sya ng malalim.

"Let's go guys. Kaya natin to!"

May pag-aalinlangan pa ang mga ito na umakyat .

"Please Welcome Our Contestants number 5. The Outcast." Sigaw ng announcer.

At parang gustong umatras ng tapang ni Maelyn ng magsigawan ng boo ang mga estudyanteng nanonood.

"Boo umalis kayo dyan ang papanget nyo."

"Boo!"

"Maelyn." Naiiyak na sabi Julia.

"Huwag nyong pansinin formation na." Utos nya sa mga ito.

Nagsipwesto na sila at nang pumailanlang na ang intro ng kanta ni Jayson Derulo na Talk Dirty ay nagsimula na sila.

Sayaw na nahinto ng bumukas ang fountain.

"Ahh!" Tili nila.

Umalingawngaw ang tawanan sa buong paligid habang nakatingin sa kanilang anim na basang basang at patuloy parin na binubugahan ng tubig mula sa Fountain.

"Boo umuwi na lang kayo mga losers.!" Sigaw na rinig na rinig nila na nagmumula sa grupo ni Reina.

Wala silang nagawa kundi mapaiyak nalang at tumayo roon na tila basang sisiw.

Nawawalan na sya ng pag-asa gustuhin man nyang sumayaw para sundan sya ng mga kasama nya ay di nya magawa.

Sira na ang lahat, basa na sila. Wala ang last song nila. Wala si Angela.

Wala na tapos na. Talo sila.

"Anong ginagawa nyo!"

Galit ang sigaw na iyon na nangingibabaw sa mga pambubuska na naririnig nila.

Galit na tinig na imbes magbigay ng takot sa kanya ay pag-asa ang hatid.

"Sayaw! Tubig lang yan! Pwedeng gawin props. Pag hindi kayo sumayaw babatukan ko kayo."

Natawa sya sa banta ni Angela.

Nasa third floor ito ng Designer's Building tumatakbo pababa ng hagdanan.

"Sayaw! I'm gonna be there soon."

Nagtinginan silang anim.

Nagtanguan, nagnginitian.

They started to dance.

Not just dance.

They dance confidently.

Ang mga takot at pagkapahiya na nararamdaman kanina ay nawala.

Because they Guardian Angel is back, and everything is alright now.

Napamura si Angela habang nakahawak sa kaliwang tagiliran na tinamaan ng baseball bat kanina.

May pasa na naman sya sa kaliwang cheek bone, may sugat sa gilid ng labi at gasgas sa noo.

Buti nalang may jacket sya kundi puro galos ang katawan nya.

Iyong mga kalaban nya, tulog na lahat.

"Tss. Badtrip talaga." Sabi nya ng humakbang sya at maramdaman ang pananakit ng tagiliran. Dumagdag pa ang sakit sa ulo at hilo na nararamdaman nya.

Mga sakit na hindi nya pinansin. Tumakbo na sya pababa ng rooftop.

Nasa third floor na sya ng marinig ang sigawan at tawanan, napasilip sya.

Nakita nya ang mga kagrupo nya na umiiyak sa gitna ng stage, basang basa dahil nakabukas ang fountain.

"Tss anong magagawa ng iyak nila, pwede pa naman sumayaw."

Sa inis nya habang tumatakbo ay sumigaw sya.

"Anong ginagawa nyo!" Napangiwi sya ng sumakit lalo ang tagiliran nya.

Narinig naman sya ng mga ito.

Actually lahat nga napatingin sa kanila.

Including Dylan na kitang kita nya ang pagkunot ng noo.

Alam nya nakikita nito ang itsura nya.

Kita nya rin na nanlaki ang mga mata ni Reina.

"Sayaw! Tubig lang yan pwedeng gawin props. Pag di kayo sumayaw babatukan ko kayo!" Pananakot

nya.

(=_=) Tinawanan sya. Akala yata ng mga ito na nagbibiro sya.

" Sayaw!I'm gonna be there soon."

Napangiti sya ng sumayaw na ang mga ito.

Humawak sya ulit sa tagiliran, tinitignan ang puno na nasa gilid ng fountain na ang mga sanga ay nasa tapat din ng floor na kinalalagyan nya.

Alam nyang bibigay ang tagiliran nya kung tatakbo at sasayaw sya, kung gusto nyang makasayaw ng maayos mamaya dapat di sya tumakbo.

She need a shortcut.

Umakyat sya sa railings ng second floor na ikinanlaki ng mga mata ni Dylan.

At nang tumalon sya at maglambitin sa sanga ng puno , mabilis itong tumayo at tumakbo papunta roon.

Ignoring all the pain tumulay at naglambitin sa puno.

At nang wala na syang sangang matuntungan at malambitinan ay tiwala syang bumitaw sa kinakapitan.

So sure na may sasalo sa kanya.

Hindi naman sya nabigo.

A pair of strong arms ang sumalo sa kanya bago pa man sya bumagsak sa lupa.

"What the hell are you doing!" Singhal nito sa kanya.

Hindi nya ito pinansin nagpumiglas sya para ibaba nito.

Patakbo na sya sa stage ng hawakan nito ang braso nya.

"Are you sick. You're hot, and what happened to you!?." Napansin din ni Dylan ang natuyong dugo sa batok nya.

Binawi nya ang braso.

"Mamaya na Ylan."

Sabay takbo nya papuntang stage.

Hindi nakaligtas sa pansin ni Dylan na nakahawak sya sa tagiliran.

Umakyat sya ng stage eksaktong chorus ng kanta.

For a moment she closed her eyes to blocked all the pain.

Then she moved.

She dance with all her heart... with all her soul.

Making her group mates do the same.

Nakanganga si Quincy habang pinapanood na nagsasayaw ang The Outcast.

The same expression din ang makikita sa lahat ng andon.

Iyong tubig na binubuga ng fountain na nagpabasa kina Maelyn kanina.

Ngayon nagpadagdag pa sa ganda ng steps ng mga ito.

Tinanggal ng mga ito ang jacket na suot at ginamit na pantakip sa mga butas na nilalabasan ng tubig, papalit palit.

Paulit-ulit.

Making the water to be synchronize into their moves.

Ang nag l-lead si Angela.

Angela is so good dancer , kada pitik may angas, kada galaw natural na seksi.

Sa katunayan nga ang lakas ng sigawan ng mga estudyanteng lalaki duon.

Especially when she dance into that Wiggle wiggle song.

Nalaglag talaga ang panga nya ng mag break dance din ito.

"Woooooo idol na kita Fuentebella."

"Akin na lang iyong blue eyes."

"Miss akin ka na lang ako nalang syota mo."

"Ang galing gumaling ng chubby."

"Mga miss ang c-cool nyo."

At kung ano ano pang sigawan ang naririnig.

"Ang galing nila, pero si Angela ang nagdadala sa kanila."

"Yeah."sagot ni Gelo na katabi nito

"But something is wrong?"

Napatingin sya rito.

Nakakunot noo ito habang pinapanood si Angela.

Napabalik tuloy ang tingin nya sa harap, pinagmamasdan ng maigi si Angela.

That was when she noticed, na may gasgas at sugat ito sa mukha. At kung titignan mo mabuti panay ang hawak nito sa tagiliran di lang gaanong pansin dahil aakalain mo na kasama iyon sa step.

"May iniinda ba sya? At bakit puro sugat sya?"

"She is sick."

Napatingin naman sya kay Dylan na nasa kaliwa nya.

Matiim itong nakatitig kay Angela.

"What do you mean she is sick Dy? May sakit si Angela eh bakit sya sumasayaw baka mapano sya? Look at her basang basa na sya." Singit ni Brena na nasa tabi ni Dylan.

Hindi naman sumagot si Dylan nakasunod at nakatitig lang ito sa mga galaw ni Angela.

Nag-aalala narin tuloy sya.

Samantala hindi naman maalis ang matalim na tingin ni Reina sa stage.

Hindi nya alam kung bakit ang hirap hirap pabagsakin ng Angela na yan.

Akala nya okay na ang lahat pero nakahabol parin ito.

Huminga sya ng malalim. May isa pa syang alas.

Wala ang last song ng mga ito.

She smiled because of that.

Mananalo parin sya.

But then unting unting nawala ang ngiti sa mga labi nya.

Sa huling bahagi kasi ng kanta nawala si Angela.

Ang mga kasama naman nito ay umayos na para sa huling sayaw ng mga ito.

Ganon na lang ang pagkainis nya ng bumalik si Angela may hawak na gitara tumapat sa mike at kumanta.

Ito ang kumanta ng huling song habang sinasayaw ng mga kagrupo nito.

Nadagdagan pa ang inis nya when Angela looked at her, smirked and winked at her.

Sa inis nya ay napapadyak sya.

"*May araw ka rin sakin Angela*."bulong nya.

Kanina sa parteng magkapartner na sumasayaw si Angela at Clent.

Habang nakahawak sa bewang nya ang binata binulong nito sa kanya na nawala ang ang last song nila.

Napaisip sya pagkatapos malakas na nagsalita para marinig ng mga kagrupo nya.

"Ako na bahala sa last song just continue dancing."

Bago pa matapos ang kanta na kasalukuyan nilang sinasayaw ay umalis sya.

At nang bumalik may dala na syang electric guitar, pumuwesto sya sa gilid duon sa may mike.

Before she sing dinasal nya na makakanta sya ng maayos, kahit medyo paos sya. She prayed too na sana kayanin pa ng kaliwang daliri nya dahil namamaga na, ang titigas kasi ng mukha ng apat na humarang sa kanya.

She closed her eyes. Waiting kung kelan sya papasok.

And when she hear the last beat na sinasayaw ng mga kasama nya. Nagsimula na syang tumipa.

Kumalat sa paligid ang boses nya.

As her group dance in the beat of her guitar.

"Fuckin' Perfect"

Made a wrong turn once or twice
Dug my way out, blood and fire
Bad decisions, that's alright
Welcome to my silly life

Mistreated, misplaced, misunderstood
Miss 'No way, it's all good'
It didn't slow me down.
Mistaken, always second guessing
Underestimated, look I'm still around

She open her eyes. Napangiti sya ng makita sina Maelyn, Daniella, Clent, Jake at Carlos na masayang sumasayaw.

Pretty, pretty please, don't you ever, ever feel
Like you're less than fucking perfect
Pretty, pretty please, if you ever, ever feel
Like you're nothing, you're fucking perfect to me

You're so mean (so mean) when you talk (when you talk)
About yourself. You were wrong.
Change the voices (change the voices) in your head (in your head)
Make them like you instead.

Nagsisigawan na ang mga tao sa paligid.

Kung kanina puro pambubuska at pang-aasar ang naririnig.

She's happy dahil nakikita na ng lahat na hindi lang basta basta Nerd ang mga kasama nya.

Natutuwa din sya na meron nang tiwala ang mga ito sa sarili.

So complicated,
Look how we all make it.
Filled with so much hatred
Such a tired game
It's enough, I've done all I could think of
Chased down all my demons
I've seen you do the same
(Oh oh)

Pretty, pretty please, don't you ever, ever feel
Like you're less than fucking perfect
Pretty, pretty please, if you ever, ever feel
Like you're nothing, you're fucking perfect to me

The whole world's scared, so I swallow the fear
The only thing I should be drinking is an ice cold beer
So cool in lying and we try, try, try but we try too hard
And it's a waste of my time.
Done looking for the critics, cause they're everywhere
They don't like my jeans, they don't get my hair
Exchange ourselves and we do it all the time
Why do we do that, why do I do that (why do I do that)?

(**Yeah! Oh!)**
Oh, pretty, pretty, pretty

Pretty, pretty please, don't you ever, ever feel
Like you're less than fucking perfect
Pretty, pretty please, if you ever, ever feel
Like you're nothing, you're fucking perfect to me
(You're perfect, you're perfect)
Pretty, pretty please, if you ever, ever feel
Like you're nothing, you're fucking perfect to me.

Napasandal si Angela sa pader ng backstage ng makaramdam ng pagkahilo.

Ang init init ng pakiramdam nya.

notes

Dapat mag update ako ngayon, kaso habang sinusulat ko iyong **Sick Angel** Chapter na distract ako ng isang story, kahinaan ko yun, kapag may nakita ako story na maganda, nawawalan ako ng pakialam sa lahat hehehe .

Anyway thank po sa mga nagbabasa nito, okay lang kahit walang vote, what I want is may makabasa ng story ko, kesa nasa Mahiwagang Baul ko lang.

Atleast na share ko:-)

Thanks thanks po talaga.

Monday na po ako mag update.

Thanks po talaga.

Helliza /Shiela

24. Sick Angel

Gising na ang diwa ni Angela, pero hindi sya nagmulat kaagad ng mata.

Alam nyang nasa hospital sya. Amoy pa lang alam na alam nya na.

Ngayon pa lang gusto nya nang lumabas.

"Guys huwag kayong maingay baka magising si Angela. Sabi ni Doc she need a complete rest mga 3 days diba." Narinig nyang sabi ni Maelyn.

"Of course ateng narinig namin magkakasama kaya tayo kanina." Si Carlos.

"Eh bat ang iingay nyo?"

"Excited lang kami Mae." Si Daniella.

"Oo nga tiyak na matutuwa sya sa ibabalita natin." Si Julia.

"Yeah. Pero kailangan din nating magpasalamat sa kanya. She danced kahit may injury sya. She danced in pain. Para sa atin... for us." Narinig nyang sabi ni Clent na nakaupo sa gilid ng kama sa bandang kanan.

"Oo nga ni hindi man lang natin napansin na may lagnat at injury sya sa ribs." Jake.

"Ganyan si Gela for her friends kahit may iniinda sya gagawin nya. Swerte kayo itinuturing nya kayong kaibigan." Boses naman ni Gelo ang narinig nya.

"Hindi pa nga kami makapaniwala na naging kaibigan namin sya. Look at us mga Nerd lang kami na laging binu bully just an average at para kay Reina ay nobody. Samantalang sya maganda anak mayaman, above average kung approachable lang sya malamang lahat gustong maging kaibigan sya. Aloof pa nga sya nyan eh." Si Maelyn.

"Don't say that. Ayaw nyang nakakarinig na dini discriminate nyo ang sarili nyo. Especially if you are her friends, sabi nga nya..."

(=_=) Ginaya pa talaga ni Gelo ang boses nya.

"*Kung mababa ang tingin mo sa sarili mo, mas mababa ang taong nakikipagkaibigan sayo. At dahil I want you to be my friend at isa akong makasariling tao, ayaw kong bumagsak, so you better pull yourself up. Dahil kung hindi mo gagawin iyon ako ang magtutulak sayo pataas and you don't want me to do that because believe me pag ako ang tutulak,it will hurt a lot."*

"Scary parang nanakot lang ang peg ni ateng."

Tumawa si Gelo.

"Pero effective look at me now. I'm a better person now than before."

Kahit di nya nakikita sure syang sabay sabay na naglakihan ang mga mata ng mga ito sa sinabi ni Gelo.

"Ang ibig mong sabihin katulad ka rin naming Nerd dati?" Malakas na tanong ni Daniella.

"Yeah isang mataba at lampang nerd na laging pinagkakatuwaan sa school."

"Weeeeh." Si Carla.

"Oo nga." May dinukot si Gelo sa bulsa." Look at these."

Ipinakita ng mga ito ang isang group picture.

It's a photo of a 6 nerd boys na pawang may mga salamin, 2 ay payat at 3 ay matataba.

Kinuha iyon sa isang soccer field. Nakatayo ang mga ito sa tabi ng net.

Pareparehong may mga sugat at pasa sa katawan.

Sa gitna ng mga ito ay si Angela na may hawak na bola.

A small smile is visible in her face.

"Oh My God! Ikaw iyong pinakamataba Gelo."

Tumango naman si Gelo.

"Grabe kahit mataba ka papable ka parin." Sabi ni Carlos na nakatitig sa picture." In fairness ang gwagwapo nyo."

"Anong mataba si Gelo." Tinig iyon ni Quincy na nasa may pinto.

Kasama nito si Dylan at Brena.

"Ito o ." Itinaas ni Carlos ang larawan.

Mabilis naman na lumapit si Quincy, sumunod narin ng pasok si Dylan at Brena.

"Wow ang taba mo nga Gelo." Natatawang sabi ni Quincy ito na ang nakahawak sa picture.

Walang imik naman na tinignan ni Dylan ang larawan.

"Si Gela tong babae di ba." Si Quincy.

Tumango si Gelo.

"Ang kwento behind that picture. Iyong lima pang lalaki na nakikita nyo ay mga kaibigan ko. Paborito kaming asarin at pagtripan na anim, nang araw na yan pinagtripan kami ng mga soccer player. Pinapwesto kami sa net at sinisipa ang bola para tamaan kami. Wala naman kaming magawa kundi umiyak."

"Grabe naman sila." Comment ni Julia.

"Yeah pero kung araw araw ganon ang mararanasan mo, believe me matitiis mo yon. Anyway back to my story. Sa buong oras na yun na pinapatamaan kami ng bola syempre nakayuko lang kami, eh may

isang player na tinawag ako no choice kundi ang tumingin, huli ko na naisip na sinadya iyon para sa mukha ako tamaan."

"Sa pagkabigla ko ni pagpikit di ko nagawa. Kaya naman kitang kita ko ng dumating si Angela sinipa nya yung bola pabalik sa player." Lumuwang ang pagkakangiti ni Gelo.

"Sapol sa mukha iyong player, tulog na bumagsak."

"Talaga!"

Tumango si Gelo.

"Nagalit iyong mga players sa kanya, tinanong bakit daw nya ginawa yun. Mind you hindi sya magalaw ng mga ito. Noon pa man kasi sikat na si Angela sa pagiging pala away at walang inuurungan at nang mga araw na iyon fresh pa iyong balita na may binugbog si Angela na basketball player na isang linggo namalagi sa hospital. "

"Binugbog?!" Nanlalaki ang mata na sabi ni Clent.

"Oo iyong Angela kasi ngayon mas tamed kesa noon. Mas wild at mas pala away sya noon." Sumulyap sa kanya si Gelo.

"Iyon nga nung tinanong sya ang sagot nya gusto daw nyang sumali, mukha daw kasing masaya. Akala nga namin sasali sya sa pagpapahirap samin, kaya naman nagulat kami ng sabihin nya na soccer daw ang laruin at kami ang kakampi nya. Noong una ayaw namin malay ba namin maglaro non, pero mautak si Gela pinagbantaan kami pag di daw kami maglalaro kami daw mismo ang gagawin nya bola. That time Gela is so scary. Kaya wala kaming nagawa kundi maglaro."

"Hindi nya kami tinuruan maglaro ng soccer, sabi nya lang kapag nasa kalaban ang bola agawin daw namin sa kahit anong paraan, sipain, suntukin, sikuhin o kahit pa i head bat namin. Wala daw syang pakialam basta agawin namin ang bola at ipasa namin sa kanya."

"Sa tingin nyo sinong nanalo?" Gelo Asked.

"Kayo?" Hula ni Quincy.

"Syempre hindi paano kami mananalo eh soccer player kalaban namin."

"Eh?"

"Ni hindi nga pinabantayan ni Gela iyong Goal area. 5-0 nga ang score."

"Eh bat parang tuwang tuwa pa kayo sa picture?" Daniella.

"Kasi nang matapos ang laro kami lang pito ang nakatayo lahat ng player bagsak walang malay. Dahil kami ng mga kasama ko inagaw nga ang bola kahit makipagsuntukan na kami, inagaw namin, as if our life depend on it. At kapag pinapasa namin kay Gela ang bola, sinisipa nya iyon hindi papasok ng goal kundi sa mukha ng mga players."

O_O Ganyan ang mga mata nila.

"Oo that game ay isang madugo at masakit na laro, di lang makaayaw ang players dahil sa pride, asarin

ba naman ni Angela. Ni hindi nga namin namalayan na marami nang nanonood sinisigaw ang mga pangalan namin. That Game became a Legend in our school. Kasama na sa school history."

"After the game kahit pagod at sugatan lumapit si Angela samin she said..."

"*Congratulations nagawa nyong iangat ang sarili nyo. Pinakita nyo sa kanila na kaya nyong lumaban. Sa susunod pag nakita ko pang tinapakan kayo at pumapayag pa kayo. Itutuloy ko iyong banta ko,kayo ang gagawin kong bola."*

"Then inutusan nya ang isa sa mga nanonood na kunan kami ng picture souvenir daw para samin."

With a fondness that evident in Gelo's eyes ay muli nitong tinignan si Angela.

"Lahat kaming 6 may kopya ng picture na yan. Nagsisilbing lucky charm namin. Dahil mula kasi ng mangyari iyon we learned to love ourselves natuto na kami na lumaban kung kailangan. And it's all because of her."

Katahimikan alam nyang nakatingin ang mga ito sa kanya.

Gusto nyang batukan si Gelo kahit kelan napakadaldal nito.

"Pero hindi ba masama iyong ginawa ni Angela, labag sa mga rules and regulations ng school yun. Natulungan man nya kayo mali parin ang ginawa nyang paraan."

Kahit nakapikit ay napangisi sya sa sinabi ni Brena, trust her to saw all her faults.

"Buts that's was her way to help, a bad ways na lagi naman nakakatulong." Pagtatanggol sa kanya ni Gelo. Na dinugtungan pa nito.

"Pero hindi naman talaga masama si Angela."

Napatingin na naman ang lahat rito.

"Kung meron mang pinakamabuting tao sa kwartong ito, malamang si Angela iyon."

"Anong ibig mong sabihin?"

"That Angela is a beautiful soul, sa lahat ng taong nakilala ko sya lang ang ang tao na mas inuuna ang iba kesa sa sarili. Kung ano ang alam nyang ikakabuti mo pilit nyang ipapakita iyon sayo. She's never selfish-ouch!"

Napahinto at napaaray na lang si Gelo ng batuhin nya ng unan.

Sabay sabay na lumingon ang mga ito sa kanya.

Nakaupo na sya sa hospital bed habang nakahawak sa tagiliran na nasakit.

"Ang daldal mo." Sabi nya.

Ibinaba nya ang isang paa, at aktong tatayo paalis ng kama.

Aktong tatanggalin nya ang suwero ng may kamay na pumigil sa kanya.

"Anong ginagawa mo?" Tanong nya kay Dylan na mahigpit ang hawak sa kamay nya.

"Tinatanggal ang suwero."

"At bakit mo tatanggalin."

"Uuwi na ko." Tinabig nya ang kamay nito.

O_O

Biglang naging ganyan ang itsura nya ng kanina lang ay nakaupo sya , kumurap lang sya natagpuan nya na ang sarili na nakahiga na naman.

Si Dylan na nakaalalay sa ulo nya at nakahawak sa bewang nya ang tumulak sa kanya pabalik.

"Stay put dito ka lang hindi ka uuwi."

His mint breath is fanning in her face, kung di lang malakas ang kontrol nya baka napapikit na sya.

:-O Ang mga kasama naman nila sa kwarto ay nakanganga habang nakatingin sa kanila.

"*Bagay sila."* Na isip ni Maelyn.

"OMG!" Si Quincy.

Si Brena unti-unting napalis ang ngiti sa mga labi habang tinitignan silang dalawa.

Itinulak nya si Dylan.

Lumayo naman ito pero dahan dahan.

Ang kamay nito na nasa ulo nya ay dumulas papuntang batok nya.

Nagtayuan yata lahat ng balahibo nya. Then ang kamay nito sa bewang nya ay humaplos bago tuluyang bumitaw.

"Sinong may sabi?" Sabi nya ng lumayo ito, bagamat nanatiling nakaupo sa kama nya.

"Uuwi ako kung gusto ko."

Sa balikat naman nya lumanding ang kamay nito ng umaktong tatayo sya ulit.

"You still have a fever, a fractured ribs, a wounded head and a sore body sa tingin mo papayagan kitang lumabas." Galit na sigaw nito.

o_O Nagulat at nawindang tuloy ang mga kasama nila sa gulat dito.

Kahit sya natigilan sa sigaw nito.

Unti-unting lumamig ang ekspresyon ng mga mata nya.

"Sinabi ko na sayo na huwag mo kong pakialamanan. You don't have a right, so you fucking leave me

alone!"

"No!"

Lalong sumakit ang ulo nya sa sagot nito.

Mas lalo syang nanghihina.

"Ah, Dylan huwag mo masyadong stressin si Angela." Kinuha ni Brena ang kamay ng binata.

"Nag-aalala lang kami para sayo Angela, pagpasensyahan mo na si Dylan." Pasimpleng hinila nito si Dylan patayo, na hindi naman ikinatinag ng binata nanatili lang itong nakatingin sa kanya.

Kita nyang tumalim ang tingin ng dalaga sa kanya.

"Tss. Wala ako sa mood makipag plastikan sayo!"

Natigilan si Brena at namula.

Naging tensyonado ang ambiance ng paligid.

Nagkatinginan naman ang iba sa eksena nilang tatlo.

"Ah, Ateng may ibabalita kami sayo." Masayang sabi ni Carlos sa kanya.

"President pa excuse po ha." Kiming sabi ni Maelyn kay Dylan.

Ilang segundo muna ang lumipas bago umalis si Dylan sa tabi nya. Naupo ito sa bakanteng upuan.

"Gela, may surprise kami sayo." Tuwang tuwang sabi ni Clent na humawak sa kamay nya.

Kakahawak lang nito sa kamay nya ng bigla itong matigilan at mapatingin sa gawi ni Dylan.

Bigla itong namutla sabay bitaw sa kamay nya.

"Kelan ang operasyon ng Lolo mo?"she asked to Daniella.

"Waaa alam mo na kagad suprise namin, bakit?" >"<. Si Julia.

"Hindi ko pinag-aaksayahan ng oras ang isang bagay kung alam kong di ako mananalo." She just said.

"Wow, bilib na talaga kami sayo ateng."

Yumakap sa kanya si Daniella.

Napangiwi sya dahil masakit talaga ang katawan nya.

"G-Gela Thank you, dahil sayo mapapagamot ko na ang Lolo."

"Ouch, Daniella masakit." She said between her teeth para pigilan ang pagdaing.

Si Dylan umaktong tatayo, na hindi naituloy dahil lumayo nasa kanya si Daniella.

"S-sorry, gusto ko lang magpasalamat."

"Tell me am I the only one who dance.?"

Umiling ito sa tanong nya.

"No tayong lahat."

"See hindi ako nagsolo sa stage, hindi lang ako ang sumayaw. We all are. Kaya wag ka saking magpasalamat. Dahil kung solo kong ginawa iyon hindi kita bibigyan."

Imbes na ma-offend ito sa sinabi nya at ngumiti ito.

"Gelo is right, you are the kind one."

"Tss."

Ilan minuto pa na nag stay ang mga ito bago nagpaalam.

May kanya kanya pang gagawin ang mga ito kaya kahit ayaw pang umalis ay nagpaalam na.

Naiwan si Dylan, Gelo at Brena.

"Ah, aalis narin kami ni Dylan, Angela." Paalam ni Brena.

"Okay bye."

"Dylan." Untag ni Brena kay Dylan ng di ito gumalaw sa pagkakatayo.

"Sinong magbabantay sayo?" Tanong ni Dylan sa kanya.

Hindi sya sumagot.

"Ah ako na ang magbabantay sa kanya Dylan." Sagot ni Gelo.

Tumingin rito si Dylan nang nakakunot noo. Tila ba sinasabing wala itong tiwala kay Gelo.

"Hindi ko sya papayagan na lumabas rito." Pang-aassure ni Gelo.

Bumuntung hininga si Dylan, nakatingin sa kanya.

"Dy... diba sabi mo ikaw ang maghahatid sakin, i need to go na, please tara na." Obvious na obvious na pinasweet, at pinalambing pa ni Brena ang boses.

"Stay here." Sabi sa kanya ni Dylan bago inalalayan si Brena palabas ng pinto.

"Get well soon Angela." Si Brena na sobra ang sweet ng pagkakangiti.

Wala syang pinansin sa mga ito hanggang magsarado ang pinto.

Di naman mapigilan ni Gelo na maawa kay Angela.

He knows , na gusto nito na makasama si Dylan, lalo na at may sakit ito ngayon, pero wala ito sa tabi ng dalaga bagkus ibang babae ang kasama nito.

And Angela didn't do anything about that, kahit kailan hindi nya alam kung ano ang tumatakbo sa isip nito. Kung ano ang mga pinaplano nito. Magugulat na lang sya sa mga aksyon nito.

"Kung hindi mo ihihinto ang ganyan mong pagtitig sakin tatayo ako dito at ikaw ang babalian ko."

Napatikhim sya sa sinabi nito.

Nakakatakot talaga ito.

"Nagawa mo na ba iyong pinapagawa ko?"

"Ha?...Hindi pa."

Salubong ang kilay na lumingon ito sa kanya.

"At kelan mo balik gawin iyon Jose Angelo?" She coldly said.

Lumunok sya. "Ngayon sana, kaso walang magbabantay sayo."

Matalim sya nitong tinignan.

"Gusto mong alisin kita?"

Nanlaki ang mata nya sa sinabi nito.

"G-Gela naman eh, wala ngang magbabantay sayo."

"Sa tingin mo Jose Angelo mukha bang hindi ko kayang alagaan ang sarili ko?"

"K-kaya." Saka pabulong nyang dinagdag. "*Kaso matigas ang ulo mo."*

"What."

"Ha?, w-wala. Ang sabi ko alam kong kaya mo ang sarili mo, hindi naman ikaw ang inaalala ko si Dylan, magagalit iyon sakin, alam kong nakakatakot iyon pagnagalit, sa tingin mo anong gagawin sakin non pag-iniwan kitang mag-isa o kaya ay hinayaan kitang lumabas dito."

o_o"

"Oo nga, gagawin ko na. Hindi kaya ako natatakot kay Dylan. Mas takot ako sayo." Sabi nya sabay mabilis na tumayo.

?_?? Tignan kasi sya ni Angela ng napakatalim.

Walang nagawa na humakbang sya sa pinto, bago makalabas nilingon nya si Angela na ngayon ay nakapikit na.

"But Ge stay here please. Magagalit talaga sya pag-umalis ka rito."

Hindi sumagot ang dalaga.

Wala syang nagawa kundi isara ang pinto.

Sana lang hindi nga ito atakihin ng pagiging matigas ang ulo.

25. Sick Angel 2

"**Dylan, inom ka muna."** Masayang binaba ni Brena sa harapan nya ang juice.

Isang pilit na ngiti ang binigay niya rito.

Nasa bahay sya ng grandparents ni Brena.

Dito nya hinatid ang babae pagkagaling nila sa hospital kalahating oras na ang nakakaraan at sa loob ng kalahating oras na iyon ang buong isipan nya ay nasa hospital lang, na kay Angela.

Hindi sya mapakali, pakiramdam nya dapat wala sya dito. Dapat nasa tabi lang sya ni Angela.

"Dylan, nakikinig kaba?"

"Ha?"

"May problema ba Dylan, kanina ko pa napapansin na balisa ka, parang di ka nakikinig sa mga sinasabi ko." Humawak pa si Brena sa kanang braso nya.

"No sorry, may iniisip lang ako."

"Ganon ba. Kung may problema, andito lang ako you can tell me. Kilala mo naman ako hindi ako madaldal, you can always depend on me."

Napatingin sya rito.

Ngunit imbes na ang maamong mukha ni Brena ang nakikita nya, ang namumutlang mukha ni Angela ang nakikita nya.

Angela's blue eyes na nakatingin sa kanya kanina, mga matang nababasahan nya ng sakit at pangungulila.

"Dylan alam mo naman na espesyal ka sakin at alam ko rin naman na espesyal ako sayo, kaya nga mamaya pwede ba kitang ipakilalang boyfr-."

"Sorry Bren, I have to go, may aasikasuhin pa ako." Mabilis syang tumayo at hindi pansin ang pagkagulat sa mukha ni Brena.

"Bye, kita na lang tayo sa school next week."

Saka sya dali-daling lumabas ng bahay at pinaharurot ang sasakyan papuntang Zamora Hospital.

Naiwan naman si Brena na bakas ang pagkabigla sa mukha, pagkabigla na napalitan ng pagkainis.

Alam nya kung saan papunta ang binata.

At labis labis na inis ang naramdaman nya para kay Angela.

Mainit parin ang pakiramdam ni Angela habang naglalakad sa gilid ng kalsada sa bayan.

Maingay sa kalsada kanya kanyang ng ginagawa ang mga tao.

Sunday kasi kaya karamihan sa mga tao namamasyal sa bayan.

Karamihan sa kanila nagkakasiyahan.

Samantalang sya napaupo sa isang bench sa Nicholas Park malapit sa simbahan.

She hate being sick.

Ayaw nya ng pakiramdam na nag-iinit ang mga mata. Nanginginig ang mga tuhod at namamanhid ang katawan.

Ayaw nya ng pakiramdam na gustong mahiga lang buong araw.

Ayaw nyang maging mahina na sa simpleng paglalakad lang hinihingal sya.

Ayaw nya na sa simpleng galaw lang akala mo lumilindol dahil sa hilo.

Ayaw nya iyong pakiramdam na laging nasusuka at di makakain.

Ayaw nya sa hospital.

At lalong ayaw nyang uminom ng Gamot. That freaking bitter taste things. She hate it!

Ayaw nyang NAGKAKASAKIT! Period.

"Wala akong pera hijo."

Naputol ang pagsesentiyempo nya ng makarinig sya ng boses ng matanda.

Napalingon sya sa gilid ng simbahan.

Duon sa parteng mapuno kaya madilim, lalo na at 6:00 na ng hapon.

Nakasandal sa gilid ng pader ang matandang babae, na yakap yakap ang bag nito.

Sa harap nito ay isang lalaking kaedadan nya na nakangisi sa matanda at pilit na inaagaw ang bag nito.

"Huwag mo akong lokohin Lola, nakita kong galing ka sa ATM kaya akina iyang pera mo."

Lalo namang humigpit ang pagkakayakap ni Lola sa bag nito.

"Hindi pwede para sa apo kong may sakit ito hijo. Maawa ka naman."

Huwag mo akong ma hijo, hijo Lola, ibigay mo na yang bag mo bago pa ako tuluyang magalit sayo." Naghilahan na ang dalawa sa bag.

Sya naman ay tumayo kahit nanginginig dahil nakakaramdam na ng lamig at paika ika na lumapit sa mga ito dahil sa masakit na tagiliran.

Nakalapit na sya sa mga ito eksaktong sasampalin na ng lalaki ang matanda at dahil nanghihina imbes

na pigilan ang kamay nito ay hinarang na lang nya ang sarili.

Pumaling ang mukha nya pakanan, kasabay ng sakit at ng hilo ay ang pagsasabi nya ng ...

"Fuck!"

"**Fuck it."** Sa parehong oras, sa may hospital habang pasakay ng kotse nya ay napamura rin si Dylan.

Galit na hinampas nya ang manibela ng sasakyan.

Nag charge out na raw si Angela.

"Masasapak talaga kita Gelo." Galit na sabi nya.

Wala pa naman daw 30mins itong nakakaalis, gusto nya na ngang murahin ang mga nurse dahil pumayag ang mga ito na lumabas si Angela.

At the same time alam rin naman nya na hindi papipigil si Angela.

"Isa ka pang babae ka napaka tigas ng ulo mo."

Nagdrive sya paalis ng hospital.

Palingon lingon sya sa paligid sa pag-asang maabutan ang dalaga.

At kapag nakita nya ito itatali nya talaga ito sa kanya.

"Really Dylan, may karapatan ka bang gawin iyon."

Natigilan sya sa naisip.

Humigpit ang pagkakahawak sa manibela.

"*I have all the rights."*

Mas lalo syang natigilan sa sunod na naisip na iyon.

The way he think about it parang siguradong sigurado sya.

Hindi nya na nagawang isipin pang mabuti iyon, dahil sa minsang paglingon nya duon sa gilid ng simbahan ay nagdilim na ang kanyang paningin.

Isang malakas na ingay ang nilikha ng gulong ng kotse nya sa bigla nyang pagpreno.

Para syang torong galit na galit.

Nobody.

Nobody have a rights to hurt his Angel.

Pumaling na naman pakaliwa ang mukha ni Angela ng muli syang sampalin ng lalaki.

Hindi nya na mabilang kung pang-ilang sampal na ang natanggap nya.

Still na natili syang nakatayo sa gitna ng lalaki at matandang babae.

Protecting the old woman for this guy.

"Abat matibay ka talagang babae ka."

Isa pa uling sampal ang natanggap nya.

"*Sige lang, bilang ko lahat ng sampal mo, humanda ka pagbinalikan kita."* Iyon ang nasa isip nya habang matalim itong tinitignan.

"Hija tama na umalis ka na dyan." Iyak ng matanda.

"Hijo huwag mo na syang saktan, ibibigay ko na ang pera ko."

Hinarang nya ang braso nya para pigilan ang matanda.

"Dyan ka lang Lola." Mahina nyang sabi.

Kung hindi lang sya nanghihina kanina pa bumagsak itong lakaking ito.

"Ayan lang ba ang kaya mo?" Nanghihina nyang sabi at kahit nanginginig sa lamig ay nginisihan nya ito.

"Para kang baklang sumampal, no wonder wala kang pera dahil hindi mo kayang magtrabaho, lampa ka siguro."

"Bwisit kang babae ka!"

Tumaas ang kamao nito para suntukin na sya.

Hindi man lang sya pumikit, hinintay nya lang na lumapat ang kamao nito sa mukha nya.

Nakarinig sila ng malakas na sagitsit ng preno.

Second after that ay pagtilapon naman ng lalaki sa harap nya.

"Ylan." She whispered.

Isa namang suntok pa ang pinakawalan ni Dylan sa lalaki, making the man moaned in pain ng humampas ito sa pader ng simbahan.

Kinuwelyuhan nito ang lalaki.

"The next time I saw your face, sisiguraduhin ko na buburahin ko iyang pagmumukha mo, sisiguraduhin ko na pagsisihan mo na lumapat ang kamay mo sa Anghel ko, don't fucking show your face to me again. At ipagdasal mo na hindi na tayo magkasalubong. Naiintindihan mo!"

Sa kabila naman ng panghihina at sakit na nararamdaman ay bumilis ang tibok ng puso nya.

"*Anghel ko."* It's been so long when she heard that endearment from his lips.

So long...

Mukhang natakot naman ang lalaki kay Dylan dahil ng bitawan ito ng binata ay nagtatakbo ito.

Dumeretso naman ng tayo si Dylan.

Humarap sa kanila ni Lola.

Nang naglakad ito papalapit akala nya sya ang lalapitan nito.

Ngunit nilampasan lang sya nito at sa matandang babae lumapit.

"Okay lang ba kayo Lola."

Naiiyak na tumango ang matanda.

"H-hija okay ka lang ba."

Humarap sya at aktong sasagot ng unahan sya ni Dylan.

"Huwag ho kayong mag-alala sa kanya. Sa tulad nyang sanay sa gulo balewala lang yan. Hinahanap hanap nya ang sakit sa katawan. She love hospital kaya nagpapabugbog sya." He said harshly.

Ang mukha naman nya ay biglang nawalan ng ekspresyon.

"Pero hijo, ilan beses syang nasampal, babae sya hindi dapat sya nakakaranas ng ganon."

"Okay lang ako Lola." Sa paos na boses ay sabi nya. She unconsciously embraced herself ng umihip ang malamig na hangin.

"Tama ho sya sanay ako sa ganon, wala lang ho ako sa mood para gantihan sya." Pinigilan nya ang panginginig ng tinig.

May sasabihin sana ang matanda ng unahan nya ito.

"Okay lang po talaga ako. Mabuti pong puntahan nyo na ang apo nyo narinig ko po kanina na may sakit sya."

Walang nagawa ang matanda kundi ang magpaalam, bago iyon katakot takot na pasalamat ang sinabi nito sa kanya.

Sa kabila naman ng hilong nararamdaman, hinatid pa nila ito ni Dylan sa sakayan ng trysikel sa di kalayuan.

Kumaway pa sa kanila ang matanda.

Nang makaalis na ito ay tinalikuran nya si Dylan at naglakad palayo rito.

Nakakatatlong hakbang palang sya ng maramdaman nya ang mahigpit na paghawak ni Dylan sa braso nya.

"Ano ba." Angil nya rito.

Hindi umimik ang binata kiladkad lang sya nito, papuntang sasakyan.

"Let me go." Lalo syang nahihilo sa ginagawang paghila nito.

Sa muli ulit na pag-ihip ng hangin ay nanginig na naman sya.

Panginginig na naramdaman ni Dylan.

Napamura ito at lalo syang hinila.

"Ang sabi ko let me go." Malakas nyang binawi ang braso rito. Bahagya pa nga syang gumewang dahil sa hilo, kung di lang sya nakahawak sa poste ng ilaw na ngayon ay bukas na dahil madilim na ang paligid.

"Saan mo ba ako dadalhin?" Iniwas nya ang kamay ng umakto ito na hahawakan sya ulit.

"Hospital."

Nanlaki ang mata nya.

"Ayoko!" Madiin nyang sabi.

"Ibabalik kita duon sa ayaw at sa gusto mo." Nagawa sya nitong hawakan ulit sa braso.

Kumapit naman sya ng mahigpit sa poste ng ilaw.

"Ayoko! Uuwi na ako." Napaubo sya at napapikit ng muli syang lamigin.

Pilit naman syang hinihila ni Dylan. Paghila na naging dahilan para sumakit lalo ang fractured ribs nya.

Napangiwi sya.

Nakita naman iyon ni Dylan.

Tumigil ito sa paghila sa kanya, bagamat hindi parin sya binibitawan.

"Let go Angel. Masasaktan ka lang, kaya bumitaw ka na dyan."

Umiling sya.

"Ayoko nang bumalik dun." Mariin nyang sabi.

Sa ginawa nyang pag-iling ay nakaramdam sya ng matiniding pagkahilo.

Gumewang sya at aktong masusubsob.

Mabilis na hinawakan sya ni Dylan sa bewang, sa pagkakadikit ng katawan nya, at nang maramdaman nya ang init ng katawan nito saka nya narealize kung gaano sya ginaw na ginaw.

Pinangko sya ng binata.

Naramdaman nito ang panginginig nya pati narin ang init ng katawan nya ng dahil sa lagnat.

Yumakap ang mga kamay nya sa batok nito at siniksik ang mukha sa leeg ni Dylan.

"Damn it!" Sabi ni Dylan ng maramdaman na mataas na ang lagnat nya.

Mabilis itong naglakad papuntang sa sasakyan.

"Y-ylan please, I don't want t-to be there." Bulong nya.

Napatigil ang binata, hindi dahil sa bulong nyang iyon kundi dahil naramdaman nito ang pamamasa ng leeg.

Angela is crying!

Ang galit na mukha ni Dylan ay unti-unting lumambot.

Hinigpitan nito ang pagkakahawak nito sa kanya.

Bago nya naramdaman ang paghalik nito sa ulo nya.

"Shhh... stop crying. Hindi na kita ibabalik duon."

"T-talaga."

Napaangat sya ng mukha.

Dylan feel as if there's someone who hit him in the gut nang makita nito ang luhaang mukha ng dalaga.

Hinalikan muna sya nito sa noo bago tumango.

"I promised."

Umiling na naman sya.

"Please don't make another promises. Baka hindi ko na kayanin pag hindi mo na naman tinupad, just do it Ylan." Bulong nya.

Bumakas naman ang pagkalito sa mukha ni Dylan.

Magtatanong sana ito ng mangatog na sya sa lamig.

"Shit!"

Halos takbuhin na nito ang sasakyan.

Mabilis sya nitong isinakay roon.

Sa loob ng sasakyan. Pinatay kaagad nito ang aircon.

Pinaandar.

Hindi pa sila nakakalayo sa bayan ng muli itong huminto dahil patuloy sya sa pangnginig.

Hinubad nito ang polong suot, at mabilis na ibinalabal sa kanya.

Hinila sya nito at inakbayan.

Dahil ginaw na ginaw na sya at hilong hilo ay sumiksik na lang sya sa binata.

Nagdrive si Dylan ng isang kamay ang gamit, habang nakaakbay sa kanya.

Pero muli itong huminto nang hindi parin sya tumigil sa panginginig.

Naramdaman nalang nya na binuhat sya nito at pinaupo sa lap nito.

Ngayon ang ayos nila ay nakakandong na sya rito habang nagdradrive ito.

Inayos pa muna nito ang polo nito sa katawan nya bago pinaandar ang sasakyan.

"Anong ginagawa mo? Y-ylan baka mabangga tayo." Nanghihina nyang sabi.

"Sa tingin mo hahayaan kong mabangga tayo. Remember this Angel kapag kasama mo ako, ang masaktan ka ang huling mangyayari sayo." Madiin na sabi ni Dylan.

"But you always hurting me Ylan, everyday, every time."

Bulong lang iyon. Bulong na umabot sa pandinig ng binata.

Tumiim ang bagang ni Dylan.

Gusto nitong magtanong kung anong ibig nyang sabihin ngunit tuluyan na syang nawalan ng malay.

Pinunasan ni Dylan ng basang bimpo ang noo ni Angela. Hanggang ngayon mataas parin ang lagnat ng dalaga.

"Mukhang kailangan na natin syang dalhin sa hospital Dylan." Sabi ni Gio na nakatayo sa gilid ng kama.

Dito nya dinala ang dalaga at sa kama nya ito nakahiga ngayon.

"No." Umiling sya. "I promised to her na hindi ko sya ibabalik duon.

Naalala na naman nya ang sinabi nito kanina ng mangako sya.

"*Please don't make another promises. Baka hindi ko na kayanin pag hindi mo na naman tinupad, just do it Ylan."*

She said it with full of pain.

At na g-guilty sya.

Sa hindi nya malamang dahilan iyon ang nararamdaman nya.

May pinangako ba sya rito na hindi nya tinupad?

"Gio tell me ano para sa akin si Angela?" Alam nyang may hindi sinasabi ang mga ito sa kanya.

Napasinghap at natigilan si Gio.

Sa lahat ng oras at araw ngayon nya hindi inaasahan na magtatanong ng ganito ganon sa kanya.

"Tell me." Hindi ito tumitingin sa kanya.

But ramdam na ramdam nya ang awtoridad sa boses nito.

That Alpha tone of his na ngayon nya na lang ulit narinig.

"Gela is the most precious Possession of yours." Sabi nya. The exact answer na sinabi nito sa kanya dati ng tanungin nya ito.

Natigilan si Dylan at napatingin sa kanya.

"What do you mean?"Hinarap sya nito.

"Kung may dapat makasagot ng tanong mong iyan ay ikaw. You said that things to me NOON." Pinagdiinan nya ang salitang noon. "Kung may dapat din magsabi sayo ng lahat ay si Angela iyon, hindi ako Dylan. "

Tinignan ni Dylan si Gio.

Lalo syang nalito sa sinabi nito.

But one thing is for sure.

Angela is part of his life.

His Forgotten Life.

Binalik nya ang tingin sa dalaga.

Mula naman sa pinto pumasok si Calix na may bitbit na tray na naglalaman ng lugaw.

"She need to eat Dylan. Para makainom na sya ng gamot."

Ibinaba nito iyon sa side table.

"Ako na ang bahala. Magpahinga na kayo."

"Are you sure?" Tanong ni Gio, tango naman ang sinagot nya.

Naglakad naman ang mga ito palabas.

"King." Hindi pangalan nya ang tinawag ni Calix pero awtomatikong nilingon nya ito na para bang pangalawang pangalan nya ang tinawag nito.

"Please take care in our Queen. She been hurting for so long." Sabi nito.

"D." Kay Gio naman sya napatingin.

"Please remember her soon. Before it's too late."

Sumara na ang pinto pero nanatili parin syang nakatingin duon.

Minutes passed bago nya magawang lingunin si Angela.

Wala syang naiintindihan sa mga sinasabi ng mga ito.

Bumuntunghinga na lang sya at ginising ang dalaga.

"Angel wake up."

Umungol lang ito.

"Anghel ko. You need to eat." Natigilan sya.

"*Anghel ko."*

Bakit ba napakanatural na lumabas iyon sa bibig nya.

Ungol ulit ang sagot ni Angela sa kanya.

Pinaling nito ang ulo nito sa kabila.

Alam nyang gising na ito kaya naman, marahan nyang itinaas ang ulo nito habang nakahawak sya sa bewang nito.

"Ayaw ko Ylan." Daing nya ng magawa nya itong paupuin.

Hinang hina ito ni hindi nga nitong magawang makaupo ng maayos.

He's not used to see her like this.

Mas gusto nya na nakikitang masigla ito. Di bale ng gumawa ito ng kalokohan kesa hinang, hinang ito.

He rather see a smirked in her lips kesa ang maputlang labi nito.

Mabilis syang pumuwesto sa likod nito para hindi ito mapahiga ulit.

Ngayon ay nakasandal na ito sa kanya habang nakasandal sya sa headboard ng kama.

Kinuha nya ang lugaw at nagsimulang subuan ito.

Nakakatatlong subo pa lang sya ng umayaw ito.

"Angel 3 more after that, tama na." Pangungulit nya rito.

Umiling ito.

"Please Anghel ko, for me." He said.

Hindi nya akalain na susunod sa kanya si Angela ng sabihin nya iyon.

Hindi tuloy nya maiwasan na mangiti.

Ngiti na nawala ng pinapainom nya na ito ng gamot.

Kung mahirap itong painumin ng gamot, noong nasa canteen sila, mas mahirap ngayon.

Hindi nya ito magawang masuhulan ng ice cream dahil bawal iyon dito.

Hindi nya rin magawa na pwersahin ito dahil nanghihina pa ito, he didn't have a heart to do that to her.

"Angela pag hindi mo ininom ito, mapipilitan akong ibalik ka sa hospital, sa suwero papadaanin ang gamot para mainom mo."

Natigil ito sa pag-iling.

Mayamaya pa ay binuka na nito ang bibig.

Aabutan nya na ito ng tubig para malunok ang gamot ng idura naman nito iyon.

"Angela!"

"H-hindi ko talaga kaya Ylan. Malaki at mapait. Ayaw ko talaga."

Napabuntunghininga sya.

Inalalayan nya itong humiga.

"Wait lang may gagawin lang ako."

Lumabas sya at nang bumalik ay may dala na syang kutsara na may lamang tinunaw na gamot.

Inalalayan nya ito ulit na umupo.

"Here."

Sa wakas nagawa nitong mailunok iyon kahit na kanda ngiwi ito sa pait.

After that nagawa na nitong makatulog ulit.

11:30 am nang bumaba ang lagnat nito na nagpahinga sa kanya ng maluwag.

1:am nang atakehin ito ng sunod sunod na ubo.

Mula sa sofa ay napalapit sya dito.

Nakatalikod ito sa kanya kaya nagawa nyang punasan ang likod nito.

Humiga sya sa tabi nito after he do that.

A gentle smile formed in his lips ng kahit tulog ang dalaga ay humarap, yumakap at sumiksik ito sa kanya.

Niyakap nya ito at hinalikan sa noo.

Pinaunan nya rin ito sa braso nya.

Embracing Angela feels like, he is embracing his heaven.

As if she belong to his arms.

Kasabay ng pagkadala sa kanya ng antok.

He unconsciously said.

"You're My Blue Eyed Angel."

Napangiti naman si Angela. As a single tear fall down to her eyes.

Masaya syang marinig muli iyon.

Kahit na ngang alam nyang makakalimutan iyon ng binata paggising nito.

"I love You Ylan ko." She whispered.

N/A

I'm sick.T?T

Sabi ko ng sinusulat ko itong chapter nito. Ano bang pakiramdam ng may trangkaso?

Ako po kasi ang tipo ng tao na minsan lang magkasakit, kaya na ngangapa ako kung paano isusulat ito.

Hindi naman ako nagwish na magkasakit pero ito ako ngayon.T?TT?TT?TT?T.

Iyong mga ayaw ni Angela kanina iyon po mismo ang nararamdaman ko.

Ilang kumot pa ang binalot ko sa katawan ko, at nang pagpawisan ako ito medyo okay na kaya nakapagsulat.

Hindi pwedeng magkasakit may work tomorrow.

Hayyzzzzt(:-(

#iwantorange

26. Sick Angel 3

Mabigat ang pakiramdam ni Angela.

Bukod sa kadahilanang may sakit pa sya.

May kung ano rin na mabigat sa hita, tyan at leeg nya.

She open her eyes.

Mukha ni Dylan na nakasiksik sa leeg nya ang nabungaran nya.

Nakayakap at nakadantay ito sa kanya kaya nahihirapan syang kumilos.

Tumayo yata lahat ng balahibo nya, dahil sa hininga nito na tumatama sa leeg nya.

"*Ayan landi pa Angela. May sakit ka na lahat lahat."*

Sinubukan nyang kumilos palayo rito.

Humigpit lang ang pagkakayakap nito sa kanya.

"A*no ba naman yan." S*he whispered.

Dahan-dahan nya itong itinulak.

This time nagawa naman nyang kumawala rito.

Nasa aktong baba na sya ng kama nang bigla na naman sya nitong yakapin at dantayan.

Nagpumiglas sya.

She is sure na gising na ito.

"Let me go."

"Saan ka ba pupunta?" He asked in sleepy toned.

"Papasok saan pa?"

Sinubukan nyang itulak ito ulit.

"Hindi ka papasok."

"Who said?"

"Me."

Habang nagsasalita ito ay nilalayo nya ang mukha rito.

Hindi kasi nito naisipan na umalis sa pagkakasubsob sa leeg nya. His lips is brushing in her neck.

Making her skin tingle.

Kahit naiilang ay nginisihan nya ito.

"Sinabi ko na di ba huwag mo kong pakialamanan. Dahil wala kang karapatan."

"Sorry to disappoint you. But susunod ka sakin." Sabi lang nito.

Then...

He kissed her neck.

Napahugot sya ng malalim na hininga dahil duon.

"Here this Angel. You're going to do what i want. So you're not going, whether you like it or not."

Napapikit sya ng gumapang , paakyat ang labi nito.

Bumilis ang tibok ng puso nya ng magtama ang mga mata nila.

"Ylan."

Bumaba ang mukha nito.

His lips descending to hers.

Pipikit na sana sya ng bigla syang inatake ng ubo.

Itinulak nya ang binata at umupo sa kama habang pinapalo nya ang dibdib nya.

"Stop doing that." Pinigilan ni Dylan ang kamay nyang pumapalo.

Hinawakan nito iyon, saka hinimas ang likod nya.

Nang humupa ang pag-ubo nya ay kinuha nito ang basong may tubig sa gilid at tinulungan syang uminom.

"Humiga ka nga muna."

Hiniga sya nito. Bumaba ito ng kama at saka hinamplos ang noo nya.

"Damn it! You have fever again."

Kumuha ito ng cold compress at inilagay sa noo.

"Okay na ko."

Tinanggal nya naman iyon at umupo ulit.

Tinignan sya nito ng matalim.

Hiniga sya nito ulit at muling inilagay ang cold compress sa noo nya.

"Don't move."

Kinumutan sya nito.

"Oras na makita kong nakaapak ang paa mo dyan sa sahig, i will punish you."

Inis na tinitigan nya ito.

"Oh im scared. So fucking scared."

Nawindang ang buong sistema nya ng bigla itong yumuko at ikulong ang mukha nya sa magkabilang braso nito.

"One day im going to do something in this cursing pouty mouth of yours, panget sa babae ang nagmumura."

Oo windang nga sya but hindi sya magpapakita ng kahinaan o pagsunod dito.

Hindi pa...

...Sa ngayon.

"Really Santiago. Hindi mo ko madadaan sa ganyan. Nakalimutan mo na yata kung sino ako. I don't follow rules. And i don't follow command to anyone, i do what i want. I say what i want to say."

Seryoso nitong tinitigan ang mga mata nya.

"Try me Angel. Kapag Sinubukan mong tumayo dyan. Sisiguraduhin ko na isang linggo kang mamalagi dito. And i will kissed that pouty lips of yours every minutes, every hour, every days ng pamamalagi mo rito."

Ano daw?

Nabobo yata sya at napaawang ang mga labi nya sa narinig.

Hindi nya expected yun. Hindi nya alam kung bakit iyon nasabi ng binata.

Mukhang natuwa ito sa reaksyon nya.

Ngumisi ito at inilapit pa ang mukha sa kanya.

"No smart retort from you huh? Effective pala na pambanta sayo ang halik. How about this, one cuss. One kiss."

Tumingin ito sa mga labi nya.

"Sa bawat mura na maririnig ko sayo. Isang halik ang kapalit. Seryoso ako Angela. So you better stop cursing."

Bumaba ang mukha nito.

Lumapat ang labi nito sa labi nya.

Smack lang.

"Kukuha lang ako ng almusal mo."

Wala na ito sa harap nya at nakalabas na ng kwarto samantalang sya ay nakatitig pa din sa kisame.

Nakatulala.

Then a smile formed into her lips.

Pinatong nya ang kaliwang kamay nya sa noo nya.

"Let see Dyan. Let see."

"Isa pa." Itinapat ulit ni Dylan sa harap nya ang kutsarang may laman na sopas.

Umiling sya.

"Ayaw ko na nga."

"Angela nakakatatlong subo ka palang. Paano ka lalakas kung ang konti konti ng kinakain mo."

Umiling sya ulit.

Anong magagawa nya.

Nasusuka sya pagpinipilit nyang kumain.

"Isa Angela."

Kahit umabot pa ito ng isang milyon sa pagbibilang ayaw nya na talaga.

Bumuntung hininga si Dylan.

Magsasalita pa sana ito ng bumukas bigla ang pintuan at pumasok ang luhaan na si Brena.

"Dy..."Umiiyak na tawag nito sa binata.

Nag-aalala naman na ibinaba ni Dylan ang hawak at lumapit rito.

"Hey what's wrong?"

Nang yumakap si Brena kay Dylan at yakapin din ito ng binata unti-unting nawalan ng ekspresyon ang mukha nya.

Her eyes became blank.

"S-si... Si L-lolo inatake. Inatake kanina. Dinala sa hospital. Dylan baka kung ano ang mangyari sa... Sa lolo ko."

"Shhh... Stop crying walang mangyayari sa kanya."

Iniwas nya ang mga mata sa mga ito ng makaramdam sya ng paninikip ng dibdib.

Nagtama ang mga mata nila ni Renz na nasa likod ni Brena.

Pity and sadness ang laman ng mga titig nito sa kanya.

Na sinagot nya ng blankong tingin.

"Dylan samahan mo ko sa hospital. Hindi ko kaya pumunta duon ngayon."

Natigilan si Dylan.

"Huh?"

Kumalas si Brena rito at tumingala sa binata.

Nakadama naman ng awa ang binata sa dalaga.

"P-please Dylan."

Hindi kagad makasagot si Dylan.

"Brena... Bi-."

"Pwede ba umalis na kayo. Masyado na kayong maingay at madrama." Singit nya sa mga ito.

Napatingin sa kanya si Dylan.

"Kung aalis ka. Umalis ka na. Huwag nyo nang iparinig sakin ang kadramahan nyo ang corny eh."

"How can you said that Angela. Hindi ako nagdradrama. Nag-aalala ako sa lolo ko. Hindi mo alam kung ano ang nararamdaman ko." Umiiyak na sabi ni Brena.

"Stop crying Brena." Inakbayan ito ni Dylan.

"Fine sabi mo eh."

"Stop it Angela!"

Mapait syang ngumiti nang sigawan sya ng binata.

"Tss. Umalis na nga kayo." she said coldly

Si Dylan ay natigilan naman pagkatapos na sumigaw.

He sighed. "Sasamahan ko si Brena."

"Okay." Tangi nyang sagot.

"Babalik ako-."

Pinutol nya kung ano mang sasabihin nito.

"Kahit wag na. Mabuti nga iyon walang mag-uutos at magdidikta sa akin, makakauwi na ko."

"Don't you dare!."

Napakislot si Renz at nagulat naman si Brena ng sumigaw si Dylan.

"D-dylan." First time ni Brena na makita at marinig na nagsalita ng ganon ang binata.

"Don't you dare Angela. Kung saan kita iniwan dun din kita dadatnan. Hindi ako nagbibiro sa sinabi ko kanina. Dont test me."

Nilingon nito si Brena.

"Lets go Brena."

Nasa may pintuan na sina Dylan ng mapaubo sya ng sunod-sunod itinukom nya ang bibig para pigilan iyon.

Nagsisimula na naman na sumakit ang ulo nya.

Lumingon si Dylan sa kanya. Eksaktong pinapalo nya ang dibdib at napapapikit dahil sa sakit ng ulo.

Dahil nakapikit hindi nya nakita ang pagkuyom ng kamao ng binata at ang pagtiim bagang nito.

Reaksyon na ang nakakita ay si Brena at Renz lang.

"Tara na Dylan." Tawag pansin ni Brena rito.

"Stop hitting your chest Angel." Hindi naman ito pinansin ng binata.

Nang hindi nya ito sundin ay lumapit ito sa kanya at tulad ng ginawa nito kanina pinigilan nito ang kamay nya.

Tinabig nya iyon.

Huminga sya ng malalim para pakalmahin ang sarili at matigil sa pag-ubo.

"Just go." She said coldly to him.

Ilang segundo na tinitigan sya nito bago ito tumayo.

Binalingan nito si Renz.

"Make sure na makakain sya at makakainom ng gamot. At huwag na huwag nyo syang papalabasin."

"Huh?" Napaunat ng tayo si Renz sa utos na iyon ni Dylan na naglalakad ulit papalapit kay Brena.

"O-oo D."

Isang huling sulyap pa ang binigay ng binata sa kanya bago ito lumabas.

Lumingon din si Brena.

Matalim sya nitong tinignan bago nagbigay sa kanya ng nang-aasar na ngiti.

"*Sige lang. Sulitan mo yan. Dahil kapag binawi ko sya ni dulo ng daliri nya di mo mahahawakan.*"

Sa naisip nagawa nyang pigilan ang luhang tutulo sana sa mga mata nya.

Tahimik lang syang humiga at nagkumot.

"Close that fucking door paglabas mo."

Sabi nya kay Renz.

She closed her eyes.

Ignoring the pain na naramdaman nya.

Itutulog na lang nya iyon.

Hoping na paggising nya manhid na ulit sya.

"**What do you mean na ayaw nya?"** May bahid na inis ang boses na tanong ni Dylan sa kausap sa kabilang linya na si Gio.

"Nagagalit sya D kapag pinipilit namin sya. Ayaw nya daw kumain at uminom ng gamot." Paliwanag naman ni Gio. Bahagya na itong kinakabahan dahil halata na sa boses ni Dylan ang galit.

Napasulyap naman si Dylan kay Brena na papalabas ng kwarto na pinag-a-admit-an ng lolo nito.

"Pilitin nyo. Kung kailangan pagtulungan nyo sya para kumain at uminom ng gamot gawin nyo. Maliwanag ba?"

Pagkasabi noon ay nagpaalam na si Dylan rito.

"Dylan." Tawag sa kanya ni Brena habang papalapit ito.

"Sabi ng doctor ligtas na ang lolo."

He smiled. "Thanks God kung ganon."

Nabigla sya ng yumakap ulit sa kanya ang dalaga.

"Salamat dahil sinamahan mo ako. Hindi ko siguro alam ang gagawin ko kung wala ka."

"Don't thank me Brena alam mong di kita kayang pabayaan. Whats are friends for."

Dahil nakasubsob si Brena sa dibdib nya hindi nya nakita ang reaksyon nito.

Natigilan ito bago tumalim ang mga mata.

"*Friends ayan na lang ba ako sayo Dylan. Dahil ba sa Angela na iyon kaya friends na lang ako."*

Iyon sana ang gustong sabihin ni Brena na hindi nito sinatinig.

Bagkus dumeretso ito ng tayo at nginitian si Dylan.

"Thank you Dylan. P-pero pwede mo ba akong samahan pa. Hanggang sa magising si Lolo. Can you Dylan please."

Hindi naman sya kaagad makasagot.

Kanina pa nya gustong balikan si Angela.

It's 12:pm at hanggang ngayon

hindi parin daw ito kumakain crap! Ni hindi parin ito umiinom ng gamot.

"Dylan pwede ba?"

Napatitig sya sa mukha ni Brena.

To her eyes, that pleading him.

He sighed bago tumango.

"Okay."

"Thanks Dy."

Napatitig na lang sya sa pader ng yakapin ulit sya nito.

Sa pader nakikita nya ang malamlam na asul na mga mata ni Angela.

Kumuyom din ng mariin ang mga kamao nya.

Pero mas mahalaga sa kanya si Brena.

"Really Dylan eh bakit nag-aalala ka at kanina mo pa gustong balikan si Angela."

Tama kung mas mahalaga sa kanya ang babaeng kasama nya ngayon, bakit si Angela ang iniisip nya.

He want to go to her.

Alagaan ito.

But hindi naman nya basta maiiwan na lang si Brena.

Nagtagumpay si Brena na pigilan umalis si Dylan.

Pero imbes na makaramdam ng saya naiinis sya.

Oo nga kasama nya ang binata. Pero lumilipad ang isip nito.

Nagsasalita lang ito kapag may tinatanong sya.

Nilalambing nya ito, pero puro ngiti lang ang sagot sa kanya.

Maya't maya din itong may tinatawagan.

Ramdam nya rin ang pag build up ng galit nito.

Ilan beses rin nitong sinigawan ang kausap.

Gamit ang tono na ngayon lang nya narinig rito.

Bawat oras kasi na lumilipas padilim ng padilim ang aura nito.

This is the first time na nakita nyang umakto ng ganon ang binata.

Sa ilang taon nyang kilala ito lagi itong mahinahon magsalita at laging nakangiti. Minsan lang ito magalit at minsan lang sumigaw. Oo at nag-uutos ito but not that way.

She never see him act this way.

Na para bang may nagising na katauhan ito na ngayon ay lumalabas.

"Damn it."

Nagulat pa sya ng magmura ito ulit.

"D-dylan."

Napaatras sya ng mabilis sya nitong nilingon.

Nagulat sya sa mga mata nito.

His brown eyes is so dark and blank.

"Yes Brena."

Hindi ito sumigaw pero bahagya parin syang nailang at natakot dito but kasabay ng takot ay atraksyon.

Hindi nya alam, imbes na ma turn off.

Parang lalo nyang nagugustuhan ang binata.

She liked him more because of that dark attitude that he's showing.

"M-may problema ba?"

Umiling ito sa tanong.

"May tatawagan lang ako."

Bago pa sya maka-Oo ay nakalabas na ito.

Naiwan syang nakatunganga sa pinto.

Napasuklay nalang si Dylan sa buhok dahil sa labis na inis.

"Kumain na ba?" Tanong ni Dylan kay Calix na nasa kabilang linya.

"Hindi parin Dy."

Napasambunot sya sa buhok sa sagot nito.

"What the hell it's fucking 4:30 kaninang umaga pa sya di kumakain. Tatlo kayong lalaki dyan, hindi nyo sya magawang pakainin."

Napangiwi naman si Calix at nailayo ang cellphone sa tenga.

Kahit na sina Gio at Renz na parehas nitong nakatayo sa tapat ng pinto ng kwarto kung nasaan si Angela ay napangiwi din dahil narinig din ng mga ito ang sigaw nya.

"Eh nagbabanta syang babarilin kami pag pinilit namin sya. Nakatikim na nga ako ng sipa kanina. kahit may sakit ang babaeng yun ang lakas manipa. Dati naman ni ipis di nga sya makapatay ngayon parang

Kabayo manipa." Reklamo ni Calix na nagpakunot ng noo nya.

"D. Ikaw nalang ang magpakain sa Anghel mo ikaw lang ang makakagawa non, sayo lang sumusunod yun."

"Sa tingin mo kung makakapunta ako dyan uutusan ko pa kayo? Pilitin nyo sya kung di sakin kayo mananagot."

"D naman di na nga kami makapasok ni lock nya yung pinto."

"Wasakin nyo. Basta make her eat-."

"Ano yun?"

"Hey Gela okay ka lang ba.?"

"What's happening?" tanong nya ng marinig nyang nagkakagulo ang mga ito.

Nakarinig din sya ng lagabog.

"Angela ayos ka lang ba. Open this door." Sigaw ni Gio.

"What the fuck is happening?" Nagpalakad lakad na sya. Pabalik balik.

Napapatingin na nga sa kanya ang ilang nurse at doctor na naglalakad sa pasilyong iyon.

"Calix what the heck is happening, tell me now!"

He know na nakakabulabog na sya. He is also sure na may gustong sumaway sa kanya.

Wala lang naglalakas loob dahil sa itsura nyang tila manununtok na.

"King nakarinig kami ng lagabog sa kwarto mo. I think nagpunta ng C.R si Gela nakaramdam ng hilo at natumba. Then sunod sunod na pag-ubo ang narinig namin after that."

"Damn it open that goddamn door."

"Hwag kayong papasok na tatlo. Kung ayaw nyong mamatay. Im not joking." Narinig nyang paos na sigaw ni Angela bago ito sunod sunod na inubo.

"See just come here D. You are the one that she needed. Not us."

Patuloy parin sa pag-ubo si Angela na dinig na dinig nya.

Tulalang ibinaba nya ang tawag.

Lumabas naman si Brena na nakangiti at tuwang tuwang lumapit sa kanya.

"Gising na ang Lolo, Dylan. Gising na sya."

Yumakap ito sa kanya.

Kinalas nya ang braso nito.

"Brena i really have to go. Dadalaw na lang ako rito."

"Huh?"

"Im sorry, ikamusta mo na lang ako kay Lolo."

Hindi na ito nakaimik dahil nakaalis na sya sa harap nito.

Nagmamadali syang sumakay ng elevator.

Hindi nya parin alam kung ano sa kanya si Angela.

But one thing is for sure.

Ayaw nyang nasasaktan ito.

Ayaw nyang nahihirapan ito.

Dahil kahit ayaw man nyang aminin.

Angela Fuentebella is important to him.

"Anak ng pusang gala naman oh." Napamura na lang si Angela ng muling makaramdam ng pagkahilo.

Papunta syang banyo dahil nasusuka na naman sya.

Nanginginig din ang tuhod nya dahil sa panghihina.

Ikaw ba naman ang walang kainin buong araw.

Humawak sya sa pader para makalakad ng hindi natutumba.

Pagdating sa banyo wala naman syang maisuka.

Naghilamos na lang sya kahit nilalamig para mabawasan ang pamimigat ng katawan.

Papalabas pa lang sya ng makarinig sya ng lagabog. Hudyat na nabuksan na iyon ng tatlo.

"Akala ba nila nagbibiro ako sa banta ko."

Dumeretso sya ng tayo at pinilit na maglakad ng tuwid.

Ngunit katulad ng pangyayari kanina ng magpunta sya rito sa banyo ng hindi umaalalay sa pader, nakaramdam sya ng matinding hilo.

And like a while ago inaasahan nya na ang paglagapak nya sa sahig.

Iyon ang dahilan kung bakit may malaki syang bukol sa noo na sigurado syang madodoble dahil pabagsak na nga sya ulit.

Blag!

Take note hindi sya ang lumagabog na iyon kundi ang pinto ng banyo.

At bago pa man sya matumba ay may nakasalo na sa kanya.

Muli nyang naramdaman ang pamilyar ngunit kakaibang pakiramdam na iyon.

Ayaw nyang maniwala.

Baka nagdedeliryo lang sya kaya piling nya andito ito ulit para alagaan sya. Malamang isa sa tatlo ang may buhat sa kanya ngayon.

"Shit Gio. Put me down!" Nakapikit na sabi nya dahil nakakaramdam pa din sya ng pagkahilo.

Naramdaman nya ang paghigpit ng kapit ng may hawak sa kanya.

"That's one Angel. Kapag nakatatlong mura ka hahalikan talaga kita."

Napamulat sya, as the same time na ibinababa sya ni Dylan sa kama.

"Anong gingawa mo rito?"

Nahagip ng tingin niya si Gio, Calix at Renz na pasilip silip sa kanila.

"Ako ang dapat magtanong sayo nyan Angela. What the hell are you doing. Bakit hindi ka kumakain and why are you fucking not drinking your med!" Umalingawngaw hindi lang yata dito sa kwarto kundi pati sa buong bahay ang sigaw nito.

Kung di lang masama ang pakiramdam nya malamang natawa sya sa tatlo na mabilis na nagtakbuhan palayo.

Sa takot na mapagbalingan ng galit ni Dylan.

"Im not hungry." Tanging sabi nya sa nagagalit na binata.

Ang madilim na itsura ng binata ay lalong nagdilim dahil sa sagot nya.

Hindi nya masisi ang tatlo kaya nagtakbuhan palayo.

Kapag kasi ganito na ang itsura ni Dylan talagang matatakot ang kahit na sino.

Well except her.

"That's bullshit. Kakain ka." Itinaas nito ang kamay at hinaplos ang noo nya.

Nagsalubong ang kilay nito. Hindi nya alam kung dahil naramdaman nito na may lagnat pa sya o dahil sa bukol nya.

"Renz bring that food right now."

Tinabig nya ang kamay nito.

"Ano ba kasing ginagawa mo rito?"

"This is my room. Kaya hindi imposibleng andito ako."

Oo nga naman.

Umupo sya at binaba ang paa sa kama.

"Saan ka pupunta?"

Pinigilan nito ang aktong pagbaba at pagtayo nya, sa pamamagitan ng paghawak sa bewang nya.

"Uuwi at matutulog sa sarili kong kwarto. I'm sure na doon walang manggugulo sakin at mangungulit, i can die peacefully their at siguradong di nila iyon mapapansin."

"Shut up." Galit na sabi nito.

Hindi nito tinanggal ang pagkakahawak sa bewang nya hanggang sa dumating si Renz na may bitbit na pagkain.

Patingin tingin ito sa kanila habang nilalapag nito ang pagkain sa side table.

Nakatitig sa kanya si Dylan habang sya naman ay nakatitig sa pader.

Tumikhim si Renz para tawagin ang pansin nila.

Hindi nya ito pinansin tulad ng di rin pagpansin dito ni Dylan.

Napakamot na lang ito sa batok.

"Sabi ko nga busy kayo." Sabi nito saka naglakad papuntang pintuan.

"Hirap ng in love nakakawala sa sarili." Bulong nito na narinig naman nila.

Saka lang lumayo sa kanya si Dylan ng sumara ang pinto.

Kinuha nito ang lugaw sa mesa.

"Eat."

Nasa tapat na ng bibig nya ang kutsara.

Itinikom nya ng mariin ang bibig.

"Angela please you need to eat."

Hindi nya ito pinansin.

Bigla namang ibinaba ni Dylan ang kutsara.

"Fine ayaw mong kumain. Then parehas tayong magpakagutom dalawa."

Kunot noong napatingin sya rito.

"Like you hindi parin ako kumakain mula kanina, how can i? Ganong alam kong hindi ka kumakain. You don't eat then i don't too."

Huling baraha na iyon Dylan.

Alam nyang suntok sa buwan ang plano nya.

Ano bang pakialam ni Angela sa kanya.

Matagal syang tinitigan ng dalaga.

Pagkatapos ay sa pagkain na nasa mesa.

Hindi nya mapigilan na patagong ngumiti habang ginagawa nito ang palipat lipat na tingin na iyon.

She's so cute while doing that.

Nakakatuwa kasing tila gulong gulo ito at di malaman ang gagawin.

At tila nakikisama ang pagkakataon sa kanya.

Kumalam kasi ang sikmura nya.

Isang malakas na tunog na sigurado syang narinig nito.

"Don't mind me. Magpahinga ka na." Seryoso nyang sabi.

Salubong ang kilay na nahiga ito patalikod sa kanya.

Bumagsak ang balikat nya.

Bakit ganito ang pakiramdam nya?

Bakit nasasaktan sya sa pagiging walang pakialam nito.

He sighed.

Nagulat sya ng bigla itong maupo ulit.

Sa bilis ng kilos nito, nakita nyang nahilo ito sa ginawa.

Mabilis nya itong inalalayan.

"What the, magdahan dahan ka nga ng kilos." Inis nyang sabi rito.

"Tss." Tanging sagot nito.

"Magpahinga ka na bat ba bigla kang bumabangon."

"Kakain na ko." Mahinang sabi nito.

Nabibingi yata sya.

"What?"

"Kakain na ko. But Kakain ako pagkasabay kita." Nakayuko at mahina nitong sabi.

Unti-unting sumilay ang maluwang na ngiti sa labi nya.

"Talaga?"

"Oo nga!" Nakayuko parin ito.

Lalong lumuwang ang ngiti sa mga labi nya.

Hindi nya napigilan ang sarili.

Inangat nya ang mukha nito at hinalikan ang noo nito.

"Thanks Angel." He murmured.

Ramdam nya ang init ng noo nito.

Hinalikan nya ang mismong bukol nito roon.

"Wait lang,I just get my food."

Habang papunta ng kusina ay nakangiti parin sya.

Hindi nya alam kung para saan ang ngiting iyon.

Basta ang alam nya.

Angela care for him. And thats bring a smile to his face.

"Dylan hindi ka ba papasok?"

"Oo nga D pasado alas-."

Napatigil sa aktong pagpasok si Calix at Gio sa kwarto ni Dylan.

Napatitig sila sa dalawa na hanggang ngayon ay nasa kama pa din.

"Look at them parang katulad lang ng dati." Bulong ni Gio kay Calix.

Tumango naman si Calix

"Yeah just like the old times."

Flashback

"King ano hindi mo pa ba iuuwi si Angela" Tanong ni Calix kay Dylan na nakaupo sa may kama at nakasandal sa may headboard.

Sa tabi nito ay si Angela na natutulog at nakayakap sa bewang ng lalaki.

Sinagot naman sya ni Dylan nang hindi inaalis ang titig sa babae.

"Hindi pa."

"Eh D buong araw mo na syang tinititigan hindi ka ba nauumay sa mukha niya?"

Napaatras si Calix ng mag-taas ng tingin si Dylan at tignan sya ng matalim.

"Sinasabi mo bang nakakasawa ang mukha ng Anghel ko."

"Eh. Hindi naman sa g-ganon King ang ibig ko lang sabihin baka kako nangangalay ka na dyan eh."

Kahit kelan mabilis uminit ang ulo ni Dylan.

Nakakatakot pa naman itong galitin.

Daig pa nito si Hulk.

Kaya nga iniiwasan nilang magalit ito.

Dylan Santiago. The leader of their Gang.

The Dark King.

Actually hindi naman sila mga Gangsters.

Pero dahil likas na mahilig makipag-away si Dylan marami itong natatalong grupo. Maraming nakakaaway at marami rin ang natatakot dito.

Nakilala itong Dark King dahil tila hari ito na pag may ginusto ay nakukuha, na kapag may inutos kailangan sundin.

Tinawag ang grupo nila na The Dark King.

Hanggang sa parami sila ng parami at kinilalang Gang. Bagamat tinatawanan lang iyon ni Dylan.

Dylan is a rebel. Kilala nga ito sa buong San Antonio bilang bad boy at kinakatakutan sa San Antonio High.

Para itong lobo na walang kontrol sa mga emosyon nito.

Oo mayaman nga ito pero kulang ito sa pansin ng mga magulang nito na laging nasa ibang bansa.

Hindi man nito aminin sa kanilang tatlo alam nyang ginagawa nito iyon para pansinin ito ng magulang.

Walang makakontrol rito basta pagnagalit ito nagwawala ito.

Until he met Angela.

Nasa cafeteria sila non at kasalukuyang nakikipag-away sa isang grupo na humamon sa kanila.

Parang may riot.

Si Dylan sige lang ang panununtok kahit estudyante na kumakain lang at minalas na maipit sa gulo.

Iyong mga teacher at kahit na principal ay takot na nakatunganga lang dito.

Takot na mapag-initan ni Dylan.

Isa si Angela sa mga naipit sa gitna.

Takot na takot ito habang nakatayo sa gilid ng mesa nito.

Umiiyak lang ito habang nakatingin kay Dylan na nasa tapat nito na patuloy sa pakikipag-away.

Hanggang sa binalingan ito ng binata at aktong susuntukin sa mukha...

28. The Dark King 2

S**untok na hindi natuloy, nagulat sya ng huminto ang kamao ni Dylan sa mismon**g tapat ng mukha ng umiiyak na si Angela.

Kitang kita nya when Dylan wild eyes became gentle habang nakatitig sa Asul na mga mata ni Angela.

"H-huwag po."

At lalo syang na mangha ng pagkatapos sabihin iyon ni Angela ay biglang naging kalmado ang binata.

Kitang kita nya na ang mabagsik na Dark king ay naging maamo sa harap ng isang babaeng may asul na mga mata .

Sa gitna ng away ay huminto ito na di pa kailanman nangyayari.

Binaba nito ang nakataas na kamao at tinititigan si Angela.

Pero ang mahinahon na Dylan ay muling bumagsik ng tamaan si Angela ng baso sa ulo.

Sinalo nito ang dalagitang nawalan ng malay at galit na binalingan ang may gawa non na ngayon ay hawak hawak nya na.

"Iharap nyo sakin mamaya iyan. Ill deal with him later."

Sa gulat nya hindi nito kaagad hinarap ang lalaki.

Pinangko nito si Angela at dinala sa Clinic.

Hindi ito umalis at nakabantay lang duon.

Nakaupo sa isang upuan habang nakatitig sa walang malay na dalagita.

"K-king hindi pa ba tayo aalis. Di ba may karera ka pa?" Tawag ni Renz rito nang puntahan nila ito sa clinic.

Hindi ito sumagot at nakatitig lang talaga kay Angela.

"D?" Tawag nya rito.

"Who is she.?"

Nagtinginan silang tatlo.

"Ah. She is Angela Fuentebella. Fourth year student din, section 1." Sagot nya.

Hindi ito sumagot na ang ibig sabihin ay dugtungan nya pa ang sinasabi nya. Buti na lang at handa sya.

Malakas kasi ang kutob nya na magtatanong ito tungkol sa dalagita kaya nagresearch sya.

"Matalino sya. Tahimik lang.Walang kaibigan at laging binubully. Sa katunayan sya iyong babaeng lagi

nating nadidinig na pinagkakatuwaan. Iyong kinulong sa janitor room. Iyong binuhusan ng pintura. Iyong tinatago ang mga gamit at pinapahiya sa harap ng maraming tao-." Nagulat sya ng biglang mabali ang isang bahagi ng kahoy na upuan na kinauupuan ni Dylan.

"Gago kung ayaw mong masuntok ni King tigilan mo ang pag-isa isa ng mga ginawa sa babaeng yan." Bulong na saway sa kanya ni Renz.

Nakuha naman nya ang ibig nitong sabihin.

Tumikhim sya.

"Ah. Yun nga D she is Angela Fuentebella."

"Alamin mo kung sino ang mga nambully sa kanya and tell them na kapag ginalaw nila ulit ang babaeng ito they'll be dead. Is that clear."

Nalilito man ay napatango sya.

"O-oo King."

Umungol naman si Angela.

Kitang kita nilang tatlo kung paanong napaunat si Dylan ng upo.

Napabalikwas naman si Angela ng bangon ng makita nito si Dylan.

Fear is visible in her face.

"H-huwag nyo po akong saktan. S-sorry kung humarang ako sa laban nyo hi-."

"Hi Angel. Im Dylan Santiago."

Hindi niya alam na capable palang maging gentle si Dylan.

The Dark King is now talking gently and with a true smile in his face.

Takot naman na nakatitig si Angela rito.

At nang tumaas ang kamay ni Dylan ay napapikit ito.

Inakala marahil nito na sasaktan ito ni Dylan.

Hinawi lang ng binata ang mahaba at wavy na buhok ni Angela na tumatakip sa mukha nito.

Napapiksi si Angela at napangiwi ng di sinasadyang matamaan ng daliri ni Dylan ang may benda nitong noo.

"Is that hurt?"

Nagtinginan ulit silang tatlo.

First time kasi nilang marinig na mag-alala si Dylan.

Nahihiyang tumango si Angela.

Napatingin ito sa relos ni Dylan at biglang nanlaki ang mga mata ng makita ang oras duon.

"Hey saan ka pupunta?"

Pinigilan ni Dylan si Angela na papunta nang pinto.

"U-uuwi na ko. Hahahanapin na ko samin."

"Ihahatid na kita."

"H-hindi pwede. P-papagalitan ako ng Tita Marita ko."

Sinubukan nitong hilahin ang braso na hawak ni Dylan na hindi naman binitawan ni King.

"Please. Sasaktan nya ko pag nahuli ako ng uwi at pag nakita nyang may kasabay akong lalaki." Umiiyak na ito dahil hindi makawala sa hawak ni Dylan.

Pinunasan naman ni Dylan ang luha nito.

Kitang kita nila kung paanong manlaki ang mata ni Angela sa ginagawa ni Dylan.

"Shhh stop crying Angel. Hindi ako magpapakita gusto ko lang makasigurado na makakauwi ka ng ligtas."

Iyon nga ang nangyari. Sinundan nila ito pauwi.

Tatlong oras na ang nakakaraan iyon at hindi parin umaalis si Dylan sa park kung saan tanaw ang villa nina Angela.

"Tara na D." Yaya nya.

Imbes na maglakad paalis ay nagsalita ito.

"She's My Angel. My Blue Eyed Angel. She's mine and I'll protect her."

And thats Ladies and Gentleman how we witnessed how The Dark King fall in love.

Mula ng araw na iyon naging anino na ito ni Angela.

Sinusundan nito ang dalagita sa kung saan.

Kumuha pa ito ng special exam para makalipat sa section 1.

Pati sila ay kumuha din para sundan ang binata.

Kung nasaan ang King dapat andon din Ang Uno, Dos at Tres.

Mula din noon nabawasan na ang pakikipag-away ni Dylan.

Hindi ito sinasaway ni Angela pero kapag sinabi ng babae na huwag ay sumusunod ito.

Napatunayan din nila na tanging si Angela ang nakakapag pakalma rito.

Nang minsan kasi na wala sila at may nambastos kay Angela at natagpuan nila itong umiiyak sa bakanteng classroom ay galit na galit si Dylan.

Tinangka pa ngang ikaila iyon ni Angela para maiwasan ang gulo pero nalaman parin ng binata.

Sinugod nito sa mismong klasroom ang mga lalaking nambastos kay Angela.

Binugbog.

Hindi nila ito maawat,naging si Dark King na naman ito.

Walang makapagpatigil kahit pagtulong tulungan na awatin.

Until Angela run to him.

Walang takot na niyakap nito si Dylan.

"Ylan stop please. Tama na."

Natigilan noon si Dylan.

Niyakap si Angela at sinubsob ang mukha sa leeg ng babae.

At nang mag-angat ito ng mukha ay kalmado na ito bagamat naroon parin ang galit sa mga mata na tinitigan ang tatlong lalaking nakahandusay sa sahig.

"It's your lucky day. But once you touch her again, sisiguraduhin ko na malulumpo kayo."

Over protective si Dylan kay Angela.

Because Angela is Kind and weak kayan kayanin ito ng mga taong nakapaligid dito.

Kaya naman binabantayan talaga ito ni Dylan.

Araw araw na hinahatid.

Bagamat patago dahil natatakot si Angela na malaman ng Daddy at Madrasta nito na may Boyfriend na ito. Buti na lang sa ibang eskuwelahan nag-aaral ang stepsister nito.

Ngunit muntik ng mabuko ang mga ito ng minsang ihatid nila si Angela.

Tulad ng nakasanayan hindi kagad sila umaalis sa parke pinakamabilis na tambay nila ay 2 oras at 5 oras ang pinakamatagal.

Nakatitig lang sila sa villa. Kuntento na si Dylan sa ganon ang masiguradong ligtas si Angela.

Kaya naman kitang kita nila ng pakaladkad na inilabas sa hardin si Angela ng Madrasta nito. Kung paano ito sampalin at sambunutan.

"Bwisit kang bata ka sinong may sabi sayong pwede mong saktan ang anak ko."

"T-tita sorry po n-nagalit lang po ako kasi sinira ni Janice iyong gitarang regalo ni Ma-."

Mabilis nilang pinigilan si Dylan na pasugod na sa villa nila Angela.

Sinampal kasi ulit si Angela ng Madrasta nito.

"Dylan huwag."

"Bitawan nyo ko Tang'na sinasaktan nya ang Anghel ko."

"Ano ka ba lalong masasaktan si Gela kapag nagpakita ka dun." sabi ni Gio rito.

"Buburahin ko ang pagmumukha nya kapag ginawa nya yun."

Talagang susugod ito kung di lang tumingin sa kanya ang umiiyak na si Angela at umiling.

"D huminahon ka. Ayaw din ni Gela na makialam ka. Sigurado kong naisip nyang paghihiwalayin kayo pag nalaman nila na magboyfriend kayo. D bata pa kayo kayang Kaya nila kayong paghiwalayin." Sabi nya.

Naintindihan naman nito ang sinasabi nya.

Hindi na ito nagpumilit na sumugod.

Pero katakot takot na mura ang sinasabi nito sa tuwing sinasampal si Angela.

Dumugo na rin ang kamay nito dahil sa sobrang diin ng pagkakakuyom noon.

"Dyan ka lang magtabas ka ng damo buong magdamag, wag na wag kang papasok kahit umulan at wag na wag karing matutulog. Huwag mong hintayin ang daddy mo dahil hindi sya uuwi ngayon. Kaya kung ayaw mong masaktan sundin mo ako!"

Sinunod ni Angela ang Madrasta nito.

Nagtabas ito ng damo magdamag kahit na umuulan.

Si Dylan magdamag din na nakatayo duon hindi ito sumilong. Nakatitig lang ito kay Angela na umiiyak habang nagtatabas ng damo.

Hindi ito tinititigan ng dalagita.

Ramdam nya ang galit ni Dylan.

Alam nyang wala itong magawa kundi titigan lang ang Anghel nito na nahihirapan.

Kahit sya pigil na pigil na ang sarili. Silang tatlo.

Dahil kaibigan nila si Angela.

Tanging ito lamang ang tumingin sa kanila ng walang halong panlilibak at takot.

She treated them like a true friends.

Kaya kahit sila ayaw nilang makikita na pinapahirapan ang dalaga.

Nang umagang iyon pumasok parin si Angela kahit wala itong tulog at masama ang pakiramdam.

Sinalubong ito ni Dylan sa gate at pakaladkad na hinila.

Sa bahay na tambayan nila dinala nito ang babae at inalagaan.

Pinainom ng gamot.

Natawa pa nga sila dahil halos magmakaawa ito sa babae dahil ayaw na ayaw pala ni Angela ng gamot.

Ngayon nga maggagabi na andito parin si Angela.

At buong araw lang na nakatitig si Dylan rito. Lalo na kapag nakakatulog ang babae.

"You need to bring her back D hahanapin sya." Sabi ni Gio.

Bumuntung hininga ito.

"Kung pwede lang ganito na lang kami. Kahit titigan ko na lang sya buong araw hindi ako magsasawa."

Alam nyang seryoso ito.

Kaya nitong palipasin ang oras at buong araw na walang ginagawa kundi titigan lang si Angela. Kahit tulog, gising o may ginagawa ang babae. Titigan nito iyon.

Ilan beses nilang nasaksihan ang ganong gawi ni Dylan.

Hobby na nga ang tawag nila sa ginagawa nito.

"Ano ba sya para sayo King?" Tanong ni Gio.

"She is My Most Precious Possession. The Most important to all."

Present...

Tandang tanda nya pa ang sagot na iyon ng binata sa tanong ni Gio noon.

Ngayon nga nakita na naman nila na ginagawa ng binata ang hobby nito, ang titigan si Angela.

Ngunit marami nang nagbago.

Nakalimutan ni Dylan ang Anghel nito.

Ang pagiging Dark King.

Hindi na ito ang bad boy at palaaway na King nila.

Pati si Angela nagbago.

Hindi na ito ang weak, submissive and good girl na Kilala nila.

Nakakatawa ngang parang nagpalit ng katauhan ang dalawa.

Angela is now The Bad Girl and Dylan is The Good Boy.

Si Angela ang pala away pero na k-kontrol ito ni Dylan at napapasunod.

Dylan is The Good Boy but nagagawa paring palabasin ni Angela si Dark King.

Patunay lang ang pangyayari last week.

Nang may binugbog ito dahil sa pananakit kay Angela.

Oo minsan napapaaway ito kahit ng di pa bumabalik si Angela.

Napapaaway lang ito kapag may humahamon at wala na itong pagpipilian.

But he's not fighting the way Dark King was.

Mahinahon at may kontrol ito sa mga away na iyon.

Nakita nyang muli ang Dark King nang binubugbog nito ang lalaking iyon.

Iyong Dark King na wild at walang kontrol.

"Tara na pre hayaan na muna natin sila." Bulong sa kanya ni Gio.

Habang sinasara ang pinto Calix hope na makaalala na si Dylan.

Dahil mas higit itong kailangan ng Anghel nito ngayon.

Helliza Notes

Happy Araw ng mga Puso.

Haizzt walang Date may sakit si Boyfie.

Pa read din po ng isa ko pang story His Forever Sun. 2nd story ko po na natapos ng nasa high school pa po ako kaya medyo cliche.

Salamat

"Love is not supposed to be easy is supposed to be WORTHY"

29. Tres Wood

"Hi Angela."

"Hi Miss."

"Hi Miss Blue eyes."

Mga bati iyon na hindi pinapansin ni Angela.

Hindi man halata pero nagtataka sya.
Pinagtitinginan at pinag-uusapan sya dahil sa mga nagawa nya mali, sa mga gulong kinasangkutan at sa balita sa tv kamakailan lang.

Ngunit hanggang tingin lang ang natatanggap nya with matching bulungan na minsan pinaparinig sa kanya.
Ngayon lang nangyari na may bumabati na nakangiti pa.

At karamihan pa ay mga lalaki.

Two days sya hindi pumasok dahil sa sakit nya. For two days Dylan act like mother hen to her.
Daig pa nito ang doctor at nurse sa pag-aalaga, pagpapakain at pagpapainom sa kanya ng gamot.

Hindi pa nga sila papasok ngayon kung di lang ito nakatanggap ng tawag.

And two days lang na nawala sya, everybody is acting weird.

Anong nangyayari sa mga taong ito at biglang naging friendly.

"Hi Gela." Bati pa ng isang lalaki na nakasabay nya sa pagpasok sa cafeteria.

She just responded with a bland look.

Sa table ng Outcast sya dumeretso. Complete cast ang mga ito. At napapalibutan ng mga estudyanteng lalaki at babae, na ngayon lang nangyari.

Halata ang pagkailang sa mukha ng mga kagrupo nya. "Ako dyan."

Tumingin sa kanya ang lalaking nakaupo sa upuan nya. Isang killer smile ang pinakawalan ng nito ng makita sya.

"And the star is here. Akala ko hindi na kita makakausap eh."

Kinunutan nya ito ng noo.
Gwapo ito . Iyong pantipong boy next door. At obvious na obvious na mayabang din ito.

"Ten second. After ten second at andyan ka parin makikita mo na lang ang sarili mo na nakaupo sa sahig."

"Whoa Feisty. Tama nga sila suplada ka sa personal."

"Ten, nine, eight, se--," hinawakan nito ang kamay nya at hinila sya papalapit. Kung hindi nya naitukod ang kamay sa mesa sigurado na masusobsob sya.

Isang malamig na tingin ang binigay nya rito. "Let go."

Ang mga kagrupo nya nagsimula ng kabahan. Habang ang mga estudyanteng dayo sa mesa nila ay nakangisi.

"I like you the moment I saw you danced. Be my girl at sigurado na liligaya ka." Mayabang na sabi nito.

Ngisi ang sagot nya rito. "Do you wanna die?"

Natigilan ito sa tanong nya. Segundo bago ito nakabawi, nginisihan sya.

"Pwede ba bago ako mamatay mahalikan muna kita."

Namilog ang mga mata ng kagrupo nya lalo na ng magsimulang lumapit ang mukha ng lalaki sa kanya.

Hindi sya kumilos o gumawa ng hakbang para umiwas. When his face is an inches away from her, may kung sinong humawak sa bewang nya at hinila sya palayo sa lalaki.

Sa bilis ng pangyayari natagpuan nya na lang ang sarili na nakatayo sa gilid ng mesa habang may braso nakapulupot sa kanya.
Pressing her hard sa katawan nito.

Kahit hindi sya tumingin kilala nya na kung sino iyon.

Hindi nya ito nilingon bagkus nanatili ang tingin nya sa mayabang na lalaki.

Nabasa nya sa mga mata nito ang pagkainis na napalitan ng gulat bago naging takot.

"Pwede mo sya hawakan but make sure na handa ka sa gagawin ko sayo."

"P-president." Nauutal na sabi ng mayabang na lalaki na napatayo.

Nilingon nya si Dylan. Dapat nga itong matakot.

Kung tignan kasi ito ni Dylan para handa makipagpatayan ang binata. Marahil kung di sya hawak nito malamang bumulagta na ang lalaking nasa harap nya.

"Leave. And if you value that face of yours, huwag na huwag mo na sya lalapitan." Dylan voice is cold na kahit ang mga nasa paligid namin ay natakot.

Hindi rin sumisigaw ang binata kaya hindi sila naririnig ng mga nasa malayo ngunit kahit ganon hindi rin maiwasan ng mga ito na matakot.

Dylan's aura is dark na kahit hindi nila naririnig ay ramdam nila ang galit ng binata.

Ngayon lang nila nakita na ganon ang president.

"Leave!"

Gusto nyang matawa ng nagmamadaling umalis ang mayabang na lalaki kasunod ang iba pa na mesa nila.

Humigpit ang hawak ni Dylan sa bewang nya. Bago sya binitawan at pinaupo.

Naupo rin ito sa tabi nya at tinitigan sya.

"That fucking Dance contest make you famous Angela."

O_O Reaksyon ng mga kasama nila sa mesa ng magmura si Dylan.

Kibit balikat naman ang sagot niya rito.

"You don't need to did that i can handle myself." She said na nag-ani ng matalim na tingin rito.

Hindi ito sumagot.

He just raised his left hand and place it on her forehead.

Nang masigurado nitong wala na sya kahit sinat ay ang likod naman nya ang hinawakan.

Take note ipinasok talaga nito ang kamay sa likod nya na ikinapitlag nya at ikinanlaki ng mga mata lalo ng mga kasama nya.

"Eat and drink your medicine." Sabi nito matapos masigurado na hindi basa ang kanyang likod.

Naglabas ito ng puting towel at inabot kay Maelyn.

"Can u do me a favor. Pwedeng ilagay mo ito sa likod ni Angela pagnakita mong basa ang likod nya."

"Hey anong tingin mo sakin bata."

"O-oo Dylan."

Sabay ng pag protesta nya ang ang pagsagot ni Maelyn.

Nginitian ito ni Dylan, ignoring her protest.

Pagkatapos nitong magpaliwanag ay tinignan sya nito.

"I don't see you as a kid. Pero may tendency ka na pabayaan ang sarili mo."

Sasagot pa sana sya ng kabigin sya nito at halikan sa noo.

"Magiging busy ako at hindi kita mababantayan. Don't do stupid things. And stay away sa mga fans mong boys." Bulong nito bago tumayo.

"Take care." Sabi pa nito bago lumakad palabas ng cafeteria.

Ilang minutong katahimikan muna ang lumipas bago may nagsalita.

"Oh My Golly wow Kalabaw. Si Fafa Dylan sa yun. The ever good boy Mr. President? Bakit nakakatakot

sya ngayon?"Gulat na gulat na sabi ni Carlos.

"First time ko na makita na ganon si President. Did you saw his face?" Si Julia.

Tumango tango naman si Daniella.

"Girl ang dark ng aura nya kanina."

Tumingin ang mga ito sa kanya na sinagot nya ng kibit balikat.

"Anong sagot yan Gela wento ka naman." Si Carlos.

Binigyan nya ito ng bored look.

Sumimangot ito.

"Pero nakakainis talaga iyong lalaki kanina pati iyong mga kasama nya. Alam nyo bang kung makahingi ang mga ito ng number parang obligasyon na bigyan natin sila." Inis na sabi ni Julia.

"Ano bang nangyayari? Kanina habang naglalakad ako lahat halos ng makasalubong ko binabati ako. The last time i check ako ang The most Unwanted Person dito. Bat ngayon lahat sila friendly?"

"Dahil sa Dance Contest." Si Maelyn ang sumagot sa tanong nya.

Tinignan nya ito.

"After ng contest pagkapasok namin nung Monday. Lahat sila iba na ang trato samin. Kung dati para kaming invisible ngayon bawat kilos namin pinagmamasdan."

"Oo nga ateng. Naloka pa nga ako dahil pati buhok ko ginaya nila." May kahabaan kasi ang buhok ni Carlos na may ibat ibang highlights.

"Tapos may nanghihingi ng number ko." Bigla itong nanginig." Di naman ako madamot pero mabuti sana kung guwapong fafa ang nanghingi eh hindi naman. Mga babaeng gustong magpapayo sa pananamit nila."

Nagtawanan sila dahil sa sinabi ni Carlos with matching action pa kasi at kalandian.

"Even Jake and Clent may nanghihingi rin ng number nila. Alam mo bang nakakatawa ang reaksyon ng dalawang ito pag may lumalapit sa kanila. Biglang namumula." Tukso ni Daniella sa dalawang lalaki na namumula na naman.

"Eh ako nga, araw araw may love letter at mga number na nakukuha sa locker ko." Si Julia na napapailing.

"Kami rin!" Sabay sabay na sabi ng mga ito.

"Pero sigurado akong mas marami ang sa locker mo Gela pusta ko puno na yun." Sabi ni Maelyn sa kanya.

"Oo nga kung alam mo lang kung ilang lalaki ang nagtatanong at naghahanap sayo samin. Lahat sila hinihingi number mo."

Hindi sya nagkomento sa mga sinabi ng mga ito.

"Nagugutom na ko, order lang ako." Aktong tatayo sya ng may lumapit sa kanila na babae. Ito iyong nakikita nya crew ng cafeteria.

May hawak itong tray at inilapag sa harap nya.

"Ms. Fuen***tebella kumain na daw kayo s***abi ni Mr. Santiago.

Kinunutan nya ito ng noo pero tumango.

Kasabay ng pag-alis nito ay ang pagtunog ng message alert ng cellphone nya.

Kanina lang ito binalik ng binata sa kanya.

Eat and drink your medicine.

Kay Dylan galing ang mensaheng ***iyon.***

Napatingin sya sa tray pagkabasa nya sa word na Medicine.

Ngumiwi sya ng makita ang tinunaw na gamot na nakalagay sa maliit na baso.

Hindi nya iyon iinumin wala naman si Dylan.

Tumunog ang cellphone nya.

Don't you dare not to drink that medicine or throw it away. Ako mismo ang magpapainom sayo nyan kapag ginawa mo yun.

Sumimangot sya sa text ulit na iyon ni Dylan.

Nagdadamog na kumain sya.

"Ah... Gela can i ask you something?" Napatingin sya kay Daniella.

Hindi sya umiling o tumango.

Daniella take that as a yes.

"Kayo ba ni Dylan."

Isang mabilis na No ang sagot nya.

"Wheeee eh bakit ang sweet nya sayo." Si Carlos.

"Oo nga, saka kanina iyong reaksyon nya dun sa lalaking hahalikan ka sana parang binabakuran ka." Si Julia.

"Yeah at kung alagaan ka parang magboyfriend kayo." Si Julia.

"No nga kung ayaw nyong maniwala eh di si Dylan ang tanungin nyo." Patamad nyang sagot.

Sumimangot ang mga ito.

"Hay naku wala talaga tayong makukuhang matinong sagot sa babaeng yan." Maktol ni Carlos.

"Just eat." Sabi nya na sinunod naman ng mga ito.

Isang pares ng kamay ang humampas sa mesang kinakainan nila Angela.

Nagulat at napatingin ang mga kasama nya sa taong iyon.

Samantalang sya ay nagpatuloy lang sa pagkain.

"So ito na ba ang celebration party nyo? Napaka walang kuwenta."

Sinulyapan nya lang si Reina na nakatayo sa gilid nya, bago pinagpatuloy ang pagkain.

Ang mga kasama nya bakas ang kaba sa mukha at napahinto na sa pagkain.

"Sa tingin mo ba natalo mo na ako? Hindi pa tayo tapos Angela."

Hindi nya ito pinansin. Inubos nya ang pagkain nya saka binalingan ang gamot na nasa gilid.

Kinuha nya iyon at pikit matang ininom.

"Waaa ang pait." Nakangiwi nyang sabi.

Mabilis naman syang inabutan ni Clent ng Juice.

Nagtalsikan at nabasa ang plato at baso nya nang tabigin ni Reina.

"How dare you to ignored me!" Galit na sabi nito.

Tumahimik ang cafeteria at ang lahat ay napatingin sa kanila.

"Kayo di porket nanalo kayo sikat na kayo. Dream on Guys Outcast stay an Outcast. Kung ako sa inyo pagsawain nyo na ang mga sarili nyo dahil sigurado ako na isang araw magigising na lang kayo na binubully ulit."

Napayuko ang mga kasama nya sa sinabi ni Reina.

"And you!" Binalingan ulit sya ng babae.

"Hindi ka lang addict. Sulutera karin inaagaw mo si Dylan kay Brena.

Hindi naman sya umalis sa pagkakaupo tinignan nya ito with a blank expression.

"Tss bitter." Sabi nya at humalikipkip.

Nanlaki ang mga mata ni Reina.

"Anong sabi mo bitter ako Kapal ha ako magpapakabitter nang dahil lang sa inyo malayo kayo sa status ko at hindi ang tulad nyo lang ang kakabitter-an ko."

"Fine eh di Ampalaya ka." Sagot nya.

"You napakayabang mo. Hear this bitch hindi pa tayo tapos. Mali ka ng binabangga hindi mo alam kung ano ang nasa likod ko,alam mo bang sa isang utos ko lang i can destroy you." Ngumisi ito. "Hindi mo ako kaya."

"Then lets end this." Malamig nya itong tinignan na nagpawala sa ngisi nito.

"Anong ibig mong sabihin?"

"Tapusin na natin to. Nakakasawa ka na kasing kausap. Lets fight mamaya after class."

Hindi ito kaagad nakasagot at nanlaki ang mga mata.

"What natatakot ka? Ang alam ko. You're a black belter. Samantalang ako away kanto ang alam." Then she smirked.

"You can bring a friends if you want." Dagdag nya pa.

Nawala ang pagkabigla sa mukha nito.

Tumawa ito ng nang-aasar.

"Im not afraid of you. Siguro nga dapat na nating tapusin ito.

At hindi ko rin kailangan ng kasama. Because sakin pa lang wala ka na."

"Sabi mo eh."

"6:00 sa Tres Woods."

"Sure. Bring it on."

Isa pang matalim na sulyap ang binigay nito sa kanya bago ito umalis.

Sinundan nya lang ito ng tingin at nagkibit balikat.

"**Humanda kang Angela ka."**

Naisip ni Reina habang nagd-drive ng sasakyan papuntang Tres Woods.

Hindi sya nagdala ng kasama.

Ayaw nyang bigyan ng dahilan si Angela na isipin na duwag sya.

Ni hindi nya rin inisip na humingi ng tulong sa sindikato.

She's free now.

Noong isang araw pa nya natapos ang huling delivery.

At pinalaya na sya.

Takot na takot sya ng araw na yun.

Naisip nya rin kasi na di sya papakawalan.

But, Boss said she's free.

At hanggang ngayon naman ay di sya ginigulo ng mga ito.

Isa na lang ang problema nya.

That bitchy Blue eyes Angela.

Napangisi sya.

Sisiguraduhin nya na pagkatapos nito.

Luluhod sa kanya ang babae.

Dahil wala pang tumalo at namahiya sa kanya ng ilang beses.

She's going to make sure that she will win this.

Dahil sa mga naiisip she's unaware sa kotseng sumusunod sa kanya.

Pagkabukas palang ni Angela ng locker naglaglagan na ang mga sulat na nanduon.

"Wow ang dami." Manghang sabi ni Maelyn.

Yumuko sya at isa isang pinulot iyon.

Pati ang mga nasa loob pa ay kinuha nya.

"Itatapon mo ba yan?"

"No."

"Anong gagawin mo dyan."

"Ano bang ginagawa sa sulat Maelyn malamang babasahin."

Nagulat si Maelyn sa sinabi nya.

Di nito inaasahan ang sagot na iyon.

Ang tipo kasi ni Angela ay itatapon ang mga ganong bagay.

"Babasahin mo talaga."

Tumango sya.

"Malamang ilan sa mga ito puro kabastusan at walang kwenta. Pero meron din naman na worth reading for, na malamang pinaghirapan na gawin."

Hanga na talaga si Maelyn kay Angela.

May mga ugali ito na hindi maisip ni Maelyn na taglay ng babae.

Mula naman sa kamay ni Angela nawala ang mga sulat na hawak nya.

"A love letter huh?" Madilim ang mukha na sabi ni Dylan.

Isinara naman nya ang locker nya at sumandal duon.

"That's mine."

Tinignan sya ng binata.

"Im going to keep this."

Kumunot ang noo nya.

"Pinagsasabi mo?"

Si Maelyn nanonood lang sa kanila.

"Ako na ang magtatago."

"Pwede ba Dylan, alam kong may mga letter kang natatanggap bakit hindi iyon ang itago mo."

Umakto syang hahablutin iyon nang mabilis iyong ilayo ng binata.

=-O

Napanganga si Maelyn sa sunod na ginawa ni Dylan sa kanya.

Kinabig sya ng binata at isinandal sa locker.

Hindi naman sya nasaktan sa ginawa nito dahil nakaalalay parin ito.

"Im going to keep this o pupunutin ko itong lahat. You choose."

Bahagyang bumaba ang mukha nito sa leeg nya.

Nagagalit ito.

Dylan have a habit na kapag nagagalit ay sinusubsob ang mukha sa leeg nya.

O di kaya pagnaglalambing ito.

At dahil obvious sa boses nito ang inis alam nyang galit ito.

Sa kadahilanang di nya alam.

"Fine." She said.

Ang puso nya parang tunog ng tambol sa lakas ng tibok.

Dahang-dahan na lumayo ito sa kanya.

Tinignan sya nito ng matiim.

"What?" Naiilang man ngunit di nya pinahalata sa binata.

Sinalubong nya ang mga mata nito with blank expression.

"Ihahatid ko si Brena sa hospital."

Her cold eyes became more colder.

"Okay."

"Babalik ako kagad. 5:30 palang, mga quarter to six andito na ako. Wait for me."

"No need to do that kaya kong umuwi." She said kasabay ng pagtulak rito.

Tinalikuran nya ito at muling binuksan ang locker at inilagay ang libro at notebook na dala nya.

Muli naman syang iniharap nito.

"Wait for me."

Hindi sya sumagot at nakipagtitigan lang dito.

Minutes passed bago sya nagsalita.

"Fine pero pag nainip ako uuwi ako mag-isa. Hihintayin kita hanggang 6:15 kapag wala ka pa uuwi na ko."

Sumimangot ito. Halatang di nagustuhan ang sinabi nya.

Hindi naman ito nagreklamo tumango lang.

"Lets go Dylan." Tawag ni Brena rito na papalapit na sa kanila.

Mapait syang ngumiti.

"Go. Sinusundo ka na ng Girlfriend mo."

Dumiin ang pagkakahawak nito sa braso nya bagamat dahan-dahan din syang binitawan.

"Hi Maelyn. Hi Angela. Are you okay na wala ka na bang sakit?" Tanong ni Brena nang makalapit sa kanila.

Sumagot sa pagbati nito si Maelyn.

Samantalang sya humakbang palayo kay Dylan.

She crossed her arms at tinignan si Brena.

"What do you think? Mukha bang di pa ako magaling?"

Alam nyang nainis ito sa sagot nya. Patunay ang pagkawala sandali ng ngiti nito na mabilis din nitong ibinalik.

"Thats good to hear. Noong panahon kasi na may sakit ka absent din si Dylan marami na syang na missed na lesson at mga meeting namin. Kaya ngayon magiging busy na sya."

Nang-aasar na nginisihan nya ito.

"Bakit di mo na lang sabihin na nawalan sya ng oras sayo. Dont worry Brena you can have his time for all you want. Gusto mo araw araw pa. Wala akong pakialam."

Kitang kita nya ang pagdilim ng mukha ni Dylan sa sinabi nya.

Nagulat si Brena at Maelyn pati narin ang ilang estudyante na nakatingin sa kanila ng biglang isinarado ng malakas ni Dylan ang pinto ng locker nya.

"D-Dylan." Tawag ni Brena rito.

Nakita na naman kasi nito ang kakaibang aura na iyon ng binata na ngayon ay matalim na nakatingin kay Angela.

Lumapit pa ang binata kay Angela.

Hindi naman sya nagpakita ng kahit anong emosyon.

Takot man o pagkagulat ay di mababasa sa mukha nya.

"Bakit pakiramdam ko pinamimigay mo ako." Bulong ng binata sa tenga nya.

Natawa naman sya. "Why are you mine, para ipamigay ka?"

Si Brena matalim na ang tingin sa kanilang dalawa.

Naramdaman nyang natigilan ang binata.

"See hindi ka makasagot." Itunulak nya ito.

"Hindi kita pag-aari tulad ng di mo ko pag-aari. Wala akong pakialam kung how you spend your time at kung kanino. Tulad ng wala karing pakialam sakin. Kaya akin na ang mga letter ko dahil wala kang karapatan na hawakan yan dahil akin yan."

Hahablutin nya sana ang mga sulat ng inilayo nito iyon.

"When i said ako ang magtatago ako ang magtatago." Sigaw ni Dylan na ikinagulantang ng lahat.

"I dont care kung wala akong karapatan! But dont you fucking dare to read this or any other letter na darating pa! Because Angel kapag nakita ko kahit buksan mo lang ang mga iyan hindi mo magugustuhan ang gagawin ko, not to you, kundi sa taong may gawa non. Hahanapin ko sya kung sino

man sya!"

:-O Nganga.

Iyan ang reakyon ng lahat.

Samantalang sya halos mabingi na sa lakas ng tibok nya.

Deja vu. She heared that word before.

Sinabi na nito ang mga ganong kataga before.

"Dont test me Angel. And you fucking wait for me understand."

Wala sa loob na tumango sya.

Sa sandaling iyon she saw her dark king.

Her Dark king who's always possesive to her.

Mukhang nagustuhan nito ang pagtango nya dahil bahagyang nawala ang galit sa mukha nito.

"Good." sabi pa nito.

Binalingan nito si Brena.

"Lets Go." Natataranta naman na tumango si Brena at sumunod sa paglalakad.

Nakakatatlong hakbang pa lang si Dylan ng muli itong pumihit paharap sa kanya.

Nilapitan sya nito ulit.

Hinalikan sya sa noo.

"Take care. Dont do anything stupid na maaring makasakit sayo. Wait for me."

Nakaliko na ang mga ito sa pasilyo ay tulala padin si Maelyn at ang ilang mga estudyante na nakapanood sa eksenang iyon.

Bumuntunghininga sya at bahagyang pinalo ang dibdib.

"*Be still heart hindi parin sya ang Dark King natin. Huwag ka munang bumigay."*

She sighed again bago ni lock ang locker nya.

"Wow... As in wow. Grabe Dylan Santiago is so Possesive to you. At Gela nakakatakot sya."

Hindi sya umimik. Pagkatapos ng ginagawa nya nagsimula na syang maglakad.

Para lang mapahinto ng maramdaman nya ang kamay ni Maelyn sa likod nya.

"What the fuck Maelyn."

Inayos naman nito ang towel sa likod nya.

"Basa ang likod mo. Diba binilin sakin ni Dylan to. Mamaya pag di ko sinunod yun sakin magalit. Nakakatakot kaya."

"Tss."

"Pero Gela paano yan diba may usapan kayo ni Reina. Paano ka makakabalik dito ng 6:15."

"Sa tingin mo papayagan ni Brena na makabalik kaagad sya?"

Napaisip ito sa sinabi nya.

"Sabagay. Pero base sa reaksyon ni Dylan kanina malamang babalik yun."

Kibit balikat ang sagot nya.

Di man halata umaasa rin sya na babalikan sya nito.

But not the way Maelyn think.

Hinihintay nya na balikan sya ng Dark King nya.

"*I missed you so much. Please come back soon*."

30. Tres Wood 2

"Gela sigurado kaba sa gagawin mo?" Hindi nya alam kung pang ilang ulit nang tinanong iyon ni Maelyn sa kanya.

"Sabi ko umuwi ka na diba?"

Nasa bukana sila ng Tres Wood, sa likod ng isang malaking bato.

Umiling ito.

"Dito lang ako Gela. Magtatago ako rito baka kasi dayain ka ni Reina. Baka magdala iyon ng maraming kasama. Atleast pag

nagkaganon makakahingi ako kaagad ng tulong o di kaya ay matatawagan ko kaagad si Dylan."

"Matawagan si Dylan?"

Mukhang nabigla ito sa sinabi. Napatakip pa ito sa bibig.

"Ah...eh."

Binigyan nya ito ng matalim na tingin.

Natataranta naman na nagpaliwanag ito.

"K-kasi Gela hiningi ni Dylan iyong number ko tapos binigay nya iyong number nya. Para daw kapag may nangyari daw o

may nanggulo sayo masabi ko sa kanya."

Another Deja vu.

Tinaasan nya ito ng isang kilay.

"Tell me hindi lang ikaw ang hiningian at binigyan nya ng number tama ba?"

Nanlaki ang mga mata nito bago alanganing tumango.

"O-oo. Pati sina Daniella...ang buong grupo."

Napailing-iling na lang sya sa narinig.

"Binabantayan ka talaga nya Gela."

Eksaktong pagkasabi nuon ni Maelyn ay nakarinig sila ng malakas na pagpreno ng sasakyan.

"Andyan na si Reina." Sabi ni Maelyn na nakatingin sa pababang ng babae.

Wala naman duon ang pansin nya kundi sa van na itim na mabilis ang takbo at papunta kay Reina na

nasa labas na.

Mabilis nyang hinablot si Maelyn patago at tinakpan ang bibig nito.

7 armadong lalaki ang lumabas duon at kinaladkad si Reina papasok ng van.

Segundo lang ang lumipas at muling napaandar ng mga ito ang Van papasok ng Tres Woods.

"Shit."

"G-gela ano b-ba iyong n-nangyari?" Bakas ang takot sa tinig na tanong sa kanya ni Maelyn. This is the first time na nakakita ito ng totoong baril at malapitan pa.

Mahigpit nyang hinawakan ang braso nito at hinarap sa kanya.

"Listen Maelyn. Susundan ko sila. 15minutes after na makaalis ako humingi ka ng tulong. Bubuksan ko iyong GPs ng cellphone

ko para ma trace nyo ko, do you understand me?"

"H-hindi pwede G-gela delikado, di mo ba nakita may mga baril si-."

"Im going to be alright! Basta susundin mo ang utos ko magiging okay ang lahat. Call for a help 15 minutes after i gone, bubuksan ko ang GPS ng

cellphone ko para matrace ako. At habang naghihintay ka ng tulong dito ka lang, dont make any sound. Hanggat di mo nakikita

ang dumadating hwag kang lalabas get it?"

Wala itong nagawa kundi ang tumango.

"Good I'm going."

Nabigla sya ng yakapin sya nito.

"Mag-ingat ka Angela."

"Tsss umayos ka nga Maelyn."

Humiwalay sya rito at itinago ito.

Sinigurado nya na hindi ito mapapansin ng kahit sino doon.

Then she ran papasok ng Tres Woods.

Nanginginig naman na naupo si Maelyn.

First time nyang makaramdam ng ganong takot.

Hindi lang para sa sarili kundi para sa kaibigan nya na sigurado syang nanganganib.

15minutes ang lumipas at tulad ng sabi ni Angela tinawagan nya ang taong maaring tumulong rito.

Ang taong siguradong ililigtas ang kaibigan nya.

"Hello Dylan..."

Sa loob ng sasakyan tahimik parin na nagdra drive si Dylan.

Sa tabi niya ay ang palinga lingang si Brena na nasa passenger seat.

Patingin tingin naman sa kanila si Quincy na sumama para dalawin ang lolo ni Brena.

"D-dylan..." Tawag ni Brena sa kanya.

Sandaling nilingon nya ang dalaga.

"Yes?"

"Kayo... Kayo na ba ni Angela?"

Natigilan sya sa tanong nito.

Si Quincy naman ay nagkunyaring nagt-txt pero nakikinig naman sa dalawa.

Hindi naman nya kaagad na sagot ang tanong nito.

"K-kasi parang masyado kang nag-aalala sa kanya. You are so possesive. Tingin ng iba may relasyon na kayo. Meron na ba

Dylan?" Pigil ang hininga ni Brena habang tinatanong nito iyon.

Ilang minuto muna ang lumipas bago sumagot si Dylan.

"No. Hindi kami." He said.

"Talaga?" Happiness is visible in Brena's voice.

"Yes."

"Kung ganon, okay parin na ikaw ang maging escort ko sa birthday party ko?"

"Birthday party? I thought lalabas lang tayo?"

"Gusto kasi ni Lolo na magkaroon ng party, gift na lang daw nya sakin. Ahmmm... Okay lang ba Dy?"

Nginitian nya ito.

"Of course." Ayan na naman iyong pakiramdam nya. Tulad ng isang beses na umuo sya dito. Nakaramdam sya na hindi nya

dapat ginawa iyon, dahil he have a feeling na may dapat syang gawin sa araw na iyon.

Oct 8. Every year nararamdaman nya na isang mahalagang araw iyon.

Inakala nya dati, na ang dahilan ay birthday iyon ni Brena.

But the nagging felling that he felt ay di huminto kahit na magkasama sila ng babae.

Hindi nya alam kung ano ang ibig sabihin non at bakit ganon ang nararamdaman nya sa tuwing sasapit ang ganong petsa.

Tuwang tuwa naman si Brena sa pagpayag nya.

"Thanks Dy."

Nginitian nya ito.

Sabay sabay silang napatingin sa dashboard ng sasakyan ng magring ang cellphone nya na naandon.

Kumunot ang noo nya ng mabasa ang pangalan ng tumatawag.

Mabilis nya iyong sinagot.

"Yes?"

Dahil nakatingin sina Brena at Quincy sa binata.

Kitang kita ng dalawa ang pagbabago ng mukha ni Dylan.

Mula pagtataka naging pagkagulat pagkatapos ay takot...then galit.

"Where the hell are you?" Sandali itong nakinig sa kabilang linya. Ang mukha nito madilim na madilim na. His eyes became dark

and blank.

"Okay papunta na ako. Call a police after this." Ibinaba nya ang tawag kasabay ng pagliko ng sasakyan pabalik.

"Anong nangyayari Dylan?" Nagtatakang tanong ni Quincy. Nagsisimula narin na kabahan ang dalawa sa bilis ng pagpapatakbo

at sa itsura ng binata.

Nakita nya rin na may hinanap ito sa contact nito.

Angel.

Iyon ang nabasa nya bago ito may pinindot na kung ano.

Then she realized na tinitrace nito ang GPS ng cellphone ni Angela

"Angela..." Kahit boses ng binata ay nakakatakot. So calmed but so dangerous.

Napansin rin ni Quincy ang panginginig ni Dylan.

Huminga pa ito ng malalim na tila kinakalma nito ang sarili, bago nagpatuloy sa pagsasalita.

"Angela and Reina is in danger."

"What?" Gulat na tanong nya.

"What do you mean Dy?" Si Brena.

"Nasa Tres Wood sila nang bigla nalang daw may dumating na van, may sakay na mga armadong lalaki. Kinuha ng mga ito si

Reina. And Angela followed them." Nagngalaiti ang panga nito habang sinasabi iyon.

"What?...Sino? Saka anong ginagawa nila sa Tres Wood?" Tanong nya.

"Oh My God!" Bulaslas naman ni Brena.

"Kung ganon totoo ang narinig kong balita?" sabi nito.

"What do you mean?" Si Dylan.

"Narinig ko kasi kanina na hinamon daw ni Angela sa canteen si Reina ng isang away. Narinig ko ngang sa Tres Wood nila

gagawin iyon. I thought...tsismis lang at di totoo." Nanlalaki ang mga mata na sabi nito.

Nagsalubong ang kilay ni Dylan pero hindi ito umimik mas binilisan lang pagpapatakbo.

"But Dylan diba dapat huwag tayong pumunta duon. Di ba dapat humingi muna tayo ng tulong sa pulis." Sabi ni Brena.

"No. Hindi pwede. I need to help Angel. I need to make sure that she will be safe."

Kitang kita ni Quincy ang pagkabigla sa mukha ni Brena ng sabihin iyon ng binata.

Kahit sya nagtaka at naguluhan.

If Angela is not his Girlfriend why he's acting like this?

Napaigik si Reina ng tumalsik pagkatapos sampalin ng lalaking nagsakay sa kanya sa van at nagdala sa kanya sa isang lumang

bungalo type na bahay sa gitna ng kagubatan ng Tres Wood.

"T-tama na p-please m-maawa kayo." Umiiyak na sabi nya.

Hindi nya alam kung ilang sampal,suntok at sipa ang natanggap nya.

Halos di na sya makahinga sa sakit na nararamdaman.

Putok ang labi, may sugat sa noo puro pasa ang mukha ang mga pinsala na meron sya.

Isa sa mga ito ang lumapit sa kanya.

Hinawakan sya sa buhok at patayong sinambunutan.

"Maawa, iyon na nga ang ginagawa namin sayo binibigyan ka namin ng awa. Alam mo bang ang utos ni Boss patayin ka nang

mabilisan pero dahil maganda ka." Naghilakbot sya ng dilaan nito ang pisngi nya. "Papaligayahin ka muna namin."

Nagtawanan silang pito.

Iyong takot na naramdaman nya mas nadoble pa.

Naiintindihan nya ang ibig sabihin ng mga ito.

"Ikaw naman kasi Reina. Bakit umalis ka pa. Maganda ka pa naman pero tatanga-tanga ka. Sindikato ang pinasok mo. A drug

syndicate tapos aalis ka. Buhay ang kapalit nun babe. Buhay."

Oo ito ang mga kasama nya sa sindikato.

Inakala nyang okay na ang lahat. Hindi nya sukat akalain na magiging ganito.

"Ahhh.." Napasigaw sya, nang malakas syang itulak ng may hawak sa kanya.

Napahiga sya sa lumang papag na naandon.

At sa mga lumipas na minuto ay ang pinakamasamang minuto sa buhay nya.

Ilang mga labi ang humalik sa kanya. Ilang mga kamay ang nagpakasawa sa paghawak, paghimas at pagpisil sa katawan nya.

She felt so violated. Hindi nya alam kung ilang laway ang dumidikit sa kanyang katawan.

Wala syang nagawa kundi ang sumigaw ng sumigaw. Manlaban.

Sa bawat piglas nya pananakit ang ginaganti sa kanya.

Nakabra na lang sya at pilit nang binubuksan ng isa sa mga ito ang pantalon nya.

Nanghihina na sya.

Unti-unti na syang nawawalan ng pag-asa and when the darkness started to creep in to her head isang boses ang narinig.

Boses ng isang taong hindi nya inaasahan na darating at maaring tumulong sa kanya.

"Hey Reina. Iyan ba ang mga kaibigan na sinasabi mo?"

Tres Wood.

Ang pinakamalaki, ang pinakamalagong kagubatan sa San Nicholas hanggang Sta.Maria, Mulawin San Gabriel at San Antonio.

Kagubatan na nagdudugtung sa limang bayan.

Mapuno maraming bangin at maraming mapanganib na hayop.

In short mapananib.

Panganib na hindi pinapansin ni Angela habang bihasang sinusundan ang mga bakas na iniwan ng van.

Sa isang tapat ng 2nd storey bungalo type na bahay nya natagpuan ang sasakyan.

Tahimik syang pumasok sa loob.

Walang bantay sa pinto at nakakarinig sya ng sigaw at tawanan sa itaas.

Tahimik syang umakyat at duon sa nag-iisang kwarto nakita nya si Reina na pinagtutulungan na halayin ng pitong lalaki.

Busy ang mga ito kaya hindi sya napapansin.

Ang mga armas ng mga ito ay nasa isang tabi.

Ngumisi sya at tila pusa na lumapit sa armas.

Hindi nya alam kung bobo, tanga o sadyang malaki lang ang tiwala ng mga ito na walang sasaklolo kay Reina kaya hiniwalay ng

mga ito sa katawan ang armas na daladala.

Mabilis nyang itinago ang mga baril at kutsilyo.

Nagsalita sya nang makita nyang pilit ibinababa ng isa ang pantalon ni Reina.

"Hey Reina sila ba ang mga kaibigan mo?"

Sabay sabay na napatigil ang mga ito.

Pitong pares na namumula at high sa droga na mga mata ang humarap sa kanya.

While Reina eyes is full of tears but with obvious disbelief.

Hindi makapaniwala si Reina na si Angela ang maaaring tumulong sa kanya.

"Nabagoong na ko sa paghihintay sayo. Akala ko naduwag ka na, yun pala you're having a private party. " Umiling iling pa si

Angela habang nagsisimulang humakbang papalapit sa papag.

Alerto naman na umayos ng tayo ang pito.

Isa sa mga ito ang ngumisi.

"Miss naliligaw ka yata ng party na pinuntahan. But you can join us." Tinignan sya nito ng puno ng kamalisyahan. "Tutal maganda

ka naman at seksi. Mukhang masisiyahan kami sayo."

"Teka pamilyar ka." Sabi naman ng isa na nasa gilid nya sa gawing kanan.

"Oo ikaw nga. Mga pre si Angela Fuentebella iyong pinapatumba ni Bossing."

Natigilan pa ang anim at mataman syang tinignan.

"Oo nga putsa. Tibatiba tayo. Two birds in one stone, malaking premyo ang ibibigay satin pagnagkataon."

Wala namang ekspresyon ang mukha na naglakad sya papuntang papag.

Hindi nya pinansin ang pito at nilapitan si Reina na umiiyak.

"Ano na iiyak ka nalang ba dyan tapusin na natin to. Para makapagsimula na tayo." Inabot nya ang kamay rito.

"Angela.." Reina said. Tinignan nya ang dalagang nakatayo sa harapan nya.

Second passed tinanggap nya ang kamay nito.

Inalalayan sya ni Angela na tumayo.

She clung to her hand as if her life is depend on it, na sadyang totoo naman.

"Hoy hoy teka ano sa tingin mo ang ginagawa mo?" Nakaramdam sya ng takot nang harangin sila ng isa sa 7 lalaki.

Hinawakan nito ng mariin ang kanang braso ni Angela.

"Bitaw."

Naisip ni Reina, Angela Fuentebella is really something nakakatakot kasi ang paraan ng pagsasalita nito.

Kitang kita tuloy ni Reina na natigilan ang may hawak dito.

Nang makabawi ay tumawa ito. "Ibang klase ka talagang babae ka." Saka nagpatuloy sa pagtawa.

Tawa na naputol when Angela give a punch in the man's face.

"Nakakainis ang tawa mo." Sabi pa nito sa nahihilong lalaki napasalampak sa sahig.

"Sira ulo kang babae ka. Hindi mo ba kami kilala!"

"Tsss. Paki ko sa inyo. Si Reina lang ang kailangan ko, hindi kayo."

Nagalit na nang tuluyan ang mga lalaki.

"Give me my gun, I'm going to kill this girl."

"Boss wala iyong mga baril."

Matalim silang tinignan ng lalaking tumatayong pinuno ng pito.

"You! Ibalik mo ang mga baril."

"Tanga ka ba. Tinago ko nga tapos ibabalik ko pa." Sabi ni Angela rito.

Hindi na nakatiis ang leader at sinugod sila.

Takot na takot na napapikit sya.

Oo black belter sya. Pero sa mga pinagdaanan nya kanina, nanghihina na sya. At aaminin na sya.

Sa mga ganitong sitwasyon wala syang alam gawin. Ngayon lang sya nakaranas ng ganito. Ngayon lang sya nalagay sa ganitong sitwasyon.

Ilang minuto ang lumipas puro igik kalabog at ungol ang naririnig nya.

And when she opened her eyes.

O_O.

All of them is lying down. Tanging si Angela lang ang nakatayo.

"Tsss. Weak, partida pa yan galing pa ko sa sakit nyan."

"*Paano nya ginawa yun?"*

Gulat na gulat sya.

Napaatras sya ng dumako ang asul at blankong mga mata ni Angela sa kanya.

"Lets go."

Naglakad ito papalapit.

Sa lapag nakita ng pinuno ang isang baril na tinago ni Angela sa ilalim ng sofa.

Kahit hirap na hirap dahil sa natamong bugbog kay Angela pinilit nito na itutok ang baril sa nakatalikod at naglalakad na babae.

Reina noticed it.

Hindi nya alam kung ano ang nagtulak sa kanya patakbo at iharang ang sarili para hindi tamaan si Angela ng bala.

The bullet got through her left leg.

Napasinghap sya. Kasabay ng paggapang ng sakit sa hita at buong katawan nya.

Natumba sya at natabig nya ang gaserang nasa ibabaw ng cabinet.

Bumagsak iyon at lumikha ng apoy.

Mabilis naman na nakalapit si Angela sa lalaki.

Sinipa nito ang baril at pinagsusuntok ang leader.

"Ang ayoko sa lahat iyong tumitira patalikod." She said in between punch and kick.

Sa kabila ng panlalabo ng mga mata at sa sakit na nararamdaman hindi napigilan ni Reina na mangilabot sa nakikita.

Wala na kasing malay ang lalaki ngunit patuloy parin sa pagsuntok at pagsipa si Angela.

May bahid narin ng dugo ang pisngi nito.

"A-angela." Tawag nya dito habang umuubo at sumisinghap.

Hindi na kasi sya makahinga sa usok na nalalanghap.

Napatigil naman si Angela sa ginagawa.

That was when she become aware na nagkalat na ang apoy sa kwarto.

"Shit."

Tinakbo nya si Reina na nakahiga at mabilis na inalalayan na tumayo.

Hirap silang makababa dahil sa kapal ng usok at dahil narin nagsisimula ng mawalan ng malay si Reina.

"Huwag kang matutulog." Sabi ni Angela rito.

Napaubo si Reina.

"W-why dont you j-just leave me?" Hirap na hirap na tanong nito.

Iniwasan ni Angela ang bahagi ng pader na bumagsak, natumba sila at parehas na napaubo.

Tumayo sya at muling inalalayan si Reina.

"At hayaan kang mamatay sa sunog. Sira ka ba? Hindi pa tayo tapos kaya di ka pa pwedeng mamatay." She said.

Naramdaman nya ang apoy na pumapaso sa balikat at braso nya.

Tumawa si Reina.

"You are really something."

"Tss something something ka dyan mabuti pang i deretso mo yang tayo mo para mabilis tayong makalabas. Wala pa sa plano ko

ang maging barbeque."

"Thank you."

Natigilan sya.

"Tsss saka kana magpasalamat pagnakalabas na tayo."

Nagpatuloy sila sa paglalakad.

Nagawa naman nilang makababa ng hagdanan at nang makababa at makarating sa tapat ng pinto...

"Shit!" Mura nya.

Because the fucking door is on fire and there is no way out.

"A-anong gagawin natin?" Takot na sabi Reina.

"Yeah what the hell we gonna do?"

31. Not Good For Him

Ilang segundo nakatayo si Angela at Reina habang nakatitig sa pinto na di na malalabasan nang di karin masusnog.

"Aish... Kainis naman o!" Sabi ni Angela.

As she said that. Isang ingay ang narinig nila.

Mabilis nyang naiiwas ang sarili at si Reina sa nagibang pinto, nang pumasok mula roon ang isang itim na sport car.

Napaubo sila sa usok.

Mula sa sasakyan lumabas si Dylan.

Tinignan sya nito, surveying her body. At nang madaanan nito ang mga paso nya nabasa nya ang galit sa mga mata nito at ang pagtigas ng anyo nito.

"Get in the car." Utos nito na mabilis lumapit sa kanya at binuhat si Reina.

Buhat buhat nito ang babae habang hawak nito ang kaliwang kamay nya, sa higpit ng hawak nito alam nyang galit na naman ang

binata.

Isinakay nito sa backseat si Reina kasabay ng pagbitiw nya sa kamay nito at tumakbo pabalik sa pwesto nila kanina at maydinampot duon.

"What the fuck." Aktong lalapit ito sa kanya nang mabilis syang makalapit ulit dito.

Matalim sya nitong tinitigan umupo ito sa driver seat na dala-dala sya kaya ang resulta nakakandong nanaman sya rito.

Wala na syang magawa kundi ang mapatingin kay Brena na nasa passenger seat na nakanganga sa ayos nila, kay Quincy at

Maelyn na bagamat inaasikaso si Reina ay napapatulala sa kanila.

Hindi na sya nagprotesta.

Because Dylan is trembling.

His face is set.

Madiin ang pagkakahawak nito sa manibela at mabilis ang pagpapatakbo palabas sa nasusunog na bahay.

"A-angela. You can seat beside me para makapag drive ng maayos si Dylan." Brena is the first one who break the silent.

Mula naman sa manibela bumaba ang kaliwang kamay ni Dylan sa bewang nya.

Pushing her to his body.

"No." Naunahan na sya nito sumagot.

"But Dylan baka madisgrasya ta-." Brena stopped talking when Dylan look at her.

Binigyan sya nito ng tingin.

A Dark and scary look.His brown eyes is so dark making her shivered in fear.

"Ylan..." Tawag naman ni Angela sa binata. Hinaplos nya ang brasong nakapulupot sa kanya to make him calm.

And right before Brena, Quincy and Maelyn eyes.

Dylan dark eyes became soft brown.

Nawala ang nakakatakot na aura nito.

"Brena is right. Kailangan kong lumipat. Hindi para makapagdrive ka ng maayos i know you can handle it. But Reina have a gun

wounds. Kailangan ko mapatigil ang pagdurugo." She said.

Ang mahigpit nitong hawak sa kanya ay mas lalong humigpit.

But after a second ay hininto nito ang sasakyan sa gilid ng daan.

She didnt want leave this comfortable position.

Kung puwede lang manatili sya sa mga bisig ni Dylan.

But its not the right time to do that.

Hinawakan nya ang handle ng pinto at aktong lalabas ng pigilan sya Dylan.

"Dont go out. I dont know if i can control myself kapag may nangyari na naman paglumabas ka." He said in a low voice na narinig

naman ng lahat.

Tumango sya at hindi na nga lumabas para lumipat sa likod.

Tinabihan nya si Reina at mabilis na inasikaso ang sugat nito.

She's wearing a big tshirt.

Hinubad nya iyon at pinasuot sa babae na sira ang damit.

Leaving her in her sport bra.

Ramdam nya ang mainit na tingin ni Dylan sa kanya.

Alam nyang kitang kita ang mga paso sa katawan nya.

But she ignore him.

Sa minsang pagtatama ng mga mata nila sa rear view mirror nabasa nya galit duon.

His eyes is Dark again.

At nung sunod sunod syang ubuhin, ang sasakyan na mabilis na tumatakbo ay mas lalong bumilis.

Wiping a sweat in her forehead isinandal nya katawan sa upuan matapos nyang asikasuhin si Reina.

Unti-unti na nyang nararamdaman ang pagod but she refused to closed her eyes.

May hari pa syang kailangan pakalmahin...

Sana lang may lakas pa sya para duon mamaya.

"She is fine now wala namang tinamaan na vital parts ang bala. All she need is to rest for."

Tumango si Dylan at Maelyn habang kausap ang doctor na tumingin kay Reina.

Habang si Angela naman ay nakatayo atnakasandal sa pinto.

Nasa labas sila ng kuwarto ni Reina habang nasa loob naman si Brena at Quincy.

Napatingin sa kanya ang doctor.

"You need to do something to that burn young lady." Sabi nito na nakatingin sa mga paso nya.

Nilingon din sya ni Dylan na mula ng dumating sila sa hospital ay di sya pinapansin.

Matalim na tingin ang binigay nito sa kanya.

Aktong lalapit ito nang makarinig sila ng iyak at sigaw sa loob ng kwarto ni Reina.

Lahat sila napatakbo papasok.

Nadatnan nila si Reina na umiiyak at nagwawala habang hawak ng dalawang nurse na babae at lalaki.

"Anong nangyayari?" Tanong ni Dylan na lumapit din para pigilan sa akmang pagtayo si Reina.

"We dont know. Bigla na lang syang nagsisigaw ng magising sya." Si Brena na nanlalaki ang mga mata na nakatingin sa kaibigan, na mas lalo pang nagwala ng lapitan ni Dylan.

Mabilis naman syang lumapit din at isang malakas na sampal ang binigay kay Reina.

Lahat natigilan sa ginawa nya.

"Anong ginawa mo! You dont need to hurt her may mga sugat sya!" Galit na sabi ni Brena na hindi nya

pinansin.

"Let go of her." Sabi nya kay Dylan at sa dalawang nurse na may hawak kay Reina.

"A-angela..." Luhaan naman na nakatingin sa kanya si Reina.

"P-pagsasamantalahan nila ako...babuyin...papatayin nila ako h-huwag nyo kong i-." Isa pang sampal ang binigay nya rito.

Aktong lalapit si Brena ng pigilan ito ni Dylan.

"Hayaan mo sila."

"Pero sinasaktan nya si Reina."

Napahawak naman si Reina sa pisnging sinampal nya.

"Snap out of it o paulit ulit kitang sasampalin." Sabi nya rito.

"Natatakot ako... Babalikan nila ako Angela hindi nila ako bubuha-."

"Look at me." Utos nya na ginawa naman nito.

"The Reina that i know is a fighter, a bitchy fighter eh ano kung balikan ka nila. Just be ready. Youre strong. Hindi na nila mauulit

ang ginawa nila." Then in a low voice na tanging silang dalawa lang ang nakakarinig she added.

"Trust me. I'll protect you."

Sa loob ng sampung taon na pagiging hepe sa bayan ng San Nicholas, ngayon lang nakatagpo si Roderick Dimansalang ng iniinterview na hindi man lang nagpapakita ng takot, pagkalito o pagkataranta.

Lalo na sa isang estudyante at babae pa.

Angela Fuentebella is really a tough lady.

Tatlong oras nya na itong kinakausap tungkol sa insidente sa Tres Wood at kahit anong gawin nyang paikot-ikot sa mga tanong, ganon parin ang sagot nito.

"Hindi namin sila kilala, nakatambay kami ni Reina duon, nang bigla silang dumating?" Kaswal na sagot nito sa tanong nya kung kilala ba nila ang pitong lalaking natagpuan na sunog sa abadonadong bahay sa Tres Wood.

Hindi nya alam kung pang-ilang beses na nyang itinanong iyon at laging ganon ang sagot nito.

"Nakatambay? Sa pagkakaalam ko you and Ms. Galvante is not friend, at hindi kayo nagpunta roon para tumambay, you went there to fight." He said.

Isang ngiti naman ang sinagot nito sa kanya.

Sumandal ito sa upuan at itinaas ang paa sa kaharap na upuan.

She do it with ease ni hindi man lang ito nangingilag sa kanya.

Sabagay nang pumunta sya sa hospital kanina para tanungin ito at si Reina Galvante tungkol sa mga pangyayari, nadatnan nya itong nakaupo sa upuan sa hallway.

Tahimik itong sumunod sa kanya nang imbitahan nya ito dito sa presinto.

Nakahawak padin sa bewang nya ang lalaki. Hindi nakalapat ang mga paa nya sa lupa. Tila karga karga sya nito at kahit anong pilit nya itong itulak ay di sya nito binababa.

"I-ibaba mo ako u-uwi na ko."

Humigpit ang pagkakahapit nito sa bewang nya at itinaas pa syang lalo.

Ramdam nya ang mainit na katawan nito na nakalapat ngayon sa katawan nya.

Nang magpumiglas sya, mas lalo sya nitong inangat, napahawak sya sa magkabilang balikat nito dahil duon.

"No. Why the hell are you here and walking in your barefoot, where is your fucking shoes!" Nag-umpisa na namang magtubig ang mga mata nya nang sumigaw ito.

"Nasira sila okay! After years sumuko sila at nasira! Itinapon ko na thats the reason why i dont have a fucking shoes on and the reasons why iam here, dahil dito ako dumaan, kung alam ko lang na nandito ka hindi ako dadaan dito para di mo makita ang pagmumukha ko na ayaw mong makita."

Hindi ito kagad nakaimik, hindi nya alam kung dahil nabigla ito sa pagsigaw nya o dahil nagmura sya basta ilang segundo muna ito nakatitig sa mukha nya.

Nang dahan-dahan sya nitong binaba, napayuko na lang sya at tahimik na umiyak.

Nang tumalikod ito, nakagat nya ang labi para di tuluyang humagulhol.

Then naramdaman nya ang kamay nito sa braso nya and in a blink of an eye nakapasan na sya rito.

"Anong ginagawa mo?" Tanong nya habang nagpupumilit na bumababa mula sa likod nito.

Hinawakan lang nito ng mariin ang mga tuhod nya.

"I-ibaba mo na lang ako. Maglalakad na lang ako."

"At hayaan na madumihan pang lalo ang mga paa mo at masugatan. No Angel. Just stay put."

Kinagat nya ang mga labi.
Awtomatiko na pumulupot ang kamay nya sa leeg nito at sinubsob ang mukha sa balikat nito.

"Bakit ginagawa mo sakin to?" She softly said.

Bahagyang bumagal ang lakad ni Dylan.

"Alam ko naman ayaw mo na a-akong makita. A-ayaw mo na akong makasama, p-pero bat nagpapakita ka parin ng kabaitan sakin. B-bakit hinabol m-mo pa ako?"

Huminto si Dylan sa paglalakad, napatili sya ng malakas ng sa mula sa likod nailipat sya nito sa harap.

Now sa mga balikat na nito nakasampay ang braso nya. Sa bewang na nito nakakapit ang mga binti nya. At mga mata na nito ang kaharap nya.

Namula ang mga pisngi nya sa ayos nilang iyon.

"A-anong g-ginagawa mo?"

Hindi ito sumagot. Naglakad ito paabante habang nakatingin sa mga mata nya.

Hanggang sa naramdaman nya ang malamig na bato sa likudan nya.

Humawak ito sa bewang nya at inuupo sya duon, nang hindi umalis sa harap nya.

Tinignan lang sya nito ng matiim. Then he touch her cheek iyong namumula dahil sa sampal.

"Who did this?" Nagdilim ang mukha nito ng mapaaray sya at inilayo ang mukha.

Hindi sya nakasagot.

"Angel please tell me who did this?"

"Why do you care?" Tinignan nya ito ng deretso sa mga mata. "Bakit kailangan sabihin ko sayo? Ano bang pakialam mo sa kin? Ano ba-."

"Because I Love You!"

Napatigil at napanganga sya sa isinigaw nito.

"You need to tell me dahil ayaw kong may nanakit sayo. You need to tell me dahil gusto kong malaman kung sino ang nanakit sa Anghel ko. You need to tell me because i fucking care. I care because I love you. I fucking love you!"

Iyong puso nyang nagdurugo ng tatlong araw ngayon sumasayaw na yata sa tuwa sa mga narinig sa lalaki.

"Do you hear me Angel I love you-." Ito naman ang napahinto sa pagsasalita ng bigla nya itong yakapin, iyong mahigpit na yakap. Muntik pa ito matumba naibalanse lang kaagad nito ang sarili.

"I... I love you too." Umiiyak na sabi nya habang nakasubsob sa leeg nito.

"P-pero bakit di ka nagpakita ng tatlong araw. Hindi mo ba alam na nag-alala ako. Natakot ako na baka di na kita makita. Bakit ginawa mo yun Ylan?"

Naramadaman nya ang pagyakap nito sa kanya, ang pagyuko nito sa leeg nya at ang paghugot nito ng hininga.

"Because i shouted at you. I made you cry." Sagot nito.

Nanlaki naman ang mata nya at mahina itong pinalo sa dibdib.

"Yun lang. Dahil lang dun." Lumayo sya at itinaas nya ang luhaang mukha dito.

"I thought ayaw mo na ako kasama, akala ko naisip mo na b-bakit ka makikipagkaibigan sa...sa isang tulad ko. Akala ko..."

He cupped her face gently in his hand.

"Hindi ganon iyon Angel." Pinunasan nito ang luha sa pisngi nya. "Nagalit lang ako sa sarili ko kasi nasigawan kita. Napaiyak pa." Bumuntunghinga ito.

"Pero ang umayaw sayo ang lumayo sayo iyan ang hindi ko gagawin. The moment i set my eyes on you. The moment i touch you. Akin ka na. You became my everything. You are My Blue Eyed Angel. I love you."

Bumaba ang mukha nito at hinalikan sya sa gilid ng mga labi nya.

Natulala sya, at nanatiling tulala nang lumayo ito at haplusin ang mga labi nya.

"I want to kiss your sexy lips. Pero ayokong gawin iyon dito at hindi pa ito ang tamang panahon para duon. But remember this. Ako ang magiging first kiss ng mga labing ito. Ako ang magiging first kiss mo. And only me... tanging ako lang ang maaring humalik dito. Do you understand Angel?"

Wala sa loob na tumango sya.

Ngumiti ito iyong ngiti na gustong gusto nya.

"Then you are officially Mine. October 8, the date when The Dark King marked an Angel as his. A blue eyed Angel and a Dark king..." Pinagsalikop nito ang mga kamay nila. "Become one."

October 8 ang petsa na iyon pinakaimportante at pinakamahalagang araw sa buhay nya...

Sa Huli Ay Tayo

PRESeNT

Marahang pinahid ni Angela ang mata ng maramdaman ang pagtulo ng luha duon.

October 8 ang pinakamasayang petsa sa buhay nya.

Sa lumipas na halos anim na taon kapag dumadating ang petsa na yun naninikip ang dibdib nya. Naalala nya si Dylan... Naalala nya ang lahat, at tuwing naalala nya ang lahat, hindi nya namamalayan na may tumutulo na palang luha sa mga mata nya.

Tulad ng pagtulo ng luha nya ngayon, tulad ng nararamdaman nya na pamilyar na kirot sa dibdib.

October 8, the date today.

Ang kaibahan nga lang nakikita nya ngayon ang taong nagpaparanas sa kanya ng sakit, ang taong dahilan ng kalungkutan nya...

Si Dylan na nakaupo sa upuan nito at masayang kinakausap ni Brena, they are talking about party.

Brena's birthday party.

Gaganapin iyon mamayang gabi at lahat sila inimbitahan ng babae.

"I hope lahat kayo makadalo matutuwa talaga ako pagnakita ko kayong lahat dun." sabi pa nito kanina.

Tumalim ang mata nya ng makita nyang humawak pa si Brena sa braso ni Dylan.

Then her face become blank ng tumingin sa gawin nya si Dylan.

Kumunot ang noo nito na parang may napansin sa mukha nya.

Ilang minuto na nakipagtitigan sya rito bago nya isinubsob ang ulo sa mesa at pinikit ang mg mata.

Naramdaman nya ang benda na nasa kaliwang braso nya na napaso kahapon.

Kagabi sa bahay sya hinatid ni Dylan dahil nakatanggap sya ng tawag mula sa daddy nya na pinapauwi sya.

Bago sya hinatid ng binata dumaan muna sila sa hospital at pinagamot nito ang mga paso nya.

Nang gabi ding iyon halos itakwil sya ng daddy nya. Galit na galit ito na pinagkibit balikat lang nya.

Para namang natatakot sya na itakwil.

Nagalit ang daddy nya ng sabihin nya iyon kaya isang sampal ang natanggap nya.

Umalis din sya ng gabing iyon.

Hindi dahil naglayas sya kundi dahil may importante syang inasikaso tungkol kay Reina.

Sinalubong sya ng galit na si Dylan sa gate, sinundo pala sya nito sa bahay at nalaman nito na umalis sya kagabi.

Halos kaladkarin nga sya nito papasok ng classroom nila.

"Sa susunod itatali na kita para hindi ka basta basta makakaalis." Sabi pa nito.

Ngumiti sya ng mapait. He said that 30 minutes ago at ngayon nga masayang nakikipag-usap ito kay Brena.

Gusto nyang manapak sa inis.

Kalat narin sa buong university ang nangyari sa Tres Wood at ang pagdadala sa kanya sa kulungan, balik nanaman sa dati ang mga estudyante sa panlilibak sa kanya.

"Gela okay kalang ba?" Tanong sa kanya ng katabi nyang si Maelyn.

Dumeretso sya ng upo sabay diin sa sintido.

Sumasakit ang ulo nya sa dami ng dapat gawin at asikasuhin.

"Gela..." Tawag ulit sa kanya ni Maelyn.

Nilingon nya ito at nabasa nya ang pag-aalala ng kaibigan sa kanya.

"Yeah." Tango nya lang bago kinuha ang cellphone sa bag at binasa ang mensahe duon.

Kumunot ang noo nya. Ilang ulit nyang binasa ang mensahe bago binura.

"Damn! Mas mabilis silang kumilos kesa sa inaasahan ko." Malakas na sabi nya. Napatingin sa kanya ang lahat kabilang si Dylan.

"Are you okay Angela?" Tanong ni Dylan sa kanya.

Tumingin sya rito. At habang nakatingin sa gwapo nitong mukha unti-unting nakaramdam sya ng takot.

Takot para rito.

Takot na nabasa ng binata at nagpakunot sa noo nito.

"Hey whats wrong?" Ulit ni Dylan aktong tatayo, umiling sya and make her face emotionless.

"Nothing." She just said. Sabay iwas ng tingin.

Tumayo sya.

"Mauna na ako Maelyn. Hindi naman yata papasok si Ms. De Guzman."

Hindi nya na ito hinintay na sumagot. Kinuha na ang bag nya at mabilis na lumabas ng silid.

Kailangan kumilos sya kaagad. Kailangan nyang maunahan ang Snake.

Dahil sa lalim ng iniisip hindi nya napansin si Dylan na tinatawag sya nang ilang ulit at nang di sya man lang sya huminto sa paglalakad, sumunod ito.

Hinawakan ang kamay nya at hinila sya papasok sa isang bakanteng kwarto.

"Ano ba?" Singhal nya rito at binawi ang kamay.

"Whats wrong?" Tanong nito.

Umiling sya. "Wala nga Dylan. Bakit ang kulit mo?" Tumalikod sya para lang muling iharap nito sa pamamagitan ng paghawak sa bewang nya at pagpihitsa kanya.

She jolted dahil sa gulat at sa init ng kamay nito.

"Tell me." Utos nito habang dumidiin ang hawak sa bewang nya.

"Wala nga, tss bakit ba pinapakialaman mo na naman ako?"

"Dahil sigurado akong may mangyayari na naman kapag bigla kang nawala sa paningin ko!" Inis din na sabi nito. "Sinabi ko na sayo kagabi, hindi kana pwedeng mawala sa paningin ko, because you will always on trouble sa tuwing hindi kita nakikita."

Ayan na naman iyong tibok ng puso nya...nag iiba na naman.

Bumuntunghininga sya at tinignan ang binata. Nalulunod sya sa mga tingin nito at dahil duon nasabi nya ang mga katagang.

"Fine. I promise iiwas ako sa gulo. At wala akong gagawing gulo. I'll behave like a model student. Hindi ako mang-aaway at makikipag-away, promise." she didnt blink while she's saying that.

Dylan read sinserity in her blue eyes.

Tumango-tango ito at lumuwag na ang pagkakahapit sa bewang nya.

Ngunit bago sya makawala ay hinalikan muna sya nito sa noo.

"Then lets go back to our classroom okay." Wala syang nagawa kundi tumango at magpahila dito.

Nakatingin sa kamay nilang magkahawak ang lahat nang bumalik sila sa loob ng classroom.

Tumalim ang tingin sa kanya ni Brena na hindi nya pinansin.

Bumitaw sya sa binata at bumalik sa upuan.

Muli syang tumalungko sa mesa.

Matutulog na lang sya.

Wala pang ilang minuto syang nakakapikit ng marinig nya ang boses ng baklang si Carlos.

"Angela." Patili tawag nito na may dala-dalang laptop at pumasok sa loob ng classroom nila.

"What?"Tanong nya sabay deretso ng upo ulit. Kung makatawag ito akala mo may nangyayari na ang tinis pa naman ng boses nito.

Hindi ito sumagot at naupo sa bakanteng upuan ni Reina.

"Hi President at vice president. Pumasok na ako wala naman kayong prof okay lang po ba?"

Tumango si Dylan at napatingin sa laptop nito.

"Ano problema mo Carlos?"

Impit na tumili ito.

"Hindi mo sinabi na sikat ka pala sa London. Kung hindi pa kita ini-add sa facebook hindi ko pa makikita."

"Anong ibig mo sabihin bakla?" Tanong ni Maelyn.

"Look tignan mo iyong profile nya."

Ipinakita nga nito ang laptop kay Maelyn, pati ang mga klasmeyt nya nakitingin narin, pati si Dylan at Brena.

Profile nga nya ang nakadisplay sa monitor nito, ang profile picture nya ay iyong nasa school parking lot sya nakasandal sa motor nya at nakatingin sa camera.

May nakadisplay din sa wall nya na mga picture nya na naka tag sa kanya. Hindi sya nagp-post ng picture o kahit na status sa fb nya. Wala syang hilig duon kaya ang ginagawa nina Jayzen kinukuhaan sya at tina-tag pagkatapos.

May kuha sya na naka school uniform, nasa cafeteria at kumakain.

May kuha sya sa isang bar kasama ang mga kaibigan nya.

Meron din sa isang racing event na sinalihan nya.

Binuksan ni Carlos ang video na nasa wall nya na kuha lang last year.

Kasama nya sina Marcus Landon Jayzen at Yna roon.

Kuha iyon nang magkaruon sila ng mini concert para sa isang charity fund raising at ang video na binuksan ni Carlos ay ang kuha ng nag-iisang tagalog na kinanta nya.

"Accidentally na nakita ko ito sa you tube. Gulat na gulat nga ako nang makita ko si Gela. Ang dami kayang views at comments. Kaya naisip ko na tignan ang facebook nya."

Pinindot ni Carlos ang play at mayamaya pa umalingawngaw ang sigawan ng mga estudyanteng nanonood sa kanila nang araw na iyon.

D&A Band iyong tawag nya sa banda nila.

Banda na binuo nya lang just for fun.

Banda na hindi nya akalain na kakagatin ng mga schoolmate nya.

Ilan beses din silang nakatanggap ng offer sa mga recording company.

Ayaw nya pero hindi nya pinagbawalan ang mga kabanda nya. Sinabihan nya na kung gusto ng mga ito na magrecord they can do it na tinanggihan din naman mg mga ito.

" If our Queen didnt want. We knights, dont want too." naalala nya pang sabi ng lokolokong si Jayzen.

After that mas lalo pa silang nakilala.

Boses na nya ang sunod na pumailanlang.

"The next song is a tagalog song and i didnt give a damn if all of you cant understand it. I dont fucking care."

Nagtawanan ang mga nanonood sa kanila dahil sa sinabi nya.

Napatawa din si Carlos Maelyn at ilang klasmeyt nya.

"This song is not for you Guys. This is for Him. A message for Him, a song for Him. So if ever YOU watch this video this is a message from me. And i fucking all mean it!" Then she played the guitar and her powerful voiced filled the room.

Kilometro

Sarah G

Gagawin ko ang lahat upang sa huli, sa huli,
Sa huli ay tayo
Kung kailangan kong puntahan kita ang kilome, kilome
Kilometrong layo

Yeah...
Oooh...
Oh...
Ooohh...

Bakit nga ba itong agwat natin
Pinipilit palawakin
Pero habang merong bumabalakid
Ang pag-ibig lumalalim
Tila tala sa tala ang layo
At di ka na matanaw
Pero pag humahaba ay lalo kitang sinisigaw

Maging ang laot walang takot na tatawirin
Kahit alon ay umabot sa papawirin
San man dako'y pinangakong makakarating
Ikaw lang ay makapiling

Gagawin ko ang lahat upang sa huli, sa huli,
Sa huli ay tayo
Kung kailangan kong hatakin ang kilome, kilome
Kilometrong layo

Woo... Oh... Aah...
Oh... Ahh...

Kilome, kilome, kilometrong layo

Woo... Oh... Aah...
Oh... Ahh...

Kilome, kilome, kilometrong layo

Sumasalungat ang daigdig
At tayo'y di magkasalubong
Oh, dapat na ba kong makinig
Magpadala na sa daluyong
Inanod, inagos at halos hindi ka na matanaw
Pagtapos mabalot ng galos
Sigaw pa rin ay ikaw
Maging ang laot walang takot na tawirin
Kahit alon ay umabot sa papawirin
San man dako'y pinangakong makakarating
Ikaw lang ay makapiling

Gagawin ko ang lahat upang sa huli, sa huli,
Sa huli ay tayo
Kung kailangan kong hatakin ang kilome, kilome
Kilometrong layo

Woo... Oh... Aah...
Oh... Ahh...

Kilome, kilome, kilometrong layo

Woo... Oh... Aah...
Oh... Ahh...

Kilome, kilome, kilometrong layo

Maging ang laot walang takot na tawirin
Kahit alon ay umabot sa papawirin
San man dako'y pinangakong makakarating
Ikaw lang ay makapiling

Gagawin ko ang lahat upang sa huli, sa huli,
Sa huli ay tayo
Kung kailangan kong hatakin ang kilome, kilome
Kilometrong layo

Woo... Oh... Aah...
Oh... Ahh...

Kilome, kilome, kilometrong layo

Woo... Oh... Aah...
Oh... Ahh...

Kilome, kilome, kilometrong layo

Woo... Oh... Ahh...
Oh... Ahh...

Woo... Oh... Ahh...
Oh... Ahh...

Kilome, kilome, kilometrong layo

And when the music slowly fading. Tumingin sya ng deretso sa camera and said...

"For My Dark King Happy 5th Anniversary."

And then the video stop.

Tinignan nya si Dylan.

Nakita nyang nakakunot noo ito at dumapo ang mga mata sa date kung kelan kinuha ang video and it said...

October 8.

Mabilis na bumaling ang tingin sa kanya ni Dylan.

Nagtatanong ang mga mata nito na sinagot nya ng kibit balikat.

"See Maelyn sikat si Gela. Tignan mo iyong mga comment." Basag ni Carlos sa katahimikan.

Binasa nito ang mga comment.

D&A is so cool.

Hey Gela even i cant understand a single word you sang you are really good.

Hey Angela Be mine.

Can you be my girlfriend Gela.

Those boys is so hot.

I wish Angela Im your Dark King.

Forever D&A band.:-*:-*:-*

Marami pang comment iyon at mga likes na binabasa ni Carlos.

Hindi nya na iyon pinansin.

Sumandal sya at tumingin sa may bintana.

"Sa huli ay tayo and I really fucking mean it!" Sabi nya at alam nyang narinig iyon ni Dylan at kung ano man ang reaksyon nito hindi nya alam dahil hindi na sya lumingon pa.

****///****

Helliza' Note.

It's freaking raining... Haizzzt okay lang naman umulan. I like the ambiance pagnaulan pero di ko ma appreciate pagnasa byahe ako.

Sobrang hassle kasi.

May bitbit kang bag, may bitbit kang payong. Ibubukas isasara mo pa tapos mababasa ang laylayan ng slack o pantalon mo ang putik pa. See hassle talaga.

Anyway thanks po sa mga nagbabasa at nagv-votes.

Thank you po.

Iyong may nagbabasa lang ng kwento ko okay na ko dun.

Bago lang ako dito sa wattpad at wala talaga akong friend. Wala kasi akong sinabihan na nagsusulat ako dito wala po nakakaalam sa mga kakilala ko.

Ayaw ko naman kasi na basahin o mag vote sila dahil kakilala nila ako diba.

Kaya thanks po talaga sa mga nagbabasa.:-D Hope na maging friend ko po kayo. At malaman ang opinion nyo rito.

Thanks

Ingat...

Losing Hope, Broken Promises

Brena's Party.

Nakatingin at nakamasid si Angela kay Dylan na sinasamahan si Brena sa paglapit sa mga bisita.

Nakakapit pa ang babae sa braso ng binata.

Mayaman ang pamilya nina Brena. Kilala sa business world ang lolo nito kaya naman magarbo ang party na ginaganap ngayon.

Naka formal dress ang mga bisita at mga schoolmate nya.

Tanging sya lang ang naka pantalon na may butas sa tuhod at tube blouse na pinatungan nya ng boxer sando.
Kung ihahanay sya sa mga bisita magmumukha syang gate crasher sa party.

But the way na dalhin nya ang sarili at tumayo sa gitna ng party na iyon walang lalaki na hindi napapalingon sa kanya.

Walang lalaking hindi nagtangka na lapitan sya.

Nakailang irap na nga sa kanya si Brena dahil naaagaw nya ang atensyon ng mga tao.

"Dont mind her Brena papansin lang yang stepsis ko. Im sure naiinggit lang yan kasi ang ganda-ganda mo ngayon." Sabi ni Janice kay Brena ng makita nito ang babae na iniirapan sya.

Walang reaksyon syang pinakita kahit gustong gusto nya ng ngisihan ang mga ito.

Hindi nya magawa dahil nangako sya kay Dylan na hindi gagawa ng gulo.

Kaya naman andun lang sya sa isang sulok ng marangyang bakuran nina Brena, sa madilim na parte at nagmamasid.

Wala syang planong pumunta, pero hindi pumayag si Dylan na hindi sya sumama kaya naman heto sya mamatay nasa boredom at sumasakit ang dibdib dahil sa nakikitang sweetness ni Dylan kay Brena.

Mula ng mapanood ni Dylan ang video ng concert nila naramdaman nya ang paglayo nito sa kanya, bagamat di naman pumayag ang binata na mawala sya sa paningin nito.

Alam nyang nalilito ito, naguguluhan.

Hindi sya nagtangkang magpaliwanag.

Matalino si Dylan alam nyang may konklusyon na ito sa lahat. He just confused.

At wala pa din naman syang planong ipaliwanag ang lahat. Hindi pa. Lalo na ngayon.

"Youre face is expressionless pero sigurado akong bugbog sarado na si Reina sa isip mo."

Naialis nya ang paningin kina Dylan at tinignan si Brent.

Tumaas ang sulok ng labi nya ng makita ang ayos nito.

Tulad nya nakapantalon na butas at itm na tshirt ang binata. Pareho silang OP sa okasyon na ito.

"What's bring you here? This is not your kind of party."

Tumayo si Brent sa tabi nya at pinagmasdan ang party. Kumuha ito ng dalawang kopita ng wine sa waitress na dumaan at inabot sa kanya ang isa.

" Hindi ba ako pwedeng magbago ng taste." He said bago uminom ng wine.

Tumaas ang kilay nya at uminom din. Nahagip ng mata nya ang isang babae na nakapang waitress at nags-serve ng pagkain sa mesa ng bawat bisita, tumaas ang kilay nya at tinignan ang lalaki.

"Nag-iba ng taste o may binabantayan?"

Brent smirked to her nang sabihin nya iyon.

"Yeah binabantayan kita, baka kasi mawala ka sa sarili at bigla nalang mag-ala hulk dito."

Inubos nya muna ang laman ng baso nya at sineyasan ang waitress na nakita nya kanina. Sumenyas sya na magdala ito ng wine.

"Talaga lang ha?" The she hugged her kasabay ng paglapit ng babae at paglingon ni Dylan sa kanila.

"Youre so sweet Brent." Bulong nya sa tenga ng binata.

Nakita nya ang natigilang waitress na nasa tabi na nila.
But not Dylan's dark face na nakita ang ginagawa nya.

Brena notice it kaya hinawakan nito ang braso ni Dylan at kinausap ito.

"Anong ginagawa mo?" Bulong din ni Brent na nakahawak na sa bewang nya ngunit ang mga mata nito ay nakatingin sa waitress.

"Helping you." Bulong nya ulit.

Bago humarap sa waitress, ang mga kamay ni Brent ay nanatili sa bewang nya.

"Hi Yanna." Bati nya sa waitress.

"H-hi Angela."

Kinuha nya ang kopita ni Brent na walang laman inilagay sa tray na dala ni Yanna bago kumuha ng dalawa pa.

"Do you mind kung ikaw magserve ng drinks namin every now and then my babe and i want to enjoy the night while drinking."

Napangisi sya ng makita ang naging ekpresyon ni Yanna.

"O-okay lang p-pero hindi kasi ako pwede tumambay lang sa isang lugar."

"Oh you dont need to stay put here, just check us at pagnapansin mo na wala nang laman ang mga braso namin dalhin mo kami okay."

Tumango ito bago yumuko at umalis para magserve sa iba.

Nakangising hinarap nya si Brent.

"She still love you."

"No."

Hinampas nya ang dibdib nito.

"Bulag ka kung di mo nakikita yun."

"If she loves me hindi nya ko sana iniwan nun."

"Maybe she have reasons." Habang sumisimsim ng alak, pinagmasdan nya si Yanna na pasulyap sulyap sa kanila.

Bulag nga siguro si Brent dahil hindi nito makita ang selos at sakit sa mga mata ni Yanna.

"I dont care in her reasons, iniwan nya na ko. Wala na kong pakialam sa kanya. Gusto ko lang na pagbayarin sya sa ginawa nyang pang-iiwan-aray!" Piningot nya ito.

"Bitter at in denial ka Santillian." Natatawang sabi nya.

"Shit napaka sadista mo." Pinigil nito ang kamay nya habang nakahawak parin sa bewang nya, sa mga mata ng nakakakita para silang magkasintahan na naglalambingan sa dilim.

"Kung ako sayo tatanungin ko sya. That girl is so inlove with you, for pete sake. Ako naghahabol samantalang ikaw andyan na, ang kailangan mo nalang gawin tanungin sya. Mas madali iyon kesa sa magpaalala sa isang taong nakalimot na."

Inisang lagok ulit ni Brent ang wine nito saka muling nagsalita.

"Well kunpara sa taong nakalimot, sa paraan ng pagtitig ni Dylan sakin kulang nalang bumulagta ako sa talim ng mga tingin nya."

Hindi nya pinagkaabalahang tignan ang sinasabi nito.

Sa nakalipas na oras nawala ang pagkainip nya sa tulong narin ni Brent.

Nakita nyang dumating sina Gio Calix at Renz na hindi na nagawang makalapit sa kanya dahil sa kagagawan na din ni Brena. Hinarang kaagad nito ang mga lalaki.

Wala ang The Outcast sa party na iyon. Aware naman kasi ang mga ito na hindi sila welcome.

Sya lang ang makapal ang mukha na dumalo.

Hindi nya alam kung nakailang wine na sila ni Brent.

Patuloy parin sila sa pag-uusap at paglalandian.

He flirting with her para pasakitan si Yanna while she, just want to kill time para hindi sya magwala sa sobrang selos at sakit.

Brena has been introducing Dylan as her boyfriend at ang magaling na lalaki hindi man lang tinanggi. Sarap lang talaga manapak.

"Youre fuming." Nang-aasar na sabi ni Brent na ngayon ay nakaakbay na sa kanya.

Lumapit sa kanila si Yanna na may dalang bagong wine. Sa paglapit ng babae kinabig naman sya ni Brent payakap.

Hindi sya umimik sa ginawa nito, sarap talagang batukan ng lalaki ito bulag at manhid. Hindi nito makita that Yanna is still love her.

Kumuha syang muli ng alak kay Yanna na umiiwas ng tingin, nahuli nya pa itong napapakagat labi.

Aktong lalagukin nya na ang kinuhang alak ng may kumuha noon sa kanya.

Inisang lagok lang ni Dylan ang ang wine nang maubos hinaltak sya nito palayo kay Brent.

Dahil bahagyang hilo na natumba sya sa mismong mga bisig ng binata.

"Hey man!" Apila ni Brent.

"Back off." Madiin ang pagkakasabi ni Dylan ng mga salitang iyon na sinamahan pa ng matalim na tingin.

Pagkuway kinaladkad sya nito palayo duon.

Sa gilid ng garden sya dinala ni Dylan, duon sa walang tao at mahina mong maririnig ang ingay na nanggagaling sa party.

"Ano na naman problema mo?" Inis na tanong nya sa binata ng isandal sya nito sa puno.

"What the hell are you doing!"

"Wow hell kagad ha. Tahimik lang akong nakatayo duon, hindi gumagawa ng gulo. Drinking silently. Anong kinakagalit mo dun?"

"Well youre drinking, and flirting with Santillian. Hindi kita binigyan ng permiso na uminom at makipag flirt Angela."

Pinanlakihan nya ito ng mata.

"At kelan pa ako kailangan na humingi ng permiso sayo, sa mga dapat kong gawin? At isa pa dinala mo ako pero iniwan na mag-isa sa nakakabored na party nato, in the first place ni hindi ko nga gusto magpunta rito but you insist. And now that im enjoying myself pipigilan mo at kakaladkarin ako. Really Dylan ang gulo mo."

Sarap lang manapak talaga, kung wala lang amnesia ito matagal nya na itong nasapak.

Kinabig nito ang batok nya at hinila ang mukha nya papalapit.

Nahigit nya ang hininga dahil duon.

"Stop drinking and flirting Angela. Give me 15 minutes at aalis tayo sa party na ito. Just behave."

Napalunok sya ng pagmasdan nito ang labi nya.

"Marami kang sasabihin at ipapaliwanag sakin." dagdag pa nito.

Lumayo ito at muli syang hinila pabalik ng party.

Pinapuwesto sya nito, malayo sa pwesto nila kanina ni Brent, hinanap nya ang binata ngunit di nya na ito nakita.

Napansin ni Dylan ang pag-ikot ng tingin nya. Hinawakan nito ang baba nya at hinarap ang mukha nya sa mukha nito.

"Stop looking for someone."Galit na sabi nito. "Just wait for me. And behave babalik ako kaagad."

Pagkasabi nuon ay umalis ito.

Bumuntunghinga na lang sya.

Behave daw ano sya aso.

"You really malandi Angela Fuentebella." Napaharap sya kay Brena na nakataas ang kilay at may hawak na wine.

Wala si Dylan kaya nasa bitch mode ito.

"Pagkatapos mong makipaglandian kay Brent Santillian si Dylan naman, hobby mo ba talaga yan."

Malamig na tingin lang ang binigay nya rito.

Behaved daw sabi ni Dylan kaya wala syang planong patulan ito.

"I warning you Angela. Akin lang si Dylan gagawin ko ang lahat para mapunta sya sakin."

Hindi parin sya umimik.

"*Asa ka.*" Sabi nya sa isip nya.

Nainis ito sa kawalang reaksyon nya.

Bahagyang madilim ang pwesto na pinag-iwanan sa kanya ni Dylan kakaunti din ang napapatingin sa gawi na ito.
Dinala sya dito ni Dylan to make sure na walang lalapit na lalaki sa kanya.

Lumapit pa sa kanya si Brena.

"So you better stay away from him dahil di mo magugustuhan ang gagawin ko." banta pa nito.

Nginisihan nya ito. Kakairita na eh.

"As if im scared to you. Bitch."

Tumalim ang mukha nito sa sinabi nya.

Tumaas ang kamay nito para sampalin sya.

Humakbang lang sya paatras para iwasan ito.

At dahil nakatakong ito natapilok ito at natumba.

Bago tuluyang ngumudngod ang mukha nito sa sahig nakatili pa ito ng malakas.

Natigil ang lahat sa ginagawa at napatingin sa gawi nila.

"Angela!" Sigaw ni Dylan na mabilis na lumapit sa kanila at inalalayan si Brena na ngayon ay umiiyak na.

"Anong ginawa mo?"

Nasaktan sya. Nasaktan sya sa tingin nito na puno ng akusasyon habang yakap at inaalo si Brena.

Wala pa nga itong alam sa nangyari, mukhang sya na ang may kasalanan para sa binata.

"Anong ano ang ginawa ko? She did that to herself-."

"Tinulak nya ako Dylan. Inaalok ko lang naman sya na kumain na p-pero n-nagalit sya at tinulak ako. P-pinagbataan nya pa a-ako na layuan kita. N-nakakatakot sya Dylan."

Nagbulungan na ang mga tao sa paligid.

"Ayos ang galing mong magdrama Brena bakit di mo narin sabihin na i -."

"Shut up Angela!"

Natigilan sya at napatitig kay Dylan.

"You promised me na hindi ka gagawa ng gulo. Pero ano na naman ito. Ganyan ka ba talaga? Nanakit ng walang dahilan? Ni hindi mo manlang naisip ang mga ginagawa mo. Are you that so bad, to break a promise at manakit ng kapwa mo na wala namang ginagawa sayo?"

Naninikip ang dibdib nya.

Hindi sya makahinga.

"So naniniwala ka sa kanya!"

"Why wouldnt i, kung alam ko namam na walang rason si Brena na saktan ka. She just being kind to you at inimbitahan ka sa party nya but anong ginagawa mo ginugulo mo ang party."

Nagpanting ang tenga nya sa narinig.

"Tang-ina naman.!" Nanlaki ang mga mata nang naroon ng sipain nya ang mesa sa gilid at natapon ang mga nakalagay duon.

Napatili ang mga babae.

"Ayan you can get angry to me all you want, sinira ko na ang party nya."

Lalo naman nagdilim ang mukha ni Dylan.

Binitawan nito si Brena, lumapit sa kanya, hinawakan nito ang braso nya na tinabig nya.

"Dont talk to me about a promises dahil sa loob ng putang-inang anim na taon tinutupad ko ang pangako ko sayo!"

Natigilan si Dylan sa sinabi nya.
"Angela." Si Quincy na isa sa naroon ay lumapit din sa kanila kasunod sina Renz Gio at Calix.

Tulad ni Dylan natigilan din ang mga ito ng makita ang mukha nya.

Her face is blank, no emotion at all pero ramdam nya ang mga luhang tumutulo mula sa mga mata nya.

"Sa loob ng anim na taon tinutupad ko ang pangako ko sayo. Kung sino man ang hindi tumutupad sa pangako nya hindi ako yun kundi ikaw." Tinulak nya ang binata ng lumapit pa ulit ito.

Wala na. Hindi nya na makontrol ang emosyon nya lahat ng sakit na naramramdaman nya paulit-ulit at pabalikbalik sa dibdib nya. Hindi na sya makahinga sa sobrang sikip ng dibdib.

"Tanggap ko naman yun Dylan. Naiintindihan naman kita. But bullshit! Ang sakit sakit na. Putang- ina Dylan sobrang ang sakit sakit na! " Itinaas nya ang luhaang mata at sinalubong ang nalilito at naguguluhang mga mata ng binata.

"Napapagod din ako namamanhid. Kulang nalang lumaklak ako ng anesthesia para hindi ko na maramdaman ang sakit sa tuwing titignan mo ako na hindi mo ako kilala sa tuwing nagtatanong ka kung sino ako sa tuwing inaakusahan mo ako na para bang ako na ang pinakamasamang tao."

Yumuko sya at kinuyom ang mga kamay.

"Sa lahat ng pinangako mo kahit isa walang natupad. So dont talk to me about promises dahil talagang hindi ko mapigilan ang sarili ko at nagpapanting ang tenga ko.

Bumuntunghininga sya pinunasan ang luha at muling tinignan ang binata.

"But you know what. Im done, i resigned, ayoko na. Nakakasawa din pala. Kaya itititigil ko na. Hanggang dito na lang ako. Tutal naman i done may part, tinupad ko lahat ng pinangako sayo. Atleast hindi ako magsisi dahil alam kong ginawa ko ang lahat." Kinagat nya ang mga labi para pigilan na mapahagulhol.

Umatras sya.
Wala paring kahit anong mabasa sa mukha.

"Its all up to you now." As she said that lumakad sya patalikod.

Leaving her heart behind.

Wala syang pakialam sa mga tingin na binabato sa kanya sa mga salitang naririnig nya.

Mabilis syang lumabas bago pa sya igupo ng sakit na nararamdaman nya.

Humakbang naman si Dylan para sundan ang lumalayong si Angela.

Pagsunod na hindi natuloy dahil sa biglang pagyakap ni Brena sa kanya.

"Dylan... Dylan she ruined my party. Bakit ganon sya wala naman akong g-ginagawa sa kanya." Umiiyak na sabi ni Brena habang nakasubsob sa dibdib ni Dylan ngunit sa pagitan naman ng paghikbi nito ay sumilay ang tagumpay na ngiti sa mga labi nito.

Lito naman na tinignan niya ito bago lumipat ang tingin sa gate na nilabasan ni Angela.

Gusto nyang sundan si Angela. Gusto nyang habulin ito.

Kahit wala syang naiintindihan sa mga nangyayari gusto nyang aluin ang dalaga patigilin ito sa pag-iyak.

Pero hindi nya rin maiwan si Brena.

May sasabihin sana sya ng may humila sa kanya palayo.

Naramdaman nya ang sakit sa panga bago sya sumadsad sa sahig.

Nagsigawan na naman ang mga tao.

Lumapit sa kanya si Brent at kinuwelyuhan sya.

"How could you to did that to her!" Galit na sabi nito na nagpakawala ulit ng suntok. Nagawa nya naman itong pigilan at gumanti ng suntok.

Napalayo ito sa kanya na sinamantala nya para tumayo.

"Ano bang problema m?!"

"Ikaw! Ikaw ang problema ko! How could you! Paano mong nagawa iyon kay Angela! Huh!" Pinigil ito nina Gio at Calix ng aktong susugudin sya ulit.

"Bakit ba masyado mong pinapakialaman si Angela. Ano ka ba are you her boyfriend." Umiinit na naman ang ulo nya. Naalala nya na naman ang pagyayakapan at pagbubulungan ng dalawa.

"Ulol! Gusto ko man na gawing girlfriend sya masyado ka nyang mahal para ipagpalit sakin."

Natigilan sya sa narinig.

"Ang tanga mo Dylan! Ang tanga tanga mo. Paano mo nagawang saktan ng ganon ang girlfriend mo."

"Girlfriend?"

"Yah. Girlfriend. Tanggap ko na nakalimutan mo ako. Ako na bestfriend mo."

Napanganga si Quincy, Brena Janice at ang mga naroon sa nadinig.

Samantalang sina Gio ay pormal at walang ekspresyon ang mukha.

"Pero ang hindi katanggap tanggap ay ang makalimutan mo ang Girlfriend mo." Nakawala ito sa pagkakahawak kay Calix at muli syang sinugod. Isang suntok ulit ang natanggap nya rito bagamat di na nya ikinatumba iyon.

"Youre Angel. Your most precious possesion! How could you forget that?! Sa lahat ng taong nandito. Ikaw ang higit na nakakakilala kay Angela. Ikaw dapat ang nakakakita na behind that bad girl attitude is an Angel trying to catch her king's memmories." Tinignan sya nito ng matalim.

"Ikaw ang dahilan kung bakit naging ganon sya. You are the fucking reason why she became like that. She onced a soft hearted girl hindi marunong lumaban, umiiyak lang sa isang tabi kapag nasasaktan but you taught her how to fight, you make her promised na dapat matuto itong lumaban. At sa bawat pagtupad nya sa mga pangakong iyon sakit naman ang binibigay mo."

"You promised to come back to her, a promised that you broke na dinagdagan mo pa ng kalimutan mo sya."

Naninigas sya sa pagkakatayo lahat ng sinasabi ni Brent nags-sink in sa utak nya kasabay ng pag-alala sa umiiyak na mukha ni Angela kanina.

Ngumisi si Brent.

"But she said na sumusuko na sya. Na ayaw nya na, that she is done to you. At kapag sinabi ni Angela na itigil nya na. Talagang hihinto sya. Pagsinabi nyang kakalimutan ka na nya gagawin nya."

Bumaha ang pagtutol sa dibdib nya ng marinig iyon.

"So kung ako sayo sisimulan ko nang alalahanin ang lahat lahat, bago ka pa mahuli. Try to remember all you forgot dahil kapag hindi mo pa ginawa baka agawin ko na sya sayo. And mind you pagnaagaw ko iyon hinding hindi ko na sya ibibigay sayo kahit si Dark king ka pa."

Kumuyom ng mariin ang kamay nya sa narinig.

"No hindi mo sya maagaw akin lang si Angela! Akin lang." sigaw ng isip nya.

"As your ex bestfriend i will give you an advice. Puntahan mo ang kwarto ni Angela sa bahay nila. Sigurado akong alam mo ang passcode nya. Kung hindi mo maalala then try to remember it hard para makita mo kung gaano ka kamahal ng babaeng iyon at kung gaano morin sya kamahal. Bilisan mo lang kumilos dahil marami kami na karibal mo sa kanya baka mapag-iwanan ka." pagkatapos magsalita tinalikuran na sya nito.

Umalis ito ng party, ngunit bago ito lumabas, isang babae na waitress ng party ang hinila nito at kinadkad palabas.

Naiwan syang naguguluhan.
Napahawak sya sa ulo ng kumirot iyon.

Nang mapapikit sya may nakikita syang mga eksena ngunit malabo at madilim.

"Dylan!" Nag-aalalang lumapit sa kanya si Brena. Humawak ito sa braso nya that he ignore pinipilit nyang makita nang malinaw ang eksena na nasa utak nya. Ngunit nanatili iyong malabo.

Ang tanging malinaw na nakikita nya ay ang mukha ni Angela na walang emosyon ang habang tumutulo ang luha sa asul nitong mga mata.

A few hours later.

Bigong mahanap ni Dylan si Angela. Nang umalis si Brent minuto lang ang lumipas nang umalis din sya ng party not minding Brena who kept calling her to come back.

Wala na syang pakialam sa lahat, ang gusto nya lang mahanap si Angela.

Ang makita ito at mayakap.

Wala parin syang maalala, pero gusto nyang nasa tabi nya lang si Angela. Gusto nyang nakikita ito.

Pero bigo sya na mahanap ang dalaga.

Kahit sina Gio, Calix at Renz naghahanap din.

Hanggang sa mapadpad sya sa bahay ng mga Fuentebella.

Ang Yaya ni Angela ang nagbukas sa kanya at nagpatuloy.

Hinanap nya rito si Angela na ikinailing lang nito.

And now andito sya sa harap ng pinto ni Angela nakatingin sa security lock nito.

Brent said he knew the password, ngunit kahit anong isip nya hindi nya maalala.

He sighed at bigong tumalikod.
Isang hakbang palang ang nagagawa nya ng muli syang bumalik.

Tumaas ang kamay nya and punch a numbers.

"Password Correct you may come in now in my Sanctuary."

When he heared Angela's soft voice he feel a tug in his heart.

And Brent is correct he know the password.

10-8, 11-7, 10-27.

The date today.
His birthday. Angela's birthday.

Dahan-dahan nyang binuksan ang pinto.

Not knowing what he will going to see. Not knowing na ang mga makikita nya ay magpapabago sa lahat ng kinamulatan nya sa loob ng anim na taon.

He opened the door...and closed it behind him.

****////***
Helliza's note.

Hi :-)

Bukod sa isa akong book collectors nag k-kolek din ako ng mga quotes.

Love quotes, inspirational quotes kahit anong klaseng quotes basta nagustuhan ko.

Usually nakukuha ko iyon sa mga books na nababasa ko. Sa mga movies na napapanood ko at sa mga songs na naririnig ko.

Meron akong special note book para duon.

At Naisip kong i share sa inyo iyong mga quotes. ;-)

By the way pasensya na kung may mga mali sa story babalikan ko na lang sya pag may time.

Ingat:-P

"What would happen to the love i've been feeling until now, if i also give up just because the other person suddenly did?'

-Kim Sam Soon
In My Name is Kim Sam Soon(Korean Book/Drama)
Written by: Ji Su-Hyun

Im reading Kim Sam Soon accidentally ko syang nakita sa NBS type ko iyong korean drama and since di ko sya naoanuod ng buo bumili ako ng book for remembrance. Waaa ubos budget ko.

37. Attack

Ramdam nya ang sakit.

Halos hindi sya makahinga.

Muling tumulo ang luha sa mga mata ni Angela.

Tatlong araw na syang puro iyak ang ginagawa.

Nakahiga duon sa single bed sa madilim na kwarto na inupahan nya.

Its been three days ngunit kapag naalala nya ang mukha ni Dylan kusang tumututulo ang luha sa mga mata nya.

Grabe naman kasi ito.

Ang sakit kasi na hindi sya magawang paniwalaan nito.

Oo ilan beses nang nangyari na mas kinakampihan nito si Brena.

Pero nangako kasi sya.

Dapat kahit hindi sya kilala nito dapat ramdam nito na marunong syang tumupad sa pangako.

Dapat subconciously aware ito na ang sumira sa pangako ang hindi nya kayang gawin.

Namaluktot sya at niyakap ang isang unan.

Madilim sa apartment nya, hindi sya nag-abala na buksan ang bintana.

Pagdating nya rito three days ago dumeretso sya sa kama at umiyak lang ng umiyak.

Walang nakakaalam kung asan sya.

Wala syang pinagsasabihan.

Naka open parin naman ang cellphone for her to become updated.

Binabasa nya ang mga messages at pinapakinggan ang voice mail nina Gelo, Landon, Jayzen at Yna. Kahit naman ganito sya

hindi nya pwedeng pabayaan ang mga dapat nyang gawin.

Muling tumunog ang cellphone nya.

Hinanayaan nya lang iyon mayamaya naman makukuha na iyon ng voice mail.

"Where the hell are you Angela!" Napaupo sya ng marinig ang boses ni Dylan.

Nanginginig ang kamay na kinuha nya ang cellphone nya.

"Go home Angela. Nag-aalala na ang lahat sayo."

Ngumiti sya ng mapait.

"Kasama ka ba sa mga nag-aalala?"

"Fuck Angela! Umuwi kana! Come back home bago ako mabaliw dito."

Tumulo ang luha sa mga mata nya.

Alam nyang hindi parin ito nakakaalala.

Ang Dark King nya hindi ganon ang sasabihin sa kanya. Meron itong salita na kapag binanggit nito malalaman nya na

nakakaalala na ito.

"Damn it! Kapag nahanap kita sisiguraduhin ko na itatali na kita talaga-."

Pinutol nya na ang pakikinig at muling binagsak ang sarili sa kama.

When she said she is done, she really mean it.

Dahil talagang napapagod na sya.

Pagod na syang maghanap maghabol at magpaalala.

Ipinapaubaya nya na kay Dylan ang lahat.

Kung maalala sya nito eh di masaya sya.

Kung hindi naman. Eh di mamatay sya.

Nakaya nyang mabuhay ng anim na taon kahit wala ang binata dahil pinanghahawakan nya ang pangako nito, nakakatiis sya.

kahit masakit.

...kahit mahirap.

But now alam nyang nasa kamay na nito ang lahat at kapag sa huli hindi parin sya nito maalala alam nya at sigurado syang unti-unti syang mamamatay.

Because Dylan Santiago is her life.

A few days later.

Matamang pinagmamasdan ni Gelo ang mga armadong lalaki sa harap nya.

Palakad lakad ang mga ito sa loob ng cafeteria habang siya at ang mga schoolmate nya ay nakatali at nakaupo sa sahig.

Ilan beses na syang napapamura.

Hindi nya alam na mauuwi sa ganito ang lahat.

Maayos silang kumakain kanina ng makatanggap sya ng text and 30 minutes after that sunod-sunod ang pumasok na mga armadong lalaki.

Hostaging all of them and they are the Snake syndicate.

Narinig nyang marami pa ang mga ito na nakapasok dito sa University.

Pinatabi ng mga ito ang mga mesa at pinaupo sila sa sahig at tinali ang mga kamay nila patalikod.

Umiiyak na ang mga babae sa sobrang takot.

Katabi nya si Quincy na nakaupo.

Andon din sina Brena, Janice si Maelyn Carlos at si Dylan na may mga pasa.

Si Dylan ang kanina pa nya tinitignan.

May sugat ito sa gilid ng noo mula sa pagkakahampas ng baril.

Walang emosyon ang mukha nito pero alam nyang nagtataka ito.

Pagkapasok kasi ng mga sindikato ito kaagad ang inabot at binugbog. And watching him like that hindi nya maiwasan mapangiwi.

Lagot sya.

Lagot sya kay Angela pag nakita nito ang itsura ni Dylan.

"D-dylan s-sino ba sila na natatakot ako paano kung patayin nila tayo." Umiiyak na sabi rito ni Brena.

Halos isiksik nito ang sarili kay Dylan sa takot.

"Hindi ko alam kung anong pakay nila. But im sure that they are the Snake Syndicate." Nakatiim bagang na sagot nito sa babae.

Sabay-sabay silang napatingin ng bumukas ang pinto.

Pumasok ang mga armado pang lalaki.

Lumapit ito sa tapat nila.

Naramadaman nya ang pagkapit sa kanya ng mahigpit ni Quincy.

"Ikaw ba si Dylan Santiago." Tanong ng isa kay Dylan.

Walang takot nasinalubong ito ni Dylan ng tingin.

"Ako nga."

"Pare suwerte natin andito iyong pakay ni Boss." Wika ng nagtanong kay Dylan sa kasama nito.

"Anong kailangan nyo sakin?" Si Dylan.

"Kami wala kaming pakay sayo pero ang boss namin meron, napakalaki ng atraso mo sa kanya sa Santiago!"

"What the fuck do you mean?"

Napasigaw si Brena at ang ilang babae duon ng suntukin si Dylan ng kausap nito.

"Huwag kang magtanong dahil malalaman mo din ang lahat kung ako sayo magdadasal na ko dahil ito na ang huling-araw mo."

Hindi naman nagpatinag si Dylan. Tinitigan lang nito ang ang lalaki.

Walo. Walong armadong lalaki ang nasa loob ng cafeteria.

Kung makakawala lang si Gelo alam nyang kaya nya ang mga ito kahit wala syang baril.

Ngunit hindi sya sigurado sa kaligtasan ng mga kasama nya.

"Mas maganda sana kung andito din iyong babaeng may asul na mga mata, kung parehas natin silang maihaharap sa dalawang

boss tiyak na malaki ang premyo natin."

Mabilis ang ginawang paglingon ni Dylan nang marinig ang sinabi ng isa pang sindikato.

"Oo nga matagal na kong nanggigil sa Fuentebella na yan parang palos ang hirap patayin taon na ang binilang buhay parin.

Kapag nahuli ko ang babaeng yan hihingiin ko sya kay boss, makabawi man lang sa hirap."

"Patay na." Kitang kita ni Gelo kung paanong ang mahinahong mukha ni Dylan ay naging mabangis.

Kailangang maawat nya ito bago ito may gawin na ikakasama nito.

"Dont you dare touch her." Mahina lang ang pagkakasabi nito nuon pero ramdam mo ang galit at pagbabanta sa boses ni Dylan.

Tumingin naman ang sindikato kay Dylan.

Napaatras ito ng bahagya ng makita nito ang mga mata ni Dylan.

Natakot ito. Pero naisip nito na ito ang may hawak na baril kaya wala itong dapat ikatakot.

Kaya naman nakangisi nitong tinignan si Dylan.

"At anong gagawin mo samin Santiago kapag nahawakan namin sya? Wala diba, baka nga sa harap mo pa patayin ng boss ang babaeng iyon."

"Touch her and im going to sure i'll kill you all of you." he said, his eyes is darkening.

Kahit si Gelo nangilabot sa sinabi Dylan.

Hindi nya kilala si Dark King tanging ang Good boy Dylan lang ang kilala nya.

Nakilala nya lang ito sa kwento nina Jayzen sa mga litrato at sa mga video.

Ngayon habang nakatitig sa binata na walang takot na nagbanta sa mga armadong lalaki , habang nakatingin sa itim na mga

mata nito. Unti-unti nyang narealize kung bakit kinakatakutan ang binata.

He indeed a Dark King dahil sa titig palang nito mangingilabot kana.

"Ang tapang mo, eh kung ngayon palang patayin na kita." Itinutok ng lalaki ang baril nito kay Dylan.

Wala namang pinakitang takot si Dylan.

"D-dylan." Si Brena.

"Hoy Brutos tama na yan hindi mo ba narinig si Boss? Sya ang tatapos dyan." Pinigilan ng isa pang lalaki si Brutos.

Binaba naman ni Brutos ang baril pero matalim ang tingin kay Dylan.

"Kapag nahuli namin ang Fuentebella na yun siaiguraduhin ko na makikita mo kung paano ko sya pahirapan, at pagsawaan."

"Tama na Dylan." Mabilis na pinigilan ni Gelo ang binata ng aktong tatayo ito.

" Hindi makakatulong yang gagawin mo." Dagdag nya pa.

Kahit labag sa loob sumunod si Dylan sa kanya.

"Habang naghihintay ako ng utos dito muna ako makikipaglaro sa inyo." Sabi ng Brutos.

Nagsipagyukuan ang mga babaeng nandun nang tignan ni Brutos ng puno ng pagnanasa ang mga ito.

"Shit." Mura nya sa isip.

At sunod-sunod na mura pa ang pinakawalan nya ng makita nyang hinablot nito si Maelyn.

"Ahhh huwag po."

Kinadkad ito papunta sa gitna at tinulak.

"Ang alam ko kaibigan ka ng babaeng iyon sa tingin mo kung papatayin kita ngayon kusa na syang lalapit samin."

Takot na takot na sumiksik si Maelyn sa nagkalat na upuan lalo na ng tutukan ito ng baril.

"H-hwag po."

"Tangna huwag kang mamdamay ng iba, bakit di na lang ako ang patayin mo." Si Dylan.

Nilingon ito ni Brutos.

" Darating tayo dyan Santiago. Kaso hindi ako ang papatay sayo kaya pagtyatyagaan ko na lang to."

Ang mga kasama ni Brutos napapailing na lang.

"Naglaro na naman yang baliw na yan." sabi pa ng isa.

Muling binalingan ni Brutos si Maelyn.

"Mga pare koy pwede bang paglaruan ko muna ito bago patayin."

Lalo namang natakot si Maelyn.

Nag-iisip si Gelo ng maaring gawin para mailigtas si Maelyn ng bigla nalang nabasag ang binatanang salamin ng cafeteria.

Lahat napatingin duon.

Napangisi sya lalo na ng muli syang tumingin sa pwesto ni Maelyn at makita ang taong nakatayo sa pagitan nito at ni Brutos.

"Bakit hindi tayong dalawa ang maglaro?" Tanong ng nakangising si Angela.

Napangisi si Angela nang mabasa ang pagkagulat sa mukha ni Brutos.

"P-paano kang napunta dyan." Gulat na gulat na tanong nito.

"Tss. Magic." Nang-aasar na sabi nya.

Mukhang nakabawi naman ito sa pagkabigla.

Inayos nito ang pagkakatutok ng baril sa mukha nya.

"What the fuck are you doing umalis ka dyan Angela!" Narinig nyang sigaw ni Dylan.

Hindi nya pinagkaabalahang lingunin ang binata.

"Well bakit ko pa itatanong kung bakit ka andito mas maganda nga iyon, ikaw na ang lumapit matutuwa ang boss sa amin. Alam

mo bang ang utos sa amin? Dalhin ka patay man o buhay pwedeng pwede kitang patayin ngayon."

"Fuck you! Magkasugat lang yan kahit galos babalatan kita ng buhay!"

Kumabog ang puso nya sa sinabing iyon ni Dylan.

Bumilis ang tibok ng puso nya pero hindi nagbago ang ekpresyon ng mukha nya at muli hindi nya ito

sinulyapan.

Tumawa naman si Brutos sa narinig.

"Anong gagawin mo Santiago? Ako ang may hawak ng baril, ikaw ang nakatali. May magagawa kaba kung bubutasan ko ang

bungo ng babaeng ito?"

Matalim na tingin ang binigay rito ni Dylan.

She smirked.

"Ikaw nga ang may hawak ng baril, pero siguraduhin mo na nakahawak ka ng mahigpit dahil hindi ako magdadalawang isip na

iputok sayo yan kapag ako na ang may hawak nyan."

"Wow ang tapang. Im scared." Nang-aasar na sabi ni Brutos sa kanya.

Ngisi naman ang ginanti nya rito.

"Yes you should be scared asshole!" Napikon yata ito sa sinabi nya.

Napamura si Dylan ng umakto na kakalabitin ni Brutos ang gatilyo.

Ngunit simbilis ng kidlat, sa isang kisap mata naagaw nya ang baril rito.

"Sinabi ko nang hawakan mo ng mabuti ang baril tignan mo naagaw ko tuloy."

Para itong natuklaw ng ahas, nakanganga pa ito at palipat lipat ang tingin sa kamay nito na nakataas parin at sa kamay nya na

may hawak na baril.

Nagsikasahan naman ng baril ang mga kasama nito.

Hindi naman sya natinag.

"G-gela." Takot na tawag sa kanya ni Maelyn.

"Shit!" Puro mura naman si Dylan.

"Huwag kang pakasiguro isang baril lang ang hawak mo samantalang pito ang nakatutok sayo. At ineng masamang naglalaro ng

baril lalo na kapag di ka marunong. Baka bumaliktad ang tama ng bala."

Lumuwang ang pagkangisi nya.

"Koreksyon apat na baril lang ang nakatutok sakin. And i know how to play guns kahit itanong mo pa kay pareng Lester."

Napalibot ng tingin si Brutos.

Tinignan kung tama ang sinabi nya.

Apat nga sa mga ito ang nakatutok ang baril sa kanya. At ang tatlo na natira pa, nakatutok ang baril sa apat na natira.

"Tama ang sinabi nya dont underestimate her, she can kill you if she want."

"Putang-ina traydor ka Lester."Ang talim ng tingin dito ni Brutos.

"So anong gagawin mo?" Nang-aasar pa ang boses nya.

"Bwisit ka." Sa galit yata nito sinugod sya.

Umiwas sya.

Mabilis din napigilan ng tatlo nyang kasama ang apat na magpaputok ng baril.

Isang atake lang ang ginawa nya at bumagsak si Brutos.

Pigil pigil na nina Jayzen, Marcus at Lester ang apat pa na ang mga baril ay nasa lapag na.

Tatayo pa sana si Brutos nang itutok nya ang mismong baril sa noo nito.

Nakita nya ang pagdaan ng takot sa mata nito na dagli ding nawala.

"Iputok mo! Nasayo na ang pagkakataon para patayin ako, kung kaya mo. Sigurado akong hindi kapa nakakapatay nagtatapang

tapangan ka lang. Anong magagawa-."

"Ahhh."

Napahinto si Brutos at nagsigawan ang mga naruon ng magputok sya at barilin ang apat na pigil pigil ng mga kasama nya. Lahat

sa dibdib ang tama at isa-isang bumagsak sa sahig.

Sa mga kamay nya dalawang baril na ang hawak nya. Ang baril ni Brutos at ang baril nya na may silencer na ginamit nya a

second ago.

Takot na takot ang tingin na binabato sa kanya ng mga schoolmate nya habang nagulat naman si Dylan. While Gelo just looking.

"A-p-paano m-...e-stu-" Putol putol at punong puno ng takot ang boses ni Brutos.

Hindi nito sukat akalain na magagawa nya iyon. Apat na lalaki ang binaril na hindi man lang tumingin sa target nya.

Gumapang na ang takot sa buong sistema ni Brutos lalo na ng makita nito ang blankong asul na mga mata nya.

"Naniniwala ka na? Na kaya kong patayin ka ngayon?"

"S-sino ka ba?"

"Ako? Ako ang Anghel ng kamatayan na maghahatid sayo sa impyerno. Pero bago yun saang parte dito naruon si Hidalgo?"

Kahit puno ng takot tumigas ang mukha ni Brutos .

"Patayin mo na lang ako pero hindi ko sasabihin sayo kung nasaan si boss?"

"Wow. Loyal ka kuya, but mabuti pa sabihin mo na, mainit ang ulo ko ngayon baka sayo ko maibaling , mapatay talaga kita."

"Hindi ko sasabihi-."Kasabay ng muling sigawan ay ang pagbulagta ni Brutos, sa dibdib nito umagos ang dugo.

"Tss sinabi ko nang bilisan ang pagsagot."

Ang mga sinabi nya ang huling ingay na narinig sa cafeteria pagkatapos ay katahimikan na.

Bakas sa mukha ng mga naruon ang pagkabigla sa mga pangyayari lahat din takot na nakatingin sa kanya maliban kay Dylan.

"A-anong ginawa mo p-pinatay mo sila." Sabi ni Brena na hindi nya pinansin.

Dahil sa unang pagkakataon tinignan nya si Dylan.

Nagtama ang mga mata nila.

Nakita nya ang mga pasa nito, ang mga sugat.

A few minutes pass inalis nya ang tingin dito at sumandal sa pader habang nakatingin sa basag na bintana.

"What the hell is happening?" galit na sabi nya na ang mga mata ay nasa bintana padin.

"B-biglang nagbago sila ng plano, A." Mabilis na sagot ni Gelo napatingin ang lahat dito na may pagtatanong.

"A. S-sinubukan namin pigilan pero mabilis sila." Si Marcus.

"Ano bang nangyayari Gelo at bakit A ang tawag nyo kay Angela?" Takang tanong ni Brena at muli walang pumansin dito.

"Come here." She said.

Nilapitan ni Jayzen si Gelo at kinalas ang pagkakatali nito.

Sabay-sabay na lumapit ang tatlo sa harap nya. Maliban kay Lester.

Nagsinghapan ang lahat ng sinikmuraan nya ang tatlo at napaluhod ang mg ito sa harap nya.

"Im enjoying my fucking vacation at the beach, nasa kasarapan na ko ng paglangoy when i fucking received a message saying

that all is fucke up here. What the hell! Didnt i gave each one of you a fucking work, so how can everything turn out like this!"

Alam nya mas lalong natakot sa kanya ang mga schoolmate nya pero wala syang paki.

Naiinis sya. Bad trip sya, hindi pa sana ito ang oras ng pagbalik nya pero dahil sa lintik na gulong ito andito na siya.

Walang sumagot sa tatlo tinignan nya si Lester na iniwas ang tingin sa kanya.

Bumukas ang pinto awtomatiko tumaas ang kamay nya na may mga baril.

Isang babae at isang lalaki ang pumasok na natigilan ng makita sya.

Napamura ang mga ito.

Mabilis na pumasok sa loob at sinara ang pinto.

Ibinaba naman nya ang baril.

"A." Tawag sa kanya ng babae.

"Yna. Kent." she coldly said.

Nagulat ang lahat ng tulad ng tatlo lumuhod din ang dalawa sa harap nya.

Pawang nakayuko ang lima.

"Sorry we fucked up hindi namin naagapan ang mga pangyayari." sabi Yna.

"Last 3minutes bigla silang nagbago ng plano nakatunog sila na may patibong the next thing we knew sumugod na kami rito." Si

Kent.

"Pumalpak kami A. And we are willing to take the punishment for that." Si Jayzen.

"10 days hard training to all of you. Buong araw."

Sabay sabay na nanlaki ang mga mata ng mga ito sa sinabi nya pero walang kumontra.

"Where is Hidalgo?"

"Andito rin sya. We dont know his exact location, nagtago sya kaagad. Nagbigay lang sya ng utos na dalhin sa kanya si... si Dylan Santiago."

Dumilim ang mukha nya.

Inilagay ang mga baril sa jacket na suot at naglakad papuntang pinto.

"A, saan ka pupunta?" tanong kagad ni Yna na humarang sa dadaanan nya.

"Hahanapin si Hidalgo."

"No. Hindi ka pwedeng lumabas A." Humarang din sa dadaanan nya si Gelo.

Sumunod si Marcus, Kent at Jayzen.

Tinignan nya ng matalim ang lima.

"A. Hinahanap kadin nila. Hindi katulad ng kay Dylan, ikaw buhay o patay ihaharap ka sa dalawang boss." Si Gelo.

"So."

Napahilamos naman si Jayzen.

"A. Kapag lumabas ka dun higit limampung baril ang itututok sayo. Mapanganib kapag nakita ka nila."

"At you think na matatakot ako dahil dun?"

"Please A hindi ka nilang puwedeng makita dito."

Ti.ngnan nya ng matalim si Marcus.

"Do you want die. All you. Inuutusan nyo ba ako!"

Napaatras ang lima ng humakbang sya.

"Whoa chill A. Hindi ka namin inuutusan. Ganito na lang, give us time, kami ang maghahanap kay Hidalgo, walang maghihinala

sa amin dito after that kapag bigo kami ikaw ang maghanap."

Mataman nyang tinignan si Jayzen.

"Okay. 30minutes just a fucking 30minutes kapag natapos iyon at wala kayong Hidalgo na ihaharap sakin,

Ako mismo ang hahanap at dadagdagan ko ng another 10days ang parusa nyo."

Nagtinginan ang lima pero tumango.

Lumabas sina Yna, Marcus at Jayzen, naiwan si Gelo at Kent.

Lumakad naman sya papunta sa upuan na nasa harap at naupo duon.

Binuksan nya playlist nya at pumailanlang ang boses ni Selena Gomez singing The Heart Want What is

Want song nito.

"Gelo ano bang nangyayari?" Tanong ni Quincy kay Gelo na walang kibo na nakatayo lang sa harap.

Takang taka na ang mga ito kung ano ang nangyayari.

Bumuntunghininga naman si Gelo.

"Ipapaliwanag ko but not now, isa lang ang masisigurado ko hindi namin kayo sasaktan."

"Sa tingin mo paniniwalaan ka namin. She killed four people ayan pa ang bangkay sa harap namin." Matalim syang tinignan ni

Janice

"Ano na naman to Angela. Papatayin mo na si Daddy sa sobrang kunsimisyon sayo. And mas lumalala kapa youre killing people

now. Im really sure na ipapakulong ka talaga ni Daddy sa mga pinaggagawa mo."

"Believe me sister hindi matatapos ang araw na ito isa sa amin ni Raul ang mamatay."

Nanlaki ang mga mata ni Janice sa sinabi nya nagbulungan din ang iba.

"W-what do you mean? Papatayin mo si Dad? B-but he is your f-father."

She smirked itinaas ang baril at tinutok dito.

"Ang dami mong tanong do you want to die too. Mauuna kana sa daddy mo, you want?"

"Angela!"

"Gela!"

O diba sabay sabay na binanggit ng mga ito ang pangalan nya.

Nanlaki naman ang mga mata ni Janice sa takot.

"Stop it Angela." Si Brena na hinarang ang katawan kay Janice. "Mali na yang ginagawa mo, hindi namin alam kung bakit

ginagawa mo to, pero hindi ako papayag na saktan mo ang kung sino man sa mga estudyante dito."

"Okay di ikaw na lang ang uunahin ko." she boredly said habang di binababa ang baril.

"A-ano?"

"Huwag kang umalis dyan mauuna kang mamatay sa kanya."

"A, stop it." Si Gelo na hahakbang sana sa kanya ngunit huminto ng tignan nya ng matalim.

"A, wala ito sa plano." Si Kent.

Hindi sya umimik. Nanatili lang nakataas ang baril nya at nakatutok kay Brena.

"Stop it Angela." Sa pagkakataong iyon si Dylan ang sumaway sa kanya. Hinarang din nito ang katawan sa harap ni Brena.

Ngumiti sya ng mapait.

"Stop it!" Ulit ni Dylan na deretsong nakatitig sa mga mata nya.

Nakaramdama sya ng kirot sa dibdib, still nanatili ang blanko nyang ekspresyon. Hindi nya rin iniiwas ang mata kay Dylan.

Minutes pass, walang bumibitaw sa tinginan nila. Walang gumagalaw sa puwesto.

Not until sumapit sa huling linya ang kanta, saka nya lang ibinaba ang baril.

Nanghihina na isinandal ni Brena ang ulo sa likod ni Dylan.

"Thanks Dy."

Bumaon ang mga kuko nya sa kanyang palad ng mariin nyang ikinuyom iyon.

Lalo na ng lingunin ito ni Dylan at ngitian.

Nagring ang cellphone nya and she hit the loud speaker button.

"A. You need to get out of there fast Hidalgo is coming alam nya nang andyan kayo ni Dylan." Si Yna.

"Shit!" Napamura sya sa narinig.

Tumayo at sumilip sya sa pintuan. Bakante pa ang pasilyo, she is sure na nilinis iyon nila Jayzen kanina.

"Kailangan maialis natin sila lahat dito A," Si Gelo na kinakalagan na ang mga naruon the moment na narinig ang balita ni Yna,

pati sina Kent at Lester ay tumulong na.

"Where are you?" Tanong nya kay Yna.

"Nasa South side kami building H. Hinaharang na sila ng team."

"Buy us time para mailabas lahat ng estudyante dito, is that clear?"

"Yes A."

Pinutol nya na ang tawag.

"Lalabas ako. Kent, Gelo kayo na ang bahala maglabas sa kanilang lahat dito. Sa gym kayo pumunta." Utos nya na hindi inaalis

ang tingin sa labas.

Pahakbang na sya palabas ng may mga kamay na humawak sa braso nya at hinila sya papasok.

"What the-." Humarap sya, sumalubong sa kanya ang galit na mukha ni Dylan.

"Let go!"

Dumiin ang pagkakahawak nito sa kanya.

"Are you out of your mind, haharangin mo sila ano ka bullet proof? Hindi tinatablan ng bala?"

"Wala-." Hindi sya nito pinakinggan humarap ito kay Kent.

"Give me a gun K."

Natulala si Kent. At kahit sya nagulat sa tinawag nito kay Kent.

"I said give me a fucking gun K!" He didnt shout but the command is visible in his voice.

"Y-yes D-d." natatarantang hinagisan nito ng baril si Dylan, who caught it expertly.

"Sa Gym tayo, i want all you to move fast walang hihinto lalo na kapag nakarnig ng putok ng baril just keep running okay."

Nagsitanguan ang mga naruon.

"D-dylan im scared." lumapit si Brena sa binata at humawak sa braso nito.

"Its going to be okay. Dont worry Brena!"

Tumiin ang bagang nya sa narinig.

Tangna kung maglambingan parang wala sya.

Hinila nya ang braso na hawak padin ni Dylan at tulad kanina hindi ito bumitaw.

"Bitaw nga!" Inis nyang sabi rito.

Tinignan naman sya nito, wala syang mabasa kahit ano sa mukha nito habang nakatitig sa kanya.

"Tss. Bitaw, titigan mo lang ba ako at hihintayin ang mga taong iyon na pagbabarilin tayo. Let go!" Inis na ulit nya dahil kahit

anong hila nya di parin ito bumibitaw.

"Dylan." Kahit si Brena nagtataka na sa binata.

"D, A. We need to move now." Si Gelo.

Kumilos na si Dylan lumapit ito sa pinto at sumilip hawak-hawak padin sya.

"G, K and you." Itinuro nito si Lester. "Lead the way kaming bahala sa likod." he command.

Tumango ang tatlo. What the? Bakit ito ang nag-uutos?

"Sa likod ka mauuna ako, haharangan ko na sila, to make sure na walang makakasunod." She said na di parin pinansin ng binata.

"Kent, Gelo, what the hell?" Inis na sabi nya nang makitang susunod ang mga ito.

Napakamot sa ulo ang dalawa.

"Sorry A, si Dark King yan di pwedeng di kami sumunod."

Nanlaki ang mga mata nya sa sinabi ni Kent.

"Sorry A, Its King's order." Sabi din ni Gelo saka lumabas ang mga ito.

The fuck.

Tinignan nya si Dylan na nakangisi.

"Dark King?" Si Brena na nagtatanong ang tingin kay Dylan.

"Saka na ko magpapaliwanag, we need first to get out of here."

Sumunod na ang lahat palabas ng cafeteria sa pangunguna ng tatlo at tulad ng nangyari sa likod sila ni Dylan.

At hawak-hawak parin sya ng binata.

"Shit! Can you fucking let go of me di ako makakilos ng maayos" Singhal nya rito.

"No."

Naiinis na talaga sya, sa inis nya pinatid nya si Brena.

"Ahh." Tili nito nang madapa.

At tulad ng inaasahan nya binitawan sya ni Dylan para tulungan ito.

"A-ang sakit." Daing ni Brena habang tumatayo.

"Why did you do that?"

"Tss. Eh di binitawan mo rin ako. Yang girlfriend mo ang alalayan mo wag ako."

Natigilan si Dylan sa sinabi nya.

May sasabihin sana ito ng may mahagip ang mga mata nya.

Napamura sya at mabilis na itinaas ang baril at tinutukan ang lalaki na babarilin sila.

Naunahan nya ito.

"Shit." Mura nya ng sunod-sunod na pumailanlang ang putok ng baril.

"Takbo bilis." Utos nya kay Dylan na pinangko na si Brena dahil mukhang napilayan sa ginawa nyang pagpatid.

Patuloy din sya sa pagbaril.

Nakapasok na ang lahat sa loob ng Gym at silang tatlo nalang ang hinihintay.

Sa pintuan nakikibaril na din sila Gelo.

"Shit!" Mura nya ng muntik nang tamaan si Dylan.

Huminto sya sa pagtakbo, inilabas ang dala na isa pang baril at pinaputukan ang mga lalaking papalapit sa kanila.

Not minding na open na open sya at maaring tamaan ano mang oras.

"Fuck! Angela come here!" Sigaw ni Dylan na nasa pintuan na at binababa si Brena.

Hindi sya gumalaw o lumingon.

She need to concentrate. Kumurap lang sya tiyak na mauunahan sya ng mga kalaban nya.

Then she felt an arm snaked in her waist. Pati ang dibdib na nasandalan ng likod nya nang hapitin sya papalapit ng may ari ng

brasong iyon.

She saw another Dylan's arm na may hawak na baril at nakikibaril sa mga kalaban.

Bumabaril sila habang humahakbang paatras.

Huminto lang sila ng makapasok na sa loob ng gym at maisarado ang pinto.

Inilayo sya ni Dylan sa pinto ng tumatagos pa din ang bala duon.

Nakita nya sina Gelo Kent at Lester na bumabaril sa second floor, sa may bintana.

Hanggang sa unti-unting tumahimik ang paligid.

Si Dylan nasa likod padin nya at nakahawak sa bewang nya.

Naramdaman nya ang paghalik nito sa buhok nya.

"Dont do that again Angel."

Napatuwid sya ng tayo ng maramdaman ang labi nito sa tenga nya.

"Wala nang kalaban sa labas." sabi ni Gelo na bumababa sa hagdanan.

Mabilis naman syang lumayo kay Dylan.

"Alamin mo ang status nila Yna." Utos nya kay Gelo.

"D-Dylan are you okay." Iika-ika na lumapit si Brena rito.

"Lahat kayo magtago sa ilalim ng mga upuan. Semento yan kaya hindi tatagos ang bala. Yung iba sa locker room walang lalabas

hanggat di namin sinasabi." Malakas na utos nya sa mga naroon na mabilis naman na sumunod.

Nakita nyang pumuwesto ang mga kaibigan nya sa mga sementadong upuan ng gym.

"Ikaw do you want to die?" Tanong nya kay Brena nang hindi ito umaalis sa tabi ni Dylan.

"Hindi ko iiwan si Dylan."

She smirked. "Di isama mo para walang panggulo dito." She earned a stared to Dylan nang sabihin nya iyon.

"Go Brena okay lang ako dito." Sabi nito.

"P-pero-."

"Go Brena!" Napapitlag ang babae nang sumigaw si Dylan. Wala itong nagawa kundi ang tumango at sumunod.

Eksaktong nakapagtago na ito ng biglang may sumabog.

Nakita nya pa ang pagkawasak ng pintuan ng gym bago nya naramdaman ang paghila sa kanya ni Dylan at pagyakap nito.

Napaubo sya at napapikit nang naging mausok ang paligid.

At nang imulat nya ang mga mata, damn it to hell dahil pinalilibutan na sila ng mga armadong lalaki.

And a very familiar man is walking toward them.

++++Helliza's Note

Hi

Sorry for late update naka down iyong wifi kaya heto ako ngayon sa cafe nag-update.

Pasensya na sa mga error babalikan ko nalang pag may wifi na ko.

Thanks.

38. Attack 2

"**Well look whos here?"**

Panay ang mura ni Angela habang pinagmamasdan si Fred Hidalgo na nakatayo sa harap niya.

Fred Hidalgo the second lider of snake sydicate. A businessman, na nakuha ang kayamanan sa panggugulang, panloloko at pagbebenta ng drugs.

"The almighty Darking and the Beautiful blue eyed Angela. Ilan beses kong pinangarap na makaharap kayo, especially you Dylan Santiago."

Tinutukan nito ng baril si Dylan na nasa harapan nya at pilit syang itinatago sa likuran nito, na para bang mahaharang nito ang mga bala na ibabaril sa kanila.

"Do you still remember the day Dylan? The day you almost killed my son, do you still remember the name Wesley Hidalgo, do you?" Sinuntok nito si Dylan sa mukha.

She clenched her teeth, aktong haharapin nya ito ng higpitan ni Dylan ang pagkakahawak sa braso nya.

"Oh, nakalimutan ko may amnesia ka nga pala sorry my bad. Hayaan mong ipaalala ko sayo. Wesley Hidalgo ang anak kong halos mapatay mo sa bugbog sa isang bar anim na taon na ang nakakaraan. Ang anak kong baldado ngayon at nakakulong sa wheel chair. Ang lalaking nahumaling lang naman sa ganda ng lintek na babaeng iyan."

Dinudot nito ng baril ang ulo nya that make Dylan growl.

"Hahaha that, that the same reaction na nakuha sayo ng anak ko. Binugbog mo sya ng walang dahilan."

"Tss walang dahilan, your son almost raped me!" She said na umani ng matalim na tingin kay Hidalgo.

"Shut up Angela." Saway ni Dylan sa kanya.

"Kasalanan mong babae ka inakit mo ang anak ko."

"Itsura ng anak mo, aakitin ko?" Inis na bulong nya.

"Shit shut up!" Mariin na bulong ni Dylan sa kanya.

"Anong sabi mo?" Di sya sumagot deretso lang na tumingin sa mga mata ni Hidalgo.

Ngumisi naman ang lalaki.

"Ang laki ng pinagbago mo Angela Fuentebella. From a very timid girl to a fighter and bad girl sa tingin mo pagiregalo kita sa anak kong baldado matutuwa kaya sya."

Lalong humigpit ang pagkakahawak sa kanya ni Dylan. Kulang nalang isiksik sya nito sa katawan nito.

"Touch her and i will kill you!" Dylan said.

"And the same Dylan Santiago. May amnesia ka ba talaga? Sabagay ilan taon din kitang minatyagan

nasaksihan ko ang mga pagbabago sayo. Minsan nga naisip ko maling tao ang sinusubaybayan ko. So diffrent from a man who beat my son. You know dapat matagal ka nang patay, ilan beses naming tinangka pero may kung sinong promoprotekta sayo. Pag hindi umuuwing bigo ang mga tauhan ko nahuhuli sila o naglalaho na lang bigla."

Inilibot nya ang tingin sa paligid 50 plus ang mga armadong nakapaligid sa kanila kasama ang grupo nya.

Isa-isa nyang tinignan ang mga kasama nya, nakuha naman ng mga ito ang gusto nyang ipahiwatig.

"The same with this lady, bakit ang hirap nyong patayin. Kaya naman nainip na kami ng partner ko, kami na ang kumilos para mapatay kayo." Ngumiti ito at tinutukan ulit ng baril si Dylan. "Uunahin na kita."

Pinisil nya ang kamay ni Dylan, gumanti ito ng pisil.

"Be ready." She whisphered na sa mga kasama nya nakatingin.

She mentally count from 1,2,3. Kada bilang nya pinipisil nya ang kamay ni Dylan.

And when she reached in three she move kasabay ng paggalaw din Dylan at mga kasama nya.

Nakanganga lang sina Maelyn Carlos at Quincy sa eksenang napapanood habang nakasiksik sa sementadong upuan.

Parang may gera dahil sa lakas ng putukan ng baril.

May mga naglalaban din.

Napa- oh sila ng makita nila si Gelo na pinabagsak ang kalaban nito in one solid kick.

"Wow si Papa Gelo ba yan?" si Carlos.

"Ngayon ko lang sya nakitang ganyan." Si Maelyn.

"Tama." Tumango-tango si Quicy.

"But look at Angela and Dylan." She said.

Dylan and Angela fight together.

Nakikipaglaban ang mga ito habang hawak hawak ni Dylan ang kamay ni Angela.

They fight as is they are dancing.

Sycnhronize na synchronize ang mga galaw ng dalawa.

Dylan's protecting Angela, and Angela protecting him.

Kita ng tatlo na sa tuwing may tatamang suntok o sipa kay Angela si Dylan ang gumaganti.

Sa tuwing natutukan ng baril si Dylan si Angela ang galit na unang bumabaril.

"Nakita ko nang makipaglaban si Angela, alam kong magaling sya pero iyong pinapakita mya ngayon, masasabi kong sobrang galing talaga niya."

Angela's move is fast sure and lethal isang sipa at suntok lang nito napapatumba at napapatulog na ang kalaban.

Impit na napatili ang tatlo ng may tumamang bala sa upuan na kinatataguan nila.

After a minutes muli silang sumilip.

"Nakikita nyo ba si Dylan? Ngayon ko lang sya nakitang ganyan look at him, ang galing nya rin." Si Quincy.

"Parang ibang-iba sya sa Dylan na nakilala natin." Maelyn

Eksperto at solido din ang galaw ni Dylan tulad ni Angela isang suntok o sipa lang napapatulog na nito ang kalaban.

Napansin pa ng apat ang itim na aura nito lalo na kapag nasasaktan si Angela.

"Yeah he definitly not the Dylan that we knew." Sang-ayon ni Carlos.

Fred Hidalgo look at his surrounding hindi sya makapaniwala na may mga traydor sa samahan nila.

Nakikita nya rin ang pagkatalo ng mga tauhan nya.

Kaya pala ilan sa transakyon at plano nila ay napupurnada at pumapalpak may kumakalaban talaga sa kanila.

Nakaramdam sya ng matinding galit.

Galit sa kung sino man ang may pasimuno nuon.

Tinignan nya ang dalawang taong dahilan kung bakit andito sila sa pesteng eskuwelahan na to.

Galit na galit ang partner nya kay Angela Fuentebella.

Nafreeze ang mga account ng partner nya at si Angela Fuentebella ang pinahihinalaan nito.

Napapitlag sya ng tamaan ng baril ang tauhan nya na nasa harap nya at promo-protekta sa kanya.

Itinaas nya ang baril at tinutok sa babaeng abalang abala sa pakipagsuntukan.

May napansin syang kakaiba dito.

Ilan beses na itong pinapapatay laging nakakaligtas.

Napansin din nila na nabubulilyaso ang mga plano nila kapag nasa paligid ang babae.

Sa London sa Maynila at ngayon dito.

Hinanda nya ang sarili para kalabitin ang gatilyo.

But that's the far he did, dahil biglang nagfreeze ang buong katawan at kusang nanginig dahil sa takot.

Dylan Santiago is standing infront of him.

Hinaharangan ang baril na nakatutok kay Angela.

Nakakatakot ang aura na nilalabasa nito at nakakakilabot ang tingin na binibigay sa kanya.

Humakbang ito at napaatras naman sya.

He tried to pull the trigger pero mabilis na naagaw ni Dylan sa kanya iyon.

"Dont you fucking dare to hurt her, kung ayaw mong maranasan ang sakit na hindi mo gugustuhing maramdaman.

Tumulo ang pawis sa noo nya.

"Hindi mo ako matatakot bata, sanay akong pumatay hindi ang katulad mo lang ang magpapatumba sakin." Matatag nyang sabi.

At nauwi sa tawa ang pagsasalita nya ng mula sa likod ni Dylan ay may tumutok din ng baril dito.

"Talo ka na bata kung ako-."

Napamulagat sya ng bumagsak ang tauhan nya, may tama ito ng baril sa may tyan.

"I-ikaw." Di makapaniwala na tinignan nya si Angela Fuentebella may hawak na baril na nakatutok sa kanya at humahakbang papalapit.

"Maybe, Im the one na magpapatumba sayo." Sabi nito.

Lalong tumagaktak ang pawis nya.

Muli nyang sinuri ang paligid, iilan na lang sa tauhan nya ang nakatayo.

At hanggang ngayon wala parin ang partner nya.

"Anong klaseng m-mga estudyante kayo. K-kaya mong pumatay." Halos di makapaniwala na sabi nya.

Nang makita nya ang mga tauhan sa labas na nakatumba, inisip nya na mayroong pulis silang kalaban.

Pero base sa paghawak at pagpuputok ng baril ni Angela Fuentebella, sigurado syang ito ang kalaban nila.

Malamig syang tinignan ng asul na mga mata nito.

"Sabihin na nating maling estudyante ang binangga nyo at maling eskwelahan ang inatake nyo. Ngayon ang gusto ko ilagay mo ang kamay mo sa ulo mo patigilin ang mga tauhan mo sa pag-atake o magmamatigas at dito ka na malalagutan mg hininga."

Hindi nya alam ang gagawin.

Di nya alam kung susundin nua ba ito o lalaban pa.

"Dylan!."

"Angela."

"**Shit**!" Napamura at mabilis na itinutok ni Angela ang baril na hawak kay Ramon Fuentebella na naglalakad papalapit sa kanila.

Napamura sya hindi dahil andun ang ama.

Napamura sya dahil sa taong kasama nito at walang kamalay malay sa panganib na dala ng ama nya.

"Dad." Sabi ni Dylan. Hindi nito alam kung ibaba o pananatilihing nakataas ang hawak na baril.

Napahinto naman sa paglalakad si Ramon at Ramil nang makita ang ginawa nyang pagtutok ng baril sa ama.

"A-angela, anong ginagawa mo?" Gulat na tanong ni Ramon sa kanya.

"Lumayo kayo sa kanya Mr. Santiago." She said.

"Angela whats happening?" Si Dylan.

"Ang sabi ko lumayo kayo sa kanya Mr. Santiago."

"Anak bakit mo ko tinututukan ng baril. Ang Daddy mo ito."

"Nahihibang na ba yang anak mo Ramon?" Si Ramil.

"Lumayo ka sa kanya Dylan baka saktan ka ng babaeng yan." Sigaw pa nito sa binata na palipat lipat ang tingin sa kanya at sa ama.

Si Hidalgo na sinamantala ang pagkakataon na tatakas sana ngunit mabilis na napigilan ni Yna.

"Bakit tinututukan mo ng baril si Daddy?" Lumabas naman sa pinagtataguan si Janice at nanlalaki ang mata na humakbang papalapit sa kanila.

"Sinabi kong lumayo kayo sa kanya Mr. Santiago."

"Ibaba mo iyang baril mo, bakit tinututukan mo ng baril ang sarili mong ama?" Tanong ni Ramil. Imbes na sundin ang sinabi nya.

"Dont you fucking dare to move." Sigaw nya kay Ramon ng umakto itong hahakbang papunta ka Ramil na tatlong hakbang ang layo rito.

"Move or i shoot you." she warned.

"Stop it Angela that is your father." Wika ni Dylan na di nya pinansin.

"Anak na kadrugs kanaman ba? Ako ito, ang ama mo. Ibaba mo ang baril anak pag-usapan natin ito. Ipapangako ko sayo hindi ka makukulong."

"Believe me Ramon. Ang makulong ang huling mangyayari sakin. Isang galaw pa ng kamay mo papunta dyan sa likudan mo iyan ang una kong papatamaan ng bala ko."

"Hindi mo yan magagawa anak, ano ba ang kasalanan ko?"

Nakita nyang patuloy na paggalaw nito.

Pinindot nya ang gatilyo ngunit mabilis na tinabig ni Janice ang kamay nya.

Sa taas tumama ang bala, at nang muli nyang itutok ang tingin kay Ramon.

May hawak na itong baril at nakatutok kay Ramil na ngayon ay gulat na gulat.

"Shit." Muli nyang itinutok ang baril dito.

"Oppss wag kang magkakamali Angela. Siguradong putok ang bungo ni Ramil pagnagkataon. Ikaw din Dylan."

Hindi sya tuminag sa ayos nya.

"What the fuck is happening here?" Galit na sabi ni Dylan na ang baril ay nakatutok narin kay Ramon.

"Kelan mo pa nalaman?" Tanong ni Ramon sa kanya.

"Alin iyong hindi ikaw ang tunay na Ramon Fuentebella o na ikaw ang isa sa boss ng Snake at Partner ni Hidalgo?"

Ngising demonyo ang binigay ni Ramon sa kanya.

"So alam mo pala lahat. Kelan pa?"

"Mula nang mamatay ang Mommy ko, alam kong sabay silang namatay ng tunay kong ama. Alam kong ikaw si Dexter Ho na pinuno ng snake at dahilan ng pagkamatay ng mga magulang ko sa isang aksidente. Kinopya mo ang mukha ni Daddy para hindi ka matunton ng pulis na noon ay alam na na si Dexter Ho ang Leader ng Snake Syndicate. May mali ka lang na nagawa sa pagpapanggap mo sa loob ng 8 taon the true Ramon Fuentebella love his only daughter. Hindi nya ito hahayaan na may manakit sa anak nya. Hindi rin mag-aasawa ng iba ang daddy ko dahil sumumpa sya sa amin ng Mommy na ito lang ang mamahalin nya. But alam mo ba kung ano ang nagpahamak talaga sayo?" Sya naman ang ngumisi kay Dexter na ngayon ay matalim na ang tingin sa kanya. "Ang ginawa mong pagnanakaw sa kumpanya. Hindi mo yata napag-aralan na ang anak ni Ramon Fuentebella ay isang genius. At sa murang edad ko tinutulungan ko na sa pamamalakad ang Daddy. Meron akong access sa lahat ng ari-arian namin, sa lahat ng account. Alam ko kung magkano na ang nanakaw mo. Alam ko kung kelan ka kumukuha. Hinayaan ko magpakasasa ka sa pera ng pamilya ko."

"So talagang minaliit kita. Pero nagkamali ka nang kinalaban Fuentebella. Tignan natin kung mababaril mo ko. Kapag binaril mo ko patay din ang lalaking ito. Kaya kung ako sayo, sa inyo ibaba ko ang baril at hahayaan ako na makaalis dito."

Tinignan nya si Ramil pagkatapos ay si Dylan.

"Aalis ka? Nang hindi ako kasama? Nakalimutan ko bang sabihin na, you need me para ma-acess ang mga account na hindi mo magalaw. How about this Dexter. Ibaba ko ang baril ko, itutok mo sa akin amg

baril mo at sabay kaming maglalakad ni Mr. Santiago. Sya sa papunta sa anak nya ako papunta sayo. Ano sa tingin mo?"

Itinapon nya ang baril kahit hindi pa ito pumapayag at naglakad pa hakbang.

"Ano sa tingin mo ang ginagawa mo?" Pinigilan sya ni Dylan sa paghakbang sa sobrang higpit ng hawak nito alam nyang magpapasa iyon.

"Saving your father." Walang emosyon na sabi nya. Hinila nya ang braso.

"Shit Angela papatayin ka nya."

Tinalikuran nya ito.

"Hindi nya na ako papatayin. Hindi pa. Lalo na ngayon na kailangan nya ako."

Tinignan nya si Dexter.

"Ano na?"

Itinulak nito si Ramil.

"Sige Fuentebella lakad."

Magkatabi na sila ng ama ni Dylan ng may pagsabog na pumailanlang sa labas.

"Shit." Hinila nya pahiga si Ramil ng biglang umulan ng bala sa paligid. Shielding the man's body with her own.

Sinilip nya si Dylan, nakadapa narin ito kasama si Janice.

At habang patuloy ang putukan sa paligid nagtama ang mga mata nila.

Sa ilang metro na agwat nila nabasa nya sa mga mata nito ang pag-aalala.

Hindi nya lang kung para kanino kung para ba sa ama nito o para sa kanya.

Thirty minutes later.

Nasa loob padin sila ng gym natigil na ang barilan at lahat ng Snake member ay nahuli na kabilang si Hidalgo.

Sya nakahalukipkip na nakatayo sa gilid pinalilibutan ng pulis.

Mainit ang ulo nya dahil nakatakas si Dexter Ho.

"Kitang kita ho namin na pinatay ni Angela ang limang lalaki." Narinig kong sabi ni Reina sa hepeng si Roderick.

Dahil duon napatingin sa kanya ang lahat.

Lumapit sa kanya ang hepe kasunod si Mr. Santiago.

"Kailangan mong sumama sa amin Ms. Fuentebella."

Tumango lang sya.

"Hindi nyo sya isasama, self defence lang ang lahat, kanina ko pa sinasabi iyon sa inyo." Galit na sabi ni Dylan.

"Huminahon ka anak, kailangan lang gawin iyon ni hepe." Pigil ni Ramil sa anak.

Bigla namang pumasok ang limang kalalakihan sa loob.

Lumapit ang mga ito sa kanila.

Sumaludo ito sa kay Roderick.

Sumaludo na rin rito ang hepe nila.

"General Danilo Lim." di makapaniwalang sabi nito.

Nagulat ang lahat ng sumaludo din sina Gelo, Yna, Kent, Marcus, Jayzen at ang ilan pa nyang grupo na nasa tabi nya.

"G-gelo bakit ka sumaludo?" Gulat na tanong ni Quincy rito.

Pero mas nagulat ang lahat ng sumaludo rin sya. Ang pagkakaiba nga lang patamad nya iyong ginawa.

"General Lim." Bati nya.

"Agent Fuentebella. Alam kong andito ang grupo mo kaya hindi ako nag-alala na masisira ang buong plano."

"Tss. Okay na sana sir kung hindi lang bigla nagpasabog ang mga tauhan mo at nakatakas si Ho."

Laglag ang panga ng lahat sa narinig.

"A-agent Fuentebella." Di makapaniwalang sabi ni Brena.

"Agent sya?" Daddy ni Dylan.

"Yes, she is Special Agent Fuentebella. The one who is incharge in this case."

As she casually crossed her arm, laglag ang panga na tinignan sya ng ng mga ito.

Kinamayan sya ng hepe pagkatapos nilang mag-usap.

Nasa presinto sila nang oras na iyon. Ibinigay nya sa hepe ang lahat ng mga nalaman at nakuha nya sa kaso ng Snake.

Close door iyon, tanging sya lang at ang hepe ang nag-usap sa opisina nito.

Nakaalis narin si General Lim, dala ang grupo ng Snake.

She is special Agent Fuentebella since 18 years old.
Tulad ng sabi nya kay Dexter Ho, alam nyang hindi ito ang tunay na ama nya.

Hindi nya ito kayang labanan noon lalo na ng nalaman nyang isa ito sa mga lider ng Snake Syndicate.

Kaya she did all her best para mapasali sa NBI na nagawa nya.
And then she created a group.

D&A Inc.

Dylan's little gang group.

Nang mawala ito sya na ang tumayong pinuno ng The Dark King na pinalitan nya ng D&A.

Kabilang si Gelo, Jayzen, Marcus, Kent at Yna.

Marami pa sila.

Meron syang member sa lahat ng panig ng Pilipinas, even sa ibang bansa.

"Please inform me sir kung may balita na kayo sa wherebout ni Dexter Ho." She said pagkatapos nyang bauwiin ang kamay.

Sumaludo sya bago nagpaalam na lalabas na.

Sa parking lot. Naghihintay ang mga miyembro nya kasama sina Maelyn, Carlos, Quincy Mr. Santiago Brena, Janice at Dylan.

Sabay-sabay na napatingin sa kanya ang lahat pero mas napagtuunan nya ng pansin si ang matiim na tingin ni Dylan.

There was something in his eyes na hindi nya mabasa.

"Angela." Si Maelyn.

Tinanguan nya ito hanggamg sa makalapit sya.

"I have a favor to ask." Tinignan nya ang mga ito. "Wala sanang makaalam sa tunay kong trabaho, hindi dahil ayaw kong masira ang plano namin. I can still work kahit alam ng buong C.U ang tungkol sakin. Pero mas makakagalaw kami ng maayos kung walang gaanong makakaalam. Maasahan ko ba yun."

Mabilis na tumango at sumagot sina Maelyn at Carlos.

Alanganin naman na tumango si Janice na kanina pa di mapakali samantalang matagal bago tumango si Brena.

Hindi tumango ang mag-amang Santiago.

Nag kibit balikat na lang sya bago bumaling sa mga kasamahan.

"Sa DQ tayo. Send a message to all i want a meeting at exactly 17:00." she commanded.

"Yes A." Sabay sabay na sagot nang mga ito.

Una ng umalis si Marcus, Kent at Yna na magkasama sa iisang sasakyan.

"Sa bahay na tayo mag-usap Janice." Hinarap nya ang stepsister.

"A-angela." Bakas ang takot at pagkalito sa mukha nito.

For the first time, nginitian nya si Janice, iyong ngiti na totoo.

Ikinagulat naman nito iyon.

"Dont worry sis, may mga nagbabantay sa inyo ni Tita you dont need to worry na balikan ni Dexter Ho. Just stay in the house."

Naiiyak na tumango ai Janice.
Akala nya papalayasin na sila ni Angela.

Sa naging trato nila rito kayang kayang silang ipatapon nito.

Lalo na at nalaman nya ang totoo.

But Angela Fuentebella just sincerly smile to her.

Assuring her na walang mangyayari sa kanila ng Mama nya.

"Hey." Ganon na lang ang gulat ni Angela nang yumakap si Janice sa kanya.

"Thank you and Im sorry." Bulong nito bago lumayo.

Nginitian nya ito bago tumango.
"You can go all. May mga magbabantay sa inyo, kaya hindi nyo kailangan na mag-alala." Sabi nya.

Nagpaalam at humalik sa kanya si Maelyn at Carlos bago umalis.

"Dylan?" Tawag naman ni Brena nang hindi kumilos ang binata sa puwesto.

"Mauna ka na Brena may mga aasikasuhin pa ako." Dylan answered, hindi nito sinulyapan man lang ang babae at ang mga mata ay nasa kanya mula pa kanina.

Walang nagawa si Brena kundi ang umalis.

Naiwan silang lima.

Dylan, Mr. Santiago, Jayzen, Gelo at sya.

"Mauuna na ho kami." She said ng ilang segundo katahimikan ang lumipas.

"Angela Fuentebella." Nahinto sya sa dapat sana na paghakbang ng tawagin sya ni Mr. Santiago.

"Sir."

Tumikhim ito.

"Nais ko sanang ipagpasalamat ang ginawa mong pagliligtas sakin. At humihingin rin ako ng paumanhin sa mga nasabi ko sayo noon at sa ginawa kong pananampal."

Tulad kay Janice isang totoong ngiti ang binigay nya rito.

"Its my Job sir. And forget what happened. Naiintindihan ko ho ang lahat, you are just being a protected father. And i also provoked you. So no harm done sir." She said.

Nginitian din sya nito.

"We're going sir." Paalam nya ulit.

Hindi nya na tinignan si Dylan at nagpauna nang naglakad patungong sa sasakyan kasunod sina Gelo at Jayzen.

Pagod na binagsak nya ang sarili sa backseat.

Wala pa silang limang segundo na nasa loob ng sasakyan nang may tumabi sa kanya.

Napamulat sya sa pamilyar na init na hatid ng katawan ng taong iyon.

"Anong ginagawa mo?" Tanong nya kay Dylan.

"Its been 6 years simula ng makapunta ako sa DQ hindi naman siguro masama kung dadalawin ko iyon ngayon."

Napaawang ang mga labi nya sa narinig.

Tama ba ang hinala nya na...

"Oh shit nakakaalala ka na King!" Si Jayzen ang nagsatinig nang nasa isip nya.

Tuwid syang tinignan ng binata.

"Yes and Im back to claim my throne."

****Helliza's Note****

Hi there. Alam kong may mga mali pasensya na talaga inaabot ako ng katamaran...

If you noticed hindi ako gumamit ng casting. I have a habit kasi na kapag nagbabasa iniisip ko ako iyong bidang babae(dont tell me hindi nyo ginagawa yun). Im a great reader. Kaya kong tumagal ng isang linggong walang labasan sa bahay basta may mga libro ako babasahin. So its feel so good na kapag iniisip mo na ikaw ang bida sa bawat kwento na binabasa mo.

Im not against sa mga artist, kaso hindi ako komportable na magsulat kapag iniisip ko iyong artista na gumaganap.

Ako kasi iyong tipo ng tao na hindi pwedeng maging #1 fan.

Humahanga din naman ako I like Lee Min Ho, Park Shin Hye, Vanessa Hudgens, Selena Gomez, Marian Rivera, Daniel Padilla, Katryn Bernardo at marami pa.

Kaso ako iyong tipo ng tao na mabilis ma bad shot lalo na kapag may bad publicity. Pardon sa mga number 1 fan jan;-).

So i'll leave it to you guys kung sino ang naiisip nyong artista na gumaganap.

Feel free to comment kung sino ang gusto nyo. :-P

39. Unfair

D**Q (Dark Quartes) D&A headquarte**rs is located in Silent Valley San Antonio.

6th storey with underground floor.

Sa labas kung titignan aakalain mong isa lang iyong lumang building na may ibat-ibang establisyemento sa 1st floor.

A bookshop, a bar, a restaurant, a Coffee shop, an arcade and a gym.

Mina-manage iyon ng member nya na business partner din nya sa bawat negosyo.

Ang 5th floor ay tinatawag na DQ bedrooms. Dahil ang buong floor ay kama lang ang nakalagay. A double beds. Hindi sya nagpatayo ng kwarto para sa bawat member nya dahil bukod sa madami sila, gusto nyang magturingan ang mga ito na isang pamilya. They're her family and she want them to act like one. If you want privacy ibaba mo lang ang kurtina nang kama mo. And yes iisang kwarto ang babae at lalaki. And a four bathroom two for boys and two for girls with a locker room.

Kahit sya duon natutulog.

The 4th floor is there technical room.

Anduon lahat ng computer, gadgets at mga gamit na naiimbento ng mga member nya na ang buhay ay ang pagharap at pagbuo ng mga hightech na bagay.

The 3rd floor have the conference room, research room, Ang kusina na madalang lang magamit. The utility room, The heaven room kung saan nagsisilbing relaxation area nila kapag burn out na sila sa trabaho.

The second floor is the visiting area. Hanggang duon lang ang pass ng mga outsider at bisita, maliban nalang kung papahintulan pa nila.

Andun din ang office nya.

And the underground floor.

Dito nakalagay ang lahat ng armas nila. The Punish room. Training room. Torture room and a cell room.

Its a secret room na tanging silang mga D&A lang ang nakakaalam.

Hindi lamang ito ang headquarters nila marami pa dito sa Pilipinas na pinamamahalaan ng mga pinagkakatiwalaan nyang tauhan.

Tinignan nya si Dylan na nakatingin sa oneway glass window ng conference room.

Nakatalikod ito sa kanila habang ina-absorb nito sa utak ang lahat ng sinabi ni Jayzen nang inilibot nito ito at ni Landon sa buong DQ.

Tinignan nya ang mga miyembro nya na nakaupo sa long table at pawang nakayuko.

Kung hindi lang seryoso ang lahat gusto nyang matawa sa itsura ng mga ito ng pumasok si Dylan kanina.

Lahat napanganga at gulat na gulat, ang mga original na The Dark King mabilis na yumukod tanda ng pagwelcome at paggalang dito.

At ang mga bago na hindi na nakilala ng personal si Dylan ay naggayahan.

Hindi man kilala ng personal nang mga ito si Dylan, alam naman ng mga ito ang kakayahan ng binata.

May mga picture ang lalaki sa 5th floor. And also Jayzen and the others always told a story about him. Kung ano ang kakayahan nito at kayang gawin at kinakatakutan ito dahil duon.

Kilala din ng mga ito si Dylan bilang lider dahil lagi nyang binabanggit ang binata.

At ngayon nga nasa harap na ng mga ito si Dark King lahat tensyonado at medyo ilang kumilos.

Kahit sina Gio, Callix at Renz tensyonado din. (Na bagong sali lang a few weeks ago.)

Sino bang hindi. Dylan Dark aura filled the room.

25 ang present member ng D&A lahat sila ramdam ang presensya ng binata. Ang sampung naka video call na ang mga mukha ay nasa sreen nang nagkalat na mga computer hindi din alam ang gagawin.

"Napakaraming pinagbago." Dylan said to himself pero narinig din nila.

That was when she stand up.

Lahat ng mga mata napunta sa kanya.

Even Dylan turn around and look at her.

Tulad ng mukha ng binata wala ding emosyon ang mukha nya.

"First things first. I want to hear first all the reports now regarding to snake syndicate, at sa mga assignment nyo. After that we can discuss this." She said.

Lumapit sa kanya si Dylan.

And her heartbeat became wild because of that.

Patay malisyang di nya ito pinansin lalo na ng dumikit ito at tumayo sa tabi nya.

The Dark King and The Blue Eyed Angel.

Dark & Angel.

Hindi makapaniwala ang mga naruon na makikita ng mga ito ang dalawang pinuno na magkasama.

Power is radiating around them.

A powerful couple indeed.

Tahimik lang si Angela na nakikinig sa mga report.

Hindi na sya nag-abalang umupo ganon din si Dylan.

Nasa harap sila sa bandang gilid.

Ang balahibo nya sa batok at braso ilan beses na nagtatayuan.

Hindi nya alam kung sinasadya ng binata, lumalayo sya lumalapit naman ito.

Minsan nararamdaman nya pa ang paghalik halik ng binata sa ulo nya.

Nakakaalala na ba talaga ito?

Pero bakit pakiramdam nya may kulang.

Parang may mali?

"**Ang ibig mong sabihin** lahat naaalala mo pwera sakin!"

The D&A's silently cringed ng umalingawngaw ang malakas na sigaw nya sa conference room.

Tumango si Dylan sa kanya.

"Oh fuck ayos lahat naalala mo pwera sakin. Oo nga naman sino ba naman ako." Gusto nyang manipa sa inis na naramramdaman.

Ang galing naman magbiro ng tadhana, sya pa talaga.

After ng report nagpunta sa harap si Dylan.

Sinabi nito na official na itong babalik sa D&A at nais nitong malaman ang lahat.

Sinabi din nito na naalala na nito ang lahat pwera sa kanya.

She smirked.

"Sabagay its okay Im a free agent now, hindi na ko nakatali kahit kanino, Im single now and ready to mingle." Tumawa sya pero deep inside her heart is bleeding.

"*Its so unfair... Unfair!"*

"Dont you fucking dare Angela!"

Lahat napapitlag sa ginawang pagsigaw na iyon ni Dylan.

Ngayon nakangiwi na ang mga D&A's dahil sa napipintong pag-aaway ng dalawang pinuno nila.

Tinaasan nya ng kilay ang binata.

"Wala na tayo. And you fucking dont remember me, sa tingin mo papatali ako sayo? Tama na ang 7 taon. Like i said im done with you, wala na ako planong ipaalala sayo ang lahat."

Nagsenyasan ang mga tauhan nila na lalabas pero napabalik ng upo ang mga ito ng sumigaw ulit si Dylan.

"Walang lalabas!"

Tinignan nya ito ng matalim.

"Gusto kong sabihin sa inyong lahat na Angela Fuentebella is MINE. Walang sino mang lalapit sa kaniya na may ibang intensyon. Kung ano ko sya noon ganon parin ngayon. Understood."

Si Landon na napangiwi dahil nakatingin si Dylan rito.

"I know you. I saw your room. Kaya naalala ko na ang lahat." sabi nito sa kanya.

"*You saw my room, but ako lang ang hindi mo maalala, how ironic."*

"Hindi man kita maalala ngayon. You still belong to me. And you always will."

Kinagat nya ang pisngi para di mapaiyak.

"Then answer this, who Iam to you?" she asked.

Sandaling natigilan si Dylan.

"Youre My Prescious Possession and you are mine."

Tumawa sya ng mapakla.

"Tama iyang sagot mo pero hindi yan ang sagot na gusto ko. Kapag alam mo na ang sagot sa tanong ko na yan. Ako pa mismo ang di bibitaw sayo at aangkinin na kita ng buong -buo."

Naglakad sya palabas.

"Meeting adjourned. Jayzen and Gelo show and tell Dylan everything. To all the D&A report to Dylan. I need to rest."

After she said that tulyan na syang lumabas.

"Ako lang ang di naalala. Napakadaya naman."

Masakit na ang mga kamay ni Angela. Tagaktak narin ang pawis nya.

Ang punching bag na kanina nya pa sinusuntok at sinisipa nag-iingay na ang sabitan na para bang sinasabi na tigilan nya na ang pagsuntok at pagsipa dahil bugbog sarado na ito.

2 hours na ang lumipas ng matapos ang meeting.

Hindi sya umuwi gaya ng plano nya, bagkus sa training room sya dumeretso. Kailangan nyang ilabas ang nararamdaman nya dahil kung hindi baka sumabog sya.

Bawat suntok at sipa bigay todo.

"For all the people, ako pa talaga ang hindi mo maalala, kinalimutan mo na nga ako noon. Mahalaga ba talaga ako sayo Dylan?" Iyan ang paulit-ulit sa utak nya kasabay ng suntok at sipa.

May naramadaman syang tao sa likod nya.

Umikot sya para sana suntukin ang taong malakas ang loob na pumasok sa training room. Alam ng mga ito na bawal syang istorbohin kapag andito sya.

Kung nagulat man sya dahil si Dylan ang nakita nya at madali nitong nasalag ang suntok nya, hindi sya nagpahalata.

Nagpakawala pa sya ng sipa para rito, na muli lang nitong nasalag.

Paulit-ulit iyon at kahit isa walang tumatama sa suntok at sipa nya.

At alam nya kung bakit.

Una dahil hinahayaan nyang ang mga emosyon nya ang pumaibabaw, kung totoong kaaway ang kalaban nya malamang sugatan na sya.

Pangalawa kahit inis sya kay Dylan hindi nya parin magawang saktan ng totoo ang binata.

"*Bakit ba kasi sobra kitang mahal?*"

"Stop it Angel."

"Huwag mo akong tawaging Angel." Sumipa sya.

"Then stop it Anghel ko." Ngumisi ito at sinalo ang paa nya.

Taragis nginisihan pa talaga sya.

"Call me Angela, boyfriend ko lang ang may karapatan na tawagin ako ng ganyan." She said angrily. Sabay pakawala ng uppercut papunta dito.

Nahawakan nito ang kamao nyang iyon at malakas na hinala sya papalapit.

Sadsad sya sa dibdib nito.

"But Im your boyfriend." He whisphered. Pinunasan nito ang pawis sa ilong nya.

"Hindi mo nga ako maalala." Iniwas nya ang mukha. "Hindi kita boyfriend nakipag break na ako sayo remember sa party ni Brena?" Pilit syang kumawala sa pagkakahawak nito.

"Hindi ko maalala na tinanggap ko iyon." Hinigpitan pa nito ang pagkakahawak sa kanya.

Kinuha nito ang dalawang kamay nya at inilagay sa likuran nya. Pinipigilan nito ang galaw nya at halos nakayakap na sa kanya.

"Hindi nga kita boyfriend. Let go of me!"

"Fine your not my girlfriend. You're my wife." bulong nito malapit sa tenga nya.

Dahil duon nagtayuan ang balahibo nya sa batok at braso.
Lumuwang ang pagkakangisi nito ng mapansin ang reaksyon nya.

"Anong wife? Bitaw nga sabi."

Nang hindi parin ito bumitaw sa kanya. She raise her left knee para tuhudin ito.

Dylan anticipate her move.
Nagawa nitong makailag, bago nito pinatid ang paa nya.

Bumagsak sya sa sahig, kasunod nito na sa ibabaw nya bumagsak.

Dugdug...dugdug...dugdug...

"A-ano ba umalis ka nga dyan." Angil nya para takpan ang kabang nararamdaman.

"Stop looking at me like that Angel. Baka di na ko makapagpigil." Sabi nito.

Napaiwas naman sya ng tingin.

"Do your things. Aayusin ko lang ang isusuot mo." Hinalikan pa sya nito sa noo bago lumabas.

Nanghihinang napasandal sya sa lababo.

Napahawak sa dibdib.

Her Dark King make her heart wild at hindi lang puso nya pati dugo nya.

Hanggang ngayon ramdam na ramdam nya ang sexual tension nila.

At anong ibig sabihin nito na after 5 moths? Anong meron sa March?

Lalong sumasakit ang ulo nya sa pag-iisip.

Lumabas sya ng nakatapis lang ng tuwalya, sa pinto napahinto sya ng makitang andon parin si Dylan. Nakadamit na ito ngayon.

Black cargo short and dark blue v-neck t-shirt ang suot nito.

Nakaupo ito sa gilid ng kama at nagbabasa ng text...sa cellphone nya.

"Wala ka bang sariling cellphone at yang cellphone ko ang pinapakialam mo?"

Nagtaas ito ng tingin.

She read desire again in his face ng pasadahan sya nito ng tingin bago ito ngumiti at tumayo.

"You're mine thats mean its my cellphone too. The same way mine is yours too." Nakangiting sabi nito bago tumayo at inilagay ang cellphone nya sa bulsa nito.

Lumapit sya sa kama ng makita ang nakatuping damit duon.

"Do you mind?" Taas ang kilay na sabi nya habang dinadampot ang mga damit.

Pinapalabas nya si Dylan dahil, hello magbibihis kaya sya.

Pero imbes na lumabas, lumapit ito sa kanya.

Kinuha ang ang mga damit sa kamay nya.

Then his finger, trace her shoulder blade.

"So beautiful." He said habang gumagapang ang daliri na ngayon ay nasa leeg na nya.

Napigil na naman nya ang hininga dahil duon.

"P-pwede ba g-gusto ko nang magbihis, so leave Dylan."

Ang magaling na lalaki ngumisi lang sa kanya.

At sa labis na gulat nya itinaas nito ang undies nya.

She blush. Lalo na ng inilahad nito ang panty nya at yumuko.

Di nya alam kung saan nito nakuha ang mga undies na iyon.

Its a freaking pink bra and panty. At pinapasuot nito sa kanya iyon.

"Step up Angel." He said.

"W-what are you doing?"

"Im going to dress you."

"Im capable dressing myself Dylan kaya akin na yan." Hinblot nya ang panty rito.

But he dodge hinapit sya sa bewang, habang hawak parin sa isang kamay ang panty nya.

Ibinaba nito ang mukha until there lips brush, magaan lang na nakalapat iyon, parehas din na nakabukas ang mga mata nila.

"Ako ang magbibihis sayo Angel." He said nakalapat padin ang labi sa kanya. He bit her lower lip. "O mananatili tayo dito sa kwarto na ganyan ang suot mo. I can take my clothes off too para fair hmm?"

Humawak pa ito sa buhol ng tuwalya nya, na hawak hawak nya ng sobrang higpit.

"Angel?"

"Ughh... Fine, fine ikaw na, you perv Dark King." Inis na sabi nya na pilit na lumalayo dito.

Malakas itong tumawa, habang inilalayo ang mukha sa kanya.

"Tss." Sya.

"Just to you Angel."

Muli itong yumuko, itinaas naman nya ang paa at pinasok sa leg hole ng panty.

Alam nyang pulang-pula sya at hindi nya mapigilan ang paggapang ng init sa katawan sa tuwing dumidikit ang mga daliri nito sa hita nya, na alam nya sinasadya nitong gawin.

Dahan-dahan pa ang ginawa nitong pagtaas duon.

Good thing hindi nito inaalis ang tuwalya nya.

Sunod nitong sinuot ang short.

Sa likod naman nya ito pumuwesto ng ang bra naman nya ang susuotin.

Talagang sinasadya nito ang tila pang-aakit sa kanya.

Habang sinusuot kasi sa kanya ang bra, hinalikan sya nito sa batok a butterfly kisses na gumapang sa may balikat nya.

Pinigil nya ang mapa-ungol sa mga ginagawa nito.

When her bra is safely hook.

Muli itong lumipat sa harap nya. Tinanggal ang tuwalya nya, leaving her in a short and bra, just like last night. Then he get her shirt.

Bago isuot iyon hinaplos nito ang bewang nya pataas sa dibdib nya.

His darkening eyes never leaving her blue eyes.

Hinaplos nito ang kurba ng bewang nya.

Lumunok sya.

Iyong init ng palad nito gumagapang sa buong katawan nya.

Humakbang ito ng isang hakbang hanggang sa muling magkalapit ang katawan nila.

Then he dipped his head. Hinalikan ang tatlong peklat sa balikat, tagiliran at punong dibdib nya.

Nagawa nya lang makahinga ng maluwang ng maisuot nito ang damit nya.

Nang mabihisan. Inuupo sya nito sa kama.

Inilabas ang isang pares na itim na converse shoes.

Ito rin mismo ang nagsuot non sa kanya.

Pagtapos hinila sya sa tapat ng salamin. Kasabay ng pag-abot nito sa suklay.

Sa likod nya ito pumuwesto at sinimulan na suklayin ang buhok nya.

Nanlaki ang mga mata nya ng makita ang repleksyon nila sa harap ng salamin.

Parehas sila ng suot. When she say parehas as in parehas like a couples shirt ang pagkakaibahan nga lang they match from head to toes. They both wear a cargo short same color. Ang tshirt nila parehas ang design light blue lang ang kulay ng sa kanya. And same design and color of converse shoes.

Ngayon na magkatabi sila sa harap ng salamin kitang-kita ang suot nila.

They really look like a couple.

"We match." Nakangiting sabi ni Dylan then he softly kissed her temple.

"Come lets go out alam kong gutom ka na." Isinuklay pa nito ang mga daliri sa buhok nya bago sya hinila palabas ng kwarto.

"**Wow nice outfit guys.**" ang bati sa kanila ni Gio ng pumasok sila sa kusina.

"Yeah bagay sa inyo." Si Calix na inabot ang kape at humigop duon.

"Well you look cute guys." Sa pagitan ng pagsubo ay sabi ni Renz.

"Thanks." Dylan said as she rolled her eyes to them.

Humila si Dylan ng upuan at naupo roon. Hihila na sana sya ng para sa kanya ng hapitin sya ni Dylan paupo sa kandungan nito.

"Hey ano ba?" Angal nya.

"What do you want. Fried rice or pancake?" he asked ignoring her protest.

"Fried rice." she automatically answered. Kumunot ang noo nya rito at sinubukan na tumayo and what do you expect, of course he didn't budge. "Dylan."

Hindi parin sya pinakawalan ng binata bagkus sumandok ito ng pritong itlog.

Itinapat nito ang kutsarang may pagkain sa bibig nya.

"I can feed myself." she said.

"I know you can, but i want to feed you so say ahhh Anghel ko."

Something warm spread to her heart. Dati na itong ginagawa sa kanya ni Dylan minus the kandungan portions. Na realize nya kung gaano nya na miss ang mga moment na iyon.

Kaya naman hindi na sya nagmatigas tinanggap nya ang sinusubo nito.

Iisang plato at kutsara ang ginamit nila, minsan inaagaw nya ang tinidor rito para sya ang sumandok ng ulam at isusubo iyon dito. She know na hindi pa okay ang lahat, pero hindi naman masama na namnamin nya ang bawat moment na tulad nito after all she deserved it after all she been through.

She love Dylan, with all her heart. Nagmatigas man sya ngayon. Pero sa dulo iisa parin ang pupuntahan nya, here in his arms, where she truly belong.

Click.

Napahinto si Dylan sa aktong pagsubo sa kanya ng pagkain at sya sa pagpupunas ng gilid labi nito ng makarinig sila ng click ng camera and when they looked up, nakita nila si Calix na may hawak hawak na camera.

"Sorry can't help it." He said bago muli silang kinuhanan ng picture. "Napakatagal na ng huli namin kayong nakitang ganyan and we really missed it."

Itinuloy ni Dylan ang nahintong pagsubo sa kanya ng pagkain.
"Don't worry Par you will see this everyday, and this going to be a part of your life. Baka ikaw pa ang magsawa sa kakatingin."

She didn't help but to giggle. Lalo na ng makita ang mukha ng tatlo.

"Man mukhang nakakaumay nga iyon." Si Gio.

Dylan smile softly to her, a obvious pleasure is visible to his eyes. Tila ba tuwang tuwa ito sa paghagihik

nya and as if he can't help himself he kissed the tip of her nose. And they heard another click.

"Are you full?" Dylan as her after a minutes.

Tumango lang sya.

Inalalayan sya nitong tumayo.

"Good. Then we can go." tumayo na rin ito.

"Where?"

Hindi sya nito sinagot, hinarap nito ang tatlo na busy parin sa pagkain.

"We're going to a date. And we don't want to be disturbed, don't call us unless its was a emergency, tell that to all the D&A's, ang umistorbo samin para sa hindi importanteng dahilan mananagot sakin is that clear."

Dahil sa tono ni Dylan na punong puno ng awtoridad tumango ng sunod-sunod ang tatlo.

Mukhang satisfy naman si Dylan dahil ngumiti ito.

"Come Angel."

There were going to a date.

"*We are going to date."* she think habang sumasakay ng sasakyan nito.

Hanggang sa umandar ang sasakyan iyon parin ang tumatakbo sa isipan nya.

She and him were going to a date. Solo nya ito buong araw. One day! As she think of that an excitement is slowly forming to her body, making her smile.

****///***

Helliza's Note

Elow...

I know its short at medyo bitin, wala talaga sa plano ko nahatiin ito sa 2parts.

Pero dahil sa sipon di ko sya natapos:-C so ito na lang po muna.

Enjoy and thanks for reading. Sa mga nagvote thanks:-)

43. Dark & Blue 2

Fun Park is an amusements Park located at Pulang Lupa St. San Antonio.

Kumpleto ang Fun Park sa lahat ng rides, isa ito sa dinadayo dito sa San Antonio.

Bumaba sya ng sasakyan at pinagmasdan ang welcome sign ng park.

"Fun Park huh?" taas ang kilay na tanong nya kay Dylan, sa dami-dami ng pwedeng pagdalhan nito sa kanya ito ang lugar na huli nyang naisip.

He give her a crook smile, lumapit ito sa kanya.

"I want you to enjoy, at sigurado akong mag-e-enjoy ka rito Angel." he hold her hand at hinala sya papuntang entrance.

"Anong tingin mo sakin bata?"

Dahil ordinary day kakaunti lang ang tao ngayon, nakabili kaagad sila ng unlimited ticket bracelet.

Hawak parin ang kamay nya dinala sya sa isang bench ng binata.

"Yes, isa kang bata. Actually you're a baby. My baby." he said habang sinusuot sa kanya ang bracelet, napakurap kurap sya sa narinig at nang maisuot ay hinalikan nito ang tungki ng ilong nya. "Gusto mo ng cotton candy?"

Dahil tulala parin sya sa mga narinig wala sa loob na tumango sya.

"Yeah, color pink."

He chuckled bago sya hinila papunta sa cotton candy stall.

"*You're a baby, My baby.*"

Paulit-ulit nyang naririnig iyon sa isip nya. She felt warm and happy. Kanina.

But now after they ride the roller coaster she want to strangle him.

"Hey Angel, are you okay?" Naramdaman nya ang pag-upo nito sa bench na kinauupuan nya.

"I hate you!" She said habang nakapikit at nakatukod ang noo sa tuhod nya. Pilit nyang inaalis ang hilo na nararamdaman.

Hinimas nito ang likod nya.

"So the resident bad girl of Clifford University can't handle the roller coaster." Amusement is evident in his voice.

" Shut up, i really hate you Dylan."

Fist to fist combat go. A bullet bring it on. Haharapin nya ang mga iyan ng walang takot.

But a rides that so fast at umiikot sa ere, no thanks. Pero dahil napakakulit ng kasama nya, pilit sya nitong pinasakay, na ngayon ay pinagsisihan nya.

Impit syang napatili nang hawakan sya nito sa bewang at ilipat paupo sa kandungan nito.

Ang mukha nyang nakasubsob sa mga tuhod nya,ngayon ay nakasubsob na sa dibdib nito.

"You don't hate me, Anghel ko you love me." anas nito sa tenga nya na ikinatigil nya.

"Tss." Tanging iyon lang ang sagot nya.

Hindi na rin sya umalis sa kandungan at pagkakasubsob mula sa dibdib nito.

After a moment, nang mawala ang pagkahilo nya dahan-dahan nyang iniangat ang ulo.

"Are you okay, now?" Dylan touch her cheek, hinawi nito ang buhok na tumatabing sa pisngi nya.

Tumango lang sya.

"Good." Hinalikan pa sya nito sa noo. "Then lets rides again. "

She pout her lips pagkarinig ng rides. "Ayoko na sa roller coaster Ylan." she whined.

She read amusements in Dylan's eyes.

"Of course, if my Angel don't want to then we're not."

She smile her real smile.

Ngiting nakita ni Dylan.
Something past into his eyes habang nakatitig sa mukha nya.

Unti-unti namang nawala ang ngiti nya dahil sa titig na iyon.

"No don't." He cupped her face.
"I want to see your smile. Your real smile Angel. Its bring back odd feeling. Hindi man kita maalala pero kapag ganyan ang ngiti mo, i feel satisfied.Atleast after all the pain i gave to you, i made you smile. I made my Angel smile."

Muling sumilay ang ngiti sa mga labi nya.

Dylan kissed her nose.

"Ahmm, excuse me." a voice in front of them said. Sabay silang napatingin duon ni Dylan.

Isang babae ang nakatayo ngayon sa harap nila.

May hawak itong SLR at nakangiti sa kanila.

"Yes?" Tanong ni Dylan na pinigilan ang pag-alis nya sa kandungan nito.

"Im Roseth. Im the photographer of this Park. You guys is so cute. Kanina ko pa kayo pinagmamasdan

and i took some shot, hindi ako makatiis. Okay lang ba?" Kumamot ito sa batok.

"Its okay. My Angel and I didn't mind."

Nagliwanag ang mukha ni Roseth.

"Talaga, ahh can i take some shots pa, i can give you a copy guys. Sorry ganito talaga ako when something good caught my eyes."

"Sure why not." Si Dylan ulit.

"Okay. You don't need to stand up. Okay na yan. Smile guys."

Sa lumipas na oras Roseth take there picture.

Pinaunlakan din nila ito ng ibang pose.

"Okay last shot na, nakakahiya naman naaabala ko na ang date nyo."

She smiled to her.

"Okay one, two, three." A minute nakangiti pa syang nakatingin sa camera ni Roseth but then the next thing she knew, nakalapat na ang labi ni Dylan sa kanya.

He kissed her, hungrily. She heard the click of the camera, and ignore it.

Mas pinagtuunan nya ng pansin ay ang sensasyong gumagapang sa buong sistema niya dulot ng nakakabaliw na halik ni Dylan. At nang tutugon na sya, saka naman ito huminto.

"What the fu-?" Nahinto sya sa aktong pagmumura ng iharang nito ang hintuturo sa labi nya.

"Don't curse, baka kapag nagmura ka at hinalikan kita ulit, sa hotel na kita idederetso." He said huskily.

Nanlaki ang mga mata nya sa narinig kasabay ng pagkaramdam nya sa "bagay" na iyon na unti-unti ng nagkakabuhay at nakadikit sa tyan nya.

"Pervert Ylan." she whispered habang pinandidilatan ito.

He chuckled, hinalikan sya sa noo sabay bulong ng... "God give me please a super self control. Hindi na yata ako makakapaghintay ng 5 months."

"*Ayan na naman sya sa 5 months na yan, ano bang meron sa March?*"

"Ang cute nyo talaga guys." sabay silang napatingin kay Roseth na hawak parin ang camera at nakangiting nakatingin sa kanila. A dreamy look is visible in her eyes.

Bahagya syang inilayo ni Dylan bagamat nakahawak parin sa bewang nya.

"Marami ka bang nakuha?" Dylan asked.

Tumango si Roseth.

"Sobrang maraming thanks, talaga."

"You're welcome." sya ang sumagot.

"Got to go guys. Nasa tabi ng exit ang stall ko, sana makadaan kayo guys para mabigyan ko kayo ng copy.

"Im glad you said that, magr-request na sana ako sayo." Dylan hands brush her hair with his hand ng humangin at tumakip iyon ng bahagya sa mukha nya.

"Great! Hihintayin ko kayo ha, bye."

Pinagmasdan nila ang papalayong si Roseth.

"So saan mo gustong pumunta?" Tanong ni Dylan sa kanya.

"Hmm. Bumping car?"

"Then let's go to bumping car Anghel ko."

They try all the rides.

Kapag alam ni Dylan na mahihilo sya nakahawak kaagad ito sa kanya.

Hapon na ng maisipan nilang kumain.

Andito sila ngayon sa loob ng isang Restaurant sa loob din mismo ng park.

"Tired?" Tanong sa kanya ni Dylan ng makapag-order sila.

Tumango sya.

Then she noticed something sa likod nito.

"Why?" Tanong ni Dylan na nakita ang pangungunot ng noo nya.

"Wait lang." tumayo sya.

"Saan ka pupunta?"

"May bibilhin lang ako sa labas." Bago pa ito makapagtanong ulit nakalabas na sya.

3minutes later muli syang bumalik hawak hawak ang puting towel sa isang kamay.

"Where did you go?" Nakakunot ang noo na tanong ni Dylan.

Nakita nyang nasa mesa na ang order nila.

"Muntik na kitang sundan Angela. Sinabi ko na, ayaw kong nawawala ka sa paningin ko. Paano kung may mangyari sayo?"

She rolled her eyes. " I can take care myself." Naupo sya sa tabi nito. "May binili lang ako.

Bago pa ito magtanong ulit inabot nya ang likod nito. Ipinasok sa loob ng damit ang towel na binili nya at pinunasan ang pawis nito.

Napaunat ito ng upo, pero di sya sinaway.

"Ayan okay na." She said nang matapos, pinagpag nya pa ang likod nito.

She yelp ng bigla nitong kabigin ang batok nya at pinaglapit ang mukha nila.

"Thanks Anghel ko." while saying that, nakatitig lang ito ng deretso sa mga mata nya.

As if he is reading her soul in her blue eyes.

"D-dylan." Untag nya rito ng hindi parin sya binibitawan at hindi inaalis ang tingin sa kanya sa lumipas na minuto.

"I want to beat myself Angel." he said out of the blue.

"Ha?"

"Im such a fool. A Jerk stupid guy. How could i forget you? And still not be able to remember you. " his thumb make a small circle in her nape.

"Im such a fool. Really fool. Im so sorry Angel. Making you live in pain. Im sorry. Can you forgive me? Can you forgive this stupid guy?"

Hindi sya makasagot parang may nakabara sa lalamunan nya.

Lumunok sya. Ngunit hindi parin makuhang magsalita.

Bumuntunghininga si Dylan. Binitawan sya.

"Huwag mo nang sagutin. Alam kong hindi mo pa ako mapapatawad. Mahirap naman talagang patawadin iyon." ngumiti ito. "Let's eat lalamig ang pagkain."

Hanggang sa magsimula silang kumain hindi sya nakapagsalita.

Tahimik lang silang kumakain.

Hindi nagsasalita si Dylan habang sya pasulyap sulyap dito.

Nakakunot ang noo nito na para bang may malalim na iniisip.
Sa kabila ng hindi nito pag-imik, inasikaso parin sya nito sa pagkain.

Ito ang nagsandok at nagsasalin ng pagkain sa plato nya. Kulang na nga lang subuan sya nito ulit.

Natapos silang kumain nang walang pinag-uusapan.

"Did you enjoy the food?" he asked.

Tumango lang sya.

Tipid itong ngumiti.

At tumingin sa stage kung saan may nagp-piano.

A soft but sad melody filled in the restaurant.

Dylan face is blank. Wala syang mabasang kahit anong emosyon sa mukha nito.

She sighed.

"Punta lang akong wash room." paalam nya rito.

Tumango ito at umaktong tatayo.

"No huwag mo na akong samahan. Saglit lang naman ako."

Bumakas naman ang pagtutol sa mukha nito.

"Ylan 5 minutes lang ako promise." tumayo na sya.

"Okay after 5 minutes at wala ka pa susundan kita, and believe me Angel i don't care kung may ibang babae sa loob kapag nagkataon."

"Tss oo na."

Sa loob ng C.R tinitigan nya ang sarili. Hindi ang mukha nya ang nakikita nya kundi ang mukha ni Dylan.

She opened the faucet and wash her face.

Hindi nya alam kung ano ang gagawin nya.

She want to forgive Dylan. Sa kabila ng lahat, hindi nya parin matiis ang binata.

She sighed.

Habang naglalakad pabalik sa mesa muli syang napatingin sa stage. Wala na ang pianistang nakaupo duon.

Nakatitig sya duon ng ilang minuto bago nilapitan ang isang waiter.

"Where have you been?" Tanong kaagad ni Dylan ng maupo sya.

"Wash room diba?" She sipped in her pomelo juice.

"I saw you talking to a waiter."

Napatingin sya kay Dylan.

Selos ba ang nababasa nya sa mata nito?

"May ni-request lang ako."

"Sa waiter? Ano iyong hiniling mo? Tell me. I can give it to you."

Sa stage isang lalaki ang nags-set up ng mike sa tapat ng piano.

"Its nothing Dylan."

"Angela."

May bakas na galit ang boses ni Dylan.

"Really its nothing."

Nagdilim ang mukha nito at hindi na nagsalita, tinitigan lang nito ang waiter na walang kamalay malay sa taong matalim ang titig rito. Poor him.

"What is the waiter can fucking give to you, that i can't." Narinig nya pang sabi ni Dylan.

Tinaasan nya ito ng kilay.

Lumipat ang mabibigat nitong tingin sa kanya.

"Tell me."

Umiling sya.

Akala ba nito madadala sya nito sa titig na ganon.

Nagsalubong na ang kilay nito.

"Angel..."

"Hi every one. Im Erick Park the manager of this restaurant." Tinig ng isang lalaki mula sa stage.

"There's someone here na nagrequest to play a piano and sing a song to us. At dahil isa sya sa magandang babae na nakita ko i can't resist her. So everyone i want to bring to you Ms. Angela. Ma'am the floors is yours."

Isang ngiti ang ang binigay nya sa manager bago tumayo. Hindi nya tinapunan ng tingin si Dylan, na walang nagawa dahil nakaakyat na sya kaagad ng stage.

Naupo sya sa harap ng piano.

"Hi , thanks to Mr. Park for allowing me to do this, and for all of you na mapipilitan na pakinggan ang itutugtog ko. Hinihiling ko lang po na bigyan nyo ko ng ilang minuto." She softly smile sa audiences . "I dedicated this song, to my Dark king. You are asking me a question a while ago." Tinignan nya ng deretso sa mata si Dylan.

Nakaupo lang ang binata at nakatitig sa kanya.

"This is my answer."

Then her fingers begin to move. Softly but expertly.

"**Right Here Waiting For You .**"

Sa unang tipa ng nota, tumahimik ang lahat at tumingin sa kanya.

Ocean's apart day after day
And I slowly go insane
I hear your voice on the line
But it doesn't stop the pain.

If I see you next to never
How can we say forever

"[Chorus:]"
Wherever you go
Whatever you do
I will be right here waiting for you
Whatever it takes
Or how my heart breaks
I will be right here waiting for you

She closed her eyes but still see Dylan's eyes.

I took for granted, all the times
That I thought would last somehow
I hear the laughter, I taste the tears
But I can't get near you now

And when she opened it again. Mga mata parin ni Dylan ang sumalubong sa kanya.

Oh, can't you see it baby
You've got me going crazy

Repeat "[Chorus]"

Sa bawat tipa nya tama ang lahat ng lumalabas na tono at nota kahit hindi sya nakatingin.

I **wonder how we can survive**
This romance
But in the end if I'm with you
I'll take the chance

Oh, can't you see it baby
You've got me going crazy

Repeat"[Chorus]"

At nang pindutin nya ang huling nota.

Pumalakpak ang mga naroon kasabay ng pagtayo at pag-akyat ni Dylan sa stage. Hinaltak sya nito patayo.

And there, right infront of everyone, hinalikan sya nito.

Halik na malalim ngunit puno ng suyo. Halik na nagpanginig ng tuhod nya.

Halik na nagpahinto sa pag-ikot ng mundo nya.

Halik na tinugon nya.

Halik na nagpatunay na sya,.. si Angela Fuentebella ay hindi magagawang matiis ng matagal ang Dark King nya.

////Helliza's Note*///

Sorry for late update.

Nabasag kasi iyong salamin ko at medyo naduduling ako kapag nagt-type. Mamaya ko pa makukuha iyong pinagawa ko.

Anyway sorry sa mga mali babalikan ko na lang.

Enjoy reading.;-)

Captured

"**Tired?" tanong ni Dylan kay Angela nang humikab sya habang naglalakad papuntang exit ng fun park .**

Inabot na sila ng alas-onse ng gabi.

After kasi ng eksena nila ni Dylan sa restaurant sumakay ulit sila sa mga rides at ngayon lang naisipang umuwi.

Tango ang sagot nya sa tanong nito sabay hilig ang ulo sa braso ng binata.

They're slowly walking habang magkahawak ang kamay.

Mula pa kanina hindi nito sya binibitawan. Pag hindi ito nakahawak sa kamay nya, nakaakbay ito o di kaya ay nakahawak sa bewang nya

Huminto sa paglalakad si Dylan ng makita nito na napapapikit sya habang naglalakad sila.

"Come, Anghel ko." Naramdaman niya ang pag kilos nito and when she opened her eyes nakapasan na sya sa binata.

"You don't need to carry me." She said ngunit muli namang ipinikit ang mga mata at siniksik ang mukha sa leeg nito.

Hinaplos nito ang tuhod nya.

"Just take a rest."

Naramdaman nya ang muling paglalakad ni Dylan.

Ninamnam nya ang pakiramdam habang pasan sya nito.

Pinigilan nya ang mapaiyak.

After all these years. Hindi sya makapaniwala na ito na ulit si Dylan, si Dylan na kilala nya at si Dylan na nag-aalaga at nagp-protekta sa kanya.

Mas siniksik nya pa ang mukha sa leeg nito ibinaling naman sa kanya ni Dylan ang mukha to kiss the side of her head.

"Is she sleeping?" Kasabay ng tanong na iyon ni Roseth ay ang paghinto ni Dylan sa paglalakad.

"Yeah. Napagod sya sa pamamasyal." Narinig nyang sagot ni Dylan.

"Mukhang nag-enjoy talaga sya."

"Iyon talaga ang plano ko ang mag-enjoy sya. For her na kahit sandali makalimutan nya iyong mga sakit na dinulot ko." Hinaplos nito ang tuhod nya.

Roseth smile. "Hindi ko alam ang kuwento nyo pero as a photographer i have a talent to read people na

kina-capture ko sa camera ko. At nang makita ko kayo kanina. I felt that overflowing love na umiikot sa inyo. At nakita ko rin iyon sa mga larawang kinuha ko. That woman love you so much. At kahit sandali ko pa lang syang nakikilala alam kong sya ang tipo ng nagmamahal na handang gawin ang lahat para sa minamahal. Do all the hard things for them. Kung ano man ang ginawa mo sa kanya, i think hindi mo pa man ginagawa ang kasalanan na iyon pinatawad ka na nya."

Roseth is right, kahit paulit-ulit pa syang saktan ni Dylan, sinasadya man nito o hindi pinapatawad nya na ito.

She love this man so much.

"Anyway ibibigay ko lang sana itong mga picture nyo. Inilagay ko narin sa frame."

"Really. Thanks, how much-"?

"No its a gift. Kayo ang isa sa mga pinakamaganda kong kuha. Kaya naman isasali ko sa portfolios ko ang mga larawan nyo, if you don't mind?"

"No not at all."

"Here."

Naramdaman nya na may inabot si Dylan.

"So nice to meet you ulit." Nagpaalam na si Roseth kay Dylan at mayamaya pa naramdaman nya na ang muling paglalakad nito.

Maingat sya nitong binaba sa loob ng sasakyan.

Nang makasakay ito sa driver side naramdaman nya ang pag-ayos nito sa kanya.

Sinuotan sya nito ng seat belt.

Hinawi din nito ang buhok nya na tumatabing sa mukha nya.

Kahit hindi sya magmulat ng mga mata alam nyang pinagmamasdan sya nito.

She feel the hot breath of his na tumatama sa mukha nya.

"Hinding hindi na kita iiwan." Bulong nito kasabay ng magaan na paghalik sa noo nya.

"*Yeah huwag mo na akong pakawalan at kung sakali man na bibitaw ka ulit, hinding hindi narin kita papakawalan."* Ganting bulong sya sa isip nya.

Nang umandar ang sasakyan kumilos sya patagilid hanggang nakaharap na sya kay Dylan.

Ipinatong nya ang ulo sa balikat nito at hinayaan na matangay tuluyan ng antok.

"**Yeah, hindi na ko lalabas."** Sabi ni Angela habang kausap si Dylan sa cellphone.

Nasa bahay na sya habang nasa bahay narin ito, alas tres na ng madaling araw.

Nakahiga na sya sa kama nya.

"Siguraduhin mo Angela." Wika ni Dylan sa kabilang linya.

She rolled her eyes.

"Oo nga Dylan."

"Be sure ilan gabi na ba ang lumilipas na bigla ka na lang nawawala."

"Ylan nasa kwarto na nga ako eh, nakahiga na, ikaw pa naghatid sakin diba. Hello?.. Ylan? Hello?" Tinignan nya ang cellphone. "Binabaan ako?" Napailing-iling sya.

Ibaba nya na sana ang cellphone nya ng muli iyong magring.

Napaupo sya ng voice call ang nakarehistro roon.

She accept the call.

"*Oh shit*." Mura nya ng ang hubad barong si Dylan ang bumulaga sa kanya. Nakahiga ito at kahit hindi nya nakikita ang bandang ibaba nito alam nyang boxer lang ang suot ng binata.

"Ang sabi mo nakahiga ka na." malambing na sabi nito.

"*Oh my... Pati sa boses nya naakit ako."* Napalunok sya.

"Angel?"

"Ha oo. Nakahiga na nga ako. Napaupo lang ako ng nagvideo call ka." Tumikhim sya.

"Lay down na Anghel ko." he said in his sleepy voice.

Lalo itong gumagawapo sa paningin nya, ngayon na namumungay ang mata nito sa antok.

"*Kalma Angela.*"

"Dapat kina Gio na tayo tumuloy para katabi kita." Sabi nito ng nakahiga na sya ulit.

Namula sya sa narinig.

"Dylan." may halong pananaway ang boses nya.

"What, gusto ko lang naman makatabi ang Anghel ko."

"Tss. " yan na lang ang nasabi nya dahil wala na syang masagot dito.

Tumawa ito. "Pero pwede naman natin gawin yang iniisip mo."

Lalo yatang pumula ang pisngi nya. "A-anong ibig mong sabihin sa iniisip ko?"

Imbes na sumagot isang nang-aakit na ngiti ang binigay nito sa kanya.

"Tss. Pervert Ylan."

"I really love it when you blush, kung andito ka lang kanina pa kita nahalikan."

Tumawa ito ng lalo syang mamula.
"Ewan ko sayo. Matulog na nga tayo."

"Okay. No don't." Pigil nito ng aktong ibaba nya ang cp nya.

"Akala ko matutulog na?"

"Yeah pero wag mo patayin i want to see you habang natutulog ka."

Pasandali syang natigilan.

Bago marahang tumango.

"Okay." Inayos nya ang pwesto nya.

"Good night Anghel ko."

"Night night Ylan." Humikab sya.

"Close your eyes na Angel."

Tumango sya.

"Good night Ylan ko." bulong nya na alam nyang narinig nito dahil sumagot pa ito ng...

"Good night Angel. I love you."

Because of that nakatulog sya ng may ngiti sa labi.

Isang oras pa lang nakakatulog si Angela ng muling mag-ring ang cellphone nya.

Bago sagutin ang cellphone nakita nya sa screen ang natutulog na si Dylan.

Nakaharap ito sa kanya.

Hindi talaga nito pinatay ang tawag kahit nakatulog na sya.

Napangiti sya bago, pinutol ang tawag nito at sinagot ang incoming call.

"Hello?"

"Angela." Ang umiiyak na boses ni Reina ang narinig nya.

Bumalikwas sya ng bangon.

"Reina? Anong nangyari? Why are you crying.?"

"I need your help m-my parents and Brena. Kinuha sila ni Dexter Ho. He wants you. Papakawalan lang daw nya ang mga ito kung makikipagkita ka. God di ko na alam ang gagawin ko?"

"Where are you?"

Nagliparan ang mga upuan at mesa ng malakas iyong sipain at itulak ni Dylan.

Ang mga D&A na nasa loob ng kwartong iyon napapaigik na lang at lumalayo para hindi mapagbalingan ng galit ng binata.

Si Gelo ay ganun din, gustuhin man nyang pakalmahin si Dylan alam nyang hindi sya ang makakagawa non.

The person who can do that is missing.

Yes nawawala si Angela mula pa kaninang umaga.

Walang makapagturo ni isa sa D&A kung nasaan ito na mas kinagalit Dylan.

"Why the fuck, you cant find her!" Umalingawngaw ang malakas na boses na iyon ni Dylan.

"King kanina pa tini-trace ni Marcus ang cellphone ni Gela. But for some reason hindi sya mahagip ng radar natin." Sagot nya. Napaatras sya ng ang nangingitim na mga mata ni Dylan ay lumipat sa kanya.

"What do you mean by that?"

"Ang ibig nyang sabihin kung hindi nasa malayo si Gela, nasa underground sya." Si Jensen ang sumagot. "Ikaw ang huling kasama ni Gela hindi ba dapat alam mo kung nasaan sya." Dagdag pa nito.

"Kitang-kita ko na nasa kama na sya at natutulog Walker."

Umismid si Jensen.

"You always lost her. You're not taking care of her. Kapag nakita ko sya, sisiguraduhin ko na hindi na sya lalapi-."

"Shit." Napamura sya ng sugudin at suntukin ni Dylan si Jensen.

Sa bilis ng kilos nito hindi ito napigilan ni Renz na nasa tabi ng binata.

Ano ba namang naiisip ni Jensen hindi dapat nito sinasabi ang mga ganon gusto ba nitong magkagera.

"Do that sisiguraduhin ko na buburahin kita dito! You don't touch what is mine, dahil iyon ang magiging malaki mong pagsisi sa buhay mo." Hindi pasigaw ang pagsasalita ni Dylan, hindi rin nagbabanta ang mga mata nito, bagkus in his darkening eyes you can read a promise. Pangako na tutupadin nito.

"Guys shit! Relax, Dark walang magagawa iyang galit mo. Jensen stop provoking him." Buti na lang mabilis na pumagitna si Landon sa mga ito.

Isang matalim na sulyap pa ang binigay ni Dylan kay Jensen.

Dumeretso ito ng tayo bago huminga ng malalim.

A second pass his face become blank and expressionless.

"Tell Marcus to find out kung sino ang huling kausap ni Angela kanina pagkatapos ko. Sa kanya tayo magsisimula. Gelo find out the last whereabouts of Dexter Ho, i need to know every small details. Yna tell to all D&A's na matyagan ng mabuti ang nasasakupan nila and report every things na kahina hinala. Gio hack all the CCTV, baka sakaling may makuha din tayo duon." Dylan command in his Alpha tone.

"Yes King." sabi ng lahat maliban kay Jensen.

"Ah Dark ang ibig mo bang sabihin sa lahat ng CCTV is sa buong San Nicholas?" Tanong ni Gio.

Tinignan ito ni Dylan.

"No. Ang limang bayan ang tinutukoy ko."

Kung hindi lang seryoso ang sitwasyon matatawa sana si Gelo sa reaksyon ni Gio nang marinig nito ang sinabi ni Dylan.

"L-limang bayan!"

"May problema ba Gio?" Tanong ni Dylan na tumalim ang tingin dito.

"W-wala. Wala naman King." Napapangiwi na lumabas si Gio papuntang Comp. Room.

"Im going for a drive. Magmamatyag narin ako." Jensen said sabay labas.

Nagsikilos na din ang lahat para sundin ang inuutos ni Dylan.

Nang sila na lang dalawa, nahahapong umupo si Dylan habang frustrated na sinuklay ang mga daliri sa buhok.

"Where the fuck is she?"

"Matalino at malakas si Gela, for sure kung nasa panganib man sya ngayon sigurado akong magagawa nyang lusutan iyon."

"Kapag nakita ko ang babaeng iyon itatali ko na talaga sya sakin. Damn it!"

"Yeah do that. Nang hindi nya tayo pinapatay sa takot at pag-aalala." panggagatong nya. Habang naglalakad papuntang pinto.

Angela is his bestfriend, nag-aalala sya rito at sa maaring mangyari pa rito. Kung kailangan itali na talaga ito kay Dylan, para maging ligtas ito. Baka magtulong tulungan pa sila na mga D&A's na itali ito kay Dylan.

"Where are you Angel?" Narinig nyang sabi ni Dylan ng palabas na sya ng pinto.

"*Yeah where are you Angela?*"

Napaigik si Angela ng isang suntok sa sikmura ang binigay sa kanya ng tauhan ni Dexter.

Dumura sya ng malasahan nya ang dugo sa bibig.

Nakabitin sya, nakataas ng limang pulgada mula sa lupa ang mga paa nya.

Marami na syang sugat at pasa mula sa pambubogbog na nata- tanggap mula pa kanina.

Pagkatapos nyang makatanggap ng tawag mula kay Reina mabilis na pinuntahan nya ito sa sinabi nitong lugar.

Sa Dark Creek.

Sa may pusod iyon ng Tres Wood. Isang underground tunnel na tinayo ng panahon ng gera at nagsilbing kanlungan ng mga sundalong pinoy noon.

Hindi nya alam kung paano natuklasan iyon ni Dexter. Pero ang lugar na ito ang ginawa nitong taguan.

Patuntong pa lang sya sa Dark Creek binaril na kaagad sya ng isang tauhan nito. Making her fall.

But she fight back, ilan sa mga tauhan nito ang napatumba nya.

Not until inilabas nito ang mga magulang ni Reina pati narin si Brena.

"Kung hindi ka titigil sa panlalaban papatayin ko sila." Banta sa kanya ni Dexter.

Hawak ang isang baril at nakatago sa isang bato sumagot sya.

"Sure go ahead i don't care. Hindi ko close ang kahit sino sa kanila." Sigaw nya.

"Hindi mo ako maloloko sa ganyan mong ugali. Matagal din ang pinagsamahan natin anak kaya kilalang kilala kita."

She grimaced. "Fuck you Ho! Hindi mo ako kilala. Fine kill them! The hell i care!"

"Hahaha. Alam ko kung bakit ka nandito. Alam kong gusto mo silang iligtas. You can't fool me. Ang mabuti pa lumabas ka na dyan bago pa ako mainip at patayin sila!"

She smirked kahit, hindi sya nito nakikita.

"Wrong. I just came here to kill you." si coldly said.

Natigilan ito.

"Angela Fuentebella! Huwag kang magmatapang dahil walang tutulong sayo rito. Walang signal dito. Hindi ka makakahingi ng tulong sa kahit na sino. Sabihin na natin na mapatay mo ko pero sigurado ako na hindi ka bubuhayin ng mga tauhan ko. So you better surrender now bago ko patayin ang tatlong ito!" Narinig nya ang iyak ni Brena at ng mga magulang ni Reina.

Kinapa nya rin ang tama ng bala sa tagiliran na tinalian nya lang ng jacket na suot.

Tama ito hindi sya mahahanap rito nila Dylan.

Pero kung mat-trace ng mga ito ang huling tawag sa cellphone nya mahahanap sya ng mga ito.

She need to buy time, hanggang makarating rito si Dylan. Alam nya darating ang binata.

Gusto nyang sapakin ang sarili kung bakit ba sumugod sya rito ng hindi inaalarma ang grupo nya.

But the moment na lumabas sya ng bahay kanina. Naramdaman nya na na may nakamasid sa kanya.

Kaya naman kesa gumawa pa ng bagay na makakasama sa pamilya nya umalis sya ng tahimik.

She sighed lumabas sa pinagtataguan.

"Okay you win. I surrender." Hinagis nya ang baril at taas ang kamay na lumabas.

At kaninang umaga pa iyon.

Ngayon nga nakatali sya bugbog sarado.

"Ano Angela, pipirmahan mo ba ito o papatayin na talaga kita!"

Kahit na puro dugo at sugat ang mukha nginisihan nya ito.

Hawak nito ang papeles na naglalaman na pinapasa nya rito ang lahat ng pag-aari nya. Na hindi naman nya pinipirmahan.

"Paano mo makukuha ang gusto mo kung papatayin mo ko?" Pang-aasar nya rito that earned a slap from him.

She moaned ngunit muling ngumisi.

Sinenyasan nito ang lalaking nagpapahirap sa kanya.

Sinikmuraan sya nito na halos ikahimatay nya dahil sa mismong sugat nya tumama ang suntok.

"Tama na mapapatay nyo sya!" Sigaw ni Brena na nakatali sa isang sulok katabi nito si Reina na bugbog narin, na katabing nakatali ang magulang nito.

Sinampal si Brena ng nagbabantay dito.

"Tumahimik ka!"

"Ano Angela? Pirmahan mo na nauubos na ang pasensya ko!" Sigaw ni Dexter kasabay ng muling pagsampal sa kanya.

She gasped in pain.

"P-pwede ba hinay hinay ka lang. Paano kung magbago ang isip ko at gusto ko nang pirmahan yan. Sa tingin mo makakapirma pa ko kung lantang gulay na ko." She snapped.

Isang suntok ulit ang natanggap nya.

"Shit!" She cursed ng when she feel her ribs broken.

Sinambunutan sya nito.

"Ubos na ang pasensya ko sayo. Lets forget this damn paper, papatayin na lang kita. Pagkatapos maghahanap na lang ako ng bagong pamilyang maloloko iyong mas mayaman sa pamilya mo!"

Tinignan nya ito ng matalim.

"Yeah kill me now! Dahil pag ako nakatakas dito i will kill you. Slowly, tortously and painfully. Wala na akong pakialam sa mga tauhan mo. You messed up in the wrong family. You messed up in the wrong group. And you messed up in the wrong girl. Dahil kung hindi ka man mamatay sa mga kamay ko. Sa mga kamay ka nya mamatay and its not gonna be fun!" After she said that dinuraan nya ang mukha nito.

He wipe it then grabbed his gun.

Naramdaman nya ang init at hapdi sa may tyan nya.making her sucked her breath.

Narinig nya ang pagsigaw nina Brena.

Pagkatapos ay sunod-sunod na putukan.

Nag-aagaw na ang dilim at liwanag sa paningin nya.

In a short breath hirap nyang tinaas ang ulo.

And then he saw him.

His King.

His Ylan.

Pababa ito ng sasakyan, may hawak na baril.

And when there eyes met.
Nang mapagmasdan nito ang itsura nya his eyes becomes dark and wild.

Tila mabangis na lobo ito na naglakad papunta sa kanya. Lahat ng humaharang binabaril, sinusuntok at sinisipa ito.

Hindi ito mapigilan kahit limang lalaki ang humarang dito at kahit barilin ito patuloy parin ito sa paglapit sa kanya.

Naramdaman nya ang muli ang sakit ng tama ng bala sa kaliwang balikat nya. Hindi sya umigik o pumikit sa sakit.

Ayaw nyang alisin ang mata kay Dylan na ngayon ay mas nagwawala na ng makita nito na muli syang nabaril.

A small smirk formed in her lips ng maabot nito si Dexter.

Gusto nyang tumawa ng baliin ni Dylan ang braso nito, nang suntukin at barlin ito ni Dylan.

Nahawakan nito sa kwelyo si Dexter.

At ilang ulit na pinagsusuntok ang lalaki sa mukha nang hindi ito binibitawan.

There was madness in his eyes at alam nya titigilan lang nito si Dexter kapag wala na itong hininga, gustuhin man nya iyon ayaw nyang mangyari ang ganon. Kaya naman she called Dylan.

"Y-ylan." She said in a weak voice. Kahit mahina ang boses nya nakarating iyon sa pandinig ni Dylan.

Unti-unti his eyes becomes clearer lalo na ng muling magtama ang mga mata nila.

Basta na lang nitong hinagis si Dexter at muling naglakad papunta sa kanya.

Sa paligid nila patuloy ang gulo, ang D&A's laban sa grupo ni Dexter.

She ignore all of it.

She blocked even the pain.

Ang mahalaga lang ngayon ay ang lalaking papalapit sa kanya.

At nang nasa harap na nya ito.
She smiled and said...

"I-i love You. Ylan ko."

And then everything went black.

Memories

Dylans thought after Brena's party.

Dahan-dahan nyang binuksan ang pinto ng kwarto ni Angela, sinalubong sya ng pink and sky blue na dingding ng kwarto.

He closed the door.

Sa dingding isang painting ang nakita nya, a picture of a man in a garden kasama ang mga paruparo. Sa larawan nakamwestra ito na tila may hahalikan and then at the bottom nakasulat ang mga katagang *OVES ANGELA* .

Parang lutang na lumapit sya dun.

The other half of his painting!

Nangiginig na hinawakan nya ang frame. He traced the pattern of it.

Napahawak sya sa ulo ng kumirot iyon. Then memory come crushing to his mind.

The memory of him being the Dark king. The memory of Brent and his Gang. But not the memory of Angela.

Nang humupa ang sakit nagsimula ulit syang maglibot, nilapitan nya ang mga larawan na nakadikit sa dingding, sa may paanan ng kama.

Isa-isa nyang pinagmasdan iyon.

A picture of him and Angela, and there's a lot of it.

Isang larawan ang nakatawag sa pansin nya.

Larawan nila ni Angela. Mahaba pa ang buhok ng babae. Nakangiti ito sa camera habang sya nakaabay at hinahalikan ang gilid ng ulo nito.

Dark and Blue our first week monthsarry.

May kuha na nakaupo sya sa motor at seryosong nakatingin sa sa taong may hawak ng camera.

My king, kahit Kelan nakakatunaw, kung tumingin.

Napangiti sya sa caption na iyon ni Angela.

Then a picture of them with the Gang.

My family. I love them all ;-)

May kuha din sa loob ng isang klasroom, sya nakatitig kay Angela habang ito nagbabasa.

I *love him, the most caring and loving man that I meet.*

Ang isa naman kuha sa garden nakahilig si Angela sa balikat nya habang natutulog sya nakaakbay sa babae at hinahalikan ang noo nito.

I can't believe this man love me.

Marami pang larawan na nakadikit sa dingding. Tila ba ginawang scrap book ni Angela ang dingding nito.

Habang pinagmamasdan ang mga larawan na iyon.

Hindi mapigilan ni Dylan ang mapahawak sa dibdib, kasabay ng pagkirot ng ulo nya ay ang paninikip ng dibdib nya.

Hindi nya parin maalala si Angela. Pero alam nya...mahal nya ang babaeng ito. Mahal na mahal.

Nanghihinang napaupo sya sa gilid ng kama .

Di sinasadyang nasagi nya ang isang CD na nakapatong sa kama.

Wala sa loob na inabot nya iyon.

Dark & Angel.

Iyon ang nakasulat duon.

Hinanap nya ang dvd player at pinasok duon ang bala.

Mukha ng nakangiting si Angela ang unang lumabas sa screen.

Naupo syang ulit habang tinitignan ang nakangiting mukha ng babae.

Ngiting dalawang beses nya palang na nakikita. Ngiting gusto nyang makita araw-araw sa mga labi nito.

Andun din sya sa video nakaharap sa isang canvass na nakalatag sa sahig, base sa itsura ng silid iyon ang kwarto nya kina Gio.

"*Hey Ylan say hi to the camera." Malambing na sabi ni Angela sa video.*

Humarap naman sya with a warm smile in his lips.

"Come here Angel lets finish this para makapagpahinga kana."

Nag pout naman ang Angela sa video.

Pero lumapit din.

"*Eh kagigising ko nga lang eh Ylan ko."*

Kinuha nito ang brush at nagsimulang magpinta narin.

Natatawang pinisil ng Dylan sa video ang ilong ni Angela.

"So cute. Pero gusto kong makapagpahinga ka ng ayos. Alam kong pinaglinis ka magdamag ng madrasta mo Angel." Kumuyom ang kamao nya at nagtagis ang bagang.

Mabilis naman na lumapit sa kanya si Angela at hinawakan ang kamay nyang nakakuyom.

"Ylan wag kana magalit, please."

"Ayoko ng pinapahirapan ka Anghel ko. Damn it! Ni hindi nga kita pinag bubuhat ng mabibigat tapos ganon ang ginagawa sayo!"

Angela cupped his face.

"Okay lang naman kahit mahirapan, kahit mapagod, kasi kahit mahirap at nakakapagod basta alam kong pagkatapos at naandyan ka nawawala lahat. Kaya wag kana magalit please, please Ylan ko." nag p-puppy eye pa ito.

Ngumiti sya at hinalikan ang noo nito.

"Okay hindi na Anghel ko."

"Ayan-."

"But pagkatapos nito magpapahinga ka ulit."

"Ay. Eh na-."

"Magagalit ako sa kanila paghindi ka sumunod, aawayin ko silang lahat."

Nanlaki ang asul na mga mata ni Angela.

"Naman Dylan eh." Ngumuso ulit ito. Pagkatapos ay bumuntunghinga. "Sige na nga." pagpayag nito. "Basta samahan mo ako ha, Ylan ko?"

"Of course Angel."

Mula sa pagkakaupo sa kama na pangiti sya.

Gusto nya ang ganong kilos ng babae, iyong tila bata ito na naglalambing sa kanya.

Gusto nyang laging nakikita ito.

Unti-unting nakaramdam sya ng kahughagan...nang pagkasabik...para kay Angela.

Marami pa syang napanood na video karamihan mga kuha nila ni Angela.

Sa mga video nakita nya kung gaano nya kinaiingatan at inalagaan ang babae.

Kung paanong halos ayaw nyang kahit lamok man lang madapuan ito.

Habang nanonood tila daloy ng tubig ang mga alaala nya.

Mga alaala bago nangyari ang aksidente.

Ngunit sa mga alaalang iyon. Walang Angela na kasama, na kahit anong pilit nyang isipin walang kahit anong bagay na pumapasok sa alaala nya.

And it make him angry.

Nagagalit sya dahil kung sino pa ang tao na gustong gusto nyang maalaala sya pang ayaw bumalik. Kung sino pa ang taong ayaw nyang saktan sya pa ang nasasaktan nya.

Nasambunutan nya ang sarili sa sobrang frustration.

Sobrang sakit na nang ulo nya.

Nahiga sya sa kama niyakap ang unan na kulay asul at may amoy na alam nyang kay Angela.

Sa pamilyar na amoy na iyon unti-unti syang kumalma. Slowly the pain is fading.

Kasabay ng pagkawala ng sakit isang desisyon ang nabuo nya.

Naaalala man o hindi.
Hindi na sya aalis at muli nyang p-protektahan ang Anghel nya.

Present sa hospital.

Isang malakas na suntok ang pinakawalan ni Dylan sa dingding.

Nasa waiting room siya kasama sina Jensen, Kent, Yna, Bryant at Marcus.

Sina Gelo ang nag-asikaso sa mga bangkay at sugatang miyembro ng Snake Syndicate, na halos sya ang may gawa.

Nang makita nya ang sugatan na si Angela, na nakatali pa, nagdilim ang paningin nya, kaya halos lahat ng sumasalubong sa kanya nang papunta sya rito, sinasapak, sinusuntok at binabaril nya.

At nang makita nya itong nabaril ulit, in his very own eyes he lost it.

Nawala na sya sa sarili ng tuluyan. And when he saw Dexter Ho hindi nya na ito binitawan, gusto nyang durugin ito sa sarili nyang mga kamay, gusto nyang baliin ang buto nito.

Walang kahit na sino ang pwedeng manakit sa Anghel nya. Kung kailangan patayin nya rin ang nanakit dito gagawin nya.

Hindi nya tinantanan si Dexter Ho, not until he heard her voice.

Her soft angelic voice.

His Angel's voice.

That was when he stopped.

Binitawan nya si Dexter na bugbog sarado na at walang malay.

He walked toward her.

Kitang-kita nya kung paanong hirap na hirap ang Anghel nya na naitaas ang ulo nito para tignan sya...kitang kita nya ang maraming dugo na umaagos sa mga sugat nito.

Ganon na lang ang pagpipigil nya na balikan si Dexter at tuluyan ito.

But her eyes held her. Her blue eyes is calling him , kaya pinagpatuloy nya ang paglapit sa babae at nang makalapit na sya, she smiled to him, her true smile na gustong-gusto nyang makita, and then she said it. The word he was longing to hear.

"I love Y-ylan ko."

Masaya na sana sya kung hindi ito nawalan ng malay.

At ngayon andito sila hinihintay na matapos ang operasyon ni Angela. Hanggang ngayon galit na galit pa din sya.

Hindi nya naprotektahan ang Anghel nya, sa ikalawang pagkakataon, binigo nya ito.

"Dark."

Nag-angat sya ng tingin ng marinig ang boses ni Gelo.

"Where is he?" tanong nya ang boses nya walang emosyon, malamig.

Napaatras pa nga si Gelo at lumayo sina Landon at Jayzen na kasama nitong dumating.

"Nasa presinto na sya King." sagot ni Gelo sa kanya.

Tumiim bagang sya. Every cell of his body want to go to him. To make him pay to what he did to his Angel.

"Not now Dylan. Make sure first that Angela is okay before you go to him again." he said to himself.

"How's Gela?" Gelo asked.

Si Kent ang sumagot dito.

"Inooperahan pa sya at hanggang ngayon kahit isang doctor wala pang nalabas." Bakas ang pag-alala sa boses nito.

Ang lahat ng D&A's na naroon nag-aalala kay Angela. Lahat tulad nya na hindi mapakali at punong-puno ng takot ang dibdib.

Takot na baka mawala ang pinuno nila.

Takot na mawala ang taong nag-iisang nagtiwala at tumulong sa kanila .

Takot na mawala ang Anghel na naging dahilan kung kaya naging isang pamilya sila.

Takot sa puso nya na mawala ang nag-iisang Anghel ng buhay nya.

Halos manlumo si Dylan ng pumasok sa loob ng kwarto ni Angela pagkatapos itong operahan.

May suot itong oxygen may mga tubong nakakabit dito. May suero na suot at may heart monitor na katabi.

May mga sugat at pasa ito sa mukha. Nakabenda ang balikat, even both of her wrist na nagkaroon ng sugat dahil sa ginawang pagtali rito.

"Angela." Maingat na hinawakan nya ang kamay nito. Nangingilid ang luha na pinagmasdan nya ang babaeng nakahiga.

"Im sorry... Im sorry... Im sorry." iyon lang ang paulit-ulit nyang sinasabi habang nakayuko sa gilid nito at hawak hawak ang kamay ni Angela.

Tagumpay ang operasyon nito. Ngunit maraming nawalang dugo dito kaya kailangan itong salinan. Buti nalang magka blood type ito at si Brena. Ngayon kailangan na lang nitong magising hanggang bukas ng umaga para masigurado na ligtas ito.

"Please wake up Angel. Wake up for me!" she kissed her hand. "I love you Angela Fuentebella i really do! Papakasalan mo pa ko di ba? You said yes. Wala nang bawian, so please open that beautiful blue eyes for me." Isang butil ng luha ang tumulo sa mga mata nya.

Hindi nya alam kung ilang minuto at oras syang nakaupo ruon urging her to wake up and open her eyes, wala na syang pakialam sa lahat basta ang gusto lang nya gumising na ito.

"Damn it Angela! I promise oras na magising ka hihintayin ko lang na makaya mo nang makapaglakad at papakasalan na kita, hindi ko na hihintayin ang graduation. I will make you officially mine. I swear Angela, ito ang pangakong sisiguraduhin ko na matutupad ko!" Hinalikan nyang muli ang kamay nito, hinaplos ang pisngi at buhok.

At mayamaya pa ginupo na rin sya ng pagod. He fell asleep at ang panaginip nya? Ang mga alaalang gustong gusto nyang balikan...

Memories 2

7 years ago...

Galit na galit si Dylan.

At sa bawat suntok na pinapakawalan nya ang galit na iyon imbes na mabawasan lalo pang nadadagdagan.

Kaya patuloy sya sa pagsuntok, paninipa at pananakit.

Wala syang pakialam kahit nasa gitna pa sya ng cafeteria, kahit pa sino ang tamaan at kahit pa may mga professor na nakatingin.
He just want to hurt someone.

Gusto nyang mabawasan ang kahunghagan na nararamdaman.

Ngumisi sya ng muling may tamaan ang kamao nya. Gustong gusto nya kapag may narinig syang umuungol at umaaray sa sakit.

Umikot sya para suntukin ang taong nasa likudan.

Suntok na hindi nya naituloy.
Huminto ang kamao nya sa ere, nahinto sya sa paggalaw.

Ang tanging nagawa nya, ang titigan ang mga matang iyon.

Ang pinakamagandang asul na mga mata na nakita nya.

Habang nakatitig , naramdaman nya ang pagkalma. Nararamdaman nya ang unti-unting paghupa ng galit.

Unti-unti nakakaramdam sya ng kapanatagan.

Ang mabagsik nyang mga mata unti-unting naglamlam at umamo. Lalo na when he see tears and read loneliness in that eyes.

Right here, right now naramdaman nya ang kagustuhan na makitang masaya ang mga matang iyon.

Wala na syang pakialam sa away, wala na syang pakialam sa lahat.
Tuluyan nang nawala ang galit na hirap na hirap syang mawala. Sa isang iglap lang dahil sa babaeng ito na may asul na mga mata napawi iyon.

Galit na muli ring bumalik ng makita nyang tinamaan ng lumilipad na baso ang babae.

Mabilis nyang sinalo ito.

And he fit into his arms na tila ba ginawa ito para sa kanya.

"*Yeah she is mine. My Angel.*" naisip nya habang pinagmamasdan ang walang malay na babae. Then he look up and bark an order to his friend na wag hayaang makawala ang taong bumato sa Anghel nya.

No one. As in no one have the right to hurt his Angel!

Angela Fuentebella.

Iyon ang pangalan nito.

Hindi nya alam kung gaano sya katagal nakatitig rito.

Ayaw nyang umalis sa tabi nito. Gusto nyang hintayin na magmulat ito ng mga mata. He want to see that beautiful pair of blue orbs.

Pero ang sabi nina Calix binu-bully ito.

Narinig nya na ang tungkol sa isang babae na may asul na mga mata na madalas pagtripan, apihin at ipahiya.

He want to hunt those people who did that. He want them to pay.

Sisiguraduhin nyang mula ngayon walang makakapanakit sa babaeng ito. Sa kanyang Anghel.

Pinapangako nya na hindi sya aalis sa tabi nito at lagi itong p-protektahan.

Nagpalinga-linga sya sa cafeteria. Ang mga estudyanteng nandoon umiiwas sa kanya sa takot na bigla nya na lang saktan.

Pero wala sa mga ito ang pansin nya. May hinahanap syang tao, tao na gustong gusto nyang makita.

Nang hindi mahanap si Angela sa bulto ng mga tao, salubong ang kilay na umalis sya duon kasunod ang grupo nya.

"Baka late lang sya Dark." Hindi nya pinansin si Renz.

Umiinit ang ulo nya.

Bakit wala pa ang Anghel nya?

Nasaan ito?

Lahat ng nakakasalubong nya, ramdam ang itim na aura nya. Malapit na syang sumabog. He need his Angel now.

"Par, nasaan ba kasi si Angela, shit baka biglang magwala si King!" narinig nyang sabi ni Calix.

"Hindi ko alam nagpadala na ako ng tao sa bahay nila pero wala duon." si Gio.

Nagtagis ang bagang nya sa narinig mas binilisan nya pa ang lakad.

Sa Garden na madalas na pagtambayan ni Angela sya pumunta at ni anino ni Angela wala syang nakita.

Blanko ang mukha na naglabas sya ng sigarilyo.

Ngunit kahit ang usok non hindi sya magawang pakalmahin.

"King, ipapahanap na ba namin sya?"

Hindi sya sumagot, baka kapag nagsalita sya bigla na lang syang manuntok.

Then may kamay na kumuha sa sigarilyong nasa bibig nya.

Making him more angry, malas nang taong ito kung sino man ito, ito ang sasalo ng galit nya.

Umikot sya para suntukin ang ang taong iyon.

Kung gaano sya kabilis kumilos ganon din sya kabilis na huminto.

There right infront of him ang babaeng dahilan kung bakit nagagalit sya.

Nakatitig ng deretso sa mga mata nya ang asul na mga mata nito, ni hindi nya mabasa sa mga mata nito ang takot, kahit nakaumang ang kamao nya sa mukha nito.

Bagkus nakasimangot ito sa kanya.

"Ylan di ba sabi ko sayo wag ka na maninigarilyo its bad for you." pumadyak pa ito habang nasa kamay ang sigarilyo nya.

Bago pa sya makasagot nagsalita ulit ito, nakatingin sa sigarilyo nyo.

" Hindi ko alam kung bakit maraming nagugustuhan to, masarap ba talaga? Can i try?"

Mabilis na kinuha nya ang sigarilyo bago paman iyon lumapat sa mapupula nitong mga labi.

Hinagis nya iyon sabay ng paghapit nya sa bewang nito.

"No its bad for your health Angel."

Namilog ang mga mata nito. Mukhang nagulat sa ginawa nyang paghapit. Pero mayamaya she pout.

"Bad from my health, tapos sa inyo hindi, ano yun exempted kayo, madaya." she look so cute habang nakatingin kina Gio na parang iiyak.

"Naku Gela its bad from our health too. Itatapon na nga namin." Siniko ni Renz si Gio. " Akina na mga par itapon na natin baka umiyak yan lagot tayo kay Dark." Mabilis na tinapon ng mga ito ang mga pakete ng sigarilyo at lighter, Angela smile when she see that, bago taas ang isang kilay na tumingin sa kanya.

Kung ibang babae iyon baka tinulak nya na, but she is Angela.

His Angel, kaya ang ginawa nya inilabas nya ang sigarilyo at lighter na nasa bulsa at basta na lang hinagis sa tabing trash can.

Lalong tumamis ang ngiti ni Angela sa kanya.

He feel contented. He make his Angel smile.

Niyakap nya si Angela. Mahigpit, isiniksik nya ang mukha sa leeg nito. Inhaling her scent. Gusto nya ang amoy nito. Parang pampakalma na nagagawa syang pakalmahin.

"D-dylan."

"Saan ka galing? I been looking for you?" He asked hindi inaalis ang mukha sa leeg nito.

"S-sa bayan may inutos kasi si T-tita Marita kaya biglaan."

Lumayo sya rito. "Next time text me para masamahan kita. I don't want you, wandering all by yourself, paano kung mapahamak ka o may kumidnap sayo." ang mga kamay nya nakahawak parin sa bewang nito.

Kumamot ito sa batok." Ginawa mo naman akong bata eh, saka w-wala kasi akong cellphone kaya gustuhin man kita i-text di ko magagawa."

"You don't have a cellphone?" gulat na sabi nya.

Nahihiyang tumango ito bago nagyuko ng ulo.

Tumiim ang bagang nya.

Minamaltrato na nga ito sa sarili nitong pamamahay , pinagdadamutan pa.

Hindi iilang beses na nakikita nya itong nagtitiis ng gutom.

Kung hindi pa sya darating hindi pa ito makakain.

Minsan naabutan nya itong naglalakad pauwi mag-isa at nang tanungin nya kung bakit ito naglalakad, wala daw itong pamasahe pauwi.

Mula nuon sinisigurado nya na nakakain ito sa tamang oras at naihahatid nya, kung hindi man ang mga kagrupo at kaibigan nya ang sumasama at nagpapakain rito.

"Here ." Iniabot nya ang cellphone nya rito.

"Ha?"

"It yours para kapag hinahanap kita malalaman ko kung nasaan ka."

Lumayo ito sa kaya habang umiiling at tinatago ang dalawang kamay sa likod.

"Hindi ko matatanggap yan Dylan."

"Why?"

"Ang mahal kaya nyan s-saka lagi mo na nga akong nililibre ng lunch at hinahatid nakakahiya na."

"Bakit ka nahihiya its just me saka gusto mo bang mapaaway ako sa tuwing hinahanap kita?"

Tumingin ito sa kanya, nanlalaki ang mga mata nitong naging clear blue ang kulay.

"B-bakit ka mapapaaway?"

Deretso nyang tinitigan ang asul na mga mata nito.

"Because everytime na nawawala ka sa paningin ko hindi ako mapakali, at kapag hinanap kita at di matagpuan kung nasaan ka, i feel agitated. At kapag wala ka talaga nababaliw ako sa pag-aalala, sa pag-iisip na baka may nangyayaring masama sayo at wala ako, para protektahan ka. Nagagalit ako kapag naiisip ko yun at kapag nagagalit ako gusto kong manakit Angela, i want to punch somebody para mawala ang galit ko. Galit na kahit anong suntok ang gawin ko di nawawala, maliban na lang kapag andyan ka. I don't know? kapag nakikita kita parang gumagaan lahat."

Hindi ito nakapagsalita. Kahit sina Gio, Renz at Calix tulala lang sa kanya, hindi siguro inaasahan ng mga ito na sya, si Dark King magsasalita ng ganon.To hell with them isa lang ang mahalaga sa kanya, si Angela lang.

"So are you going to accept this or araw-araw akong mapapaaway?"

Pasalit-salit na tingin ang binigay nito sa kanya at sa cellphone.

"Oo na." she said while pouting bago kinuha ang cellphone nya.

"Good." Hinapit nya itong ulit and gently place a kiss in her forehead.

"Damn it! Fuck! Shit!" Sa bawat mura nya nagpapakawala sya ng suntok sa katabing pader. Ang mga kaibigan nya napapangiwi na lang.

He made her cry! Sinigawan nya ito at pinaiyak! His Angel is crying because of him!

Hindi naman nya sinasadya, ng makita nyang kausap at nakikipagtawanan ito kay Brent Santillian nagdilim ang paningin nya, damn it! Nagseselos sya.

Kilala si Brent bilang mortal nyang karibal sa lahat he is a friend but also an enemy.

Hindi nya gusto na napapangiti nito o napapatawa ang Anghel nya gusto nya tatawa ito at ngingiti sa kanya call him possessive but Angela Fuentebella is his.

But he screamed at her, galit na galit sya kapag sinisigawan ito ng iba pero sya rin pala sisigawan ito.

He hate it! The way she bow her head when someone is screaming at her. Pakiramdam nya minamaliit ng mga ito si Angela and then he did it too. Fuck! He did it too.

Nang mga sumunod na araw hindi nya alam kung paano ito haharapin kaya hindi sya nagpakita rito ng ilang araw. Pero nakabantay sya rito, lagi nyang sinisigurado na nakakakain ito at ligtas na nakakauwi.

"Dark anong gagawin namin sa kanila?" Tanong ni Marcus.

Napatingin sya dito pagkatapos ay sa mga lalaking nakahandusay sa lupa.

Nasa Tres Wood sila at katatapos lang makipag-away sa mga lalaking ito.

Sa sobrang pagkamiss nya sa Anghel nya napapaaway na naman sya. Laging mainit ang ulo nya. Laging naghahanap ng gulo.

Alam nya kapag hindi nya pa nilapitan si Angela kapag hindi nya pa ito nahawakan, kapag hindi nya pa ito nayakap maslala pa sya.

Bago nya pa nasagot si Marcus nagsalita si Calix.

"Angela."

Napaharap sya puwestong tinitigan nito.

And there she is, his Angel.

Magulo ang buhok nito namumula ang isang pisngi. Nakasuot ng jacket. Kumunot ang noo nya ng makita ang walang sapatos na paa nito marumi iyon at puro putik.

Napabalik ang tingin nya sa mukha nito.

Saka nya lang napagtanto na sanhi ng sampal ang pamumula ng pisngi nito at umiiyak din ito.

Nagdilim ang mukha nya sa isipin na may nanakit dito.

"S-sorry."

Aktong lalapit sya ng bigla itong tumakbo.

"Shit Angela!" Sigaw nya. Mabilis nyang sinundan ito.

She's running with no freaking shoes! Paano na lang pagnabubog o natusok ang mga paa nito at nasa tres Wood sila paano kung mahulog ito sa mga talampas. Damn! Hindi nya yata kaya kapag nawala ito.

"What the hell are you doing!" Bumasag sa katahimikan ang malakas na boses niya.

Naabutan nya ito na pababa sa isang matarik na pababang daan.

Shit buti na lang naabutan nya ito bago ito gumulong pababa.

Sa takot nya, nasigawan na naman nya ito.

Hinila nya ito pataas, papuntang katawan nya.

"U-uuwi na." Nakayukong sabi nito habang tinutulak sya.

Halos karga nya na ito nakataas ang mga paa nito sa lupa.

"I-ibaba mo ako u-uwi na ko."

Humigpit ang pagkakahapit niya sa bewang ni Angela at mas iniangat nya pa ang katawan nito. Sa liit nito at sa height nya nagagawa nya iyon ng isang kamay lang.

Ramdam nya ang mainit na katawan nito na nakalapat ngayon sa katawan nya.

"No. Why the hell are you here and walking in your barefoot, where is your fucking shoes!" gusto nyang batukan ang sarili ng sigawan ito ulit. Nag-umpisa na namang magtubig ang mga mata nito dahil sa sigaw nya. Asan ba kasi ang sapatos nito?

"Nasira sila okay! After years sumuko sila at nasira! Itinapon ko na thats the reason why i dont have a fucking shoes on and the reasons why iam here, dahil dito ako dumaan, kung alam ko lang na nandito ka hindi ako dadaan dito para di mo makita ang pagmumukha ko na ayaw mong makita!"

Hindi sya kagad nakaimik, nabigla sya sa pagsigaw at pagmumura nito, ngayon nya lang ito nakitang galit and he find it cute. Ilang segundo muna sya nakatitig sa mukha nito, bago nya ito binaba, tumalikod at bigla itong pinasan sa likod nya.

"Anong ginagawa mo?" Tanong nito habang nagpupumilit na bumaba mula sa likod niya.

Hinawakan nya ng mariin ang tuhod nito para di ito makaalis.

"I-ibaba mo na lang ako. Maglalakad na lang ako."

"At hayaan na madumihan pang lalo at masugatan ang mga paa mo. No Angel. Just stay put."

Ilang segundo itong hindi umimik bago nya naramdaman ang pagsubsob nito sa leeg nya. Napapikit sya sandali ng maramdaman ang mainit nitong hininga sa leeg nya.

"Bakit ginagawa mo sakin to?" Narinig nyang mahinang tanong nito.

Bahagyang bumagal ang lakad niya.

"Alam ko naman ayaw mo na a-akong makita. A-ayaw mo na akong makasama, p-pero bat nagpapakita ka parin ng kabaitan sakin. B-bakit hinabol m-mo pa ako?"

Huminto siya sa paglalakad. Anong sinasabi nito? Anong ayaw nya itong makita? Shit! Ganon ba ang iniisip nito ng hindi sya nagpakita rito? Damn kung pwede nga lang itali nya ito sa katawan nya para lagi nya ito nakikita!

Napatili ito ng malakas ng mula sa likod inilipat nya ito sa harap nya.

Pumula ang mga pisngi nito sa naging ayos nila. Ito nasa harap nya habang karga nya ito, nakahawak ito sa leeg nya at nakapulupot ang mga binti nito sa bewang nya. And he like this position.

"A-anong g-ginagawa mo?"

Hindi sya sumagot. Naglakad sya paabante habang nakatingin sa mga mata nito.

Hanggang sa makarating sila sa isang batuhan na hanggang bewang nya at inuupo duon si Angela.

Tinignan lang nya ito ng matiim. At nagsalubong na naman ang kilay nya ng makita ang namumulang pisngi nito. He touch her cheek.

"Who did this?" Nagdilim lalo ang mukha niya ng umaray ito at inilayo ang mukha.

Hindi ito sumagot.

"Angel please tell me who did this?"

"Why do you care?" Tinignan sya nito ng deretso sa mga mata. "Bakit kailangan sabihin ko sayo? Ano bang pakialam mo sa kin? Ano ba-."

"Because I Love You!" Sigaw nya. Naiinis sya dahil ayaw nitong sabihin kung sino ang may gawa non.

Napatigil at napanganga ito.

"You need to tell me dahil ayaw kong may nanakit sayo! You need to tell me dahil gusto kong malaman kung sino ang nanakit sa Anghel ko. You need to tell me because i fucking care! I care because I love you. I fucking love you!"

Tulala lang ito.

Hindi nya alam kung ano ang iniisip nito. Pero kung hindi sila parehas ng nararamdaman gagawin nya ang lahat para mahalin din sya nito.

"Do you hear me Angel? I love you-." Sya naman ang napahinto sa pagsasalita ng bigla sya nitong yakapin, iyong mahigpit na yakap. Muntik pa sya matumba naibalanse lang kaagad nya ang sarili.

"I... I love you too." Umiiyak na sabi nito habang nakasubsob sa leeg niya.

Pakiramdam nya sasabog bigla ang dibdib nya sa sobrang saya.

She love him too. His Angel love him too!

"P-pero bakit di ka nagpakita ng tatlong araw? Hindi mo ba alam na nag-alala ako. Natakot ako na baka di na kita makita. Bakit ginawa mo yun Ylan?"

Niyakap nya ito, he inhale scent. His Angel scent.

"Because i shouted at you. I made you cry." Sagot niya.

Nanlaki naman ang mata nito at mahina syang pinalo sa dibdib.

"Yun lang. Dahil lang dun." gulat na sabi nito na itinaas ang luhaang mukha sa nya.

"I thought ayaw mo na ako kasama, akala ko naisip mo na b-bakit ka makikipagkaibigan sa...sa isang tulad ko. Akala ko..."

He cupped her face gently in his hand. Ayaw nya...ayaw nyang nakikitang umiiyak ang Anghel nya parang dinudurog ang dibdib kapag nakikita itong ganon.

"Hindi ganon iyon Angel." Pinunasan nito ang luha sa pisngi nya. "Nagalit lang ako sa sarili ko kasi nasigawan kita. Napaiyak pa." Bumuntunghinga sya.

"Pero ang umayaw sayo, ang lumayo sayo iyan ang hindi ko gagawin. The moment i set my eyes on you. The moment i touch you. Akin ka na. You became my everything. You are My Blue Eyed Angel. I love you."

Bumaba ang mukha nya at hinalikan ito sa gilid ng mga labi.

Gusto nyang halikan mismo ang labi nito pero hindi pa ito ang tamang oras.

Nakatulala ito nang lumayo sya at haplusin ang mga labi nito.

"I want to kiss your sexy lips. Pero ayokong gawin iyon dito at hindi pa ito ang tamang panahon para duon. But remember this. Ako ang magiging first kiss ng mga labing ito. Ako ang magiging first kiss mo. And only me... tanging ako lang ang maaring humalik dito. Do you understand Angel?"

Ngumiti sya ng tumango ito.

"Then you are officially Mine. October 8, the date when The Dark King marked an Angel as his. A blue eyed Angel and a Dark king..." Pinagsalikop niya ang mga kamay nila. "Become one."

October 8 ang petsa na iyon pinakaimportante at pinakamahalagang araw sa buhay nya ang petsang kahit kelan hindi nya makakalimutan.

Present.

He opened his eyes.

Nakayukyok sya sa kama ni Angela, nakatulog sya sa paghihintay na magising ito.

Hindi sya umalis sa pagkakayuko, humigpit ang pagkakahawak nya sa kamay nito.

Pumikit sya ng mariin nang kumirot ang ulo nya.

He remember her.

He remember all about her.

Naalala nya kung paanong binalikan nya ang mga nanakit dito ng makita nya ito sa Tres Wood.

Naalala nya kung paano nya ito inaalagaan kapag may sakit ito.

Naalala nya ang mga bagay na ginawa nya para mapasaya ito.

Naalala nya ang araw na umalis sya at nangako na babalikan nya ito.

Hell! He even remembered that day in the hospital ng itinaboy nya ito.

Naaalala na nya lahat!

Kung paanong ang babaeng ito ay ang Anghel nya.

He opened his eye dumeretso sya ng upo at tinitigan ito.

"I remember you Angel. Alam ko na kung sino at ano ka sa buhay ko. " Hinalikan nya ang kamay nito.

"Alam ko na ang sagot sa tanong mo. So please open your eyes papakinggan mo pa ang sagot ko di ba so that you can tell if its right or wrong. Open your eyes Angel, please!" He sighed

"I love you Angela."

He gently place a kiss in her pale lips.

"I l-love you too... Dylan."

Mahina lang iyon ngunit sapat na para bumilis ang tibok ng puso nya.

"A-angel..." Nakapikit parin ito. Hindi nya alam kung hallucination nya lang ba ang narinig.

"Open your eyes, please." he begged.

He watch when her eyes twitched.

Pigil nya ang hininga ng gumalaw ang talukap ng mga mata nito.

And when he see her beautiful blue eyes, sunudsunod ang pagtulo ng luha sa mga mata nya.

"Angela..."

She smile, her angelic smile.

"I-i love you Ylan."

He kiss her forehead.

"Thank you... Thank you." Iyon ang paulit-ulit nyang sinabi habang patuloy ang pagtulo ng luha sa mga mata.

Yes the Dark King is crying for his new chance. For his love, for his Angel...

47. Proposal

Pinagmamasdan ni Dexter Ho, si Dylan Santiago, na nakaupo sa harap nya.

May pasa sya sa buong katawan, may cast sya sa braso at bali ang isang paa nya na ngayon ay nakasemento. May tahi din sya sa noo. Lahat ng iyon gawa ng taong nasa harap nya.

If they think they won, nagkakamali sila.

Di sya magtatagal dito kung kailangan gamitin nya ang lahat ng koneksyon nya o kung kailangan tumakas sya gagawin nya.

Babalikan nya ang mga ito. Gagantihan.

Ngumisi sya.

"Hindi mo ko maikukulong ng matagal dito bata."

Tinignan sya ni Dylan.

Napaigik sya ng sa isang kisapmata lang nakalugmok na sya sa sahig ng visiting room ng kulungan.

Hawak-hawak nya ang sikmurang sinuntok ni Dylan.

Tinignan nya ang isang pulis na nakatayo sa pinto, hindi ito kumilos kahit na nagsimula nang lumapit sa kanya si Dylan.

"Aaahhh!" Sigaw nya ng sunodsunod sya nitong sipain.

Ang pulis, nakatayo parin at nakatingin sa kanila.

"A-anong ginagawa mo? P-pigilan mo s-sya!" Sigaw nya sa pulis.

Nakakaramdam sya ng takot sa lalaking nakatayo sa harap nya.

His face is void in any emotions. Pero nababasa nya sa mga mata nito na papatayin talaga sya nito.

For the first time he felt frightened.

Hindi parin gumagalaw ang pulis sa kinatatayuan. Sa isip nito natatakot itong lapitan si Dylan na kapag inawat nito, ito ang mapagbabalingan. Bukod pa na malakas ang kapit nito sa nakakataas.

Tumalungko si Dylan sa harap nya.

Namimilipit na sya sa sakit.

Nang ngumisi ito. Pakiramdam nya ngumisi rin ang demonyo sa kanya.

"Do that, gusto kong makalabas ka rito, the sooner the better."

Nabigla sya sa narinig.

"And when you do, i gonna hunt you down, and when i catch you, ill tortured you...slowly...painfully. Hanggang sa magmakaawa ka na patayin na kita."

Kinilabutan at nanayo ang balahibo nya sa mga narinig. Alam nya gagawin nito ang mga sinabi.

"Be thankful that you are here. But once you are outside. The moment you will set your feet in that ground, the hunt will begin.
Im going to enjoy it, I assure you. Sisiguraduhin ko na pagsisihan mo na sinaktan mo si Angela. Pagsisihan mo na ang pamilya nya pa ang biniktima mo. Pagsisihan mo na may nakilala ka na Dylan Santiago."

Hinawakan nito ang walang pinasala nyang braso. Napasigaw sya ng baliin nito iyon.

"So dalian mo! Bilisan mo na makalabas rito! Hindi kita sasampahan ng kaso para mabilis mong magawa iyon. Fuck it! Tumakas ka na lang kaya para mas mabilis natin masimulan ang laro ko."

Dumeretso ito ng tayo.

"Do whatever you want ill wait for you outside. And oh, i forgot i have eyes here so kung ano man ang mga plano mo malalaman ko. " isang malamig na tingin ang binigay nito sa kanya.

Iniwan sya nito na naghahalo ang sipon at luha sa mukha dahil sa sobrang sakit na nararamdaman.

Saka lang lumapit ang pulis sa kanya. Umiiling iling ito habang tinutulungan sya nitong makatayo.

"An advice pal. Stay here. Mas safe ka rito sa loob kesa sa labas. Hindi sya nagbibiro, hindi sya nagsampa ng kaso sayo. Kung mahal mo pa buhay mo aamin ka sa lahat ng kasalanan mo. Magpabulok ka nalang dito kesa mahirapan sa labas. Mas mahirap ma torture at unti-unting pinapatay."

He shiver in fear, habang namimilipit sa sakit.

"**Bakit nga hindi pwede!"** Sigaw ni Angela kay Gio, Calix at Renz na nagbabantay sa kanya ngayon.

Kaalis lang ng Outcast, Reina at ilang D&A na dinalaw sya.

Para ngang may fiesta sa kwarto nya sa dami ng dumalaw.

Kinailangan pang paalisin ng head nurse ang mga ito dahil nakakalikha na ng ingay.

Tss, mga isip bata kasi.

Ang dahilan ng pagsigaw nya?

Gusto nya nang umuwi. She really hate hospital!

Pero ang tatlong gunggong hindi sya pinapayagan.

"Kasi nga hindi ka pa magaling Gela." si Calix.

Nakacast parin ang kaliwang balikat nya. Namamaga pa ang ilang bahagi mukha nya at masakit parin

ang tyan nya na may tahi. Pero papapigil ba sya? Pwede naman sa bahay magpahinga.

"Im okay. Kayang kaya ko ngang patumbahin kayong tatlo. Gusto nyo bang gawin ko para patunayan lang na pwede na kong lumabas dito." banta nya.

"Naman Gela, okay kaya mo nga kami, alam namin. Pero nakatanggap kami ng utos na huwag kang payagan na lumabas dito. Even you are fully healed." Si Renz.

"Sinong gagong nag-utos nyan?" hindi pa man sumasagot ang mga ito alam nya na kung sino iyon.

"Dylan." Sagot ni Gio.

See tama sya. Its Dylan.

Si Dylan na pagkatapos nyang magkamalay ay 3 days nang di nagpapakita sa kanya. Dagdag pa iyon sa init ng ulo nya. Pagkatapos nyang umamin na mahal rin nya ito biglang naglahong parang bula, ang sarap sakalin.

"Then tell Dylan na gusto ko nang lumabas dito. Mukhang may kontak naman kayo sa kanya. Tell him im fucking piss and i want to get out of here!"

Kumamot sa batok si Gio. "Hindi sya pwede istorbohin Gela." tinaasan nya ito ng kilay.

"Then im outta here, whether he want it or not." inis na talaga sya. Ayaw paistorbo, fine bahala sya sa life nya.

Tinanggal nya ang suwero sa kamay.

"Gela ano ba!" Tinignan nya ng matalim si Calix ng aktong lalapit ito sa kanya.

"Gela gusto mo bang kami ang pumalit sayo dito. Lagot kami kay Dark kapag lumabas ka rito."

Paika-ika syang naglakad papuntang pinto. Hindi sya mapigilan ng mga ito sa takot na masaktan sya.

"I don't care!"

"Gela mapipilitan kami na kaladkadin ka pabalik." Banta ni Renz.

Binuksan nya ang pinto.

"Fuck you!" Inis na sabi nya rito. Pagkatapos nyang tignan ng masama ang tatlo. Subukan lang ng mga ito na gawin iyon. Mac-confine talaga ang mga ito.

Humakbang sya palabas para lang mabangga sa isang malapad na dibdib.

"Aray!" daing nya ng kumirot ang sikmura at balikat.
"Ano ba-". Napatigil sya sa pagsasalita.

"Cursing again Angel." Dylan said. He gently place his hand in her aching shoulder.

Pinalis nya ang kamay nito.

Nag-iba na naman ang tibok ng puso nya ngayon nasa malapit ito.

"So? Bawal akong halikan ngayon, nanapak ako." Inis na sabi nya. Pagkatapos nitong di magpakita ng tatlong araw sa kanya papayag syang magpahalik dito.

No fucking way!

Tinawanan lang sya nito.

"Really?"

"Yeah." tinulak nya ito.

"And where are you going?" Hinawakan nito ang kamay nya para pigilan sya sa aktong paglalakad.

"Uuwi na ko." hinila nya ang naka benda pang mga kamay na di nito binitawan.

Nakita nyang nagdilim ang mukha nito nang mahawakan ang benda. Hindi tuloy sya nakapagreact ng bigla sya nitong kargahin, bridal style.

"Ano ba! Ibaba mo nga ako!" at tulad ng dati di sya nito pinansin. Ipinasok sya nitong ulit sa loob ng kwarto.

"Buti nalang andito ka na D. Ang tigas ng ulo nyang si Angela." umiling-iling pa si Renz. "Dati naman napakamasinurin nyan ngayon akala mo bato ang ulo sa tigas."

Umupo si Dylan sa sofa na naruon at dahil karga sya nito nakaupo sya sa kandungan nito.

Pinandilatan nya si Renz. "Do you wanna die. I can kill you now." Banta nya na ikinaputla nito.

Tumawa si Dylan. "That's my girl." Hinalikan pa nito ang ulo nya.

"Stop that!" saway nya rito. Inilayo nya ang ulo dito, that make him growl.

"Stay put Angel."

Umiling ang tatlo sa harap nya.

"Aalis na kami D. We need to be ready para mamaya. Mabuti pa pagpahingahin mo na si Gela buong araw na gising yan at di nagpahinga kahit anong pilit namin. Baka makatulog yan mamaya sayang naman." Kumunot ang noo nya sa sinabi ni Calix.

"Anong plano?"

Hindi umimik si Dylan. Kinabig lang sya nito papalapit at muling hinalikan ang ulo nya.

Lumayo sya ulit.

"Anong plano?" she asked again.

"Nothing Angel." nagsalubong ang kilay nya at tinignan ito.

He raised his right hand at hinaplos ang bawat pasa at sugat sa mukha nya.

Habang ginagawa nito iyon his eyes was slowly darkening.

"Hindi na ko makapaghintay na makalabas sya. Im going to make sure he will going to regret, laying that filthy hand of his on you."

Kilala nya kung sino ang tinutukoy nito.

"I can make him pay to what he did. Hindi mo kailangan na gawin iyon para sakin." Inilayo nya ang mukha ng haplusin nito ang labi nya.

Lumipat ang tingin nito sa mga mata nya.

"No! There is no fucking way i'll let him near you again!" nabigla sya sa intensidad ng boses nito.

"I rather tuck you in my pocket than to get you near him!"

"Tss. Really? Hindi habang buhay na nasa tabi kita. Hindi naman kita bodyguard."

His crook smile become visible in his lips.

"I can remedy that tonight."

"Tonight?" nagtataka na talaga sya kung ano ang ibig sabihin nito.

Imbes na sumagot tumayo ito na tangay tangay pa din sya.

Dinala sya nito sa hospital bed at maingat na binaba duon.

Nanatili itong nakayuko sa kanya kahit na nakahiga na sya.

His face is inches apart from hers.

Layo na nabawasan pa ng maupo ito sa gilid nya ng hindi binabago ang puwesto nito.

Bahagyang nakalapat ang dibdib nya sa dibdib nito, ang mga kamay nakatuon sa magkabilang gilid ng ulo nya.

Wala itong sinasabi. Nakatitig lang sa kanya.

Nagsimula na syang mailang sa mga titig nito. Sa sobrang lapit nito. Bumalik na naman sa isip nya ang nangyari nuong isang gabi ng malasing sya.

Naramdaman nya ang pamumula ng pisngi.

"Problema mo?" Pagtataray nya. "Lumayo ka nga you're crowding me!" Inilapat nya ang mga kamay sa dibdib nito para sana itulak ito. But the moment she feel his chest, the moment she feel his heat, ang dapat na malakas na tulak nya, halos naging haplos.

"*Oh God!"* daing nya sa isip.

"D-Dylan Santiago back-off!" Kulang sa tigas ang boses na saway nya ng mas lalo pa itong lumapit.

They practically breathing the same air now, magkalapat na halos ang dulo ng ilong nya.

"You really change a lot." he said. Hindi parin lumalayo sa kanya.

Napapikit sya ng bahagyang humaplos ang labi nito sa labi nya.
"But i like it. I like it when you're stubborn, i like your eyes when it became dark kapag naiinis ka. I like it when you're sassy. I find you sexy kapag pinagtatanggol mo ang mga kaibigan mo. And even though i don't like seeing you fighting i found you hot every time i see you do it. I like it kapag nagagalit ka sakin pero mas gusto kong naglalambing ka. I like it when you sing for me, i miss the old Angela. But i really like the new you, Angel."

Napamulat sya mga narinig.

Nakakaalala na ba ito?

Tama ba sya ng mga narinig?

"Dylan... Nakaka-." bago nya pa matapos ang sasabihin ang pasaway na lalaking ito inilapat na lang bigla ang labi sa kanya.

She close her eyes. Nalukot ang damit nito ng humawak sya roon.

He kissed her like its the first time they kissed. There's something in it.

Para ito uhaw na uhaw, sa paraan ng paghalik nito parang matagal silang di nagkita.

Bago pa sya makatugon sa halik inilayo nito ang mukha sa kanya.

"Im sorry about your first kissed its not special like i promised." bulong nito. Hindi parin lumalayo sa kanya.

Nanlaki naman ang mga mata nya.

Nakakaalala na ito!

"Dylan..." Inilapat nito ang daliri sa mga labi nya.

"Ask me later Angel." He traced her lips bumaba pa ang tingin nito ruon bago bumalik sa mga mata nya.
"Just rest Anghel ko. Mag-uusap tayo mamaya paggising mo."

Wala syang nagawa ng lumayo ito at ayusin ang pagkakahiga nya at kumutan sya.

"Close your eyes." Hinalikan nito ang magkabilang mata nya. Hindi na sya kumontra. Naramdaman nya ang antok ng suklayin ng kamay nito ang buhok nya and intertwined his other hand to hers.

Hindi ito umalis sa pagkakaupo sa gilid ng kama.

Tumagilid sya. Kusang kumilos ang isang kamay nya, yumakap iyon sa bewang ng binata.

She fell asleep exactly the same way like 7 years ago.

Bahagyang masakit ang katawan nya ng magising sya.

Kinusot nya ang mga mata, pagkusot na natigil ng mapagmasdan nya ang paligid.

"What the heck?"bulaslas nya at mabilis na naupo sa kama. Ignoring all the pain from her injuries.

Wala sya sa loob ng hospital room nya.

Where the freak she is? Sa garden ng C.U.

Nasa gitna sya ng garden at nakahiga sa kama, wearing her hospital gown, ang pagkakaibahan nga lang nakasuot sya ng jacket. Dylan's jacket.

Ano nangyayari?

Litong umalis sya sa kama?
May sandals na nakaready duon para suotin nya.

She saw a path of petals. A pink roses petals. Wala sa loob na sinundan nya iyon.

Nakarating sya hanggang duon sa school ground.

Madilim there is no light. Ang liwanag lang na nakikita nya ay ang liwanag mula sa buwan at bituin.

"What the fuck is going on?" sabi nya.

Lakas mangtrip kung sino man ang nagdala sa kanya duon.

"Asan ba ang mga tao dito?"

Patuloy lang sya sa pagsunod sa mga talulot ng rosas.

Nakarating na sya sa hanggang Gabriel's ground sa tapat mismo ng Gabriel' Fountain.

Napahinto na sya sa paglalakad dahil wala na syang petals na susundan.

Madilim pa din ang lugar. Alam nyang may mga tao sa paligid, ang hindi nya alam bakit nagtatago ang mga ito?

Ginulo nya ang buhok .

"Okay ano bang kalokohan to? Alam kong may tao dyan, can someone explain to me what the hell is happening? What I'm doing here? I supposed to be in the hospital!" Salubong ang kilay na sabi nya, na sinagot lang ng katahimikan.

"Ugh." Napapadyak na sya sa inis. "Kapag nalaman ko kung sino ang may pasimuno nito i swear mata mo lang ang walang latay!" Banta nya habang umiikot at tinitignan ang buong paligid.

She heard a chuckled. Galing iyon sa mismong Gabriel's Fountain.

Humarap sya duon, handang sigawan kung sino man iyon.

Kasabay ng pagharap nya sa fountain ay ang pagbaha ng liwanag.

Napapikit sya dahil sa pagkasilaw.

And when she opened her eyes again, a gasped escape from her lips.

There infront of her is Dylan, wearing his crook smiled nakaupo ito sa harap ng isang piano.

Napaawang na lang ang labi nya nang mapagmasdan din ang itsura ng Gabriel's Fountain.

Pink and blue roses is everywhere. Sa likod ni Dylan isang malaking LED billboard na pinapakita ang mga larawan nila nuon.

How the hell he get that?

Hindi lang ang fountain na ginawang stage ang nagliwanag, halos ang buong C.U.

At tama sya na may mga tao sa paligid.

The freaking all Clifford University students is here!

Nagkalat ang mga ito. Nasa mga building 1st floor, 2ndfloor lahat ng floor.

Lahat nakatingin sa kanila.

Nang tumingin sya sa likod nya. Her D&A family is there. Her Outcast group. Ang Mama Marita nya Janice, Reina and Brena. Dylan's father. Heck even there professor!

Ano bang nangyayari?

Muli syang na paharap sa stage ng marinig ang tunog ng piano.

Dylan is playing a song...

Time Machine.

Do you remember how it felt like? I still remember how the days that end, the weeks and months we were together for so long I haven't noticed, that we're falling down too fast?

Iyong mga tanong nya nawala na ng marinig nya ang tinig nito. Nalunod na sya sa mga mata nito na deretsong nakatingin sa kanya.

If i could take it all back
I still want you by my side.
If only I could bring you back to me. If I could go back in time promise we won't say goodbye
I never really moved on,
Not in time...

Alam nya dapat nakatayo lang sya ruon, papakinggan ito. But her feet is automatically walk towards him.

Naupo sya sa tabi nito at gamit ang isang kamay naglaro din iyon sa key board ng piano.

Not tearing his eyes on her.Dylan smiled to her.

***Dylan**: I wanna go back the way we used to be.*
I wanna feel your skin, your lips so close to me.

***Angela**: I wanna go back when i called you mine all the time.*
Every smile and every moment.

Then she joined him. Her angelic voice to his husky voice.

***Dylan**: If only I have*
***Angela**: If only I have*
***Both**: A time machine.*

Lahat ng nanonood sa kanila natulala na lang. The way they sang together. You can tell that they belong to each other. That they are perfect to each other.

***Dylan:** I need you like the air I breathe.*
***Angela**: You make me feel alive.*
Dylan: you're the best part of my everyday.
***Angela**: My every night.*
***Dylan**: If only I could travel back in time I'd take it all back and I'll turn it all around*.

Angela: *If i could take it all back*
I still want you by my side.
If only I could bring you back to me. If I could go back in time promise we won't say goodbye
I never really moved on,
Not in time...

Kumakanta sya ng hindi inaalis ang tingin kay Dylan. Ganon din ito sa kanya.

***Dylan**: I wanna go back to the way we used to be.*
I wanna feel your skin, your lips so close to me.

***Angela**: I wanna go back when i called you mine all the time.*
Every smile and every moment.
Dylan: If only I have
Angela: If only I have
Both: A time Machine.

Nagsimulang tumulo ang luha sa mga mata nya.

Naalala nya ang lahat. The way he used to be. The way he love her. The way he care for her. She want it all back! She really want it back now!

***Angela**: If I could go back in time, I'd make us so much better ohhh.*
***Dylan**: If I could hear and if I could see,*
If I could hold on to your hands.
***Both**: Once Again.*

There powerful voice filled not even the ground of C.U. Kundi pati sa puso ng mga naroroon. They here the pain and longing in Angela's voice...
Ang panghihinayang sa boses ni Dylan...
Lahat iyon ramdam ng mga naruon.

Dylan*: I wanna go back to the way we used to be.*
I wanna feel your skin, your lips so close to me.

Angela*: I wanna go back when i called you mine all the time.*
Every smile and every moment.
Dylan*: If only I have*
Angela*: If only I have*
Both*: A time Machine.*

Kinagat nya ang labi para di tuluyan mapahagulhol.

Tahimik lang na sunod-sunod na pumatak ang luha sa mga mata nya nang matapos sila sa pagkanta.

Dylan look at her lovingly, the way he used to, like seven years ago.

"Don't cry?" He softly said. Pinunasan ang pisngi nya.

"Ano to? Bakit may ganito? Anong meron Dylan?" Tanong nya, pinalis ang kamay nito.

Nagulat sya ng mabilis itong tumayo at kargahin sya, bridal style.

"Dylan?"

Ibinaba sya nito sa gitna ng makeshift stage, saka lang sya naging aware sa palakpakan ng mga nanonood sa kanila.

"You asked not only once but many times, kung ano at sino ka sa buhay ko. Ngayon sa harap ng buong C.U sa harap ng mga kaibigan at magulang natin sasagutin ko ang tanong mo, at sigurado ako na tama na ito."

Nakatitig lang sya dito.

"You, Maria Angela Fuentebella is My Blue Eyed Angel!"

Naitakip nya ang dalawang kamay para pigilan ang pag-iyak at pagsigaw na gustong tumakas sa labi nya.

Nakakaalala na ito! Her Dark King is back.

"Yes i remembered you. Naaalala ko na ang Anghel na naghatid ng liwanag sa buhay ko, ang Anghel na minahal ako sa lahat ng kamalian ko. Ang Anghel na kahit pinapahirapan binubully ay nagagawa paring ngitian ang mga taong nagkamali rito. Ang Anghel na ginagawa ang sinasabi ko para lang di ako makipag-away. Ang Anghel na bukod tanging di natatakot sakin kahit na galit ako. Ang Anghel na tumitingin ng deretso sa mga mata ko at ngingitian ako. Ang Anghel na minahal ko." he wipe her tears ng sunod sunod at walang tigil na pumatak iyon.

"Y-ylan."

"Ngayon nasa harapan ko ang isang Anghel na walang takot ipaalam ang gusto nya. Ang Anghel na nagtataray ngunit kinakaibigan lahat ng estudyanteng binubully ng iba. Isang Anghel na handang isakripisyo ang sarili maligtas lang ang kaibigan nya. Ang Anghel na kahit na nasasaktan ko na pinaglaban parin ako. Ang Anghel na kahit di ko maalala minahal parin ang isang gago na tulad ko. Ang Anghel na nagkunyaring walang pakialam sa iba, sinabing masama sya pero ang totoo she have a pure heart." Hinaplos nito ang pisngi nya. Bago humarap sa mga naruon.

"Sa harap niyong lahat, sasabihin ko na itong Anghel sa harap ko ay pag-aari ko na mula noon hanggang ngayon, at mananatiling ganon! Akin lang sya!"

Tumawa at napailing si Brent na naandon din.

"Talian mo na baka maagaw ko yan!" Sigaw nito that earned a glared from Dylan.

"Yeah dahil kapag pinakawalan mo pa yan gagawin kong Reyna ng buhay ko yan." Sigaw din ni Jensen.

"Tatalian ko talaga, iyong hindi na makakawala. At hindi na maagaw ng kahit na sino." Muli itong humarap sa kanya at sa labis na gulat nya lumuhod ito sa harap nya.

"My Blue eyed Angel. No scratch that. My blue eyed bad girl Angel alam ko nasaktan kita napabayaan pa. Handa kong pagbayaran iyon ng buong buhay ko. Will you marry me? Be with me for the rest of my life?"

Napatunganga sya sa singsing na inilabas nito. Its a diamond ring na may asul na kulay.

"Y-ylan." Pumiyok pa ang boses nya.

"Hindi ka pwede tumanggi. You already said yes to me gusto ko lang na malaman ng lahat na akin ka kaya i prepared this."

Ano daw? She already said yes? Kelan at paano?

"Anghel ko?"

Napatitig sya rito.

She read fear in his eyes, takot na tumanggi sya.

Sya tatanggi? Pagkatapos ng mga pinagdaanan nya para lang rito.

No Dylan Santiago is hers. Kanya at kanya lang.

"I fell in love with you kahit na kinakatakutan ka. Minahal parin kita kahit di mo ko naaalala. Mahal parin kita sa kabila ng mga sakit na binigay mo. You're my Dark King. My other pair of shoes. Akin ka na the moment na sinabi mong mahal mo ko, sa tingin mo tatanggihan kita? Screw them all but i will marry you! And I love you!"

Tumili ang mga babae at napasipol ang mga lalaki ng hilahin nya si Dylan at halikan.

Panandalian lang na nagulat ang binata. Hinapit sya nito at pinalalim pa ang halik nya.

Humihingal na naglayo sila.

"You're mine." Bulong nito at itinaas ang kamay nyang may suot nang singsing.

Ngumiti sya.

"Im always yours."

"I love you my blue eyed bad girl Angel."

"I love you too. My Dark King."

Right then and there the Dark King and his Blue Eyed Angel find the way to each other arms.

Helliza's Note.

Hi. :-) Hindi pa po ito iyong ending siguro mga 2 or 3 chapter pa po.

Thank you po sa mga nagbasa at bumoto thanks po talaga.

Sana basahin nyo rin po ang His Jinx Butterfly, Yna's story. I will post the first chapter this week.

Thank you thank you.

God Blessed

His Jinx Synopsis

Alaina Montecro- branded as Jinx. She just want to give her mother a happy and peaceful life. Kahit hindi marangya, basta natutustusan nya ang lahat ng pangangailangan nito.

Simpleng pangarap na mahirap abutin sa tulad nyang mahirap, kinukutya at malas.

Malas na iniiwasan, nilalait at bibully.

Impyerno ang dinadanas nya sa San Gabriel University.

Until she got the attention of Sky Aragon.

New boy sikat, playboy at mayaman.

Sa bawat galaw nya andon ito, sa bawat hirap nya nakaalalay ito, wala itong pakialam kahit na malas sya.

Pilit nya itong iniiwasan pero lapit naman ito ng lapit.

"You're mine butterfly." mga katagang lagi nitong sinasabi sa kanya.

He kissed her as if he owned her. He embraced her as if she really belong to him.

Nang unti-unti na syang naniniwala kung kelan mahal nya na ang binata saka naman nya nalaman na kunyari lang ang lahat.

Namatay ang Mama nya kasabay ng pagkawasak ng puso at pagguho ng mundo nya.

Yna Montess- sexy sassy. Matapang at walang iniurungan.

Sya ang inatasang maging bodyguard ni Sky Aragon.

The first time they met. Nakaramdam na sya ng kakaiba.

At nang halikan sya nito.

Nang banggitin nito ang mga katagang.

"You're mine. You're my Jinx Butterfly. You're my Alaina."

Nalito sya. Ano bang pinagsasabi ng gwapo at possessive na boss nya? At parang baliktad yata bakit ito ang promoprotekta at nagbabantay, imbes na sya?

At anong kinalaman nito sa parte ng buhay nya na di nya maalala?

48. I make love to you

Warning SPG ahead...
********//////******

Hindi lubos maisip ni Angela na mangyayari ito.

Sya naglalakad papuntang altar kung saan naghihintay si Dylan.

Who really look handsome, standing there and waiting for her.

Araw ng kasal nila.

Hinintay lang ni Dylan na tuluyan syang gumaling. At heto na nga sila.

Windang at lutang pa sya sa mga nagaganap dahil kahit isang detalye sa kasal nila wala syang inasikaso.

Si Dylan ang lahat ang gumawa katulong si Mama Marita nya, her stepsister at mga D&A's

After 2 months heto na sya naglalakad papunta sa lalaking minamahal nya.

Its a beach wedding.

Tila naging isang heaven paradise ang tabing dagat sa pagkakaayos.

Nagkalat ang asul at pink na roses sa paligid. Ibat-ibang angel miniature at statue ang nakadesign sa nilalakaran nya.

Sky blue and dark blue ang motiff. Tanging sya at si Dylan lang ang nakasuot ng puti.

Her wedding gown is off-shoulder na umabot hanggang ilalim ng tuhod nya. Simple lang ang design at tabas na nadala nya ng maayos. Dahil nasa beach nakapaa lang sya, hawak-hawak ang bouquet of pink roses nya.
Ang tanging suot nyang alahas ay ang necklace na may palawit na anghel na bigay ng daddy nya and a white pearl earrings na pag-aari ng Mama nya.

Mag-isa syang naglalakad papuntang altar. Although wala ang daddy nya para ihatid sya hindi sya nakakaramdam ng lungkot. Dahil naghihintay sa kanya ang taong magpapasaya sa kanya habang buhay.

Nakawhite suite si Dylan nakatupi ang laylayan at manggas ng damit nito at nakabukas ang tatlong butones sa harapan, he look's like a Greek God lalo na at nakapaa lang din ito.

He is waiting for her with a gentle smile in his lips.

Nakisama ang panahon sa kanila. Mahangin at hindi nakakapaso ang init ng araw.

Nakangisi sa kanya ang mga D&A's nya, they're all happy for her.

Nanunukso naman ang ngiti ng The Outcast.

